# Ang Bayan Ngayon Compilation

**Ang Bayan**

**May 2024**

*Ang pahayagang **Ang Bayan** ang upisyal na pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas. Ang AB ay inililimbag ng Komite Sentral ng PKP kada dalawang linggo at lumalabas sa ika-7 at ika-21 ng bawat buwan. Inilalathala ang AB sa orihinal na edisyong Pilipino at may mga salin na edisyon sa English, Bisaya, Hiligaynon, Waray, at Ilocano.*

*Sa harap ng mabilis na nagbabagong sitwasyong pampulitika at pang-ekonomya sa Pilipinas, gayundin sa buong mundo, naglalabas ang pahayagang Ang Bayan ng arawan na mga balita at pagsusuri sa mga susing usapin na kinakaharap ng proletaryo at sambayanang Pilipino, gayundin ng aping mamamayan sa iba't ibang sulok ng mundo. Makikita dito ang pinakahuling mga balita at artikulo ng **Ang Bayan Ngayon**.*

## Table of Contents

Malawak na koalisyong manggagawa, nanawagan ng dagdag-sahod sa Araw ng Paggawa....................................................18

[English Translation] Broad labor coalition calls for wage increase on Labor Day......................21

Tigil-pasada, protesta at kampuhan kontra jeepney phaseout, hindi natinag ng panunupil ng rehimen..................................................24

[English Translation] Transport strike, protests and camp-out against jeepney phaseout push through despite state repression.....................27

Mga manggagawa, nagprotesta sa embahada ng US sa araw ng paggawa.................................30

[English Translation] Workers protest at the US embassy on labor day....................................32

2 sibilyan sa Albay, nasugatan sa pamamaril ng militar........................................................34

[English Translation] 2 civilians in Albay injured in military shooting.......................................36

5 manggagawang pangkaunlaran at tagapagtanggol ng karapatang-tao sa Negros, kinasuhan ng “terrorism financing”.................37

[English Translation] State charges 5 development workers and human rights defenders in Negros with “terrorism financing” ..............................................................39

Kontra-salaysay ng mga aktibistang akusado ng “terorismo,” inihain sa korte sa Nueva Ecija…41

[English Translation] Activists accused of “terrorism” file submit counter affidavits in court in Nueva Ecija.........................................44

Mataas ang disempleyo sa Pilipinas, taliwas sa datos ng rehimen...........................................46

[English Translation] Unemployment is high in the Philippines, contrary to the regime’s data.48

Pinsala dulot ng tagtuyot sa panahon ng El Niño, halos ₱6 bilyon na.................................50

[English Translation] Damage caused by drought during El Niño reaches ₱6 billion……51

135 insidente ng pag-atake sa midya, naitala sa ilalim ng rehimeng Marcos.............................52

[English Translation] Media records 135 attacks under the Marcos regime...............................55

Balikatan war games at pagpapakatuta ng meyor ng Laoag City sa imperyalistang US, binatikos ng NDF-Ilocos.................................57

[English Translation] NDF-Ilocos denounces Balikatan war games and Laoag City mayor’s servility to US imperialists.............................60

Pagprisinta ng AFP sa mga batang inaresto bilang “batang mandirigma” ng BHB, binatikos ng NDFP.......................................................63

[English Translation] NDFP condemns the AFP for presenting detained children as NPA “child soldiers”....................................................65

Ang Bayan interview with FFPS-Vancounver. .67

Panggigipit sa maralitang komunidad sa Mandaue City, nilalabanan.............................73

[English Translation] Urban poor community in Mandaue City fights harassment.....................75

Asembliya ng mga manggagawa sa Central Luzon noong Mayo Uno, ginipit ng mga pwersa ng estado.....................................................76

[English Translation] State forces harass Central Luzon workers’ assembly on May 1....78

Ilampung libong mangingisda, pinagbawalang maglayag dahil sa Balikatan...........................80

[English Translation] US, AFP ban tens of thousands of fisherfolk from fishing due to Balikatan...................................................82

Organisasyong pangkaunlaran sa Leyte at pinuno nito, pinaratangan ng “terrorism financing”...................................................84

[English Translation] AMLC files “terrorism financing” case against development organization in Leyte and its leader.................86

Pagpapalaya sa aktibista sa Northern Mindanao, iginiit..........................................88

[English Translation] Church sector demands release of activist in Northern Mindanao........90

Pwersahang pagsasara ng Israel sa Al Jazeera, binatikos.....................................................91

[English Translation] Organizations condemn Israel's forced shutdown of Al Jazeera.............93

Unang araw ng Balikatan sa Laoag City, sinalubong ng protesta..................................95

[English Translation] Protests meet first day of Balikatan in Laoag City..................................98

6 aktibistang inaresto sa protesta noong Mayo Uno, nakalaya na..........................................101

[English Translation] 6 activists arrested during the protest on May 1 posts bail......................103

Kasinungalingan ng 94th IB sa diumanong engkwentro sa Kabankalan City, inilantad....104

[English Translation] NPA exposes 94th IB lies in the alleged encounter in Kabankalan City. 106

Panghihiya at paglapastangan sa mga bisita ng mga bilanggong pulitikal, mariing kinundena ..............................................................107

[English Translation] Human rights group condemn BuCor for degrading and humiliating visitors of political prisoners.........................110

Red-tagging, idineklara ng Korte Suprema na "banta sa buhay, kalayaan at seguridad".......112

[English Translation] Supreme Court declares Red-tagging a "threat to life, liberty and security"....................................................114

Paglago ng GDP, di palatandaan ng pag-unlad ng kalagayan ng mamamayan.......................117

[English Translation] GDP growth is not a sign of improvement in the condition of the people ...............................................................119

Protesta, ikinasa sa huling araw ng Balikatan 39-24........................................................120

[English Translation] Various groups hold protest on Balikatan 39-24's last day.............123

68 ektaryang lupa, iginawad sa mga magsasaka ng Tinang..................................................125

[English Translation] Tinang farmers get 68 hectares of land............................................128

Kapabayaan ng rehimeng Marcos ngayong El Niño, muling binatikos.................................131

[English Translation] Farmers and other sectors denounce Marcos' negligence amid El Niño..133

Malaking dagdag-sahod, kailangan para makaagapay ang mamamayan sa implasyon. 135

[English Translation] A substantial wage increase is necessary so that people can keep up with inflation..........................................137

Mga manggagawang pangkalusugan, nagmartsa para sa dagdag-sweldo...............................140

[English Translation] Health workers march for wage increase................................................143

Mga tagasuporta ng mga manggagawang pangkaunlaran na kinasuhan ng “terrorism financing” sa Negros, nagprotesta.................145

[English Translation] Supporters of development workers charged with “terrorism financing” in Negros launch protest..............147

Pinta-protesta, pagsabit ng balatengga kontra Balikatan, isinagawa ng KM at Kaguma........149

[English Translation] KM and Kaguma conduct protest painting, hanging of streamer against Balikatan..................................................150

Mga Kaso laban sa mga Red-tagger, inihahanda na...........................................................151

[English Translation] Makabayan bloc prepares cases against Red-taggers............................155

Pakikiisa para sa inarestong mga aktibista sa Kenya, ipinanawagan...................................158

[English Translation] Group seek solidarity for arrested activists in Kenya............................160

Pinakamalaking war games ng US na isasagawa sa Asia-Pacific, ipinahihinto..........................161

[English Translation] Various organizations call to halt largest US war games to be held in Asia-Pacific.....................................................164

Hustisya, sigaw ng mga biktima sa ika-9 anibersaryo ng sunog sa Kentex....................166

[English Translation] Victims clamor for justice on the 9th anniversary of the Kentex fire......168

Mga dating upisyal ng rehimeng Duterte sa DoH at DBM, hinatulang maysala sa mga anomalya noong pandemya...........................169

[English Translation] Ombudsman convicts former Duterte regime officials in the DoH and DBM anomalies during the pandemic............172

Organisador ng mga tsuper at opereytor sa Davao City, sinisindak ng militar...................174

[English Translation] Military intimidates organizer of drivers and operators in Davao City ...............................................................176

Mga lider-kabataan sa Cavite at Negros Occidental, ginigipit ng AFP..........................177

[English Translation] AFP harasses youth leaders in Cavite and Negros Occidental.......179

Mga magsasaka at residenteng inagawan ng 73-ektaryang lupa sa Pampanga, nagpiket sa DAR at Kongreso.............................................182

[English Translation] Farmers and residents victims of 73-hectare land grabbing in Pampanga picket DAR and Congress.............183

Pagtatayo ni Marcos ng “espesyal na komite” para sa karapatang-tao, binatikos..................185

[English Translation] Rights organizations condemn Marcos for establishing a “special committee” for human rights........................186

Pamamahagi ng tulong sa mga magsasakang apektado ng tagtuyot, isinagawa sa Bulacan. 188

[English Translation] Democratic organizations distribute aid to farmers affected by drought in Bulacan.....................................................190

Paparaming bansa ang sumasali sa kasong henosidyo laban sa Israel..............................192

[English Translation] More countries join genocide case against Israel.........................193

Imbestigasyon kaugnay ng El Niño sa Ilocos Norte, ginipit ng mga pulis...........................195

[English Translation] Police harass investigation related to El Niño in Ilocos Norte..................196

Buntis na katutubong Dumagat-Remontado, pinagbabaril at inaresto ng militar sa Aurora197

[English Translation] Military fires against and arrests pregnant Dumagat-Remontado in Aurora ............................................................199

Kabataang Pilipino, nagprotesta sa embahada ng Zionistang Israel laban sa henosidyo nito sa Palestine..................................................201

[English Translation] Filipino youths protest at the Zionist Israel embassy against its genocide in Palestine..............................................204

Kumpensasyon para sa mga napalikas sa Marawi City, binabarat ng rehimeng Marcos 206

[English Translation] The Marcos regime slash compensation for Marawi City displaced residents....................................................208

Teroristang aerial bombing ng PAF sa Cagayan, perwisyo sa mamamayan..............................210

[English Translation] PAF terrorist aerial bombing in Cagayan, a scourge to the people ..................................................................213

Unang araw ng LTFRB ‘crackdown’ laban sa mga tsuper at opereytor, tinapatan ng rali....215

[English Translation] Drivers and operators rally on LTFRB’s first day of “crackdown”.....216

Kabuhayan ng maliliit na minero sa Benguet, inaagaw ng malaking kumpanya sa mina......218

[English Translation] Big mining company steals livelihood of small miners in Benguet...........220

Unyon sa PLDT, nanawagan sa maneydsment na buksan na ang negosasyon para sa CBA........222

[English Translation] PLDT union calls on management to open CBA negotiations.........224

26 na kasapi ng NGO, lider-manggagawa sa Cebu, ipinaaresto sa kasong “terrorism financing”.................................................226

[English Translation] Court orders arrest of 26 NGO members, labor leaders in Cebu on

charges of “terrorism financing”....................229

Hatol na maysala sa kasong rebelyon laban sa tagapagtaguyod ng karapatang-bata, kinundena ..........................................................................231

[English Translation] Children’s groups condemn guilty verdict in rebellion case against child rights advocate...................................232

“Alternatibong programang pangkabuhayan,” itinakwil ng mga tsuper at opereytor ng dyip 234

[English Translation] Drivers and jeepney operators reject “alternative livelihood program”.................................................235

Charter change, ipinagpipilitan pa rin sa Senado......................................................237

[English Translation] Charter change still being pushed in the Senate...................................239

Mga mangingisdang Pilipino, hindi magpapatinag sa banta ng pang-aaresto ng China.........................................................241

[English Translation] Filipino fisherfolk are not cowed by China’s threat of arrest.................242

Paggawad ng DENR ng “stewardship” ng Verde Island Passage sa tatlong pinakamalaking prodyuser ng maruming enerhiya, kinasuklaman ..........................................................................244

[English Translation] Various groups disgusted by DENR awarding of Verde Island Passage

“stewardship” to top three dirty energy producers....................................................246

Simbahang Katolika, tutol sa panunulsol ng “proxy war” sa West Philippine Sea...............248

[English Translation] Catholic Church oppose proxy war provocations in the West Philippine Sea..........................................................249

12 magsasakang Adivasi, minasaker ng paramilitar sa Chhattisgarh, India.................250

[English Translation] Paramilitary massacres 12 Adivasi farmers in Chhattisgarh, India..........252

Mga manggagawa ng PLDT, bumoto pabor sa pagwewelga................................................254

[English Translation] PLDT workers, vote in favor of strike.............................................256

Paglala ng kahirapan sa ilalim ng rehimeng Marcos, hindi guni-guni lamang...................258

[English Translation] Kadamay: Worsening poverty under the Marcos regime not illusory ..............................................................259

“Freeze order” laban sa organisasyong pangkaunlaran sa Leyte, hinamon sa korte…260

[English Translation] Leyte development organization challenges “freeze order” in court ..............................................................262

3 sundalo ng 91st IB, napatay sa engkwentro sa BHB-Aurora............................................264

[English Translation] 3 91st IB troopers killed in NPA-Aurora encounter.................................265

Magsasaka sa Negros Occidental, dinakip at pinatay ng 62nd IB......................................266

[English Translation] 62nd IB captures and kills farmer in Negros Occidental.........................267

May 400 pamilya sa Aurora, lumikas dahil sa pambobomba at operasyong kombat ng 91st IB ..............................................................................268

[English Translation] 91st IB bombing and combat operations displace around 400 families in Aurora................................................270

2 bata sa India, namatay sa pagsabog ng mortar na iniwan ng paramilitar..............................272

[English Translation] Unexploded mortar left by paramilitary kills 2 children in India..............274

Kabataang Pilipino, nagprotesta sa Senado para tutulan ang mandatory ROTC.......................276

[English Translation] Filipino youth protest in Senate to oppose Mandatory ROTC...............278

Kilusang pagwawasto, itinataguyod ng Liga ng Agham para sa Bayan.................................279

[English Translation] Liga ng Agham para sa Bayan upholds rectification movement..........283

Kampo ng 62nd IB sa Negros Oriental, hinaras ng BHB-Central Negros..............................286

[English Translation] NPA-Central Negros fires at 62nd IB camp in Negros Oriental..............287

Assistant professor na nanindigan kasama ang mga estudyante ng UST, nais sipain ng unibersidad..............................................288

[English Translation] UST prepares to fire assistant professor who stood with UST students....................................................290

Epekto ng 'sigwada' sa Zambales, iginiit ng mga mangingisda na paghandaan ng gubyerno....292

[English Translation] Zambales fisherfolk demand that the government prepare for "sigwada"................................................293

Estudyanteng Pilipino sa US, sinuspinde sa pagsuporta sa protesta kontra-henosidyo......295

[English Translation] Filipino student in US suspended for supporting anti-genocide protest ..............................................................297

Ikalawang serye ng Cope Thunder-24, nakatakdang ilunsad sa Hunyo......................299

[English Translation] US to launch second iteration of Cope Thunder-24 in June.............301

Magsasaka sa Masbate, pinaslang ng 96th IB ..............................................................304

[English Translation] 96th IB kills Farmer in Masbate....................................................305

Pasistang kampanyang kontra-manggagawa ng rehimeng Marcos, kinundena........................307

[English Translation] KMU condemns the Marcos regime’s fascist anti-worker campaign ..............................................................308

Pagpapalaya sa Romblon 4, muling ipinanawagan..............................................310

[English Translation] Relatives, friends and organizations reiterate call for release of Romblon 4..................................................312

Kampo ng 4th IB sa Oriental Mindoro, pinaputukan ng BHB.....................................314

[English Translation] NPA fires at 4th IB camp in Oriental Mindoro......................................315

Protesta kontra-VFA, inilunsad sa Cebu City.317

[English Translation] Democratic organizations protest against VFA in Cebu City...................318

Sabwatan ng 80th IB at DepEd-Rizal sa kampanyang Red-tagging sa mga hayskyul, tinuligsa..................................................319

[English Translation] Students and teachers denounce the 80th IB and DepEd-Rizal’s collusion in the Red-tagging campaign in high schools.....................................................322

Sama-samang pagpalaot, tugon ng mga mangingisda sa ‘fishing ban’ ng China sa West PH Sea.....................................................324

[English Translation] Fisherfolk go on a collective expedition in response to China's 'fishing ban' in the West PH Sea....................326

Base ng 62nd IB sa Guihulngan City, pinatamaan ng BHB.....................................328

[English Translation] NPA hits 62nd IB base in Guihulngan City...........................................329

Magsasaka ng kamote at saging, pinaslang ng 79th IB sa Negros Occidental........................330

[English Translation] 79th IB kills sweet potato and banana farmer in Negros Occidental......331

Mga Filipino-Chinese, di natuwa sa "sarsuelang pagdinig" ni Hontiveros sa senado................333

[English Translation] Hontiveros' "zarzuela hearing" in the senate irritates Filipino-Chinese ..............................................................335

Operasyong pagtugis ng AFP sa BHB-Aurora, binigo......................................................338

[English Translation] NPA-Aurora thwarts AFP pursuit operations.......................................339

Pagbubukas ng negosasyon para sa CBA, naigiit ng mga manggagawa ng PLDT.....................340

[English Translation] PLDT workers win demand to open CBA negotiations.................342

Unang taon ng pagkamartir ng Pulang mandirigmang mula sa PUP, ginunita...........344

[English Translation] KM commemorates first year of the martyrdom of Red fighter from PUP ..................................................................346

Kampuhan kontra komersyalisasyon sa UP-Diliman, inilunsad..........................................348

[English Translation] Students set up camp against commercialization in UP-Diliman......350

Karagdagang alawans para sa kagamitan sa pagtuturo, naipanalo ng mga guro.................352

[English Translation] Teachers win additional allowance for teaching supplies.....................354

Mga rebolusyonaryong martir sa Chhattisgarh-Maharashtra sa India, pinarangalan.............355

[English Translation] CPI (Maoist) honors revolutionary martyrs in Chhattisgarh-Maharashtra, India.......................................357

Mga organisasyon masa sa Southern Tagalog, nagprotesta para sa Palestine.......................359

[English Translation] Mass organizations in Southern Tagalog protest for Palestine.........360

Protesta kontra mga kumpanya ng armas sa Canada, idinaos...........................................361

[English Translation] Progressive groups hold protest against arms companies in Canada...363

## Malawak na koalisyong manggagawa, nanawagan ng dagdag-sahod sa Araw ng Paggawa

Mayo 1, 2024

Iba't ibang grupong manggagawa sa ilalim ng National Wage Coalition ang magkakasamang nagmartsa bilang paggunita sa Pandaigdigang Araw sa Paggawa, Mayo 1, sa Metro Manila para ipanawagan ang pagtataas ng arawang sahod sa bansa. Itinulak nila ang pagsasabatas ng hindi bababa sa ₱150 across-the-board na dagdag sa minimum na sahod. Anang koalisyon, makatarungan ang panawagang itaas ang sahod ng mga manggagawa hanggang sa maabot nito ang nakabubuhay na antas.

Hanggang sa kasalukuyan, nakabalaho pa rin ang panukalang dagdag-sahod sa Kongreso, ayon sa grupo. Bigo si Ferdinand Marcos Jr na harapin at makipagdayalogo sa mga manggagawa sa loob ng dalawang taon sa poder para sa kanilang kahingian. "Nagkaisa ang koalisyon para tuluyang wakasan ang masamang siklo ng inhustisya sa sahod, hindi pagkakapantay-pantay at kahirapang gumugupo sa milyun-milyong pamilya ng mga manggagawa," pahayag nito.

Naniniwala silang napapanahon nang isabatas ang dagdag sahod na huling ginawa noon pang 1989. Hindi sapat at hindi nakaaagapay ang pabarya-baryang pagtataas na ipinatupad sa pamamagitan ng mga "regional wage board" sang-ayon sa Wage Rationalization Act of 1989. Dapat ideklara itong prayoridad na panukala ng rehimen, anila.

“Sa loob ng 35 taon, nahihirapan ang mga manggagawa na pagkasyahin ang kanilang sahod. Kung hindi sila mangungutang at malulubog sa utang, hindi nila kayang umagapay sa nagtataasang presyo ng kuryente, tubig at gas,” ayon pa sa kanila. Nagdudulot umano ito ng kakulangan sa nutrisyon ng pamilya ng mga manggagawa, malnutrisyon at pagkabansot ng mga bata at nagkukumpromisa sa hinaharap na lakas-paggawa.

Binatikos din ng koalisyon ang kakulangan ng kita at kawalang seguridad sa trabaho na dinaranas ng mga gig workers o mga delivery rider, pagsasamantala at pang-aapi sa kababaihang mga manggagawa at kawalan ng trabaho para sa mga kabataang manggagawa.

Kasabay nito, ipinanawagan din nila ang pagtataas ng sweldo ng mga kawani ng gubyerno tungong ₱33,000 kada buwan sa pamamagitan ng pagsasabatas ng isang panibagong Salary Standardization Law (SSL). Iginiit din nila ang paggalang sa karapatan ng mga manggagawa sa pag-uunyon at iba pa nilang mga karapatan.

Ang koalisyon ay binubuo ng mga unyon, pederasyon at sentrong unyon na bahagi ng Trade Union Congress of the Philippines (TUCP), Kilusang Mayo Uno (KMU), Bukluran ng Manggagawang Pilipino (BMP), at Nagkaisa Labor Coalition (Nagkaisa!).

Pagkatapos ng programa, nagmartsa ang libu-libong manggagawa at iba pang sektor sa pangunguna ng KMU at Bagong Alyansang

Makabayan (Bayan) patungo sa US Embassy para batikusin ang kasalukuyang nagaganap na Balikatan Exercises 2024 sa pagitan ng mga pwersang militar ng US at Pilipinas. Nagsimula ang mga pagsasanay sa gera noong Abril 22 at magtatapos sa Mayo 10. Kinundena nila ang pagyurak ng imperyalistang US sa soberanya ng Pilipinas at pagkaladkad sa bansa sa pinatitindi nitong gitgitan sa katunggaling imperyalistang China.

Binatikos rin nila ang isinusulong ng rehimeng Marcos, sa tulak ng US, na charter change (chacha). Pahihintulutan nito ang 100% dayuhang pag-aari sa ilang susing mga sektor ng ekonomya ng bansa.

Kasamang nagmartsa patungong embahada ang mga drayber at opereytor ng dyip sa ilalim ng grupong Pagkakaisa ng mga Samahan ng Tsuper at Operator Nationwide (Piston) at Samahang Manibela Mananakay at Nagka-Isang Terminal ng Transportasyon (Manibela) para sa huling araw ng kanilang tigil-pasada at malawakang protesta kontra sa anti-mahirap at anti-nasyunal na Public Utility Vehicle Modernization Program (PUVMP) at kaakibat nitong pwersahang konsolidasyon ng prangkisa.

Marahas na binuwag ng mga pulis ang protesta sa embahada. Ginamitan sila ng water cannon at inaresto ang anim na aktibista. Ilan sa kabataan ang nasugatan dahil sa pambubuwag ng mga pulis. Tinatayang 12,000 ang ipinakat ng National Capital Region Police Office (NCRPO) laban sa mga raliyista.

Ginunita din ang araw ng mga manggagawa sa mga protesta sa Angeles City, Calamba City, sa Rosario sa Cavite, Legazpi City, Cebu City, Iloilo City, Bacolod City at Davao City.

**[English Translation]**

## Broad labor coalition calls for wage increase on Labor Day

Mayo 1, 2024

Various labor groups under the National Wage Coalition marched together to mark International Labor Day, May 1, in Metro Manila according call for an increase in the daily wage in the country. They pushed for the enactment of at least a ₱150 across-the-board minimum wage increase. The coalition said the call to raise workers’ wages to the living wage is just.

Until now, the wage increase proposal is still pending in Congress, according to the group. Ferdinand Marcos Jr. refused to face and speak with the workers during his two years in power for their demands. “The coalition is united to finally end the vicious cycle of wage injustice, inequality and poverty that plagues millions of working class families,” it said.

They believe it is timely to legislate a wage increase, as the last was made in 1989. The measly trickles of increases implemented through the “regional wage boards” in accordance with the Wage Rationalization Act of 1989 are insufficient and insurvivable. The regime should declare this a priority bill, they said.

“For 35 years, workers have been struggling to squeeze their wages. Unless they borrow loans and drown in debt, they will fail to cope with the rising prices of electricity, water and gas,” they say. Low wages has caused insufficient nutrition of workers’ families, malnutrition and stunting of children and compromise the future workforce, they added.

The coalition also denounced low incomes and job insecurity suffered by gig workers or delivery riders, exploitation and oppression of women workers and unemployment for young workers.

At the same time, they also called for raising the salaries of government employees to ₱33,000 per month through the enactment of a new Salary Standardization Law (SSL). They also demanded respect for the workers’ right to unionize and their other rights.

The coalition is made up of unions, federations and central unions that are part of the Trade Union Congress of the Philippines (TUCP), Kilusang Mayo Uno (KMU), Bukluran ng Manggagawang Pilipino (BMP), and Nagkaisa Labor Coalition (Nagkaisa!).

After the program, thousands of workers and other sectors led by the KMU and Bagong Alyansang Makabayan (Bayan) marched to the US Embassy to condemn the ongoing Balikatan Exercises 2024 between the US and Philippine military forces. The war exercises began on April 22 and will end on May 10. They condemned US imperialism for trampling on the sovereignty of

the Philippines and dragging the country in its push to intensify tensions against its rival imperialist China.

They also denounced the Marcos regime’s promotion of charter change (chacha) at the behest of the US. It will allow 100% foreign ownership in some key sectors of the country’s economy.

Jeepney drivers and operators joined the march to the embassy under the group Pagkakaisa ng mga Samahan ng Tsuper at Operator Nationwide (Piston) and Samahang Manibela Mananakay at Nagka-Isang ng Transportasyon (Manibela) for the last day of their strike and mass protests against the anti-poor and anti-national Public Utility Vehicle Modernization Program (PUVMP) and its accompanying forced franchise consolidation.

Police violently broke up the protest at the embassy. A water cannon was fired against them and six activists were arrested. The police’s violent dispersal injured some of the youth. The National Capital Region Police Office (NCRPO) mobilized an estimated 12,000 against the rallyists.

Workers’ day was also marked with protests in Angeles City, Calamba City, Rosario in Cavite, Legazpi City, Cebu City, Iloilo City, Bacolod City and Davao City.

## Tigil-pasada, protesta at kampuhan kontra jeepney phaseout, hindi natinag ng panunupil ng rehimen

Mayo 1, 2024

Sa harap ng walang-tigil na panunupil at pananakot ng mga ahensya at pwersa ng estado ng rehimeng Marcos, nailunsad ng mga drayber at opereytor ng dyip ang 3-araw na tigil-pasada at iba't ibang porma ng sama-samang pagkilos mula Abril 29 hanggang Mayo 1 para pigilan ang tuluyang pag-"phaseout" sa mga dyip simula ngayong Mayo. Inilunsad ng Pagkakaisa ng mga Samahan ng Tsuper at Operator Nationwide (Piston) at No to PUV Phasoeut Coalition, at mga balangay nila sa buong bansa ang mga aktibidad.

Sa pagsisimula ng tigil-pasada, Abril 29, itinayo ng mga samahan ng mga drayber at opereytor, kasama ang kabataan at kanilang mga tagasuporta, ang mga sentro ng welga sa mga susing lugar sa Metro Manila at Southern Tagalog.

Sa unang araw pa lamang ng pagkilos, tinatayang 8,000 pulis na mula sa National Capital Region Police Office (NCRPO) ang ginamit para harangan ang mga ruta ng mga dyip at palibutan ang mga sentro ng protesta. Kabilang dito ang panghaharang ng mga pulis sa UP Diliman at naging lantarang pagpasok ng mga pwersa ng estado sa loob ng kampus.

Noong Abril 29, kasabay na nagsumite ang Piston at kanilang mga abugado ng karagdagang

petisyon sa Korte Suprema para maglabas ng temporary restraining order laban sa Public Utility Vehicle Modernization Program (PUVMP). Partikular nilang ipinahihinto ang bagong labas na atas ng Department of Transportation noong Disyembre 2023 na nagdagdag ng kumplikasyon sa naunang mga guideline o alituntunin sa implementasyon ng programa.

Naghain ng karagdagang petisyon ang Piston sa Korte Suprema para ipahinto ang implementasyon ng PUVMP. | Abril 29, 2024 Naghain ng karagdagang petisyon ang Piston sa Korte Suprema para ipahinto ang implementasyon ng PUVMP. | Abril 29, 2024 (Photo from May Day Multimedia Facebook page)

Ayon kay Ruben Baylon, Deputy Secretary-General ng Piston, sa araw na iyon, dapat maunawaan ng Korte Suprema na mahalaga ang pag-iisyu ng TRO sa lalong madaling panahon, lalo pa't bukas na ang tinakda ng LTFRB na deadline ng consolidation. "Kapag nakansela na ang mga prangkisa at rehistro ng mga jeep, malubhang pinsala na 'yon sa libo-libong tsuper at operator at sa milyon-milyong komyuter," aniya.

Pagkahapon ng Abril 29, itinayo nila sa Liwasang Bonifacio ang sentrong kampuhan na tumagal hanggang Mayo 1, bago lumahok sa mga protesta sa Pandaigdigang Araw sa Paggawa. Lumahok sa kampuhan ang kabataan na sama-samang naglunsad ng mga pag-aaral, talakayan at programa ng pakikiisa sa mga drayber at opereytor. Nagkaroon din ng misang bayan noong Abril 30.

“Ang Public Utility Vehicle Modernization Program (PUVMP), sa halip na sumuporta sa mga impormal na manggagawa sa pampublikong transportasyon, ay lalong nagpapabigat sa kanilang kundisyon. Binibigyang prayoridad nito ang tubo at kita ng mga gahaman na lalong naglalagay sa kinabukasan ng mga tsuper at opereytor sa alanganin,” pahayag ng Piston.

Ikinasa rin ang tigil-pasada at mga pagkilos sa Baguio City, sa Calamba, Sta. Rosa, at Cabuyao sa Laguna, sa Rizal, Legazpi City, Cebu City, Bacolod City, Iloilo City at Davao City.

Banta ng LTFRB

Nagbanta na ang Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB) na iaatas nito ang paghuli sa tinaguriang “kolorum” na mga dyip o ang mga hindi pumaloob sa sapilitang konsolidasyon simula sa ikatlong linggo ng Mayo. Pakitang-loob pa itong nagbigay ng karagdagang 15 araw na palugit para sa mga drayber at opereytor mula sa dedlayn ng sapilitang konsolidasyon noong Abril 30.

Ayon sa datos ng LTFRB, naabot nito ang 81% ng konsolidasyon ng mga prangkisa sa buong bansa o katumbas na 160,000 na yunit. Anito, 10,000 lamang na mga dyip sa buong bansa ang naitala nitong hindi nagpakonsolida o kolorum.

Itinutulak na ngayon ng ahensya ang pagsasaayos ng mga ruta bilang susunod na hakbang ng bogus na PUVMP ng gubyerno.

Samantala, huling minutong naglabas ng pahayag ng pagtutol ang Leaders Forum, kinabibilangan ng Employers Confederation of the Philippines, Philippine Chamber of Commerce and Industry, Philippine Exporters Confederation, Inc. at mga grupo sa paggawa na Sentro, TUCP at FFW. Ayon sa kanila, "lubhang makaaapekto sa kabuhayan ng napakaraming mga opereytor at drayber ng dyip at kanilang mga pamilya ang PUVMP." Giit nilang muling pag-aralan ang PUVMP at isuspinde ang dedlayn ng pagpapatupad ng konsolidasyon.

**[English Translation]**

## Transport strike, protests and camp-out against jeepney phaseout push through despite state repression

Mayo 1, 2024

Amid relentless repression and intimidation by the Marcos regime's agencies and forces, jeepney drivers and operators launched a 3-day transport strike and various forms of collective action since April 29 to May 1 to block the complete phaseout of jeepneys starting this May. The activities were led by the Pagkakaisa ng mga Samahan ng Tsuper at Operator Nationwide (Piston) and No to PUV Phasoeut Coalition, and their chapters across the country.

At the beginning of the transport strike, April 29, the associations of drivers and operators, together with the youth and their supporters, set up strike centers in key areas in Metro Manila and Southern Tagalog.

On the first day, around 8,000 members of the National Capital Region Poice Office (NCRPO) were deployed to block jeepney routes and surround protest centers. A police blockade was brazenly set up inside the UP Diliman campus.

On April 29, Piston and their lawyers simultaneously submitted an additional petition to the Supreme Court to issue a temporary restraining order against the Public Utility Vehicle Modernization Program (PUVMP). They specifically requested a stop to the newly issued decree of the Department of Transportation in December 2023 that required additional steps to the previous guidelines or rules in the implementation of the program.

According to Ruben Baylon, Deputy Secretary-General of Piston, on that day, the Supreme Court should understand that it is important to issue the TRO as soon as possible, especially since the consolidation deadline set by the LTFRB is the next day. “When the franchises and registrations of jeeps are canceled, that will seriously harm thousands of drivers and operators and millions of commuters,” he said.

On the afternoon of April 29, they set up a central camp in Liwasang Bonifacio that lasted until May 1, before participating in the International Labor Day protests. The youth joined in the camp that launched studies, discussions and solidarity programs with drivers and operators. There was also a people’s mass on April 30.

“Instead of supporting informal workers in public transportation, the Public Utility Vehicle Modernization Program worsens their condition. It prioritizes the profit and earnings of greedy people who endanger the future of drivers and operators,” Piston said.

Transport strikes and actions were also launched in Baguio City, Calamba, Sta. Rosa, and Cabuyao in Laguna, in Rizal, Legazpi City, Cebu City, Bacolod City, Iloilo City and Davao City.

LTFRB threat

The Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB) has threatened that it will order the arrest of the so-called “kolorum” jeepneys or those that do not comply with the compulsory consolidation starting the third week of May. It hypocritically granted drivers and operators an additional 15-day grace period to the April 30 mandatory consolidation deadline.

LTFRB data says nationwide consolidation of franchises has reached 81% or the equivalent of 160,000 units. It says it recorded only 10,000 jeepneys in the entire country that did not consolidate or are kolorum.

The agency is now pushing routes re-organization as the next step of the government’s bogus PUVMP.

Meanwhile, the Leaders Forum, which includes the Employers Confederation of the Philippines, the Philippine Chamber of Commerce and Industry, the Philippine Exporters Confederation,

Inc. and labor groups Centro, TUCP and FFW issued a statement of objection at the last minute. They say “the PUVMP will greatly affect the livelihood of many jeepney operators and drivers and their families.” They demand reviewing the PUVMP and suspending the deadline for the consolidation’s implementation.

## Mga manggagawa, nagprotesta sa embahada ng US sa araw ng paggawa

Mayo 2, 2024

Nagmartsa patungo sa embahada ng US sa Roxas Boulevard sa Ermita, Manila ang mga manggagawa at iba pang mga sektor, sa pangunguna ng Kilusang Mayo Uno (KMU) at Bagong Alyansang Makabayan (Bayan), noong Mayo 1 para batikusin ang inilulunsad na Balikatan Exercises 2024 sa bansa at ang pagtutulak ng rehimeng Marcos sa anti-nasyunal at anti-manggagawang charter change (chacha). Sigaw ng mga manggagawa: sahod at soberanya, hindi gera at chacha! Ang protesta sa embahada ng US ay kasunod ng pagkilos ng malawak na koalisyong ng mga manggagawa sa Morayta, Manila.

“Hindi kakampi, kundi kaaway [ang US],” pahayag ng KMU. Giit nito, ang inilulunsad na Balikatan Exercises 2024 na may layuning upatin ang isang gera laban sa China ay magsasapanganib sa bansa at mamamayang Pilipino. Anito, ginagawa ito ng US para palabasin ang sarili bilang “tagapagtanggol ng maliliit na bayan at pagkakitaan ang pagbenta ng mga armas.”

Kinundena rin nila ang pagraratsada ng rehimeng Marcos sa chacha. Anila, gagamitin ito ng imperyalistang US para ipagpatuloy "ang panghihimasok sa Pilipinas." Pahihintulutan ng chacha ang 100% dayuhang pag-aari sa ilang susing sektor ng ekonomya ng bansa. "Gagamitin ito para manghimasok lalo ang mga dayuhang kapitalista upang kumamal ng higanteng tubo habang sinasaid ang ating lakas-paggawa, likas na yaman, at kasarinlan," anang KMU.

Ang mga ito umano ang patunay ng "lalong pinapalakas ng rehimeng Marcos Jr ang kawing ng imperyalistang US sa Pilipinas."

Palayain ang Mayo Uno 6

Anim na mga kabataang aktibista, na binansagang Mayo Uno 6, ang kinaladkad at inaresto ng mga pulis sa protesta sa embahada ng US. Bago nito, nagawang makalampas ng mga grupo sa unang barikada ng mga pulis. Tinatayang 12,000 ang ipinakat ng National Capital Region Police Office (NCRPO) laban sa mga raliyista.

[20240501] Marahas na binuwag ng mga pulis ang protesta ng mga grupo malapit sa US Embassy noong Mayo 1. (Photo from May Day Multimedia Facebook page)

"Ang paggamit ng labis-labis na pwersa ng Manila Police District ay nagsisiwalat sa tunay nilang katangian: tagapaglingkod ng mga mayayaman at makapangyarihan, at tagaprotekta sa mga gahaman," pahayag ng KMU.

Giit pa nila, kasanayan na umano ng mga pulis ang brutalidad at walang puwang sa kanila ang ipinangangalandakan sa midya na na "maximum tolerance" o pagtitimpi, laluna sa mga pagkilos at protesta malapit sa embahada ng US.

Sa parehong araw, kaagad na nagsagawa ng rali ang mga kabataan at grupo sa karapatang-tao sa hedkwarters ng Manila Police District para ipanawagan ang pagpapalaya sa anim na inaresto. Hindi pa malinaw kung anong kaso ang isasampa sa kanila ng mga pulis.

"Nananawagan kami sa kagyat na pagpapalaya sa [Mayo Uno 6], at para sa isang mabilis at walang kinikilingang imbestigasyon sa karahasan ng mga pulis," anang grupo.

**[English Translation]**

## Workers protest at the US embassy on labor day

Mayo 2, 2024

Workers and other sectors, led by Kilusang Mayo Uno (KMU) and Bagong Alyansang Makabayan (Bayan), marched to the US embassy on Roxas Boulevard in Ermita, Manila on May 1 to condemn the launching of the Balikatan Exercises 2024 in the country and the Marcos regime's push for the anti-national and anti-worker charter change (chacha). Workers clamor: wages and sovereignty, not war and chacha! The protest at the US embassy follows the action of a broad coalition of workers in Morayta, Manila.

“[The US] is not an ally, but an enemy,” the KMU declared. It insisted, the Balikatan Exercises 2024 being launched with the aim of starting a war against China will endanger the country and the Filipino people. It says the US is doing this to portray itself as “the defender of small nations and to profit from selling weapons.”

They also condemned the Marcos regime for railroading chacha. It said the imperialist US will use it to continue “interfering in the Philippines.” Chacha will allow 100% foreign ownership in some key sectors of the country’s economy. “This will be used for interference especially by foreign capitalists to amass huge profits while pillaging our labor force, natural resources, and sovereignty,” KMU said.

They say these are proof that “the Marcos Jr. regime is further strengthening US imperialist domination over the Philippines.”

Release Mayo Uno 6

Six youth activists, dubbed Mayo Uno 6, were dragged and arrested by police at the protest at the US embassy. Before this, groups managed to get past the first police barricade. An estimated 12,000 were mobilized by the National Capital Region Police Office (NCRPO) against the rallyists.

“The use of excessive force by the Manila Police District reveals their true nature: servants of the rich and powerful, and protectors of the greedy,” KMU said.

They further insisted that brutality is a usual practice of the police and there is no room for their media projections of “maximum tolerance” or restraint, especially in actions and protests near the US embassy.

On the same day, youth and human rights groups immediately held a rally at the headquarters of the Manila Police District to call for the release of the six arrested. It is not yet clear what charges the police will file against them.

“We call for the immediate release of [Mayo Uno 6], and for a swift and impartial investigation into police violence,” the group said.

## 2 sibilyan sa Albay, nasugatan sa pamamaril ng militar

Mayo 3, 2024

Kinundena ng Karapatan-Bicol ang pamamaril ng mga sundalo ng Armed Forces of the Philippines sa dalawang magsasaka sa Barangay del Rosario, sa Jovellar, Albay at pag-aresto at panggigipit sa dalawang iba pa noong Abril 25.

Ayon sa grupo, iligal na inaresto at pinadapa ng mga sundalo ang magtiyuhin na sina Ernesto Lumangaya at Arlan Lumangaya, alas-2 ng madaling araw. Habang isinasagawa ito, dumaan ang motorsiklong sakay sina Ace Diano at Francis Leteral galing sa piyestahan sa Barangay Libtong de Vera na sakop ng Donsol, Sorsogon.

Sinigawan ng mga sundalo ang dalawang nakamotor na huminto at pinagbabaril nang hindi

sila tumalima dahil sa takot. Tinamaan ng bala sa dalawang paa si Leteral at si Diano sa braso.

“Dahil sa pangyayari na pawang mga sibilyan ang kanilang binaril, umalis ang mga militar at iniwan na lamang ang kanilang mga biktima na hindi man lamang tinulungan na malapatan ng paunang lunas at madala sa pinakamalapit na ospital,” ayon sa Karapatan-Bicol. Sa pagmamadali, iniwan pati ng mga sundalo ang magtiyuhin balak nilang arestuhin. Ang mga ito na ang humingi ng saklolo sa kanilang mga kababaryo para maihatid sa ospital ang dalawang magsasakang nabaril.

Sa impormasyon ng grupo, liban sa insidenteng ito ay sunod-sunod ang mga kaso ng panggigipit at iligal na panghahalughog sa mga bahay sa mga barangay ng del Rosario, Jovellar, Albay at sa de Vera, Donsol, Sorsogon. “Panawagan ng mga residente ang itigil na ang militarisasyon sa kanilang mga lugar dahil sa troma at ibayong takot,” ayon sa grupo.

Noong Abril 26, para mapagtakpan ang kanilang karumal-dumal na mga krimen at patung-patong na mga paglabag sa karapatang-tao, nagpakana ng “Community Peace Dialogue at Serbisyo Caravan” ang 31st IB at mga lokal na ahensya sa Barangay del Rosario. Minanduhan ng 31st ang mga ahensyang pangkalusugan at iba galamay ng lokal na gubyerno para sa kanilang palabas na pagbibigay serbisyo.

Sa tabing ng serbisyong medikal, pamamahagi ng pagkain at pagsasagawa ng libreng gupit, inilunsad ng mga berdugo ang kampanyang

rekrutment sa reaksyunaryong hukbo at nagpakalat ng kasinungalingan kaugnay ng anti-mamamayan at bogus na Enhanced Comprehensive Local Integration Program o E-CLIP.

**[English Translation]**

## 2 civilians in Albay injured in military shooting

Mayo 3, 2024

Karapatan-Bicol condemned the Armed Forces of the Philippines soldiers for shooting two farmers in Barangay del Rosario, in Jovellar, Albay and for the arrest and harassment of two others on April 25.

The group said the soldiers illegally arrested and prostrated uncle-and-nephew Ernesto Lumangaya and Arlan Lumangaya, at 2 in the morning. During this time, Ace Diano and Francis Leteral who were onboard a motorcycle passed by on their way from the feast in Barangay Libtong de Vera which is under the jurisdiction of Donsol, Sorsogon.

The soldiers shouted at the two motorcyclists to stop and shot them when the riders did not comply due to fear. Leteral was hit in both legs and Diano in the arm.

“Because they shot mere civilians, the military fled leaving their victims without first aid or taking to the nearest hospital,” according to Karapatan-Bicol. In haste, the soldiers also left the pair they intended to arrest. The latter were even the ones

who sought their fellow villagers' help to take the two wounded farmers to the hospital.

According to the group's information, this incident came after successive cases of harassment and illegal house searches in the barangays of del Rosario, Jovellar, Albay and in de Vera, Donsol, Sorsogon. "Residents call for the cessation of militarization in their areas because of trauma and other concerns," according to the group.

On April 26, to cover up their heinous crimes and heaping human rights violations, the 31st IB and local agencies schemed a "Community Peace Dialogue and Service Caravan" in Barangay del Rosario. The 31st ordered health agencies and other local government agencies for their hypocritical service delivery.

Under the guise of medical services, food distribution and free haircuts, the butchers launched a recruitment campaign in the reactionary army and disseminated lies favoring the anti-people and bogus Enhanced Comprehensive Local Integration Program or E-CLIP.

## 5 manggagawang pangkaunlaran at tagapagtanggol ng karapatang-tao sa Negros, kinasuhan ng "terrorism financing"

Mayo 3, 2024

Tinawag ng Paghida-et sa Kauswagan" Development Group Incorporated (PDG Inc) na

hindi makatarungan ang pagsasampa ng mga kaso ng "terrorism financing" o paglabag sa Terrorism Financing and Suppression Act of 2012 laban sa ilan sa kanilang mga aktibo at dating mga kasapi. Giit nito, ginagamit ang estado ang mga alegasyong ito para palabasing ilehitimo ang organisasyon at patawan ito ng mga sangsyon.

Sinampahan ng kaso sina Clarissa Ramos, byuda ng pinaslang na abugado na si Atty. Benjamin Ramos; si Felipe Levy Gelle, Federico Salvilla, at Perla Pavillar. Si Ramos, tulad ng kanyang yumaong asawang abugado, ay dating Executive Director at tagapagtatag ng PDG Inc. Arbitraryong kinasuhan din si Darryl Albañez, hindi kasapi ng PDG Inc pero nakikipagtulungan sa grupo sa mga aktibidad nito.

Ayon sa PDG, ang kinasuhang mga indibidwal ay integral na bahagi ng kanilang organisasyo at nag-alay ng kanilang panahon sa pagpapaunlad sa mga komunidad at pagsusulong ng mga programang pangkaunlaran.

Sa pahayag naman ng Human Rights Advocates Negros (HRAN), mismong ang mga kinatawan ng Department of Justice, kasama ang mga pulis, ang naghain ng subpoena sa mga kinasuhan sa kani-kanilang mga bahay at sa upisina ng PDG Inc sa Binicuil, Kabankalan City noong Abril 29.

Isinampa ang kaso ni PMSG Francisco John Dumdumaya, deputized Anti-money Laundering Council Financial Investigator at kaspai ng Regional Intelligence Division ng PNP Regional Police Office 6. Ibinatay ito sa sinumpaang mga

salaysay ng nagpapakilalang “finance and logistics officer at kumander ng “Tahod Ilahas Command ng CPP-NPA” na nag-ooperasyon diumano sa Negros na si Jonel Roy Moreno at nina Danilo at Jeonna Dela Cruz na nagpapakilalang mga kasapi ng lokal na samahan ng mga mangingisda sa Cauyan, Negros Occidental.

“Ang mga atakeng ito sa PDG ay tumindi sa nagdaang mga taon simula sa pagpaslang kay Atty. Ramos Jr, executive direktor nito noong 2018, at ngayon sa mga kasong “terrorism financing,” ayon sa HRAN.

Ang PDG Inc ay isang organisasyon sa sentral at timog na bahagi ng Negros Island at nagsusulong ng karapatan ng mga magsasaka at mga mangingisda para sa sustenableng agrikultura at repormang panlipunan. Itinatag ang organisasyon noong dekada 1980.

**[English Translation]**

## State charges 5 development workers and human rights defenders in Negros with “terrorism financing”

Mayo 3, 2024

The Paghida-et sa Kauswagan” Development Group Incorporated (PDG Inc) deemed as unjust the filing of cases of “terrorism financing” or violation of the Terrorism Financing and Suppression Act of 2012 against some of their active and former members. It asserts that the state is using these allegations to delegitimize the organization and sanction it.

A case was filed against Clarissa Ramos, widow of the murdered lawyer Atty. Benjamin Ramos; Felipe Levy Gelle, Federico Salvilla, and Perla Pavillar. Ramos, like her late lawyer husband, once served as executive director and was a founder of PDG Inc. Also arbitrarily charged was Darryl Albañez, who is not a member of PDG Inc, but was involved in many of the group's activities.

The PDG said the accused individuals are an integral part of their organization and have dedicated their time to developing communities and promoting development programs.

The Human Rights Advocates Negros (HRAN) statement said the representatives of the Department of Justice, along with police, served the subpoena to the accused at their respective houses and at the office of PDG Inc in Binicuil, Kabankalan City on April 29.

The case was filed by PMSG Francisco John Dumdumaya, deputized Anti-money Laundering Council Financial Investigator and member of the Regional Intelligence Division of the PNP Regional Police Office 6. It is based on the sworn statements of Jonel Roy Moreno, the self-identified "finance and logistics officer and commander" of the "Tahod Ilahas Command of the CPP-NPA" allegedly operating in Negros, and of Danilo and Jeonna Dela Cruz who identified themselves as members of the local fishermen's association in Cauyan, Negros Occidental.

"These attacks on the PDG have intensified in recent years starting with the assassination of

Atty. Ramos Jr, its executive director in 2018, and now with the charges of “terrorism financing,” according to HRAN.

PDG Inc is an organization in the central and southern part of Negros Island and promotes the rights of farmers and fishermen for sustainable agriculture and social reform. The organization was founded in the 1980s.

## Kontra-salaysay ng mga aktibistang akusado ng “terorismo,” inihain sa korte sa Nueva Ecija

Mayo 3, 2024

Naghain ng kontra-salaysay ang apat na aktibistang inakusahan ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ng “terorismo” o paglabag sa Anti-Terrorism Act of 2020 sa Bulwagan ng Katarungan sa Cabanatuan, Nueva Ecija ngayong araw, Mayo 3. Sinabayan ito ng piket ng mga tagapagtanggol sa karapatang-tao at mga organisasyong masa sa harap ng naturang bulwagan. Sinampahan ng kasong “terorismo” sina Nathanael Santiago, Anasusa San Gabriel, Rosario Brenda Gonzales, at Servillano Luna, Jr.

Ayon sa naunang pahayag ng Karapatan, hindi nagkaroon ng pagkakataong magprisinta ng ebidensya ang mga akusado dahil hindi sila nakatanggap subpoena o ng anumang abiso. Naglabas rin ng resolusyon ang piskal nang hindi nadidinig ang kanilang panig.

Ang apat na akusado ay aktibong mga kasapi ng mga organisasyong nagtataguyod sa karapatan ng mahihirap at inaapi. Si Santiago ay kasalukuyang Secretary General ng Bayan Muna Partylist simula pa noong 2000 at nagsisilbi rin ngayong Secretary General ng Koalisyong Makabayan simula nang itatag ito noong 2009. Kabilang siya sa mga nagpetisyon sa Korte Suprema laban sa Anti-Terrorism Act of 2020.

Samantala, si San Gabriel ay boluntir ng Bulacan Ecumenical Forum (BEF) simula pa 2017 at naging katuwang ng mga komunidad at organisasyon sa pagtatanggol sa kabuhayan at karapatan ng mga apektado ng mga proyektong reklamasyon at pangkaunlaran sa Manila Bay. Si Gonzales ay convenor ng Assert Socio-economic Initiatives Network (ASCENT) habang si Luna ay upisyal ng Anakpawis Partylist.

[nueva-ecija-terrorism-charges] From left to right: Nathanael Santiago, Anasusa San Gabriel, Servillano Luna Jr, Rosario Brenda Gonzales (Photo from Bayan Facebook Page)

“Ang pagsasampa ng gawa-gawang mga kaso, kasabay ng taktika ng red-tagging, ay lumilikha ng toxic (may lason) na kaayusan na nagsasantabi sa mga prinsipyo ng hustisya at karapatang-tao,” pahayag ng Bayan Muna. Kinundena nila ang kasuklam-suklam na mga taktikang ito at iginigiit na wakasan ang panggigipit at pang-uusig sa mga aktibsita at myembro ng pampulitikang oposisyon.

Panawagan ng mga grupo ang pagbasura ng mga gawa-gawang kaso laban sa mga aktibista at ng

mismong Anti-Terrorism Act of 2020 na siyang ginagamit ng gubyerno para pigilan ang mga progresibong grupo at mga indibidwal na ipaglaban ang kanilang mga karapatan.

Idinadawit sa armadong engkwentro

Ibinatay ang kasong "terorismo" sa apat na aktibista sa pagdadawit ng AFP sa kanilang mga pangalan sa naganap na engkwentro sa pagitan ng 84th IB at Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Barangay San Fernando Sur, Laur, Nueva Ecija noong Oktubre 8, 2023. Ang naganap na engkwentro noong Oktubre 2023 ay inako ng BHB-Nueva Ecija.

Sa kanilang pahayag, hindi bababa sa apat na sundalo ng 84th IB ang napaslang habang maraming iba pa ang nasugatan. Ang mga sundalo ng 84th IB ay nag-ooperasyon sa mataong lugar at malapit sa mga komunidad, ayon sa yunit ng BHB, kaya sinikap nilang ilayo sa kapahamakan ang mga sibilyan sa lugar nang naganap ang labanan.

Kabaligtaran naman ang ginawa ng 84th IB na walang patumanggang nagpaputok sa loob ng halos isang oras nang walang pagsasaalang-alang sa mga sibilyan. Ayon pa sa ulat, ilang minuto bago ang sagupaan ay nagmartsa ang mga sundalo sa kalsada na nagdulot ng takot at pangamba sa mga sibilyan at turistang dumadayo sa Seminublan Falls sa barangay.

**[English Translation]**

## Activists accused of “terrorism” file submit counter affidavits in court in Nueva Ecija

Mayo 3, 2024

The four activists accused by the Armed Forces of the Philippines (AFP) of “terrorism” or violation of the Anti-Terrorism Act of 2020 filed a counter affidavits at the Hall of Justice in Cabanatuan, Nueva Ecija today, on May 3. Human rights defenders and mass organizations held a picket before the said hall concurrent with the filing. Nathanael Santiago, Anasusa San Gabriel, Rosario Brenda Gonzales, and Servillano Luna, Jr. were charged with “terrorism”.

Karapatan’s previous statement says the accused individuals did not have the opportunity to present evidence because they did not receive a subpoena or any notice. The prosecutor also issued a resolution without hearing their side.

The four accused are active members of organizations that promote the rights of the poor and oppressed. Santiago is currently the Secretary General of the Bayan Muna Partylist since 2000 and is also currently serving as the Secretary General of the Koalisyong Makabayan since its establishment in 2009. He is among those who petitioned the Supreme Court against the Anti-Terrorism Act of 2020.

Meanwhile, San Gabriel has been a volunteer of the Bulacan Ecumenical Forum (BEF) since 2017

and has been a partner of communities and organizations in defending the livelihood and rights of those affected by reclamation and development projects in Manila Bay. Gonzales is convenor of Assert Socio-economic Initiatives Network (ASCENT) while Luna is an official of Anakpawis Partylist.

“The filing of trumped-up cases, along with the red-tagging, creates a toxic system that sideswipes the principles of justice and human rights,” Bayan Muna said. It condemned these heinous tactics and demanded an end to the harassment and persecution of activists and members of the political opposition.

The groups are calling for the dismissal of trumped-up charges against activists and the [repeal of the] very Anti-Terrorism Act of 2020 that the government uses to prevent progressive groups and individuals from fighting for their rights.

Involved in armed conflict

The charge of “terrorism” was based on the four activists being implicated by the AFP in the encounter between the 84th IB and the New People’s Army (NPA) in Barangay San Fernando Sur, Laur, Nueva Ecija on October 8, 2023. The NPA-Nueva Ecija owned the said encounter.

Their statement says at least four soldiers of the 84th IB were killed while many others were wounded. Soldiers of the 84th IB were operating in densely populated areas and close to

communities, according to the NPA unit, so they tried to keep civilians out of harm’s way in the area when the fighting broke out.

The 84th IB did the opposite, firing indiscriminately for almost an hour without regard for civilians. The report says a few minutes before the encounter, the soldiers marched along the road causing fear and apprehension among the civilians and tourists visiting the Seminublan Falls in the barangay.

## Mataas ang disempleyo sa Pilipinas, taliwas sa datos ng rehimen

Mayo 3, 2024

Dinagsa ng puo-puong libong manggagawang walang trabaho ang mga “job fair” na binuksan ng ilang lokal na gubyerno bilang “handog” ng mga ito sa nagdaang Araw ng Paggawa. Sa job fair sa Eastern Visayas, meron diumanong inalok na halos 12,000 trabaho sa iba’t ibang sentro sa rehiyon. Sa Maynila at Quezon City, tig-9,000 namang trabaho ang inialok diumano sa mga dumayo sa mga ito. Sa Bulacan, mayroon diumanong mahigit 3,000. Tipikal sa mga “job fair” na ito, kakarampot lamang na mga manggagawa ang aktwal na iniempleyo ng mga negosyo sa mga pamilihang ito.

Mas mahalaga pa, napakaliit lamang ang bilang ng trabahong inialok sa mga job fair kung ikukumpara sa milyun-milyong Pilipinong naghahanap ng trabaho ngayong taon. Sa taya ng Ibon Foundation, umaabot sa 7.5 milyon o 13% ng

mga Pilipinong manggagawa ang walang trabaho. Taliwas ito sa sinasabi ng reaksyunaryong estado na 1.8 milyon lamang ang walang hanapbuhay.

Sa datos na inilabas ng Philippine Statistics Authority, nasa 3.5% lamang ang tantos ng disempleyo. Ito ay dahil hindi isinama ng ahensya ang 1.9 mga Pilipinong inilaglag sa labor force o binibilang na pwersa ng paggawa, at 3.8 milyong mga unpaid family worker o mga umaalalay sa mga tindahan at iba pang pinagkakakitaan ng pamilya o magkakamag-anak. Wala pa rito ang milyun-milyong kababaihang "maybahay" na dati nang hindi itinuturing na bahagi ng pwersa sa paggawa.

Sa pinaliit na estadistika ng estado, pinakamataas ang tantos ng disempleyo sa hanay ng mga kabataang manggagawa. Nasa 8.6%, o higit doble sa pangkalahatang tantos, ang tantos ng disempleyo sa kabataang manggagawang may edad 15-24. Wala pa rito ang mahigit kalahating milyon (573,000) kabataang inilaglag sa labor force noong Pebrero at mga unpaid family worker. Sa ilang mga pag-aaral, sinasabing 40% ng mga unpaid family worker ay mga tinedyer o nasa edad 15-19 taong gulang.

Ayon sa Ibon, napakababa ng bilang ng nalikhang trabaho ng rehimeng Marcos, malayo sa mismong mga target nito at sa taunang abereyds na nalilikhang mga trabaho sa nakaraang dekada.

Sa Labor and Employment Plan (LEP) 2023-2028 ng rehimen, target nitong lumikha ng mahigit 3 milyong trabaho sa loob ng anim na taon, o

500,000 kada taon. Pero mula Pebrero 2023 hanggang Pebrero 2024, 150,000 lamang ang nalikha nitong bagong trabaho, batay sa sariling estadistika ng estado. Wala pa itong 1/3 sa sinabing taunang target, puna ng Ibon. Dagdag pa nito, nasa 15% lamang din ito kumpara sa taunang abereyds sa netong nalilikhang mga trabaho na 1.1 milyon mula 2014-2023.

**[English Translation]**

## Unemployment is high in the Philippines, contrary to the regime’s data

Mayo 3, 2024

Thousands of unemployed workers swarmed the “job fairs” opened by some local governments as their “offerings” during the recent Labor Day. In the job fair in Eastern Visayas, nearly 12,000 jobs were reportedly offered in various centers in the region. In Manila and Quezon City, 9,000 jobs each were reportedly offered to those who flocked here. In Bulacan, there are said to be more than 3,000. Typical of these “job fairs”, businesses in these markets actually employ only a fraction of workers.

More importantly, the number of jobs offered at job fairs is very small compared to the millions of Filipinos looking for work this year. Ibon Foundation says 7.5 million or 13% of Filipino workers are unemployed. This is contrary to only 1.8 million unemployed claimed by the reactionary state.

In the data released by the Philippine Statistics Authority, the unemployment rate is only at 3.5%. This is because the agency did not include the 1.9 million Filipinos who were removed from the labor force, and the 3.8 million unpaid family workers or helpers in stores and other ventures of families or relatives. Also not included are the millions of women “housewives” who have long been excluded from the labor force.

In understated state statistics, the unemployment rate is highest among young workers. The unemployment rate among young workers aged 15-24 is at 8.6%, or more than double the national rate. This does not include the more than half a million (573,000) youth removed from the labor force in February and unpaid family workers. Some studies say that 40% of unpaid family workers are teenagers or between the ages of 15-19 years old.

Ibon says the Marcos regime’s job generation is very low, far below its own targets and even the annual average net job creation in the past decade.

The regime’s Labor and Employment Plan (LEP) 2023-2028 targeted to create over 3 million jobs within six years, or 500,000 annually. But from February 2023 to February 2024, it created only 150,000 new jobs, based on the state’s own statistics. This is less than 1/3 of the implied annual target, Ibon criticized. It is also just 15% the annual average of net job creation of 1.1 million from 2014-2023.

## Pinsala dulot ng tagtuyot sa panahon ng El Niño, halos ₱6 bilyon na

Mayo 3, 2024

Umabot na sa ₱5.6 bilyon ang pinsalang dala ng tagtuyot dulot ng El Niño, ayon sa datos na inilabas ng Department of Agriculture noong Mayo 3. Pinakamalaki ang pinsala sa rehiyon ng Mimaropa na umabot s sa ₱1.7 bilyon, Western Visayan (₱1.49 bilyon), Cordillera (₱767 milyon) at Cagayan Valley (562 milyon).

Ayon sa Department of Agriculture, katumbas sa ₱3.1 bilyon ang nasirang palay, ₱1.76 bilyong mais at ₱958 milyong high-value crops. Karamihan sa mga nasirang palay at mais ay malapit nang maani. Nasa 104,402 ektaryang mga sakahan ang napinsala, na sumalanta sa 113,585 magsasaka at mangingisda.

Nasa 131 nang syudad at bayan ang nagdeklara ng state of calamity sa buong bansa dulot ng El Niño. Sa mga ito, 41 ang dumaranas ng matinding tagtuyot. Liban sa pinsala sa agrikultura, tinamaan din ang suplay ng maiinom na tubig ng mga residente.

Ayon sa mga meteorologist, o mga eksperto sa panahon, isang buwan pang tatagal ang El Niño bago ito magtatransisyon sa “nyutral na kundisyon” o di kaya’y tumungo sa pagiging La Niña, ang kabilang mukha ng El Niño-Southern Oscillation (ENSO) cycle. Kinatatangian ang La Niña ng di pangkaraniwang lamig sa karagatan,

na nagbubunsod ng mas malakas na hangin patungo sa Asia.

Nagreresulta ito sa malalakas na ulat at pagbaha sa kalakhan ng Pacific Northwest at Canada. Nagdudulot din ang pagtulak ng malamig na temperatura sa karagatan ng matitinding bagyo. Tulad ng El Niño, posibleng tatagal din ang penomenon ng La Niña nang siyam hanggang 12 buwan. Ngayon pa lamang, pinangangambahan na ang epekto naman nito sa susunod na siklo ng pananim sa Pilipinas.

**[English Translation]**

## Damage caused by drought during El Niño reaches ₱6 billion

Mayo 3, 2024

The damage caused by the drought during El Niño has reached ₱5.6 billion, according to data released by the Department of Agriculture on May 3. The biggest damage was in the Mimaropa region which reached ₱1.7 billion, Western Visayan (₱1.49 billion ), Cordillera (₱767 million) and Cagayan Valley (562 million).

The Department of Agriculture said damage to rice production is equivalent to ₱3.1 billion, corn up to ₱1.76 billion and high-value crops up to ₱958 million. Most of the damaged rice and corn are about ready for harvesting. Around 104,402 hectares of farms were damaged, affecting 113,585 farmers and fishermen.

Around 131 cities and towns have declared a state of calamity across the country due to El Niño. Of these, 41 are suffering from severe drought. Apart from damages to agriculture, it also affected the potable water supply of the residents.

Meteorologists say El Niño will last another month before it transitions to “neutral conditions” or may turn into La Niña, the other side of the El Niño-Southern Oscillation (ENSO) cycle. La Niña is characterized by an unusually cold ocean, which brings stronger winds towards Asia.

This results in severe downpours and flooding across much of the Pacific Northwest and Canada. Cold fronts over the ocean also bring severe storms. Like El Niño, the La Niña phenomenon can also last for nine to 12 months. Even now, there are already fears about its effect on the next crop cycle in the Philippines.

## 135 insidente ng pag-atake sa midya, naitala sa ilalim ng rehimeng Marcos

Mayo 4, 2024

Anim na insidente kada buwan o kabuuang 135 insidente ang naitalang bilang ng pag-aatake sa midya sa ilalim ng rehimeng Marcos mula Hulyo 2022 hanggang Abril 2024. Ayon ito sa ulat ng mga grupo ng mamamahayag na inilabas kasabay ng paggunita sa taunang World Press Freedom Day kada Mayo 3.

Ayon sa National Union of Journalists of the Philipines, Center for Media Freedom and

Responsibility, at iba pang organisasyon, higit itong mas malaki kaysa sa unang 22 buwan sa poder ng dating rehimeng Duterte. Kabilang sa mga ito ang 75 kaso ng intimidasyon (kung saan mayroong 45 insidente ng red-tagging at 19 kaso ng pagmamanman), 14 kaso ng assault at harassment, at tatlong pagpatay.

Patuloy ding ginagamit ang libel at cyber libel para gipitin ang mga mamahayag sa bansa. Walong mamamahayag ang sinampahan ng mga kasong cyberlibel sa panahong nabanggit. Lima sa kanila ang inaresto. Sa mga insidente ng pang-aatake, 50 ay isinagawa ng mga ahente ng estado. Pinakamarami ang kasong naitala sa Metro Manila (82), kasunod ang Eastern Visayas (16) at Bicol (8).

Binatikos ng mga grupo ang kawalan ng makabuluhang aksyon ng rehimeng Marcos para itigil ang pang-aatake sa mamamahayag sa bansa. Binanggit din sa ulat na malaon nang binabansagan na "kaaway ng estado" ang mga mamamahayag sa nagdaang mga administrasyon.

Sa taunang World Press Freedom Index na inilalabas ng Reporters Without Borders (RSF), bumaba ng dalawang baitang tungong 134 sa 180 mga bansa sa daigdig ang pwesto ng Pilipinas. Sinusukat ng ulat na ito ang kalagayan ng malayang pamamahayag sa mga bansa at teritoryong sinusuri nito.

Bilang paggunita sa World Press Freedom Day, naglunsad ng protesta ang mga grupo ng mamamahayag pangkampus sa University of the

Philippines (UP)-Diliman at ang mga grupo ng mamamahayag sa Boy Scout Monument sa Quezon City noong Mayo 3.

Sa pagkilos ng mga estudyante at mamamahayag sa UP-Diliman, kinundena nila ang mga kaso ng pagpaslang at patung-patong na mga kaso ng paglabag sa karapatan sa malayang pamamahayag sa bansa. Tinalakay rin nila sa protesta ang kalagayan ng kalayaan sa midya na nakapailalim sa malalaking negosyo at makapangyarihang pamilyang pampulitika.

Anila, palulubhain pa ang kalagayang ito ng itinutulak ngayong charter change ng rehimeng Marcos na magpapahintulot sa dayuhang pag-aari sa midya.

Sa protesta sa Boy Scout Circle, sama-samang nagtirik ng kandila ang mga mamamahayag mula sa iba't ibang panig ng bansa. Ipinanawagan nila sa partikular ang pagpapalaya sa bilanggong pulitikal na mamamahayag na si Frenchie Mae Cumpio at pagkakamit ng hustisya sa pagpaslang kay Gerry Ortega.

Si Ortega na mas kilala bilang Doc Gerry o Ka Gerry ay pinaslang noong Enero 24, 2011 dahil sa kanyang paglaban sa dambuhala at mapaminsalang mina at korapsyon sa ilalim ng noo'y gubernador ng Palawan na si Joel Reyes.

Si Cumpio ay isang mamamahayag ng Eastern Vista, ang alternatibong midya sa rehiyon ng Eastern Visayas. Iligal siyang inaresto, kasama ng apat pa, noong Pebrero 7, 2020 sa kanilang

upisina sa Tacloban City. Sinampahan sila ng gawa-gawang kasong illegal possession of firearms. Matapos ang higit isang taon, sinampahan naman sila ng kasong “terrorism financing.”

### [English Translation]
## Media records 135 attacks under the Marcos regime

Mayo 4, 2024

Six incidents per month or a total of 135 incidents of media attacks were recorded under the Marcos regime from July 2022 to April 2024. This is according to a report released by journalist groups in time with the annual World Press Freedom Day every May 3.

According to the National Union of Journalists of the Philippines, Center for Media Freedom and Responsibility, and other organizations, this is higher than the first 22 months of the former Duterte regime. Among the attacks are 75 cases of intimidation (of which there were 45 incidents of red-tagging and 19 cases of surveillance), 14 cases of assault and harassment, and three extrajudicial killings.

Libel and cyber libel continue to be used to suppress journalists in the country. Eight journalists were charged with cyberlibel during this time. Five of them were arrested. State agents carried 50 out of all assault cases. The most cases were recorded in Metro Manila (82), followed by Eastern Visayas (16) and Bicol (8).

The groups denounced the Marcos regime’s lack of significant steps to stop attacks against journalists in the country. The report also noted that journalists have long been labeled “enemies of the state” in previous administrations.

In the annual World Press Freedom Index released by Reporters Without Borders (RSF), the Philippines dropped two places to 134th out of 180 countries worldwide. This report measures the state of press freedom in the countries and territories.

To mark World Press Freedom Day, protest actions were held by campus journalists at the University of the Philippines (UP)-Diliman, and by journalist organizations at the Boy Scout Monument in Quezon City on May 3.

In the action in UP-Diliman, students and journalists condemned the killings and continuing cases of violations of the right to press freedom in the country. They also discussed the state of media freedom controlled by big business and powerful political families.

They said this state of the media will be aggravated by the charter change currently being railroaded by the Marcos regime that will allow foreign ownership of the sector.

In the protest at the Boy Scout Circle, journalists from different parts of the country held a candle-lighting activity. They specifically called for the release of imprisoned political journalist Frenchie

Mae Cumpio and justice for the killing of Gerry Ortega.

Ortega better known as Doc Gerry or Ka Gerry was extrajudicially killed on January 24, 2011 because of his fight against monstrous and destructive mining and the corruption under the then governor of Palawan, Joel Reyes.

Cumpio is a journalist of Eastern Vista, the alternative media in the Eastern Visayas region. She was illegally arrested, along with four others, on February 7, 2020 at their office in Tacloban City. They were charged with a fabricated case of illegal possession of firearms. More than a year later, they were charged with "terrorism financing."

## Balikatan war games at pagpapakatuta ng meyor ng Laoag City sa imperyalistang US, binatikos ng NDF-Ilocos

Mayo 4, 2024

Binatikos ng National Democratic Front (NDF)-Ilocos ang meyor ng Laoag City na si Michael Marcos Keon, pinsang buo ni Ferdinand Marcos Jr, sa lantarang pagpapakatuta sa amo nitong imperyalistang US. Isasagawa ang bahagi ng Balikatan sa Ilocos Norte mula Mayo 6 hanggang Mayo 10. Isinagawa rin dito ang ilang bahagi ng Balikatan noong nakaraang taon.

Ayon kay Ka Rosa Guidon, tagapagsalita ng NDF-Ilocos, tahasang pang-uulol sa mamamayan ng

syudad at ng buong Ilocos Norte ang pahayag ni Mayor Keon na “walang dapat ikabahala” sa war games. Depensa ito ni Keon sa mga naglabasang pahayag ng pagtutol ng iba’t ibang makabayan at demokratikong organisasyon na kumatawan sa sentimyento ng maraming mamamayan sa iba’t ibang bayan sa Ilocos Norte.

Kabilang dito ang pagkundena ng Bagong Alyansang Makabayan-Ilocos at Alyansa Dagiti Mannalon ti Ilocos Norte (AMIN).

Hindi bababa sa 2,000 tropang militar ng Pilipinas at US ang tatapak sa Laoag City para sa war games. Kasama din sa magiging pagsasanay ang pwersang pandepensa ng Australia at France. Manonood naman dito ang mahigit 10 pang dayuhang mga hukbo.

Ayon mismo sa meyor ng syudad, isasagawa sa La Paz sand dunes sa Barangay La Paz ng live-fire exercises na tatagal ng dalawang oras at kalahati. Pampalubag-loob ang sinabi niyang gagawin ang mga ito sa umaga para sa minimum na gambala sa mga residente. Nakatakda ring pasabugin at palubugin ng pwersa ng US at Pilipinas ang BRP Lake Caliraya, isang barkong decommissioned, sa karagatan sa tapat ng prubinsya.

Bago pa mismo ang pagdagsa ng pwersang Amerikano, labis na ang pagkaalarma ng mga residente ng Laoag City nang dumagsa sa syudad ang naglalakihang mga trak ng militar at kagamitang pandigma sa nagdaang mga linggo. Ayon kay Ka Rosa, “nabigla ang masa sa pagdagsa ng [mga ito], maging ang mga upisyal ng

barangay La Paz at pati ang konseho ng syudad." Ibinahagi pa ni Ka Rosa na hindi naabisuhan kahit ang mga lokal na upisyal sa magiging kondukta ng war games kaya hindi sila nakapaghanda at nakapagpaliwanag sa mga residente.

Tanong sa mga residente ng Laoag, bakit maglulunsad ng isang ehersisyo kung wala kang pinaghahandaan? "Kung magsasagawa ka ng war games, ibig sabihin ay may magaganap na gera kung saan sasabak ka. Kung naghahanda ka sa pagdepensa sa pag-atake ng China, e di makikigera ka pag umatake ang China!" Tahasang binabalewala ni Mayor Keon ang sentimyentong ito ng taumbayan.

"Ayaw na ayaw ng masa sa Ilocos Norte na idaos sa prubinsya ang Balikatan dahil naranasan na nila ang panganib na idudulot nito sa kanila. Sa mga live fire exercises noong nakaraan ay nagutom sila dahil binawalan silang pumalaot upang mangisda at pinabakwit ng ilang araw," pagbabahagi pa ni Ka Rosa. Paliwanag pa niya, mayroong mga mangingisdang hindi natiis na di pumalaot dahil kailangang kumita at natulak na sumuong sa panganib na maipit sa war games.

"Yanig na yanig sila sa shockwave ng mga pinasabog na bomba, kahit malayo na sa mismong site. Sa Barangay Pasaleng, Pagudpud na 25 kilometro ang layo sa Barangay Bobon, Burgos na pinagpasabugan ng bomba [noong 2023] ay ramdam pa rin ang yanig na parang linindol. Nameligro at naperwisyo din ang mamamayan ng Barangay San Joaquin, Sarrat, kung saan pinalahok sila sa war games sa pagbubuhat ng

mga kunwari ay makakaswalti na mga Amerikanong sundalo," ayon pa kay Ka Rosa.

Bilang bahagi ng paghahanda sa malaking war games, dumating si General Charles A. Flynn, Commanding General ng US Army Pacific noong Abril 28 sa Laoag Airport para magsagawa ng inspeksyon. Isinagawa naman ng 77th IB ang isang simulation sa sand dunes sa Barangay La Paz noong Mayo 1.

Samantala, noong nakaraang linggo pa nagkukumahog ang yunit ng pulis ng Laoag City para magsagawa ng "Oplan Bandillo" o kampanyang impormasyon kaugnay ng Balikatan para pagtakpan ang malaking perwisyo at pagkagambalang idudulot nito sa lokal na pamumuhay at kabuhayan.

**[English Translation]**

## NDF-Ilocos denounces Balikatan war games and Laoag City mayor's servility to US imperialists

Mayo 4, 2024

The National Democratic Front (NDF)-Ilocos denounced the mayor of Laoag City, Michael Marcos Keon, Ferdinand Marcos Jr's first cousin, for his open servility to his US imperialist master. Part of the Balikatan will be held in Ilocos Norte from May 6 to May 10. Some parts of Balikatan were also held here last year.

According to Ka Rosa Guidon, spokesperson of NDF-Ilocos, Mayor Keon's statement that "there is

nothing to worry about" in the war games is a blatant insult to the people of the city and the entire Ilocos Norte. This was Keon's rejoinder to the opposition statements issued by various patriotic and democratic organizations that represent the sentiments of many people in various towns in Ilocos Norte.

This includes the condemnation by the Bagong Alyansang Makabayan-Ilocos and Alliance Dagiti Mannalon ti Ilocos Norte (AMIN).

At least 2,000 Philippine and US military troops will set foot in Laoag City for the war games. The defense forces of Australia and France will also join the training. More than 10 foreign armies will observe.

The city mayor himself says live-fire exercises for two and a half hours will be conducted at the La Paz sand dunes in Barangay La Paz. He said these will be conducted in the morning for minimum disruption to residents. US and Philippine forces are also set to blow up and sink the decommissioned ship BRP Lake Caliraya in the ocean facing the province.

Even before the influx of American forces, the residents of Laoag City were already alarmed when huge military trucks and war equipment poured into the city in recent weeks. Ka Rosa says "the masses, even the officials of the barangay La Paz and also the city council, were shocked by their influx." Ka Rosa further shared that the local officials were not notified of the conduct of the

war games so they were unable to prepare and explain to the residents.

Residents of Laoag ask, why launch an exercise if you have nothing to prepare? “Conducting war games means there is a looming war in which you will fight. If you are preparing to defend against China’s attack, you will certainly engage in war once China attacks!” Mayor Keon blatantly disregarded the sentiments of his constituents.

“The masses in Ilocos Norte do not want Balikatan to be held in the province because they already experienced the danger it brings. In the previous live fire exercises, they went hungry because they were not allowed to go fishing and were forced to evacuate for several days,” Ka Rosa shares. She further explained, some fishermen couldn’t afford not to go fishing because they had to make money and were forced to risk being hit in the war games.

“They were extremely shaken by the shockwave of the detonated bombs, even far from ground zero. In Barangay Pasaleng, Pagudpud which is 25 kilometers away from Barangay Bobon, Burgos where a bomb was detonated [in 2023] people felt the ground moved similar to an earthquake. The people of Barangay San Joaquin, Sarrat, were also placed at risk when they were forced to participate in war games to carry American soldiers pretending to be casualties,” Ka Rosa adds.

As part of preparations for the big war games, General Charles A. Flynn, Commanding General of

the US Army Pacific arrived on April 28 at the Laoag Airport to conduct an inspection. The 77th IB conducted a simulation in the sand dunes in Barangay La Paz on May 1.

Meanwhile, as recently as last week, a Laoag City police unit has been scrambling to conduct an "Oplan Bandillo" or information campaign related to Balikatan to cover up the great damage and disruption it will bring to local living and livelihoods.

## Pagprisinta ng AFP sa mga batang inaresto bilang "batang mandirigma" ng BHB, binatikos ng NDFP

Mayo 4, 2024

Mahigpit na kinundena ng Special Office for the Protection of Children ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) ang 79th IB sa lantarang pagsisinungaling at pagpaparada nito sa dalawang menor-de-edad bilang mga "batang mandirigma" ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Inaresto ng 79th IB sina Adonis Alforque, 16, at Jonidel Alforque, 17, sa Sityo Humayan, Barangay Pinowayan, Don Salvador Benedicto, Negros Occidental noong Abril 25. Pinasinungalingan din ng mga residente sa naturang baryo ang paratang ng militar.

"Ang sinasabi ng AFP na nagrerekrut ang BHB ng mga batang sundalo ay luma at gasgas nang tugtugunin, at matagal nang pinasinungalingan ng malinis na rekord ng BHB ng matatag na pagsunod sa mahigpit na patakaran ng PKP ng

hindi pagrerekrut sa mga mas bata sa edad 18," pahayag ni Ka Coni Ledesma, pinuno ng naturang upisina ng NDFP. Sang-ayon rin ang patakarang ito sa Batayang mga Alituntunin ng BHB at sa internasyunal na makataong batas.

Giit ni Ka Coni, ang paggamit ng AFP sa mga bata para sa maruming kampanya nito para siraan ang BHB at ang rebolusyonaryong kilusan ay paglabag sa internasyunal na makataong batas. "Sa maling pagpapakilala sa mga bata bilang "batang mandirigma," binubura ng AFP ang pagkakaiba sa pagitan ng mga kombatant at mga sibilyan sa ilalim ng Geneva Conventions kaugnay ng mga altinutunin sa digma," ayon pa sa kanya.

Liban sa kaso ng magkapatid na Alforque, marami pang mga insidenteng kinasasangkutan ng paglabag sa karapatan ng mga bata at internasyunal na makataong batas ang AFP at mga yunit nito, pareho sa ilalim ng dating rehimeng Duterte at ngayo'y rehimeng Marcos.

Kabilang sa mga kasong naitala ng NDFP Special Office for the Protection of Children ang pagpatay ng mga pwersa ng 2nd IB sa 17-anyos na si Rey Almario Belan sa Masbate noong Hunyo 16, 2023. Ilang araw lamang ito pagkatapos ng pagmasaker ng 94th IB sa pamilyang Fausto, kabilang ang dalawang menor-de-edad, sa Barangay Buenavista, Himamaylan City noong Hunyo 14, 2023.

Hindi rin pinalampas ng AFP ang mga bagong silang na sanggol at pag-hostage sa mga ito. Kabilang dito ang naging kaso ni Baby Rhea noong

huling kwarto ng 2022. Samantala, nasa kamay pa rin ng pasistang mga sundalo si Baby Marx, anak ng namartir na Pulang mandirigma na si Emarie Pastidio (Ka Jandy), na dinukot ng militar noon pang Enero 2021.

Kinundena ng NDFP ang maruming taktika ng estado at nanawagan sa publiko at internasyunal na komunidad na kundenahin ang AFP sa kanilang kasuklam-suklam na pagbalewala sa internasyunal na makataong batas at mga proteksyong dapat tinatamasa ng mga bata sa konteksto ng umiiral na gera sibil.

**[English Translation]**

## NDFP condemns the AFP for presenting detained children as NPA "child soldiers"

Mayo 4, 2024

The Special Office for the Protection of Children of the National Democratic Front of the Philippines (NDFP) strongly condemned the 79th IB for brazenly lying and parading two minors as "young soldiers" of the New People's Army (NPA). The 79th IB arrested Adonis Alforque, 16, and Jonidel Alforque, 17, in Sityo Humayan, Barangay Pinowayan, Don Salvador Benedicto, Negros Occidental on April 25. The residents of the said barrio also denied the military's allegation.

"The AFP claiming that the NPA recruits child soldiers is a tired and worn-out tale, and has long been refuted by the NPA's unsullied record of strongly adhering to the CPP's strict policy of non-

recruitment of persons below 18 years of age," Ka Coni Ledesma, head of the NDFP office. This policy is also in keeping with the Basic Rules of the NPA and International Humanitarian Law.

Ka Coni insists the AFP's use of children for their dirty war tactics meant to smear the NPA and the revolutionary movement is a violation of international humanitarian law. "By mislabeling children as 'child soldiers,' the AFP effectively blurs the distinction between combatants and civilians under the Geneva Conventions governing the rules of war," she added.

Apart from the case of the Alforque brothers, there are many other incidents involving the violation of children's rights and international humanitarian law by the AFP and its units, both under the former Duterte regime and the current Marcos regime.

Among the cases recorded by the NDFP Special Office for the Protection of Children is the 2nd IB forces' killing of 17-year-old Rey Almario Belan in Masbate on June 16, 2023. This was just a few days after the 94th IB massacre in Fausto family, two of which were minors, in Barangay Buenavista, Himamaylan City on June 14, 2023.

The AFP also did not have qualms in attacking newborn babies and keeping them hostage. This includes the case of Baby Rhea in the last quarter of 2022. Meanwhile, the fascist soldiers still hold Baby Marx, the child of the martyred Red fighter Emarie Pastidio (Ka Jandy), who was kidnapped by the military in January 2021.

The NDFP denounces the state's dirty war tactics and calls on the public and the international community to condemn the AFP for their reprehensible disregard of international humanitarian law and protections afforded to children in the context of the ongoing civil war.

## Ang Bayan interview with FFPS-Vancounver

Mayo 4, 2024

On April 24, an image of an artwork depicting the Filipino's people's revolutionary struggle and international solidarity pasted on major public places in Vancouver, Canada made the rounds of social media. The mural was made by artists and activists affiliated with the Friends of the Filipino Peoples in Struggle.

Ang Bayan interviewed the FFPS chapter in Vancouver, Canada about the mural and its activities in line with the commemoration of the 51st anniversary of the National Democratic Front of the Philippines (NDFP) last April 24. The FFPS is a global solidarity organization supporting the national-democratic movement in the Philippines. It has member organizations from North America, Europe, Asia and Oceania.

Ang Bayan (AB): Where was the mural put up?

FFPS-Vancouver: We put up the mural and posters of the artwork at high traffic train stations in Vancouver, Canada. Vancouver is a major port city in the province of British Columbia, Canada, with

major industries focused on mining/ resource extraction, import/export, real estate, and retail. Thousands of working people pass through these train stations everyday during their commutes and these people are struggling with the cost of living as the capitalist class grows richer and richer. While putting up posters, we spoke to one healthcare worker who was moved by the slogan "Love the People, Serve the People" and shared that she hopes for a revolutionary movement like the one in the Philippines in her homeland of Ethiopia.

AB: How was the mural created? What were the preparations?

FFPS-Vancouver: Our organization wanted to celebrate the NDFP and one of the members of the Propaganda Committee was really into the idea of creating art that would illustrate the significance of the occasion and draw a lot of attention. We asked the members of our organizations if anyone wanted to participate in this art and a new member volunteered.

A few of our members met to discuss what it could look like, and we used a few popular paintings depicting the NDFP as a reference for how to represent the alliance between multiple sectors. One of the members had the idea to show the alliance between the revolutionary mass movement in the Philippines and those of us in Vancouver who are in solidarity with the Filipino People's struggle to demonstrate the importance of international solidarity. We came up with the

idea of depicting the masses on their respective lands carrying the flags of their organization.

It was a back and forth process between the artist and our propaganda officer with input from other members of the org on what it should look like. A concept was created compiling reference images of backgrounds and people demonstrating for the artist to create the art. Once the digital art was completed, we printed it across 25 sheets of letter sized paper. Three of our members used wheatpaste to apply the mural to a concrete pillar at the train station.

AB: What can the artists say about the artwork?

FFPS-Vancouver: After the initial concept was created, the primary artist began with painting the background. The mountains of both regions are looming in the backdrop, representing the connection between the people and the land they live and work on. This was to show that the people's struggles for land and livelihood are connected around the world because we share a common enemy in imperialism and a common desire for a liberatory society that works for the people.

She wanted to use saturated colors to make the art stand out and evoke the vibrancy of the movement. There was both the practical function of attracting people's attention to the art and the symbolic nature of red and yellow representing people's resistance to exploitation. She wanted to use the brightness of the sun and vibrancy of the

sunrise to arouse people's spirits and inspire hope for liberation.

Regarding the background, on the side of the Philippines, there are many rich green hues used to illustrate the agrarian character. Whereas on the Vancouver side, there are more gray hues to illustrate the industrial nature of Canada.

The artist looked at references of peasants in the Philippines to represent the masses in the Philippines. She wanted the expressions of the people to evoke a sense of strength, determination and militancy. The artist used expressions from photos of EDSA as references to convey that energy.

For Vancouver people, artist used reference photos from rallies here in Vancouver. Our Propaganda officer used one of the reference paintings of the NDFP as well as images from iconic rallies in the Philippines to choose colors for the people and their clothes.

[For the slogan], we wanted to choose something short, but impactful that would demonstrate the deep commitment that revolutionaries have to serving the people while also encouraging passersby to want to learn more.

AB: Why is it necessary to put up a mural miles away from the Philippines about the Filipino People's struggle?

FFPS-Vancouver: It's necessary because there is a significant Filipino population across the world driven out of their homeland due to the

exploitative conditions caused by US-led imperialism, bureaucrat capitalism and feudalism; these conditions are worsened by other imperialist nations such as Canada who supply arms to the fascist Armed Forces of the Philippines and who destroy the natural environment through destrucitve mining practices. Many Filipino migrants find their way to Canada, particularly through the Temporary Foreign Worker Program (TFWP). One in ten TFWP permits were issues to Filipinos in the first half of 2023.

To demonstrate a connection between liberation struggles around the world from Turtle Island (the Indigenous name for what is also known as North America) to the Philippines. And the importance of the exploited masses living in countries that profit from the exploitation in the Philippines to stand with the Filipino people in resisting this capitalist imperialist plunder.

Those of us in FFPS-Vancouver are non-Filipinos who have been inspired by the long-standing revolutionary movement in the Philippines and the lessons it holds for revolutionaries around the world. We want progressive people who are fed up with living under a system that only benefits the powerful elites to see what is possible when the people begin to plant the seeds of a revolutionary people's government.

AB: How do the artists and the FFPS-Vancouver feel after the successfully putting up the mural?

FFPS-Vancouver: Our propaganda officer feels accomplished in being able to create an art piece

that goes beyond the propaganda that we have created before. It goes beyond promoting events and popularizing slogans by visually depicting our politics, our hopes, our collective liberation, and our solidarity.

The primary artist felt very empowered upon its completion. She says that she was very moved by the collective effort that went into making the piece and putting it up at the train station. It’s important for revolutionary artwork to be done collectively because our art should not be the expression of one person’s outlook but rather, the collective desires of the oppressed masses. Exposing our artwork to criticism and self-criticism allows us to develop artwork that is truly for the people and is removed from any one person’s ego/ reputation. She is excited that the art is up and hopes that it will inspire people. She feels inspired to continue using her artistic skills for the cause of liberation.

Other members of the organization were extremely excited and proud to see the finished mural. Assessment of the mural encouraged deeper conversations in the organization about revolutionary art as well as criticisms and self-criticisms about lack of participation and employee mentality that have deepened our unity and will help us improve our practice going forward.

One of the members who attended the wheatpasting session mentioned how the collective effort was important and necessary. The collective effort in putting the posters up

demonstrates the collective effort it will take to build the society we want. All of us have to participate and contribute what we can, be it art, wheatpaste, or moral support.

It was a fun process to collectively work on the art with two artists. Whenever one artist would complete a section of the art, the other would interpret and build on it. We're all looking forward to making more propaganda that evokes the peoples' desire for genuine liberation as well as the solidarity between mass struggles around the globe.

## Panggigipit sa maralitang komunidad sa Mandaue City, nilalabanan

Mayo 5, 2024

Kinundena ng Nagkahiusang Kabus nga taga Dakbayan sa Mandaue (NAKADAMA) ang ipinaskil ng mga pwersa ng estado na mga poster na nagdedeklara sa mga pambansa-demokratikong organisasyon bilang "terorista." Ang naturang mga poster ay idinikit sa palibot ng Cebu International Convention Center (CICC). Malisyosong idinawit sa mga poster na ito ang Kadamay, PISTON, Anakbayan, BAYAN, at AMA Sugbo-KMU sa armadong kilusan.

"Hindi na bago sa Mandaue City, laluna sa maralitang komunidad sa loob ng CICC, ang pananakot sa mga residente para pigilan ang kanilang pag-organisa at kolektibong paglaban sa demolisyon at di makataong pagpapalayas alinsunod sa planong pagtatayo ng One Stop Shop

Center ng Mandaue City LGU (sa lugar),” ayon sa NAKADAMA sa isang pahayag noong Mayo 3.

Anito, walang patid ang presensya ng mga sundalo ng 14th CMO Battalion at NTF-Elcac sa komunidad sa buong buwan ng Abril para i-profile ang mga residente. Partikular na tinarget ng mga pwersa ng estado ang Tipolo Residents' Association (TRA) na itinayo sa ilalim ng Panaghugpong Kadamay.

“Paulit-ulit na pinuntahan ang mga bahay ng mga dati at bagong myembro para kumuha ng mga impormasyon kaugnay sa mga organisador, pwersahin silang magpa-“clear” para (diumano) hindi mahirapang maghanap ng trabaho at makapagpa-aral ng kanilang mga anak,” pahayag ng grupo. Isinara pa ng mga sundalo ang ilang tarangkahan ng CICC para imonitor kung sino ang lumalabas at pumapasok sa komunidad.

Binatikos ng grupo ang meyor ng syudad na si Jonas Cortes na anito'y nakikipagsabwatan sa NTF-Elcac para supilin ang lehitimong hinaing ng mga residente na bunga ng pagpapabaya ng kanyang administrasyon sa serbisyo ng pabahay.

Kabilang sa kinundena ng grupo ang mahal at kontra-mahirap na itinayong pabahay ng lokal na gubyerno para sa mga nasunugang residente sa CICC noong 2019. Anila, animo'y sinadya ang napakamahal na “on-site” na pabahay na hindi abot-kamay ng mga residente para pwersahin silang lumayas at ibigay ang mga yunit sa may kakayahang gumastos para rito.

“Patunay ito na hindi pabahay, kundi komersyalisasyon ang oryentasyon ng ‘on-site development’ na desperadong inilulusot ng lokal na pamahalaan,” anito.

**[English Translation]**

## Urban poor community in Mandaue City fights harassment

Mayo 5, 2024

Nagkahiusang Kabus nga taga Dakbayan sa Mandaue (The NAKADAMA) condemned state forces for putting up posters declaring national-democratic organizations as “terrorists.” The posters were pasted around the Cebu International Convention Center (CICC). These posters maliciously implicated Kadamay, PISTON, Anakbayan, BAYAN, and AMA Sugbo-KMU in the armed movement.

“It is not new in Mandaue City, especially in the poor communities within the CICC, that residents are intimidated to prevent them from organizing and collectively resisting the demolition and inhumane eviction in accordance with Mandaue City LGU’s plan to build a One Stop Shop Center (in the area),” according to NAKADAMA in a May 3 statement.

It said that 14th CMO Battalion soldiers and NTF-Elcac have been present in the community throughout the month of April to profile the residents. State forces specifically targeted the Tipolo Residents’ Association (TRA) which was set up under the Panaghugpong Kadamay.

“[They] repeatedly went to the houses of old and new members to get information related to the organizers, forcing them to get “clearance” so that (allegedly) it would not be difficult for them to find a job and for their children to go to school,” the group stated. The soldiers even closed some gates of the CICC to monitor the people passing through the community.

The group condemned the city’s mayor, Jonas Cortes, who is conspiring with the NTF-Elcac to suppress the residents’ legitimate grievances against his administration’s neglect of housing services.

Among others, the group condemned the expensive and anti-poor housing built by the local government for the victims of fire at CICC in 2019. They said the “on-site” housing was deliberately priced beyond the reach of residents to force them to leave and grant the units to those who can afford it.

“This is proof that the orientation of ‘on-site development’ is not housing, but commercialization, which the local government is desperately pushing through,” it said.

## Asembliya ng mga manggagawa sa Central Luzon noong Mayo Uno, ginipit ng mga pwersa ng estado

Mayo 6, 2024

Ginipit nang mga tauhan ng rehimeng Marcos mga magtitipong manggagawa sa pangunguna ng

Workers Alliance of Region III-Kilusang Mayo Uno (WAR III-KMU) noong Mayo 1 sa Angeles City. Pinalibutan ng armadong mga pwersa ng estado ang pagtitipunang bulwagan bago pa makarating ang mga kalahok, liban sa maraming iba pang mga pulis ang maghapong pumwesto sa mga daanan patungo doon. Bunga nito, napwersa ang mga manggagawa na lumipat ng lugar ng pagtitipon.

Kinundena ni WAR III Chairperson Ka Pol Viuya ang panunupil na ito ng mga pwersa ng estado. Sa panayam ng The Angelite, pahayagang pangkampus ng Holy Angel University sa syudad, kinundena rin niya ang pagmamanman ng estado sa mga kilos at paniniktik sa kanilang komunikasyon.

Sa naging alternatibong pagtitipon ng mga manggagawa, ibinahagi ng pangalawang tagapangulo ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan)-Gitnang Luson na si Arnie Gallardo ang kalagayan ng mga manggagawa sa rehiyon sa mga pabrika't pagawaan, at ang usapin ng umento ng sahod na hindi tinutugunan ng estado.

Sa Central Luzon, nananatiling nakapako sa ₱500 ang arawang sahod ng mga manggagawa. Malayo ito sa taya na ₱1,158 na halaga ng nakabubuhay na sahod sa rehiyon noong Marso.

Liban dito, kinundena rin nila ang charter change na itinutulak ng rehimeng Marcos at ang pagpayag nito na kaladkarin ng imperyalistang US ang Pilipinas sa gera laban sa katunggaling imperyalistang China.

Bilang alternatibong aktibidad sa pagdalo sana sa asembleya, naglunsad ng isang pangkalahatang pulong ang mga upisyal at kasapi ng Far East Alcohol Labor Union-ANGLO-KMU sa Apalit.

Sa Castillejos, Zambales, nagtipon ang mahigit 300 na manggagawa ng Seatrium Subic Shipyard (dating Keppel) para gunitain ang Pangdaigdigang Araw ng Paggawa. Naghahanda rin ang unyon para sa darating na collective bargaining agreement nila sa Hulyo.

Nagtipon naman sa harap ng lugar-pagawaan ang mga manggagawa ng Umicore sa Subic, Zambales, kasama ang Central Luzon Workers for Wage Increase para igiit ang dagdag sahod, kabuhayan, at pagsulong at pagprotekta sa kanilang mga karapatan.

**[English Translation]**

## State forces harass Central Luzon workers’ assembly on May 1

Mayo 6, 2024

Marcos regime agents harassed a gathering of workers led by the Workers Alliance of Region III-Kilusang Mayo Uno (WAR III-KMU) on May 1 in Angeles City. Armed state forces surrounded the venue before the participants arrived. In addition, police forces spent the entire day on the roads leading to the venue. Because of this, the workers were forced to transfer to another venue.

WAR III Chairperson Ka Pol Viuya condemned state forces for this repressive act. In an interview

by The Angelite, campus newspaper of Holy Angel University in the city, he condemned state forces for monitoring their actions and wiretapping their communications.

In the alternative gathering of workers, the second chairman of the Bagong Alyansang Makabayan (Bayan)-Central Luzon, Arnie Gallardo, shared the regional situation of workers in factories and workshops, and the issue of wage increases the state does not address.

In Central Luzon, the daily wage of workers is pegged at ₱500. This is far from the estimated ₱1,158 worth of living wages in the region in March.

Apart from this, they also condemned the Marcos regime for railroading the charter change and for allowing imperialist US to drag the Philippines into a war against its rival imperialist China.

As an alternative activity to supposedly attending the assembly, the officers and members of the Far East Alcohol Labor Union-ANGLO-KMU launched a general meeting. The union condemned the state's repression and blockade against their assembly.

In Castillejos, Zambales, more than 300 workers of Seatrium Subic Shipyard (formerly Keppel) gathered to take action on International Labor Day. The union is also preparing for their upcoming collective bargaining agreement in July.

Umicore workers in Subic, Zambales, along with the Central Luzon Workers for Wage Increase,

protested before their workplace to demand increased wages, livelihood, and the promotion and protection of workers’ rights.

## Ilampung libong mangingisda, pinagbawalang maglayag dahil sa Balikatan

Mayo 6, 2024

Ilampung libong mangingisda ang pinagbawalang maglayag at pinagkaitan ng kabuhayan dulot ng Balikatan war games na isinasagawa ng US sa bansa. Hindi sila pwedeng maghanapbuhay sa buong panahon ng aktibidad (April 22-Mayo 10).

Ipinataw ng US at AFP ang “no sail policy” sa Zambales, Ilocos Norte at Palawan para bigyan-daan ang mga live-fire exercises sa mga baybayin gamit ang missile launcher tulad ng HIMARS. Sa Mayo 3, isinagawa ng US ang pagpapakawala ng mga misayl sa San Antonio, Zambales. Mula Mayo 6 hanggang Mayo 10 isasagawa naman ang mga live-fire exercises at pagpapalubog ng barko sa Ilocos Norte.

Sa Ilocos Norte, sinaklaw ng pagbabawal na ito ang mga bayan ng Burgos, Pagudpud, Bangui, Pasuquin, Bacarra, Paoay, Currimao, Badoc, at Laoag City.

Mahigit 600 sundalong Amerikano at Pilipino ang dumating sa Laoag noong Mayo 5. Isasagawa sa prubinsya ang war games kung saan kunwari may kalabang mananakop ang mga sundalo na magmumula sa karagatan. Magpapaputok din ang

mga Amerikano ng kanilang mga HIMARS mula sa sand dunes o disyertong buhangin sa baybayin ng La Paz.

Bago pa man ilabas ang patakaran, nagpahayag na ng pagtutol ang grupo ng mangingisda na Pamalakaya laban dito. Ayon sa tagapangulo nitong si Fernando Hicap noong Abril, dapat bantayan ang mga tangka ng US na ipadeklara ang fishing ban para sa war games na wala namang kabuluhan sa mamamayang Pilipino.

Noong nakaraang taon, idineklara ang katulad na patakaran nang isagawa dito ang Balikatan kung saan hindi lamang ang mga mangingisda sa Ilocos Norte ang pinagbawalang maglayag, kundi pati ang mga nasa karatig bayan sa Ilocos Sur kahit hindi sila saklaw ng war games.

Sa taong iyon, naglabas ng resolusyon ang lokal na gubyerno sa Ilocos Norte na itaboy ang mga mangingisdang nanghuhuli sa paligid ng Burgos, Pagudpud, Bangui, Pasuquin, Bacarra, Paoay, Currimao, Badoc at Laoag dahil din sa Balikatan. Nasa 13,800 rehistradong mangigisda ang naapektuhan ng patakarang ito noong nakaraang taon.

"Hindi katanggap-tanggap na maperwisyo ang hanapbuhay ng mga Pilipinong mangingisda para sa mapang-udyok at militaristang aksyon ng U.S. sa ating karagatan," ayon kay Hicap.

Nagreklamo rin ang mga mangingisda sa Zambales sa anila'y malaking salanta sa kanilang kabuhayan na dala ng no-sail policy. Anila, nasa

₱1,500 hanggang ₱2,000 ang mawawala sa kanila dahil sa pagbabawal ng pangingisda sa municipal waters ng prubinsya.

Apektado maging ang mga boat tour guide dahil tiyak na walang turista ang kukuha sa kanila habang nagpapaputok ng mga kanyon at misayl ang mga Amerikano sa karagatan. Himutok nila, panahon pa naman ngayon ng mga turista.

Sa Laoag, minaliit ng meyor ng syudad ang epekto ng pagpaputok ng HIMARS sa Barangay La Paz sa kabuhayan at pamumuhay ng kanyang mga constituent at sinabi lamang na wala silang dapat ikabahala.

Sa Rizal, Palawan, pinalikas ang mahigit 100 residente sa Barangay Kampong Ulay noong Mayo 2 para bigyan-daan ang isa pang live-fire exercises ng US sa lugar.

**[English Translation]**

## US, AFP ban tens of thousands of fisherfolk from fishing due to Balikatan

Mayo 6, 2024

Tens of thousands of fisherfolk are banned from sailing and deprived of livelihood due to the Balikatan war games the US is conducting in the country. They are prohibited from earning a living during the entire period of the activity (April 22-May 10).

The US and AFP imposed a “no sail policy” in Zambales, Ilocos Norte and Palawan to make way for live-fire exercises on the coasts using missile

launchers such as HIMARS. On May 3, the US conducted a missile launch in San Antonio, Zambales. From May 6 to May 10, live-fire exercises and a ship sinking will be conducted in Ilocos Norte.

In Ilocos Norte, this ban covers the towns of Burgos, Pagudpud, Bangui, Pasuquin, Bacarra, Paoay, Currimao, Badoc, and Laoag City.

More than 600 American and Filipino soldiers arrived in Laoag on May 5. War games will be held in the province where soldiers will simulate an attack of invaders from the sea. The Americans will also fire their HIMARS from the sand dunes on the coast of La Paz.

Even before the policy was issued, the fisherfolk's group Pamalakaya already raised its objections. Its chairman Fernando Hicap last April said we must be vigilant for the US's attempts to declare a sailing ban for war games that have no relevance for the Filipino people.

In last year's Balikatan, a similar policy was declared banning the sailing of fisherfolk not only in Ilocos Norte but also in neighboring towns in Ilocos Sur despite not being covered by the war games.

That year, the local government in Ilocos Norte issued a resolution to evict fisherfolk catching fish around Burgos, Pagudpud, Bangui, Pasuquin, Bacarra, Paoay, Currimao, Badoc and Laoag also because of Balikatan. About 13,800 registered fisherfolk were affected by this policy last year.

“Disrupting the livelihoods of Filipino fisherfolk for the provocative and militaristic actions of the US in our waters is unacceptable,” according to Hicap.

The fisherfolk in Zambales also complained about the no-sail policy which they say brings a serious hardship to their livelihood. They said they will lose around ₱1,500 to ₱2,000 due to the ban on fishing in the municipal waters of the province.

Even the boat tour guides are affected because no tourists would certainly hire them while the Americans fire cannons and missiles into the sea. They complain that it is even tourist season.

In Laoag, the city mayor downplayed the impact of HIMARS firing in Barangay La Paz on the livelihood and lifestyle of his constituents and only said that they have nothing to worry about.

In Rizal, Palawan, more than 100 residents of Barangay Kampong Ulay were evacuated on May 2 to make way for another US live-fire exercise in the area.

## Organisasyong pangkaunlaran sa Leyte at pinuno nito, pinaratangan ng “terrorism financing”

Mayo 6, 2024

Ipina-freeze ng Anti-Money Laundering Council (AMLC) ang mga bank account ng Leyte Center for Development, Inc. (LCDe) at pinuno nito na si Ms. Jazmin Jerusalem noong Abril 30 sa mga paratang ng “terrorism financing” o pagpopondo

sa mga "terorista." Upisyal na ipinataw ng mga bangko ang pag-freeze o pagbabawal na magalaw sa naturang mga akawnt simula noong Mayo 2.

Kinundena ng Citizens' Disaster Response Network (CDRN), katuwang ng LCDe, ang arbitraryong atas ng AMLC. "Hindi makatarungan at malisyosong pinararatangan ng resolusyon ng AMLC ang naturang mga akawnt na 'nagpopondo sa terorista'," ayon sa pahayag ng CDRN.

Anila, malaki ang pinsalang resulta ng pag-freeze ng bank account ng LCDe dahil katumbas nito ang suspensyon sa mga serbisyong ibinibigay ng institusyon sa higit isang milyong mahihirap na pamilya sa Eastern Visayas na hindi nakatatanggap ng mga serbisyo mula sa gubyerno.

Hindi ito ang unang pagkakataon na nakaranas si Jerusalem at ang LCDe ng ganitong mga pag-atake, ayon sa grupo. Noong Seytembre 2021, nag-organisa ang militar ng isang "rali" laban sa LCDe sa tapat ng upisina nito. Paliwanag ng CDRN, ang LCDe ay isang lehitimong organisasyong rehistrado sa SEC simula pa 1998.

"Sa loob ng 36 na taon, nasa unahan ng pagpapatupad ng mabilisang pagtugon at mga programa para sa Disaster Risk Reduction and Management sa Eastern Visayas ang LCDe, at naglilingkod sa mga bulnerableng sektor," ayon sa CDRN. Sa katunayan, kabi-kabilang mga pagkilala mula sa mga pribado at mga institusyon at ahensya ng gubyerno ang natanggap ng LCDe sa nagdaang mga dekada dahil sa husay nito.

Naninindigan ang CDRN at LCDe na hindi terorismo ang paglilingkod bilang mga manggagawang pangkaunlaran. Iginiit ng CDRN na dapat kagyat ibalik ang mga akawnt ng LCDe, kabilang ang mga personal na akawnt ng mga myembro nito. Hinimok rin nila ang mamamayang Pilipino at kanilang mga katuwang sa gawaing pangkaunlaran na makiisa sa kanila sa laban ng pagtatanggol sa espasyong panlipunan.

Ang pagpapahinto sa mga akawnt ay naging laganap na taktika ng militar sa nagdaang mga taon para paralisahin ang paglilingkod ng mga institusyong pangkaunlaran, mga progresibo at aktibistang grupo. Karaniwang kaugnay ang "terrorism financing" ng pagkakaso ng "terorismo" sa bisa ng Anti-Terrorism Act of 2020. Nitong nagdaang buwan, hindi bababa sa pitong iba pa ang sinampahan ng kasong "terrorism financing" sa Quezon at Negros Island.

**[English Translation]**

## AMLC files "terrorism financing" case against development organization in Leyte and its leader

Mayo 6, 2024

The Anti-Money Laundering Council (AMLC) ordered banks to freeze the accounts of the Leyte Center for Development, Inc. (LCDe) and its leader Ms. Jazmin Jerusalem on April 26 on charges of "terrorism financing." Banks officially imposed the freeze order on these accounts on May 2.

The Citizens’ Disaster Response Network (CDRN), a partner of LCDe, condemned the AMLC’s arbitrary order. “The AMLC resolution unfairly and maliciously accuses such accounts of ‘terrorist financing’,” according to the CDRN statement.

It says the damage resulting from the freezing of LCDe’s bank account is tremendous because it is equivalent to suspending the services the institution provides to more than one million poor families who do not receive services from the government in Eastern Visayas.

This is not the first time that Jerusalem and the LCDe have experienced such attacks, according to the group. In September 2021, the military organized a “rally” against the LCDe in front of its office. CDRN explained, LCDe is a legitimate organization registered with the SEC since 1998.

“For 36 years, LCDe has been at the forefront of implementing rapid response and Disaster Risk Reduction and Management programs in Eastern Visayas, serving vulnerable sectors,” according to CDRN. In fact, LCDe has received numerous accolades from private and government institutions and agencies over the past decades for its excellence.

CDRN and LCDe maintain that serving as development workers is not terrorism. The CDRN demanded that the LCDe accounts, including the personal accounts of its members, should be restored immediately. They also urged the Filipino people and their development partners to join them in the fight to defend the social space.

Freezing of accounts has become a widespread military tactic in recent years to paralyze the services of development institutions, progressive and activist groups. “Terrorism financing” is usually related to the charge of “terrorism” under the Anti-Terrorism Act of 2020. This past month, at least seven others were charged with “terrorism financing” in Quezon and Negros Island.

## Pagpapalaya sa aktibista sa Northern Mindanao, iginiit

Mayo 6, 2024

Inilunsad ng mga taong-simbahan, sa pangunguna ng Iglesia Filipina Independiente (IFI), ang kampanyang Free Aldeem Yañez Movement sa IFI Conference Center sa Maynila noong Abril 27. Giit nila na palayain sa pinakamadaling panahon si Yañez, isang lay worker ng IFI, na inaresto noong Abril 10, 2022.

Si Yañez ay inaresto ng mga pulis at sundalo sa kanyang bahay sa Barangay Iponan, Cagayan de oro City. Sa panahong iyon, sinampahan siya ng mga kasong illegal possessions firearm and explosives. Noong Agosto 2023, sinampahan ng karagdagang kaso ng “terrorism financing” kasama ang 15 pang mga taong-simbahan at kasapi ng Rural Missionary of the Philippines (RMP).

Unang inaresto si Yañez noong Hulyo 2018 kasama ang 12 iba pa sa General Santos City. Pinararatangan sila noon na sangkot sa pag-atake

ng Bagong Hukbong Bayan sa isang kampo-militar sa Agusan del Sur. Ibinasura ng korte ang kasong ito dahil sa kawalan ng sapat na batayan at ebidensya.

Bago nito, nagsilbi siyang pangulo ng organisasyon ng mga kabataan sa IFI. Kilala rin siyang kompositor na nagtatampok ng kanyang paninindigan para sa karapatang-tao.

Dumalo sa pagtitipon ang mga opispo, pari, mga grupong simbahan, mga kabataan at ang mismong pamilya ni Yañez. Nagpaabot rin ng suporta ang Zentrum fur Mission und Oikumene of the Evangelical Lutheran Church ng Northern Germany.

“Ang kilusang ito ay hindi lamang naninindigan para sa kalayaan ni Aldeem kundi nananawagan din ng sa hustisya para sa lahat ng mga bilanggong pulitikal na hindi makatarungang ikinulong ng estado,” pahayag ng IFI Central Office.

Paliwanag pa ng simbahan, hindi lamang ito simpleng ligal na laban kundi isang moral na paninindigan. “Tungkol ito sa paglikha ng isang lipunan kung saan ang mga nagtataguyod sa mga karapatan ng mga mahihirap ay kinikilala, hindi sinisiraan o pinararatangang kriminal,” ayon pa sa kanila.

Samantala, bumisita kay Yañez sa kulungan ang kanyang pamilya, si IFI Bishop Felixberto Calang, mga kleriko ng Cagayan de Oro Diocese, at si Roman Catholic Bishop Antonio Ledesma noong

Abril 24, sa kanyang ika-50 kaarawan. Ayon sa kanila, mataas at hindi nababasag ang diwa ni Yañez kahit pa dalawang taon na siyang ikinukulong ng estado.

**[English Translation]**

## Church sector demands release of activist in Northern Mindanao

Mayo 6, 2024

Church people, led by the Iglesia Filipina Independiente (IFI), launched the Free Aldeem Yañez Movement campaign at the IFI Conference Center in Manila last April 27. They demanded the immediate release of Yañez, an IFI lay worker, who was arrested on April 10, 2022.

Yañez was arrested by police and soldiers at his house in Barangay Iponan, Cagayan de oro City. He was then charged with illegal possession of firearms and explosives. In August 2023, an additional case of "terrorism financing" was filed against him and 15 other church members and members of the Rural Missionary of the Philippines (RMP).

Yañez was first arrested in July 2018 along with 12 others in General Santos City. They were then accused of being involved in the New People's Army attack on a military camp in Agusan del Sur. The court dismissed the case for lack of sufficient grounds and evidence.

Before that, he served as president of the youth organization at IFI. He is also a well-known song

composer who wrote songs which amplifies his stand for human rights.

Bishops, priests, church organizations, youth and Yañez's own family attended the gathering. The Zentrum fur Mission und Oikumene of the Evangelical Lutheran Church of Northern Germany also extended support.

"This movement not only stands for Aldeem's freedom but also calls for justice for all political prisoners unjustly imprisoned by the state," the IFI Central Office said.

The church further explained that this is not just a simple legal fight but a moral stance. "It's about creating a society where those who uphold the rights of the poor are recognized, not vilified or criminalized," according to them.

Meanwhile, his family, IFI Bishop Felixberto Calang, clerics of the Cagayan de Oro Diocese, and Roman Catholic Bishop Antonio Ledesma on April 24, visited him in jail on his 50th birthday. The visitors said Yañez's spirit is high and unbreakable despite state imprisonment for two years.

## Pwersahang pagsasara ng Israel sa Al Jazeera, binatikos

Mayo 6, 2024

Sa mismong Pandaigdigang Araw ng Malayang Pamamahayag noong Mayo 5, pwersahang pinatalsik ng Zionistang Israel ang telebisyong Al Jazeera sa loob ng bansa. Sinalakay at isinara ng

mga pwersa nito ang mga upisina nito sa loob ng Israel, ipinasara ang kanilang website, at pinagbawalan ang lahat ng mga mamamahayag nito na mag-ulat sa mga pangyayari sa Gaza mula sa loob ng Israel.

Tinawag ng Foreign Press Association ang pagpapasara bilang "madilim ng araw para sa midya" at binatikos ang pagsikil ng gubyerno ni Benjamin Netanyahu sa malayang pamamahayag.

Noon pang Abril 1 iginawad ng parlamento ng Israel ang awtoridad kay Netanyahu na isara ang naturang istasyon dahil banta diumano ito sa seguridad ng Israel. Tinawag nitong "tagapagsalita ng Hamas" at "panunulsol ng karahasan laban sa mga pwersang Israeli" ang masinsing pag-uulat ng Al Jazeera sa krimen ng henosidyo sa Gaza at West Bank sa nakaraang pitong buwan. Sa panahong ito, sadyang tinarget ng Israel ang mga mamamahayag ng istasyon sa Gaza, pati ang kanilang pamilya. Hindi bababa sa pitong mamamahayag nito ang sadyang binomba at pinatay, at marami ang ginipit.

Tinawag ng Al Jazeera na "mapanganib at katawa-tawang kasinungalingan" ang pagbansag sa Israel dito bilang banta sa seguridad.

"Mariing kinukundena ng Al Jazeera Media Network at itinatawil ang kriminal na aktong ito na labag sa karapatang-tao at sa batayang karapatan sa impormasyon," ayon sa kumpanya sa isang pahayag. "Pinatitibay ng Al Jazeera ang karapatan nitong magpatuloy na maghatid ng balita at impormasyon sa mundo."

Kinundena rin ng UN High Commission on Human Rights ang pagsasara at sinabibg susi ang isang malaya at independyenteng midya sa pagtitiyak ng transparency at pananagutan. “Ang kalayaan sa pagpapahayag ay isang batayang karapatang-tao,” anito.

Nagbabala naman ang Committee to Protect Journalists na masamang pangitain ang ginawa ng Israel sa Al Jazeera sa iba pang mga internasyunal na media outlet na may operasyon sa Israel.

Kritikal ang naging papel ng Al Jazeera sa pag-uulat ng mga pangyayari sa Gaza laluna sa pagsubaybay sa mga pangyayari sa mga sibilyang Palestino sa araw-araw. Bagamat sarado na ang upisina nito sa inokupang teritoryo ng Israel, nananatili ang mga website nito at broadcast sa iba’t ibang bahagi ng mundo.

Ang Aljazeera Media Network ay itinayo at pinopondohan ng gubyerno ng Qatar para magbalita ng mga nagaganap sa Middle East. Noong nakaraang taon, sa simula ng kampanyang henosidyo, hinarang din ng Israel ang broadcast ng AL Mayadeen, isang news channel na nakabase sa Lebanon.

**[English Translation]**

## Organizations condemn Israel’s forced shutdown of Al Jazeera

Mayo 6, 2024

On World Press Freedom Day last May 5, Zionist Israel forcibly expelled television network Al

Jazeera from the country. Its forces attacked and closed its offices inside Israel, shut down its website, and banned all its journalists from reporting on events in Gaza from inside Israel.

The Foreign Press Association called the shutdown a “dark day for media” and condemned Benjamin Netanyahu’s government’s crackdown on press freedom.

As early as April 1, Israel’s parliament granted Netanyahu the authority to close the station because it allegedly poses a threat to Israel’s security. It called Al Jazeera a “mouthpiece for Hamas” and its intensive reporting on the crime of genocide in Gaza and the West Bank over the past seven months “incitement of violence against Israeli forces”. During this period, Israel deliberately targeted the network’s journalists in Gaza, including their families. At least seven of its journalists were deliberately bombed and killed, and many were harassed.

Al Jazeera called Israel’s label of the network as a security threat a “dangerous and ridiculous lie”.

“Al Jazeera Media Network strongly condemns and denounces this criminal act that violates human rights and the basic right to access information,” the company said in a statement. “Al Jazeera affirms its right to continue to provide news and information to its global audiences.”

The UN High Commission on Human Rights also condemned the closure and said a free and independent media is key to ensuring

transparency and accountability. “Freedom of expression is a basic human right,” it said.

The Committee to Protect Journalists meanwhile warned that Israel’s actions against Al Jazeera is a bad precedent for other international media outlets operating in Israel.

Al Jazeera has played a critical role in reporting events in Gaza, especially in monitoring the events regarding Palestinian civilians on a daily basis. Although its office in the occupied territory of Israel has been closed, its websites and broadcasts to various parts of the world remain.

Al Jazeera Media Network was set up and is funded by the government of Qatar to cover events in the Middle East. Last year, at the beginning of the genocidal campaign, Israel also blocked the broadcast of AL Mayadeen, a news channel based in Lebanon.

## Unang araw ng Balikatan sa Laoag City, sinalubong ng protesta

Mayo 7, 2024

Sinalubong ng protesta ng mga mangingisda at mamamayan ng Laoag City ang unang araw ng Balikatan Exercises sa La Paz sand dunes sa Laoag City noong Mayo 6.

Sa umaga ng Mayo 6, isinabit sa entrada ng barangay La Paz ang isang balatengga na nakasulat ang “NO TO BALIKATAN! ATIN ANG ‘PINAS! US-CHINA LAYAS!” na gawa ng Bagong Alyansang Makabayan-Ilocos.

Ang mga mangingisda sa coastal area ng Metro La Paz, Metro Gabu at Caawacan sa Laoag City ay nagreklamo sa itinakdang No Sail Zone sa kanilang pangisdaan para sa mga live fire exercises. Ayon sa Fisherfolk Association ng Barangay Gabu Norte, umaabot sa ₱22,500-₱36,000 na ang mawawala sa isang mangingisda sa pagbabawal sa kanilang maglayag ng lima hanggang walong araw. Maaaring kumita ang isang mangingisda ng ₱4,500 sa isang araw.

Kaugnay nito, iginiit ng mga residente na maglaan ng kompensasyon ang lokal na gubyerno at palitan ang nawala nilang kita sa lima hanggang walong araw. Ayon sa mga mangingisda, malaking kawalan sa kabuhayan nila ang No Sail Zone dulot ng Balikatan. “Napakamahal ang petrolyo, kakaunti ang huli dahil sa El Nino, tapos ay pagbabawalan pang mangisda, dapat may kumpensasyon,” pahayag nila.

Kabilang din sa nagpahayag ng protesta sa unang araw ng Balikatan sa Laoag City ay ang Kaammoyo ti Kappia (KTK), samahan ng mga taong simbahan na nagtataguyod sa tunay na kapayapaan at karapatang pantao ng Ilocos Norte.

Pinasinungalingan ni Fr. Randy Manicap, tagapagsalita ng Kaammoyo ti Kappia ang pagtatakip ni Mayor Michael Marcos Keon (pinsang buo ni Presidente Marcos) gayundin ni Governor Matthew Marcos Manotoc (anak ni Senator Imee Marcos) na “walang dapat ikabahala dahil walang magaganap na gera…” Ayon kay Fr. Manicap, ang nasabing war exercises ay

maliwanag na prelude o paghahanda sa gera ng dalawang imperyalistang bansang US at China.

“Hindi totoong walang dapat ipangamba. Nandito sa Pilipinas ang kaniyang mga base militar at dito nagaganap ang war exercises ng US. Kung ma-provoke ang China, saan ba siya aatake kung hindi sa Pilipinas?” ani Fr. Manicap.

“Hindi dapat nadadamay sa gera ng mga imperyalista ang mga Pilipino. Kung kaya’t wala sana silang mga base militar at mga ehersisyong militar dito at mapawalang-bisa ang mga tratadong Mutual Defense Treaty, Visiting Forces Agreement at EDCA dahil walang pakinabang ang mamamayang Pilipino dito kundi mas nagiging bulnerable lamang sila sa panganib ng gera ng mga imperyalista. Ang soberanya ng Pilipinas ay dapat na pangunahing pinahahalagahan,” aniya.

Sa unang araw ng Balikatan, ang grupo ng KTK ay nakipagtipon sa mga mangingisda’t mamamayan ng La Paz, Gabu at Caawacan upang damayan sila sa ligalig na kanilang nararanasan sa mga malalakas na putukan at pagyanig. Bago pa nito, nagigimbal na ang masa sa nagdadagsaang napakaraming mga sundalong Marines, Navy at Air Force at malalakas na armas sa kanilang lugar.

Bago pa ang pagsisimula ng Balikatan, nagpahayag na ng pagkadismaya at pagtutol ang mamamayan ng Ilocos Norte at ng mga makabayang organisasyong Bayan-Ilocos at Alyansa Dagiti Mannalon iti Ilocos Norte sa

pagpayag nila Mayor Keon at Governor Manotoc sa gaganaping Balikatan Exercises.

Ang mga upisyal ng LGU ng prubinsya, ng syudad ng Laoag at barangay La Paz ay nagreklamo din dahil hindi ito nakoordina sa kanila at di rin sila pumapayag na gaganapin sa prubinsya ang mga war games, dahil sa idudulot nitong risgo sa buhay ng mamamayan at dislokasyon sa kanilang kabuhayan. Dito ay naghugas kamay sina Keon at Manotoc. Ayon kay Manotoc ay hindi siya ang negdesisyon dito.

Sa panahon ng Balikatan, asahang itutuloy ng mga makabayang grupo at masa sa rehiyong Ilocos ang mga pagkilos upang tutulan ito.

**[English Translation]**

## Protests meet first day of Balikatan in Laoag City

Mayo 7, 2024

A protest by fisherfolk and citizens of Laoag City greeted the first day of the Balikatan Exercises at the La Paz sand dunes in Laoag City on May 6.

On the morning of May 6, Bagong Alyansang Makabayan-Ilocos hung a placard at the entrance of barangay La Paz that read “NO TO BALIKATAN! THE PHILIPPINES IS OURS! US-CHINA OUT!”

Fisherfolk in the coastal areas of Metro La Paz, Metro Gabu and Caawacan in Laoag City complained about the No Sail Zone imposed on their fishing grounds in favor of the live fire

exercises. The Fisherfolk Association ng Barangay Gabu Norte says a fisherman will lose up to ₱22,500-₱36,000 when prohibited from sailing for five to eight days. A fisherman can earn up to ₱4,500 a day.

In this regard, residents demanded compensation from the local government and to replace their lost income for five to eight days. Fisherfolk say the No Sail Zone imposed by Balikatan is a big loss to their livelihood. “Petroleum is very expensive, catches are few due to El Nino, then fishing is now even banned, we must be compensated,” they said.

Among those who protested on the first day of Balikatan in Laoag City was the Kaammoyo ti Kappia (KTK), a church organization that promotes true peace and human rights in Ilocos Norte.

KTK spokesperson Fr. Randy Manicap refuted the cover-up of Mayor Michael Marcos Keon (President Marcos’ first cousin) as well as Governor Matthew Marcos Manotoc (Senator Imee Marcos’ son) that “there is nothing to worry about because there will be no war…” Fr. Manicap says the said war exercises are clearly a prelude or preparation for war between the two imperialist countries US and China.

“That there is nothing to fear is utterly false. US military bases are here in the Philippines and its war exercises are taking place here. If China is provoked, where will it attack if not in the Philippines?” said Fr. Manicap.

“Filipinos should not be dragged in imperialist wars. That is why military bases and military exercises should not be here, and the Mutual Defense Treaty, Visiting Forces Agreement and EDCA should be scrapped because they do not benefit the Filipino people, but instead render them vulnerable to the danger of imperialist wars. The sovereignty of the Philippines should be given highest value,” he said.

On the first day of Balikatan, the KTK group met with the fisherfolk and citizens of La Paz, Gabu and Caawacan to sympathize with them in the turmoil they suffer due to the heavy gunfire and tremors. Before this, the masses were already overwhelmed by the massive influx of Marines, Navy and Air Force soldiers and powerful weapons in their community.

Even before the Balikatan began, Ilocos Norte people and the patriotic organizations Bayan-Ilocos and Alyansa Dagiti Mannalon iti Ilocos Norte have already expressed their dismay and opposition to the consent by Mayor Keon and Governor Manotoc to the holding of Balikatan Exercises.

The LGU officials of the province, of Laoag city and barangay La Paz also complained because it was not coordinated with them and they also did not agree to hold the war games in the province, because it would risk the lives of the people and disrupt their livelihood. Keon and Manotoc tried to absolve themselves. Manotoc says the decision was not his.

Patriotic groups and masses in the Ilocos region vow to continue to hold protest actions during the Balikatan.

## 6 aktibistang inaresto sa protesta noong Mayo Uno, nakalaya na

Mayo 9, 2024

Nakalaya na noong gabi ng Mayo 7 ang anim na mga aktibistang kabataan na inaresto ng mga pulis sa protesta noong Mayo 1, Pandaigdigang Araw ng Paggawa. Isang linggo silang ikinulong sa kasong iligal na asembliya (paglabag sa Batas Pambansa 880), direct assault, disobedience at malicious mischief.

Pansamantala silang nakalaya matapos magpyansa ng ₱42,000 kada isa (₱6,000 para sa iligal na asembleya at ₱36,000 para sa direct assault) o kabuuang ₱252,000 para sa anim.

Sa kabila ng paglaya ng Mayo Uno 6, dismayado ang mga grupo ng kabataan at karapatang-tao sa mabagal at sinasabi nilang sadyang pinatagal na pagproseso sa kaso at petisyon para sa pyansa ng mga biktima. Noon pang Mayo 3 naghain ng petisyon para sa pyansa ang mga abugado ng mga biktima ngunit Mayo 6 lamang ito dininig ng korte.

Ayon sa Anakbayan, ikinagalak nila ang paglaya ng anim na mga kabataang aktibista. "Tagumpay ito na dulot ng sama-samang pagpapanawagan at pagkilos ng kabataan at iba pang sektor para sa kalayaan ng anim," ayon sa grupo. Sunud-sunod

ang mga aksyong protestang isinagawa ng iba't ibang mga organisasyon sa hedkwarters ng Manila Police Disrict na nanawagan para sa kalayaan ng anim.

"Malaya man ang Mayo Uno 6, hindi pa rin napapanagot ang pasistang Philippine National Police at NCRPO na marahas na dispersal at iligal na paghuli [sa mga biktima]," ayon sa grupo. Noong Mayo 6 ng gabi, ipinahayag ng mga grupo sa karapatang-tao sa isang pagtitipon para sa midya sa University of the Philippines (UP) Manila ang plano nitong magsampa ng kontra-asunto laban sa mga elemento ng pulis na sangkot sa marahas na pagbuwag sa protesta.

Ipinanawagan naman ng Kilusang Mayo Uno ang kagyat na pagbabasura sa tinawag nitong mga gawa-gawang kaso laban sa anim na aktibista. "Panagutin ang mga piskal at pulis na tumapak sa karapatan ng Mayo Uno 6. Itigil ang mga batas at panukala na pumipigil sa mamamayan na ipaglaban ang kanilang karapatan," pahayag ng grupo.

Ang anim, mga estudyante mula sa UP at Anakbayan-South Caloocan, ay marahas na inaresto malapit sa embahada ng US kasunod ng martsa kasama ang iba't ibang mga sektor para batikusin ang pagpapakatuta ng rehimeng Marcos sa imperyalistang US. Partikular nilang kinundena ang isinasagawang Balikatan 39-24 o mga war games ng pwersang militar ng US at Pilipinas mula Abril 22 hanggang Mayo 10 at ang planong charter change.

**[English Translation]**

## 6 activists arrested during the protest on May 1 posts bail

Mayo 9, 2024

Six youth activists who were arrested by the police during the protest on May 1, International Labor Day, were released on the evening of May 7. They were detained for a week on charges of illegal assembly (violation of Batas Pambansa 880), direct assault, disobedience and malicious mischief.

They were temporarily released after posting bail of ₱42,000 each (₱6,000 for illegal assembly and ₱36,000 for direct assault) or a total of ₱252,000 for the six.

Despite the release of Mayo Uno 6, youth and human rights groups are dismayed by the slow and what they say is a deliberate delay in the processing of the case and petition for bail of the victims. As early as May 3, the lawyers of the victims filed a petition for bail but the court heard it only on May 6.

Anakbayan said they were glad at the release of the six young activists. “This success is due to the collective clamor and action of the youth and other sectors for the freedom of six,” according to the group. Various organizations carried out successive actions that called for the freedom of the six at the headquarters of the Manila Police District.

“Despite the Mayo Uno 6’s freedom, the fascist Philippine National Police and NCRPO are still not held accountable for the violent dispersal and illegal arrest [of the victims],” according to the group. On May 6 evening, human rights groups announced in a media briefing at the University of the Philippines (UP) Manila that they plan to file counter-charges against police elements involved in the violent dismantling of the protest.

Kilusang Mayo Uno called for the immediate dismissal of what it called fabricated charges against the six activists. “Hold accountable the prosecutors and police who trampled on the rights of Mayo Uno 6. Stop the laws and bills that prevent people from fighting for their rights,” the group said.

The six, who are UP students and from Anakbayan-South Caloocan, were violently arrested near the US embassy following a march with different sectors to condemn the Marcos regime’s servility to US imperialism. They specifically condemned the ongoing Balikatan 39-24 or war games by the military forces of the US and the Philippines from April 22 to May 10 and the planned charter change.

## Kasinungalingan ng 94th IB sa diumanong engkwentro sa Kabankalan City, inilantad

Mayo 9, 2024

Pinasinungalingan ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-South Central Negros (Mt. Cansermon

Command) ang mga pahayag ng 94th IB kaugnay ng sinabi nitong dalawang beses na engkwentro sa hukbong bayan sa Barangay Carol-an, Kabankalan City, Negros Occidental noong Mayo 6.

"Walang yunit ng BHB sa naturang lugar nang maganap ang sinasabing engkwentro," ayon kay Ka Dionesio Magbuelas, tagapagsalita ng yunit ng BHB. "(L)ahat ng yunit sa ilalim ng BHB-South Central Negros ay ligtas at patuloy na nagpapatupad sa kani-kanilang mga gawain sa saklaw na erya ng kanilang operasyon."

Dahil walang yunit ng hukbong bayan sa naturang lugar, ipinahayag ni Ka Dionesio ang kanyang pag-aalala sa kalagayan ng mga sibilyan at residente sa Barangay Carol-an. Aniya, "posibleng paglabag na naman sa karapatang-tao ang isinagawa ng mga tropa ng 94th IB sa lugar at pinagtatakpan lamang ito sa pagbabalita ng pekeng engkwentro."

Katunayan, napilitang magbakwit ang higit 480 residente ng Sityo Tagoc, Bobon, at Matampa ng Barangay Carol-an dahil sa pekeng engkwentro ng AFP. Kabilang sa mga biktima ang hindi bababa sa 146 menor-de-edad at 14 matatanda na naninirahan sa barangay.

Hindi na bago ito sa mga maruming taktika ng 94th IB. "Katulad sa nagdaang mga buwan, bawat balita ng pekeng engkwentro at palabas na pagkakumpiska ng mga armas, mayroon ding mga inosenteng magsasaka na iligal na inaaresto, binubugbog at iniimbestigahan," aniya.

Ang pinalalabas na engkwentro ng 94th IB ay lubhang taliwas din sa deklarasyon ng 3rd ID na nabuwag na nito ang BHB-South Central Negros noong Disyembre 2023.

Giit ni Ka Dionesio, layunin lamang ng 94th IB na makuha ang pabuya sa palabas na sunud-sunod na mga engkwentro at tagumpay laban sa hukbong bayan sa naturang larangang gerilya. Sa pahayag ng 94th IB, pinalalabas na dalawang beses nilang nakasagupa ang yunit ng BHB, na diumano'y nagtagal ng 10 at limang minuto.

**[English Translation]**

## NPA exposes 94th IB lies in the alleged encounter in Kabankalan City

Mayo 9, 2024

The New People's Army (NPA)-South Central Negros (Mt. Cansermon Command) denied the 94th IB statements regarding two encounters with the people's army in Barangay Carol-an, Kabankalan City, Negros Occidental on May 6.

“No NPA unit was in that area when the alleged encounter took place,” according to Dionesio Magbuelas, spokesperson of the NPA unit. “All units under the NPA-South Central Negros are safe and continue to implement their tasks in the area covered by their operation.”

Since no unit of the people's army was in that area, Ka Dionesio expressed his concern for the condition of civilians and residents in Barangay Carol-an. “The 94th IB troops possibly committed

another violation of human rights in the area, only covered up by reporting a fake encounter,” he said.

In fact, more than 480 residents of Sityo Tagoc, Bobon, and Matampa of Barangay Carol-an were forced to evacuate due to the AFP’s fake encounter. The victims include at least 146 minors and 14 elderly adults living in the barangay.

This is not new among the dirty tactics of the 94th IB. “As in the past months, in every news of a fake encounter and claimed confiscation of weapons, innocent farmers are also illegally arrested, beaten and investigated,” he said.

The 94th IB’s claimed encounter also starkly contradicts the 3rd ID’s declaration that it has already crushed the NPA-South Central Negros in December 2023.

Ka Dionesio insists that the 94th IB only aims for a bounty from the show of successive encounters and victories against the people’s army in said guerilla front. In the 94th IB statement, that claim they engaged the NPA unit twice, which allegedly lasted for 10 and five minutes.

## Panghihiya at paglapastangan sa mga bisita ng mga bilanggong pulitikal, mariing kinundena

Mayo 9, 2024

Mariing kinundena ng mga grupo sa karapatang-tao at kababaihan ang isinagawa na mga body at strip search na isinagawa sa mga asawang babae

ng mga detenidong pulitikal ng mga upisyal ng National Bilibid Prison. Sa mga strip at cavity search na ito, pinaghubad ang mga babae at ilang beses na pinatingkayad. Sa pagdadahilang paghahanap ng iligal na droga, pinatuwad at sinilipan ang pribadong bahagi ng kanilang katawan.

Inilarawan ng isa sa mga biktima ang pangyayari bilang "pagtapak sa kanyang dignidad bilang tao." Habang hubad, sampung beses siyang pinatingkayad ng isang upisyal ng bilangguan dahil di daw niya ito ginagawa ng tama. Naganap ang paglapastangan noong Abril 21 nang binisita niya ang kanyang asawa sa National Bilibid Prison (NBP).

Ang mga reklamo ay huli lamang sa maraming kaso ng kaparehong paglapastangan sa dignidad ng mga bisita ng mga detenidong pulitikal.

Ayon grupong Kapatid, karaniwan na ang pagpapahubad sa mga kaanak at bisita—babae at lalaki—at madalas na binibiktima ay mga kamag-anak na bumibisita sa mga detenidong pulitikal. Naging pangkaraniwan na ang pagpipilit sa kanila na ibuyangyang ang maseselang bahagi ng katawan para patunayang hindi sila nagtatago ng droga, SIM cards, o iba pang bagay na pinagbabawal. May pinapipirmahang "waiver" ang Bureau of Corrections para sa gayong mga body/strip search, na nangangahulugan na ininstitusyunalisa ng ahensya ang ganitong pagmamalupit sa mga bumisita. Kahit ang mga dalang pagkain para sa mga detenido ay tinutusok

at nilalamutak ng mga gwardya sa pagdadahilang naghahanap sila ng iligal na droga.

Ang strip at body cavity search ay pinahihintulan lamang sa mga pagkakataong absoluto itong kinakailangan at hinding-hindi sa routinary na paraan tulad ng ginagawa ng BuCor, ayon sa Kapatid. Sa kamay ng BuCor, naging isang kasangkapan ito para sa abuso.

“(K)ahit sa pagsasagawa ng gayong mga “search,” walang bilanggo at lalong walang bisita ng naturang mga bilanggo, ang dapat ipahiya o obligahing maghubad ng lahat ng kanyang kasuotan habang isinasagawa ang mga search. Mas mabigat ang paglabag sa gayong mga proseso kung ang biktima ay babae, laluna’t mas nakahihiya para sa mga babae ang gayong nakatotromang karanasan,” anito.

“Hindi sapat ang mga salitang ‘bastos’ at ‘nag-aalis ng puri at pagkatao’ para sa mga upisyal na nagpapatupad ng mga ganitong polisiya,” bwelta ni Rep. France Castro ng ACT Teachers Party-list kaugnay sa mga insidente.

“Ang epekto ng lahat ng ito: Hindi na lang bibisita ang asawa o kaanak, at mababawasan o tuluyang mawawalan ng kontak sa pamilya at kaibigan ang PDL—na siyang karapatan naman nila,” ayon pa kay Rep. Castro. “(N)apakalala at panibagong parusa na ito, at isang porma ng harassment, sa kaso ng mga detenido pulitikal na piniit sa loob mahahabang mga taon sa bisa ng red tagging at mga gawa-gawang kaso.”

Nagsampa na ng kaso ang mga biktima sa Commission on Human Rights noong Mayo 6.

**[English Translation]**

## Human rights group condemn BuCor for degrading and humiliating visitors of political prisoners

Mayo 9, 2024

Human rights and women's groups have strongly condemned the body cavity and strip searches conducted on the wives of political detainees by National Bilibid Prison officials. During these strip and cavity searches, the women were stripped and made to do squats several times. Under the pretext of searching for illegal drugs, they were made to bend over and their private parts were pried and probed.

One of the victims described the incident as "utter contempt for her human dignity." While naked, a prison official made her do squat over ten times because said official told her she was not doing it right. The humiliation took place on April 21 when she visited her husband at the National Bilibid Prison (NBP).

The wives' complaints are just the latest in many cases of similar violations of the dignity of visitors by political detainees.

The group Kapatid said it is common to strip search relatives and visitors—women and men–who are often relatives visiting political detainees. It has become the general rule to force victims to

expose their private parts to prove that they are not hiding drugs, SIM cards, or other prohibited items. The Bureau of Corrections forces people to sign a “waiver” for such body/strip searches, which means the agency has institutionalized such abuse of visitors. Even food for the detainees are poked and mishandled by the guards on the pretext that they are looking for illegal drugs.

The strip and body cavity search is allowed only in cases when it is absolutely necessary and never in a routine manner as done by the BuCor, according to Kapatid. In the hands of the BuCor, it has become a tool for abuse.

“Even in the conduct of such “searches,” no prisoner and especially no visitor of such prisoners, shall be humiliated or be obliged to remove all his/her clothing during the conduct of the searches. This procedure is more serious if the victim is a woman, as this embarrassing experience is especially most traumatic for women,” he said.

“The words ‘abusive’ and ‘dehumanizing’ are not enough for the officials who implement these policies,” said Rep. France Castro of the ACT Teachers Party-list in relation to the incidents.

“The effect of all this: Wives or relatives will no longer visit, and PDLs’ contact with family and friends—which is their right—will decline or be totally severed,” according to Rep. Castro. “This is an additional punishment, and a form of harassment, in the case of political detainees who

have been held captive for long years by virtue of red tagging and trumped-up charges."

The victims filed a case with the Commission on Human Rights on May 6.

## Red-tagging, idineklara ng Korte Suprema na "banta sa buhay, kalayaan at seguridad"

Mayo 9, 2024

Sa isang desisyon na isinulat noon pang Hulyo 4, 2023, idineklara ng Korte Suprema na ang Red-tagging o ang malisyosong pag-ugnay sa mga sibilyan sa armadong kilusan, ay banta sa buhay, kalayaan at seguridad ng target na mga biktima. Ang desisyon ay kaakibat sa pinaburang petisyon para sa writ of amparo ni Siegfred Deduro, dating kinatawan ng Bayan Muna Party-list. Isinapubliko lamang ang desisyong isinulat ni Associate Justice Rodil V. Zalameda kahapon, Mayo 8.

Ang desisyon ang unang pagkakataong binigyan ng korte ng ligal na pakahulugan ang konsepto ng Red-tagging sa Pilipinas. Ibinatay nito ang gayong pagkilala sa mga ulat ng United Nations Human Rights Council.

"Ang pagtatak sa isang tao bilang "Red" o "Pula" ay kadalasang may kaakibat na masinsing sarbeylans, direktang panggigipit, at sa ilang pagkakataon, kalauna'y kamatayan. Sa pag-uugnay sa nired-tag na mga indibidwal sa mga komunista o terorista, nagiging target sila ng mga vigilante, grupong paramilitar o kahit na mga

ahente ng estado at dahil dito'y madaling maunawaan kung bakit maaaring matakot ang isang indibidwal na mared-tag na nagsasapanganib sa kanilang buhay at seguridad," sulat ng Korte Suprema.

Sa desisyon na ito, binaliktad ng Korte Suprema ang naunang pagbasura ng nakababang korte sa petisyon ni Deduro. Ayon sa Korte Suprema, maaaring igawad ang writ of amparo sa mga biktima ng Red-tagging, gayundin ang "paninira, pagtatatak, at pagturing na nagkasala sa pamamagitan ng pag-uugnay (guilt by association) dahil "madali lamang intindihin" na takot na nararamdaman ng biktima dulot nito.

"Ang desisyon ng Korte Suprema na ang Red-tagging ay banta sa buhay at seguridad ng isang indibidwal ay isang malaking ligal na tagumpay at nagpapatunay sa aming matagal nang pahayag na dapat ipagbawal ang Red-tagging," pahayag ni Atty. Neri Colmenares, chairman ng Bayan Muna. "Dapat maging mulat ang mga nanrered-tag na magsasampa kami ng mga kaso laban sa kanila sa ilalim ng ating mga batas kriminal at sibil."

Aniya, ang desisyong ito ay dapat magsilbing babala sa mga Red-tagger na ang mga maling pagbibintang at paninira sa mga aktibista ay maaaring kasuhan at ang sinumang gagawa nito ay aaaring makulong.

Malugod na tinanggap ng National Union of Peoples' Lawyers (NUPL) ang desisyon, na sinabi nitong "long overdue" o masyado nang nabalam. Anito, napakahalaga ng desisyon dail malinaw at

walang pagdududa nitong kinategorya ang Red-tagging bilang "banta."

"Ito ay tagumpay hindi lamang sa usaping ligal, hindi lamang bilang patunay na walang sala ang mga sinakdal, o bilang potensyal na panangga para sa mga tagapagtanggol sa karapatang-tao, at pagkilala sa mga nabiktima nito, isa rin itong malutong na sampal sa nagmamagaling na dati at bagong Red-tagger" ayon sa NUPL.

Ikinatuwa rin ng mga pambansa-demokratikong organisasyon ang desisyon.

"Ang mahalagang desisyon na ito ay isang makabuluhang tagumpay para sa lahat ng mga Pilipino na naging biktima ng panggigipit at pananakot ng estado," ayon sa Gabriela. Tinawag nito ang desisyon bilang "mariing pagsaway sa nakaraang rehimeng Duterte at sa patakaran ng kasalukuyang rehimeng Marcos Jr na pagsasademonyo (demonize) at pananakot sa mga kritiko nito."

Panawagan nila, ibasura ang EO 70 at buwagin ang NTF-Elcac na pangunahing nagrered-tag at nagteteror-tag para supilin ang pagtutol ng mamamayan at bigyan-katwiran ang laganap na paglabag sa mga karapatang-tao.

**[English Translation]**

## Supreme Court declares Red-tagging a "threat to life, liberty and security"

Mayo 9, 2024

In a decision written as early as July 4, 2023, the Supreme Court declared that Red-tagging or the malicious linking of civilians to the armed movement, is a threat to the life, liberty and security of its target victims. The decision is in line with the favorable petition for writ of amparo by Siegfred Deduro, former Bayan Muna Party-list representative. The decision written by Associate Justice Rodil V. Zalameda was only made public yesterday, May 8.

The decision is the first instance a court has given a legal definition to the concept of Red-tagging in the Philippines. The recognition is based on the reports of the United Nations Human Rights Council.

“Labeling a person ‘Red’ often comes with frequent surveillance, direct harassment, and in some instances, eventual death. As being associated with communists or terrorists makes the red-tagged person a target of vigilantes, paramilitary groups, or even state agents, it is easy to understand why a person may fear that being red-tagged puts their life and security at risk,” the Supreme Court wrote.

In this decision, the Supreme Court reversed the lower court’s earlier dismissal of Deduro’s petition. According to the Supreme Court, the writ of amparo can be granted to the victims of Red-tagging, as well as vilification, labeling, and guilt by association because it is “easy to understand” the victim’s resulting fear.

“The Supreme Court decision that red tagging constitutes a threat to another person’s life and security is a major legal victory and affirms our long assertion that red-tagging must be banned,” said Atty. Neri Colmenares, chairman of Bayan Muna. “Red-taggers must be warned that we will file charges against them under our criminal and civil laws.”

He said this decision should serve as a warning to Red-taggers that false accusations and defamation of activists can be charged against them and anyone who commits it can be imprisoned.

The National Union of Peoples’ Lawyers (NUPL) welcomed the decision, which it said was “long overdue.” It says this decision is very important because it clearly and without doubt categorizes Red-tagging as a “threat.”

“[This] is not a mere legally meritorious victory, nor a vindication and potential shield of human rights defenders and a tribute to those fallen and already victimized by it, but a strong slap on self-righteous red-taggers before & now,” according to NUPL.

National-democratic organizations also welcomed the decision.

“This landmark decision is a significant victory for all Filipinos who have been victims of state-sponsored harassment and intimidation,” according to Gabriela. It called the decision “a stern rebuke to the past Duterte regime and the

current Marcos Jr. regime’s policy of demonizing and terrorizing its critics.”

They called for the repeal of EO 70 and the dismantling of the NTF-Elcac, which mainly red-tags and terror-tags to suppress the people’s resistance and justify widespread violation of human rights.

## Paglago ng GDP, di palatandaan ng pag-unlad ng kalagayan ng mamamayan

Mayo 10, 2024

Kinutya ng Ibon Foundation ang ipinagmamalaki ng rehimeng Marcos na tantos ng paglago ng gross domestic product o GDP na 5.7% para sa unang kwarto ng 2024. Hindi ito palatandaan ng pag-unlad ng kalagayan ng mamamayan dahil wala itong nalilikhang bagong mga trabaho, ayon sa grupo. Ipinagmamayabang ng mga upisyal sa ekonomya ng rehimen ang “paglago” ng GDP bilang “pinakamabilis sa rehiyon” at “mapagkukunan ng optimismo at maaring ipagmalaki.”

Ang totoo, mas mababa ang GDP na ito kumpara sa nakaraang mga taon. Katunayan, bumabalik na ito sa dating pababang padron bago tumama ang pandemyang Covid-19, ayon sa Ibon. Mas mababa ang kasalukuyang tantos ng GDP kumpara sa 2022 na 8.1%, gayundin sa unang kwarto ng 2023 na 6.4%. Mas malala, kasabay ng paglago nitong taon ang pagliit ng empleyo, kumpara sa mga huling kwarto ng 2023 at 2022.

Ayon sa Ibon Foundation, bumagsak nang 1.3 milyon ang bilang ng mga Pilipinong may trabaho mula sa huling kwarto ng 2023. Wala pa rito ang malaking bahagi o 40% na hayagang nagtatrabaho sa impormal na ekonomya, at dagdag na 16-18 milyong manggagawa na nasa di regulated na mga impormal na establisimyento.

"Nakaugat ang mabagal na paglago ng ekonomya at paglikha ng mga trabaho sa mahihinang pundasyon ng ekonomya," ayon sa Ibon. Nasa pinakamahina sa nakaraang 75 taon ang lokal na sektor ng pagmamanupaktura sa pagpasok ng taon, at pinakamaliit naman ang bahagi ng agrikultura sa GDP sa parehong panahon, anito. Kumitid kahit ang sektor ng serbisyo, na bumubuo ng pinakamalaking bahagi sa empleyo ng bansa.

"Isa itong palatandaan na hindi sustenable ang sobrang pagsalig ng ekonomya sa (sektor ng) serbisyo," ayon sa Ibon.

Maari ring silipin ang paghina ng paglago ng ekonomya sa mahinang paggasta ng mga pamilyang Pilipino dahil sa pagsirit ng mga presyo at nakapako nilang sahod at kita, anito. Mula sa 6.4% na household final consumption expenditure (HFCE) noong unang kwarto ng 2023, nasa 4.5% lamang ito sa unang kwarto ng 2024.

"Malinaw na hindi na makaagapay ang mababang kita ng mga pamilyang Pilipino sa mataas na gastos sa pamumuhay," anito. Sa abereyds, nasa ₱441 lamang ang arawang minimum na sahod sa bansa, o 1/3 sa abereyds ng nakabubuhay na

sahod na ₱1,208 para sa isang lima-kataong pamilya, ayon sa grupo.

**[English Translation]**

## GDP growth is not a sign of improvement in the condition of the people

Mayo 10, 2024

The Ibon Foundation scoffed at the Marcos regime's boast that the gross domestic product or GDP grew by 5.7% for the first quarter of 2024. This is not a sign of improvement in the condition of the people because it did not create new jobs, according to group. The regime's economic officials tout the GDP "growth" as "the fastest in the region" and "a source of optimism and pride."

The truth is, this GDP is lower compared to previous years. In fact, it is reverting to its previous downward slide before the Covid-19 pandemic hit, according to Ibon. The current GDP rate is lower compared to 8.1% in 2022 as well as to the 6.4% in the first quarter 2023. Worse, this year's growth has been accompanied by shrinking employment, compared to the last quarters of 2023 and 2022.

The Ibon Foundation says the number of employed Filipinos fell by 1.3 million from the last quarter of 2023. This does not include the large section or 40% who are openly working in the informal economy, and an additional 16-18 million workers who are in unregulated informal establishments.

"Slow economic growth and job creation are rooted in weak economic foundations," according to Ibon. The local manufacturing sector was at its weakest in the past 75 years at the beginning of the year, and the share of agriculture in GDP was the smallest during the same period, it said. Even the service sector, which accounts for the largest share of the country's employment, shrank.

"This shows that the over-dependence of the economy on services is unsustainable," according to Ibon.

The slowdown in economic growth can also be seen in the weak spending of Filipino families due to steep rising prices and their stagnant wages and income, he said. The 6.4% household final consumption expenditure (HFCE) in the first quarter of 2023 is higher than the 4.5% in the first quarter of 2024.

"The low income of Filipino families clearly cannot keep up with the high cost of living," it said. On average, the daily minimum wage in the country is only ₱441, or 1/3 of the average living wage of ₱1,208 for a family of five, according to the group.

## Protesta, ikinasa sa huling araw ng Balikatan 39-24

Mayo 10, 2024

Nagsunog ng bandila ng imperyalistang US ang mga iba't ibang grupo sa harap ng hedkwarters ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa Camp Aguinaldo, Quezon City ngayong araw, Mayo 10.

Bahagi ito ng kanilang protesta sa inilunsad ng US na Balikatan 39-24 na nilahukan ng mga pwersa ng AFP. Kasabay ang protesta sa isinagawang seremonya ng pagsasara ng Balikatan sa loob ng kampo.

Ang Balikatan 39-24 ay sinumulan noon pang Abril 22. Ang seryeng ito ay ika-39 na mula nang una itong ilunsad noong dekada 1990. Itinuring na pinakamalaki sa kasaysayan ang Balikatan 39-24 kung saan lumahok ang 11,000 sundalong Amerikano at 5,000 tropang Pilipino. Pumasok rin sa bansa ang mga kinatawang upisyal militar ng 14 pang dayuhang bansa para lumahok at magsilbing tagapagmasid.

"Itong Balikatan, simbolo iyan, malinaw na halimbawa ng tuwirang pangingialam ng US sa ating bansa. Wala itong pakinabang sa ating bayan, ito ay perwisyo, salot sa ating lipunan," pahayag ni Raymond Palatino, pangkalahatang kalihim ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan). Iginiit niya na paglulustay lamang ito ng bilyun-bilyong piso mula sa pondo ng bayan na walang ni katiting na kapakinabangan sa mamamayang Pilipino.

Binatikos din nila ang pagkasira sa kabuhayan ng mga komunidad na pinagdausan ng war games at pagkawasak sa kalikasan dulot ng mga pagpapasabog nito. Kabilang sa mga ito ang pagbabawal sa mga mangingisda na pumalaot sa baybayin ng Palawan at kanlurang mga prubinsya ng Luzon dahil sa live-fire exercises ng Balikatan. Libu-libong mga mangingisda ang walang kinita sa loob ng ilang linggo.

Ayon kay Palatino, ginamit ang Balikatan sa mahabang panahon para panatilihin ang pagsalalay at pamamalimos ng AFP ng mga bulok at pinaglumaang armas at kagamitang militar mula sa imperyalistang bayan. Dagdag pa niya, ang mga armas na ito, "ay ginagamit para sa karahasan, para sa pambobomba sa ating mga komunidad."

Kinundena rin nila ang imperyalistang US sa pagsuporta nito sa kampanyang henosidyo ng Zionistang Israel laban sa mamamayang Palestino at pagpulbos sa Gaza. "Gamit [dito] ang mga armas at bomba na galing sa US," giit ni Palatino. Habang sinasanay umano ang mga pwersang militar ng US at Pilipino sa pagpapasabog at paggamit ng mga armas pandigma sa Pilipinas, ang katulad na mga armas din ang pumapatay ng libu-libo sa mga pag-atake sa Gaza ng Israel.

"Ayaw nating gamitin ang bansa bilang staging ground ng US para sa kanyang imperyalistang adyenda sa Asia at sa iba't ibang bahagi ng mundo. Ang gubyerno ni Marcos Jr, sa halip na unhin ang isyu ng mamamayan—ang kagutuam, [pagharap sa] El Niño, kahirapan sa bayan—inuuna ang interes ng dayuhan, lalung-laluna ng imperyalistang US," pagdidiin niya.

Nanawagan din si Palatino na ipagpatuloy ang kampanyang propaganda at edukasyon para isiwalat ang mga krimen ng imperyalistang US sa bansa laluna at papalapit ang ika-25 anibersaryo ng pagpirma ng Gubyerno ng Pilipinas sa Visiting Forces Agreement, kasunduan nito sa US, sa darating na Mayo 27.

[English Translation]

## Various groups hold protest on Balikatan 39-24's last day

Mayo 10, 2024

Various groups burned the US imperialist flag in front of the headquarters of the Armed Forces of the Philippines (AFP) in Camp Aguinaldo, Quezon City today, May 10. This is part of their protest against the US-launched Balikatan 39-24 joined by AFP forces. The protest coincided with the closing ceremony of Balikatan which was being held inside the camp.

Balikatan 39-24 was launched on April 22. This series is the 39th iteration since it was first launched in the 1990s. Balikatan 39-24 is considered the largest in history with 11,000 American soldiers and 5,000 Filipino troops participating. Military officials representing 14 other foreign countries also entered the country to participate and observe.

"This Balikatan is a symbol, a clear example of direct US intervention in our country. It provides no benefit to our people, it's a disruption, a social scourge," Raymond Palatino, general secretary of the Bagong Alyansang Makabayan (Bayan) said. He insisted that this squanders billions of pesos from public funds with absolutely no benefit to the Filipino people.

The groups also condemned the disruption of the livelihoods of the communities affected by the war games and the environmental destruction due to

bombings. Among them is the ban on fisherfolk from fishing off the coast of Palawan and the western provinces of Luzon due to the live-fire exercises of Balikatan. Thousands of fisherfolk have been without income for weeks.

Palatino says Balikatan has long been used to keep the AFP's dependence and mendicancy for rotten and outdated weapons and military equipment from the imperialist country. He added, these weapons "are used for violence, for bombing our communities."

They also condemned the imperialist US for supporting Zionist Israel's genocidal campaign against the Palestinian people and ravaging Gaza. "The weapons and bombs that come from the US are used [in Gaza]," Palatino stressed. While the US and Filipino military forces are allegedly being trained in the detonation and use of war weaponry in the Philippines, similar weapons are killing thousands in Israel's attacks on Gaza.

"We do not want the country to be used as a staging ground by the US for its imperialist agenda in Asia and in other parts of the world. The government of Marcos Jr, instead of addressing the issue of the people—hunger, [dealing with] El Niño, national poverty — prioritizes foreign interests, especially the imperialist US," he emphasized.

Palatino also called for the continuation of propaganda and education campaigns to expose the crimes of US imperialism in the country, especially with the upcoming 25th anniversary of

the signing of the Visiting Forces Agreement by the Philippine Government with the US on May 27.

## 68 ektaryang lupa, iginawad sa mga magsasaka ng Tinang

Mayo 11, 2024

Upisyal nang kinilala ng reaksyunaryong gubyerno ang pagmamay-ari ng 90 magsasakang kasapi ng Malayang Kilusang Samahan ng mga Magsasaka ng Tinang (Makisama-Tinang) sa 68 ektaryang lupa sa Hacienda Tinang sa Concepcion, Tarlac. Ang pagkilala ay ginawa sa isang seremonya noong Mayo 8. Bunga ito ng tatlong dekadang pakikibaka para sa lupa at muli nilang paglulunsad ng kampanyang pagbawi sa lupa sa porma ng bungkalan noong Hunyo 2022.

Iginawad ng Department of Agrarian Reform (DAR) ang Certificate of Land Ownership Award (CLOA) sa mga Agrarian Reform Beneficiaries (ARBs) ng Makisama-Tinang matapos ang ilang ulit nang pagkabalam ng pagbibigay nito dahil sa sabwatan ng mang-aagaw ng lupa na pamilyang Villanueva, at ng DAR-Tarlac. Nakamit ito ng mga magsasaka matapos ang napakaraming serye ng mga protesta, dayalogo at kampuhan sa Hacienda Tinang.

“Nagtagumpay po kami dahil sa aming sama-samang pagkilos na abutin ang aming karapatan at katarungan. Kung hindi naman po kami nagkaisa at nanindigan, kahit pala po nasa panig namin ang tama, hindi talaga ibinibigay ng kusa

ang karapatan. Kailangan po talaga itong ipaglaban," ayon kay Alvin Dimarucut, tagapangulo ng Makisama-Tinang.

Inialay ng mga magsasaka ang kanilang tagumpay sa namayapa nilang tagapangulo na si Felino Cunanan Jr, at sa lahat ng mga nakikibakang magsasaka sa buong bansa.

Kasabay ng ganap na paggawad ng titulo sa lupa sa 90 magsasaka ng Makisama-Tinang, iginiit din ng mga magsasaka ang pagbabasura sa lahat ng mga kasong isinampa laban sa Tinang 83 tulad ng obstruction of justice, usurpation of property rights, human trafficking, at child exploitation. Ang Tinang 83 ay mga magsasaka at kanilang tagasuporta na inaresto habang naglulunsad ng bungkalan noong Hunyo 2022.

Labis ang tuwa ng mga magsasaka sa pagkakamit ng kanilang sariling lupa, gayunman, ayon sa mga lider ng Makisama-Tinang, hindi pa dito natatapos ang kanilang laban.

Dapat umanong maging matatag at patuloy na magkaisa ang kanilang hanay para igiit ang kinakailangang suporta mula sa gubyerno para linangin at mapaunlad nila ang kanilang lupa. Kabilang dito ang kahingian nila sa irigasyon, subsidyo sa produksyon ng pagkain o tubo, at kontra sa rekonsentrasyon ng lupa pabalik sa mga monopolista gaya ng landgrabber na si Mayor Noel Villanueva ng Concepion.

Kasaysayan ng paglaban

Ang Hacienda Tinang ay binubuo ng 1,200 ektaryang tubuhan na orihinal na pag-aari ng pamilyang Aquino. Bahagi nito (200 ektarya) na dapat ipailalim sa reporma sa lupa ay ibinenta ng pamilya sa isang pribadong kumpanya. Ibinenta naman ng naturang kumpanya ang lupa pabalik sa Department of Agrarian Reform (DAR). Noong September 26, 1995, naglabas ang ahensya ng listahan ng 236 magiging benepisyaryo ng lupa sa asyenda.

Sa loob ng higit dalawang dekada, sadyang inilihim ng pamilyang Villanueva sa mga magsasaka ang mga papeles na nagsasaad na kolektibo nilang pagmamay-ari ang lupa. Taong 2016 na nalaman ng mga magsasaka na may karapatan sila sa lupa ng asyenda. Sa taon ding iyon, nagpetisyon sila sa DAR para ayusin ang paghahati ng lupa sa mga benepisyaryo. Naglabas ang ahensya ng pinal na kautusan noong 2018 at 2019.

Naipagkait ng mga Villanueva sa mga magsasaka ang kanilang karapatan sa lupa dahil hawak nito ang lokal na konseho sa barangay. Noong 1995, kapitan ng Barangay Tinang si Vernon Villanueva. Bilang kapitan, makapangyarihang myembro siya ng Barangay Agrarian Reform Council na nagtitiyak sa listahan ng mga benepisyaryo. Ang kanyang kapatid na si Jojo ang namamahala ng kooperatiba ng mga magsasaka na bahagi ng 200-ektaryang naisailalim sa Comprehensive Agrarian Reform Program o CARP. Sa ngayon, kapitan ng barangay Tinang ang anak niyang si Norman

Villanueva habang siya ay nakaupong konsehal ng Concepcion.

Ayon sa Makisama-Tinang, malaki ang papel ng mga Villanueva sa pagpigil sa kanilang pagbawi sa lupa laluna matapos manalong meyor sa nagdaang eleksyon ang kapatid nilang si Noel Villanueva. Sinamahan pa mismo ng meyor na ito ang mga pulis para buwagin ang bungkalan at arestuhin ang mga kalahok dito noong Hunyo 2022.

Sa sabwatan ng mga Villanueva at ng lokal na tanggapan ng DAR, kahit may pinal nang kautusan ay pinayagan pa rin ng DAR na magpetisyon ang kooperatibang pinatatakbo ng mga Villanueva noong Abril 2021. Dahil dito, muling isinalang sa balidasyon ang listahan ng mga benepisyaryo.

Sa kabila ng maraming balakid, naipagtagumpay ng mga magsasaka ang kanilang pakikibaka sa lupa.

**[English Translation]**

## Tinang farmers get 68 hectares of land

Mayo 11, 2024

The reactionary government has officially recognized the ownership of 90 farmer-members of the Independent Farmers’ Association of Tinang (Makisama-Tinang) in 68 hectares of land in Hacienda Tinang in Concepcion, Tarlac. The recognition was done in a ceremony on May 8. This is the result of a three-decade struggle for the land and the relaunching of their land recovery campaign in the form of bungkalan (land occupation and cultivation) in June 2022.

The Department of Agrarian Reform (DAR) awarded the Certificate of Land Ownership Award (CLOA) to the Agrarian Reform Beneficiaries (ARBs) of Makisama-Tinang after several delays due to the collusion of the land grabber family Villanueva, and of DAR-Tarlac. The farmers won after many protests, dialogues and camps in Hacienda Tinang.

“We succeeded because of our collective actions to advance our rights and justice. Without our unity and assertion, our right will not be given voluntarily despite the justness of our demand. We really have to fight for it,” according to Alvin Dimarucut, chairman of Makisama-Tinang.

The farmers dedicated their victory to their late chairman, Felino Cunanan Jr, and to all struggling farmers across the country.

Along with the full awarding of land titles to the 90 Makisama-Tinang farmers, they also demanded the dismissal of all cases filed against Tinang 83 such as obstruction of justice, usurpation of property rights, human trafficking, and child exploitation. The Tinang 83 are farmers and their supporters who were arrested while launching a bungkalan in June 2022.

The farmers are very pleased to get their own land. However, according to Makisama-Tinang leaders, their fight is not yet over.

They said that they should strengthen their ranks and continue united in demanding the necessary support from the government so that they can

cultivate and develop their land. These include their demand for irrigation, subsidies for food or sugarcane production, and opposition to the reconcentration of land to monopolists such as the landgrabber Concepcion Mayor Noel Villanueva.

History of resistance

Hacienda Tinang consists of 1,200 hectares of sugarcane fields originally owned by the Aquino family. Part of it (200 hectares) that was supposed to be fall under land reform was sold by the family to a private company. The said company sold the land back to the Department of Agrarian Reform (DAR). On September 26, 1995, the agency released a list of 236 prospective land beneficiaries in the hacienda.

For more than two decades, the Villanueva family deliberately hid from the farmers the papers stating that the farmers collectively owned the land. The farmers found out only in 2016 that they had the right to the hacienda's land. That same year, they petitioned the DAR to fix the distribution of the land among the beneficiaries. The agency issued final orders in 2018 and 2019.

Because they had power over the local barangay council, the Villanuevas denied the farmers their rights. In 1995, Vernon Villanueva was captain of Barangay Tinang. As captain, he was a powerful member of the Barangay Agrarian Reform Council that ensured the list of beneficiaries. His brother, Jojo, managed a farmers' cooperative that was part of the 200-hectare Comprehensive Agrarian Reform Program or CARP. His son Norman

Villanueva is the current captain of barangay Tinang while also sitting councilor of Concepcion.

Makisama-Tinang says the Villanuevas played a big role in blocking their land recovery especially after their brother Noel Villanueva won as mayor in the last election. This mayor himself even accompanied the police to dismantle the bungkalan and arrest its participants in June 2022.

With the collusion of the Villanuevas and the local DAR office, despite having a final order, DAR still allowed the cooperative operated by the Villanuevas to petition in April 2021. Because of this, the list of beneficiaries was re-validated.

Despite many obstacles, the farmers succeeded in their land struggle.

## Kapabayaan ng rehimeng Marcos ngayong El Niño, muling binatikos

Mayo 11, 2024

Muling nagprotesta ang mga grupo ng magsasaka at iba pang sektor sa harap ng Department of Agriculture sa Quezon City noong Mayo 9 para batikusin ang kriminal na kapabayaan ng ahensya at ng rehimeng Marcos na tugunan ang pangangailangan ng mga magsasaka at iba pang mga sektor na apektado ng tagtuyot ngayong panahon ng El Niño.

Sa konserbatibong tala ng rehimen, hindi bababa sa ₱5.9 bilyon ang kabuuang halaga ng pinsala sa agrikultura dulot ng tagtuyot. Pinakaapektado ang

276 syudad at bayan na ipinailalim na ng estado sa “state of calamity.” Idineklara na rin ito sa siyam na prubinsya at buong rehiyon ng Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao.

“Inirereklamo ng mga magsasaka at mangingisda ang epekto ng El Niño pero tanging pautang, seguro at kakarampot na tulong pinansyal ang inaalok ni Marcos at ng DA. Giit namin ay kagyat at komprehensibong panandalian at pangmatagalang alibyo at rehabilitasyon mula sa gubyerno,” ayon kay Ka Cathy Estavillo, pangkalahatang kalihim ng grupo ng kababaihang magsasaka na Amihan at tagapagsalita ng Bantay Bigas.

Ayon sa Amihan, alam na ng gubyerno ang posibleng magiging epekto ng El Niño bago pa man ito tumama sa bansa pero hindi ito kaagad naghanda at mabagal ang naging tugon. Ang malala, anang grupo, nagpatupad ang rehimeng Marcos ng mga programa at patakarang higit pang nagpatindi ng epekto ng El Niño sa mga magsasaka, mangingisda at mga sektor sa kanayunan.

Kabilang umano sa mga patakarang ito ang lubhang kakulangan sa pagpapaunlad ng mga sistema ng irigasyon, pagkawasak ng mga watershed at kagubatan, mga sistema ng ilog at patubig, kawalang suporta sa produksyon, at pagtataguyod ng patakaran sa pagpapalit-gamit ng lupa, pagmimina, pagtotroso at iba pang mapangwasak na mga proyekto.

Binatikos din ng Amihan ang dagdag na pagpapahirap sa magsasaka ng palay ng makadayuhang Rice Liberalization Law. Anang grupo, nilugi at nilubog sa utang ng patakarang ito ang mga magsasaka.

Samantala, nanawagan ang Youth Action on El Niño Network sa kapwa kabataan na palakasin ang suporta sa mga magsasaka at mga sektor sa kanayunan na lubhang apektado ng inutil na pagtugon ng rehimeng Marcos sa mga apektado ng tagtuyot. Habang ipinananawagan ang pagsingil sa gubyerno, nangunguna sila ngayon, kasama ang iba pang mga makataong organisasyon, sa pagsasagawa ng mga kampanyang relief at pamamahagi ng donasyon sa mga apektadong magsasaka at sektor.

**[English Translation]**

## Farmers and other sectors denounce Marcos' negligence amid El Niño

Mayo 11, 2024

Groups of farmers and other sectors again protested before Department of Agriculture in Quezon City on May 9 to denounce the criminal negligence of the agency and the Marcos regime to address the needs of farmers and other sectors affected by drought this El Niño season.

In the conservative record of the regime, the total amount of damage to agriculture caused by the drought is at least ₱5.9 billion. Most affected are the 276 cities and towns that the state has placed under the "state of calamity." It has also been

declared in nine provinces and the entire region of the Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao.

“Farmers and fisherfolk complain about the effects of El Niño, but Marcos and the DA only offered loans, insurance and meager financial assistance. We insist on immediate and comprehensive short-term and long-term relief and rehabilitation from the government,” according to Ka Cathy Estavillo, general secretary of the Amihan farmers’ women’s group and spokesperson of Bantay Bigas.

Amihan says the government was aware of the possible effects of El Niño even before it hit the country but it did not promptly prepare and its response was slow. Worse, the group says, the Marcos regime implemented programs and policies that further intensified the impact of El Niño on farmers, fisherfolk and rural sectors.

These policies allegedly include the severe lack of development of irrigation systems, destruction of watersheds and forests, river and irrigation systems, lack of production support, and promotion of land-use conversion policies, mining, logging and other destructive projects.

Amihan also denounced the extra hardship on rice farmers by the foreign Rice Liberalization Law. The group says farmers went bankrupt and drowned in debt due to this policy.

Meanwhile, the Youth Action on El Niño Network urged fellow youth to strengthen support for farmers and rural sectors that are severely

affected by the ineffective response of the Marcos regime to those affected by the drought. While calling for the government to be held accountable, they are now taking the lead, along with other humanitarian organizations, in conducting relief campaigns and distributing donations to affected farmers and sectors.

## Malaking dagdag-sahod, kailangan para makaagapay ang mamamayan sa implasyon

Mayo 11, 2024

Tumaas man ang aktwal na natatanggap na sahod ng mga manggagawa sa nakaraang apat na dekada, mas mababa pa rin ang tunay na halaga nito kumpara noong 1990.

Ayon sa Ibon Foundation, ang tunay na halaga ng ₱610 minimum na sahod sa National Capital Region ay ₱503 lamang ngayong 2024. Mas mababa ito nang 22% sa tunay na halaga ng sahod noong 1990, kung kailan unang pinatupad ang rehiyunalisasyon ng sahod.

“Hindi naging sapat ang ₱370 inilabas ng mga rehiyunal na wage board na wage order…para umagapay sa implasyon,” ayon kay Sonny Africa, executive director ng Ibon Foundation. Sa pagkwenta ng Ibon, mas mababa sa family poverty level ang aktwal na sahod sa lahat ng mga rehiyon liban sa National Capital Region. Gayunpaman, nasa kalahati pa rin ito sa pangrehiyong nakabubuhay na sahod na ₱1,192 kada araw para sa lima-kataong pamilya.

Sa gayon, mangangailangan ng malaking dagdag-sahod para habulin ang nakabubuhay na sahod para sa mga manggagawa. Ayon kay Africa, ito ay makatarungan at kayang ipatupad ng mga kapitalista (viable).

Aniya, mula 2020 at 2022 lamang, sumirit nang 104% ang kita ng 100 pinakamalalaking kumpanya sa bansa, at nang 28% ang kita ng lahat ng mga kumpanya. Gayundin, lumobo nang 31% ang personal na yaman ng 50 pinakamayayamang Pilipino. Sa kabilang banda, lumaki lamang ng abereyds na 11% ang natatanggap na sahod ng mga manggagawang Pilipino.

Sa kwenta ng Ibon, kayang ibigay ng mga kapitalista ang ₱150 panukalang dagdag sahod na nakahapag sa Senado at kahit ang ₱690 na panawagang dagdag-sahod para abutin ang pambansang abereyds na ₱1,207 nakabubuhay na sahod. Ito ay dahil 11% sa kabuuang gastusin ng mga kapitalista ang aktwal na napupunta sa sahod.

"Ang ₱150 dagdag sahod ay katumbas sa 10.6% kita ng lahat ng empresa at 11.3% para sa katamtamang-laki at maliliit na empresa," ayon sa grupo." Samantala, ang ₱690 na dagdag sahod ay katumbas naman ng 49% ng kita ng lahat ng mga establisimento, anito.

"Pinakamadali ang (₱690) na dagdag-sahod para sa katamtamang-laki at malalaking kumpanya, habang maaaring bigyan ng estado ang maliliit na kumpanya ng subsidyo o iba pang suporta," ayon sa Ibon.

Pinabulaanan ng mga datos na ito ang "doomsday scenario" o senaryong katapusan ng mundo na ipinalalaganap ng malalaking dayuhang kapitalista at kanilang lokal na mga kasabwat na malulugi ang katamtamang-laki at maliit na mga kumpanya kung itaas nang kahit katiting ang sahod. Sa aktwal, pinakamataas na ang hatiang 50-50 sa pagitan ng manggagawa at kapitalista, na tinawag ng Ibon na "higit sa patas."

Kinutya din ng grupo ang "simplistikong pananakot" na nagsasabing sisirit ang implasyon kung itataas ang sahod.

"Ang 39% na dagdag-sahod noong 1989 ang pinakamalaki sa nakaraang mga dekada, at huli sa lehisladong dagdag-sahod, pero sa harap nito ay bumagal ang implasyon noong 1989 at 1990, kumpara noong 1988," ayon sa grupo. Tumaas ang implasyon noong 1991 hindi pa dahil sa ipinatupad na dagdag-sahod, kundi dahil sa biglaang pagbagsak ng halaga ng piso kontra dolyar.

Ayon kay Africa, suportado ng Ibon ang lahat ng panukala para sa dagdag-sahod. "Mas malaki, mas mainam," aniya.

**[English Translation]**

## A substantial wage increase is necessary so that people can keep up with inflation

Mayo 11, 2024

Although workers’ nominal wages have increased over the past four decades, their real value is still lower compared to that in 1990.

The Ibon Foundation says the real value of the ₱610 minimum wage in the National Capital Region is be ₱503 in 2024. This is 22% lower than the real value of wages in 1990, when wage regionalization was first implemented.

“The 370 wage orders issued by the regional wage boards was not enough…to keep up with inflation,” according to Sonny Africa, executive director of the Ibon Foundation. In Ibon’s computation, actual wages are lower than the family poverty level in all regions except the National Capital Region. However, this is still half of the regional living wage of ₱1,192 per day for a family of five.

Thus, substantial wage increases are needed for workers to catch up with living wages. Africa says this is just and viable.

He said that from 2020 and 2022 alone, the income of the 100 largest companies in the country increased by 104%, and the income of all companies increased by 28%. Also, the personal wealth of the 50 richest Filipinos swelled by 31%. On the other hand, the Filipino workers’ wages only increased by an average of 11%.

In Ibon’s estimates, capitalists can provide the ₱150 wage increase proposed in the Senate and even the call for a ₱690 wage increase to reach the national average of ₱1,207 living wage. This is

because only 11% of the capitalists’ total expenditure actually goes to wages.

“The ₱150 wage increase is equivalent to 10.6% of the income of all companies and 11.3% for medium-sized and small enterprises,” according to the group.” Meanwhile, the ₱690 wage increase is equivalent to 49% of income of all the establishments, he said.

“The (₱690) wage increase is easiest for medium-sized and large companies, while the state can give small companies subsidies or other support,” according to Ibon.

These data refute the “doomsday scenario” propagated by big foreign capitalists and their local accomplices that medium-sized and small companies will go bankrupt if wages are raised even a little. In actuality, the 50-50 split between worker and capitalist was the highest, which Ibon called “more than fair.”

The group also derided the “simplistic scaremongering” that says inflation will skyrocket if wages are raised.

“The 39% wage increase in 1989 was the largest in decades, and the last legislated wage increase, but despite it, inflation slowed in 1989 and 1990, compared to 1988,” according to the group. Inflation increased in 1991 not because of the implemented wage increase, but because of the sudden depreciation of the peso.

Africa says Ibon supports all proposals for wage increases. “The bigger, the better,” he said.

## Mga manggagawang pangkalusugan, nagmartsa para sa dagdag-sweldo

Mayo 11, 2024

Sa taunang paggunita sa Araw ng mga Manggagawang Pangkalusugan noong Mayo 7, nagmartsa ang mga manggagawang pangkalusugan sa Maynila at Baguio City para igiit ang nakabuhuhay na sweldo, seguridad sa trabaho, dagdag na mga tauhan sa ospital, mga karapatan sa paggawa at karapatan ng mamamayang Pilipino sa kalusugan.

Pinangunahan ang martsa ng Health Workers United for Wage Increase (HWUWI) at Coalition of Health Workers' Organizations in the Cordillera. Inilunsad naman ng mga unyong kasapi ng Alliance of Health Workers (AHW) ang mga protesta at iba pang tipo ng aktibidad sa mga syudad ng Iloilo, Bacolod, at Cebu, sa Camarines Norte, at mga rehiyon ng Soccsksargen at BARMM.

"Nagtipon at nagkaisa tayo ngayong araw dahil ito ang pinakamahalaga at pinakaakmang araw para ipaglaban ang ating mga karapatan at kagalingan," pahayag ni Robert Mendoza, pambansang pangulo ng AHW at tagapagtipon ng Health Workers United for Wage Increase. Aniya, imbis na magdiwang ay magkakasama ang mga manggagawang pangkalusugan sa lansangan para magprotesta dahil sa patuloy na pagbalewala ng rehimeng Marcos sa kanilang karapatan at kagalingan.

Salaysay pa niya, sa loob ng dalawang taon sa poder ni Marcos ay higit lalong naging miserable ang kalagayan ng mga manggagawang pangkalusugan. Dahil sa labis-labis na kakulangan sa mga ospital, natutulak na magtrabaho nang 12 hanggang 24 oras ang mga manggawang pangkalusugan, dagdag pa sa hindi sapat na kompensasyon. Ito umano ang dahilan kung bakit ang iba ay umaalis na sa trabaho, maagang pumapasok sa retirement o nangingibang bansa pfhuara magtrabaho.

Sumusweldo lamang ang Salary Grade 1 (SG1) na mga pampublikong manggawang pangkalusugan o ₱13,000 kada buwan habang ₱610 kada araw ang mga nasa pribado. “Kaya makabuluhan na kagyat nating igiit ang ₱33,000 sweldo para sa mga bagong manggawang pangkalusugan para makaagapay sa araw-araw na pangangailangan,” ayon naman kay Sally Ejes, pangulo ng Philippine Heart Center Employees Association-AHW.

Liban dito, panawagan din nilang ibigay na ang hindi pa nababayarang mga alawans kabilang ang Health Emergency Allowance (HEA) sa mga pribadong ospital at mga manggagawang pangkalusugan sa ilalim ng lokal na mga gubyerno at Performance Based-Bonus (PBB) para sa 2021-2023 ng mga nasa pampublikong ospital. Dapat din umanong dagdagan na ang regular na mga manggagawang pangkalusugan para makaagapay sa pagbibigay ng maayos na serbisyong pangkalusugan sa publiko.

Sa datos ng Department of Health (DOH) noong 2022, mayroon itong 16,951 kaswal na mga

empleyado at 9,947 kontraktwal na mga manggawang pangkalusugan sa ilalim ng Human Resources for Health (HRH). Ayon pa sa AHW, nakatakdang mag-empleyo ang DOH ng 26,035 kontraktwal na doktor, nars, kumadrona, dentista at iba pang propesyunal sa kalusugan sa ilalim ng National Health Workforce Support na programa nito sa mga kanayunan at malalayong lugar.

"Ayon sa Department of Budget and Management, mayroong 17,000 pusisyong plantilla ang Department of Health na hindi pinupunan. Matagal na kaming nananawagan ng maramihang pagdagdag ng empleyado kahit pa bago at noong panahon ng pandemya, pero nananatiling bingi at walang puso ang gubyernong ito sa aming mga kahingian," pahayag ni Edwin Pacheco, pangulo ng National Kidney and Transplant Institute Employees Association-AHW.

Sa araw na iyon, binatikos naman ng Health Alliance for Democracy (HEAD) ang makasarili at makadayuhang mga programa ng rehiemng US-Marcos sa halip na pondohan ang serbisyong panlipunan kabilang na ang kalusugan. Anang grupo, napakalaking pondo ang kinurakot at nilustay ng rehimen sa confidential at intelligence funds, pagratsada ng charter change at sa inilunsad na Balikatan 39-24.

"Manindigan at makibaka tayo bilang mga manggagawang pangkalusugan, at bilang mga Pilipino. Igiit natin ang sweldo, trabaho, at libreng serbisyong pangkalusugan. Itaguyod natin at ipaglaban ang ating soberanya," panawagan ng grupo.

**[English Translation]**

# Health workers march for wage increase

Mayo 11, 2024

In the annual commemoration of Health Workers Day on May 7, health workers marched in Manila and Baguio City to demand living wages, job security, more hospital staff, labor rights and the rights of the Filipino people for health [services].

The march was led by Health Workers United for Wage Increase (HWUWI) and Coalition of Health Workers' Organizations in the Cordillera. The member unions of the Alliance of Health Workers (AHW) launched protests and other types of activities in the cities of Iloilo, Bacolod, and Cebu, in Camarines Norte, and in Soccsksargen and BARMM regions.

"We gathered and united today because this is the most important and most appropriate day to fight for our rights and welfare," said Robert Mendoza, AHW national president and Health Workers United for Wage Increase convenor. Instead of celebrating, health workers unite on the streets to protest the Marcos regime's continued disregard for their rights and interests, he said.

He added that in the two years that Marcos have been in power, health workers' conditions further became miserable. Due to the hospitals' acute shortage, health workers are forced to work 12 to 24 hour shifts, in addition to getting inadequate

compensation. This the reason why others resign, retire early or migrate overseas to work, he said.

Salary Grade 1 (SG1) public health workers are paid only ₱13,000 per month while those in the private sector are paid ₱610 per day. “That’s why it’s important that we immediately demand ₱33,000 salary for new health workers to keep up with daily needs,” according to Sally Ejes, president of the Philippine Heart Center Employees Association-AHW.

Apart from this, they also demanded the release of unpaid allowances including Health Emergency Allowance (HEA) to private hospitals and health workers under local governments and Performance Based-Bonus (PBB) of those in public hospitals for 2021-2023. It said that the number of regular health workers should also be increased to keep up with the provision of proper health services to the public.

According to state data, the Department of Health (DOH) in 2022 has 16,951 casual employees and 9,947 contractual health workers under the Human Resources for Health (HRH). The AHW says the DOH is set to employ 26,035 contractual doctors, nurses, midwives, dentists and other health professionals under its National Health Workforce Support program in rural and remote areas.

“The Department of Budget and Management says the Department of Health has 17,000 rank-and-file positions that have not been filled. We have been calling for a large increase in employees for a long

time during and even before the pandemic, but this government remains deaf and heartless to our requests," said Edwin Pacheco, president of the National Kidney and Transplant Institute Employees Association-AHW.

On the same day, the Health Alliance for Democracy (HEAD) condemned the US-Marcos regime for its self- and foreign-serving programs instead of funding social services including health. The group says the regime pocketed and squandered enormous funds in confidential and intelligence funds, the railroading of charter change and the launching of Balikatan 39-24.

"Let's stand up and fight as health workers, and as Filipinos. Let's demand wages, jobs, and free health services. Let's uphold and fight for our sovereignty," the group called.

## Mga tagasuporta ng mga manggagawang pangkaunlaran na kinasuhan ng "terrorism financing" sa Negros, nagprotesta

Mayo 11, 2024

Nagpiket ang mga tagasuporta ng Paghidaet sa Kauswagan Development Group (PDG) Inc, kasama ang mga kasapi ng iba pang organisasyong masa, sa harap ng Hall of Justice sa Bacolod City kahapon, Mayo 10. Binatikos nila ang kasong "terrorism financing" laban sa apat na myembro ng PDG Inc at isang naging katuwang ng organisasyon at ipinawagan ang pagbasura dito.

Nauna nang sinabi ng PDG Inc na hindi makatarungan ang pagsasampa ng mga kaso ng “terrorism financing” o paglabag sa Terrorism Financing and Suppression Act of 2012 laban sa ilang aktibo at dating mga kasapi ng organisasyon. Giit nito, ginagamit ng estado ang mga alegasyong ito para palabasing di lehitimo ang organisasyon at patawan ito ng mga parusa.

Sinampahan ng kaso sina Clarissa Ramos, byuda ng pinaslang na abugado na si Atty. Benjamin Ramos; si Felipe Levy Gelle, Federico Salvilla, at Perla Pavillar. Si Ramos, tulad ng kanyang yumaong asawang abugado, ay dating Executive Director at tagapagtatag ng PDG Inc. Idinawit din si Darryl Albañez, hindi kasapi ng PDG Inc pero nakikipagtulungan sa grupo sa mga aktibidad nito.

Isinampa ang kaso ni PMSG Francisco John Dumdumaya, deputized Anti-money Laundering Council Financial Investigator at kasapi ng Regional Intelligence Division ng PNP Regional Police Office 6. Ibinatay ito sa sinumpaang mga salaysay ni Jonel Roy Moreno na nagpapakilalang “finance and logistics officer at kumander ng “Tahod Ilahas Command ng CPP-NPA” na nag-ooperasyon diumano sa Negros at nina Danilo at Jeonna Dela Cruz na nagpapakilalang mga kasapi ng lokal na samahan ng mga mangingisda sa Cauyan, Negros Occidental.

Ang pagkakasong ito sa PDG Inc ay isang panibagong matinding atake sa organisasyon, ayon mismo sa kanila. Simula pa 2018, kumaharap na sa sunud-sunod na mga pag-atake mula sa estado ang PDG Inc nang pinaslang ng mga

pwersa ng estado si Atty. Ramos Jr, noo’y tumatayong executive director ng grupo.

Ang PDG Inc ay isang organisasyon sa sentral at timog na bahagi ng Negros Island at nagsusulong ng karapatan ng mga magsasaka at mga mangingisda para sa sustenableng agrikultura at repormang panlipunan. Itinatag ang organisasyon noong dekada 1980.

**[English Translation]**

## Supporters of development workers charged with “terrorism financing” in Negros launch protest

Mayo 11, 2024

Supporters of Paghidaet sa Kauswagan Development Group (PDG) Inc, along with members of other mass organizations, picketed before the Hall of Justice in Bacolod City yesterday, May 10. They denounced the “terrorism financing” charges against four members of PDG Inc and one supporter of the organization and called for its dismissal.

PDG Inc earlier said that the filing of charges of “terrorism financing” or violation of the Terrorism Financing and Suppression Act of 2012 against some active and former members of the organization is unjust. It insists, the state is using these allegations to make the organization appear illegitimate and impose sanctions on it.

A case was filed against Clarissa Ramos, widow of the murdered lawyer Atty. Benjamin Ramos;

Felipe Levy Gelle, Federico Salvilla, and Perla Pavillar. Ramos, like her late lawyer husband, was the former Executive Director and founder of PDG Inc. Also implicated was Darryl Albañez, who is not a member of PDG Inc, but cooperates with the group in its activities.

The case was filed by PMSG Francisco John Dumdumaya, deputized Anti-money Laundering Council Financial Investigator and member of the Regional Intelligence Division of the PNP Regional Police Office 6. It is based on the sworn statements of Jonel Roy Moreno who identifies himself as “finance and logistics officer and commander” of “Tahod Ilahas Command of the CPP-NPA” operating allegedly in Negros, and of Danilo and Jeonna Dela Cruz who identify themselves as members of the local fisherfolk association in Cauyan, Negros Occidental.

This lawsuit against PDG Inc is another severe attack on the organization, according to them. Since 2018, PDG Inc has faced a series of attacks from the state when government forces assassinated Atty. Ramos Jr, then the group’s executive director.

PDG Inc is an organization in the central and southern part of Negros Island and promotes the rights of farmers and fishermen for sustainable agriculture and social reform. The organization was founded in the 1980s.

## Pinta-protesta, pagsabit ng balatengga kontra Balikatan, isinagawa ng KM at Kaguma

Mayo 11, 2024

Inilunsad ng Kabataang Makabayan (KM) at Katipunan ng mga Gurong Makabayan (Kaguma) ang kani-kanilang mga aktibidad para batikusin ang katatapos lamang na Balikatan Exercises 39-24.

Sa Australia, mapangahas na nagsagawa ng pinta-protesta ang mga kasapi ng Kabataang Makabayan (KM)-Narrm sa konsulado ng US sa Melbourne noong nakaraang linggo. Gabi nang isinagawa ng mga kasapi ng KM-Narmm ang kanilang aktibidad habang nakasuot ng takip sa mukha para protektahan ang kanilang pagkakakilanlan.

Ipininta ng mga kabataan ang katagang ‘US out of PH’ at ‘US troops out of PH now’ sa pader at salamin ng konsulado ng US. Walang mga pwersang panseguridad ang nakapigil sa pinta-protesta ng mga kabataan dahil sa katangian ng pagiging biglaan at mabilisan ng kanilang aktibidad.

Samantala, nagsabit ng malaking balatengga ang mga kasapi ng Kaguma sa isang footbridge sa Malibay, Pasay kahapon, Mayo 10. Nakasulat dito ang panawagan ng grupo na ‘Labanan ang imperyalistang giyera! Isulong ang demokratikong rebolusyong bayan!’

[20240511]

Pahayag ng grupo, "ito ang panawagan naming mga miyembro ng Kaguma sa pang-uupat ng giyera ng US sa China sa pamamagitan ng pinakamalaking Balikatan sa kasaysayan ng Pilipinas." Dagdag nila, dapat manindigan ang mga Pilipino laban sa pagkaladkad ng imperyalistang US sa bansa sa inter-imperyalistang gera nito.

Mahalaga umanong balik-aralan at suriin ang isinagawa at inupatan na mga proxy war ng imperyalistang gera sa kasaysayan. "Ang lahat ng ito ay para sa kanyang interes na manatiling nag-iisang superpower," paliwanag ng grupo.

Pagtatapos nila, tanging sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan makakamtan ng sambayanang Pilipino ang panlipunang pagbabago, pagkakapantay-pantay at tunay na pagtatanggol sa soberanya ng bansa.

**[English Translation]**

## KM and Kaguma conduct protest painting, hanging of streamer against Balikatan

Mayo 11, 2024

Kabataang Makabayan (KM) and Katipunan ng Gurong Makabayan (Kaguma) launched their respective activities to condemn the recently concluded Balikatan Exercises 39-24.

In Australia, Kabataang Makabayan (KM)-Narmm members bravely staged a protest at the US

consulate in Melbourne last week. KM-Narmm members carried out their activity at night while wearing face coverings to protect their identities.

The youth painted the words ‘US out of PH’ and ‘US troops out of PH now’ on the wall and glass of the US consulate. No security forces were able to stop the youth protest because of the sudden and rapid nature of their activity.

Meanwhile, members of Kaguma hung a large streamer on a footbridge in Malibay, Pasay yesterday, May 10. Written on it was the group’s call ‘Fight the imperialist war! Promote the people’s democratic revolution!’

The group stated “this is our Kaguma members’ call for the US to wage war on China through the biggest Balikatan in the history of the Philippines.” They added, Filipinos must stand up against the US imperialist dragging the country into its inter-imperialist war.

It said that it is important to review and analyze the proxy wars of the imperialist war in history. “All these are in its interest to remain the sole superpower,” the group explained.

They concluded, only by advancing the people’s democratic revolution can the Filipino people achieve social change, equality and true defense of the country’s sovereignty.

## Mga Kaso laban sa mga Red-tagger, inihahanda na

Mayo 12, 2024

Inianunsyo ng blokeng Makabayan noong Mayo 9 na nakahanda itong kasuhan ang mga nasa likod ng Red-tagging na lumabag sa mga karapatan ng maraming lider at aktibista sa nakaraang mga taon. Kinilala nila ang desisyon ng Korte Suprema na nagdeklarang banta sa buhay, kalayaan at seguridad ng target ng Red-tagging, paninira at guilt by association at na maaaring gawaran ng writ of amparo ang mga biktima nito. Ang deklarasyon ay bahagi ng desisyong naggawad ng writ of amparo sa dating kinatawan ng Bayan Muna na si Siegfried Deduro. Binaliktad nito ang unang kapasyahan ng nakababang korte sa Iloilo City na nagbasura sa kanyang petisyon.

Mahaba ang listahan ng mga aktibista at indibidwal na nired-tag ng mga armadong pwersa ng estado na dumanas ng sarbeylans, panggigipit, intimidasyon, pagdukot at tangkang pagpaslang. Marami rin ang dinukot at di na inilitaw, at tahasang pinaslang.

Unang panawagan ng Makabayan ang pagbubuwag sa NTF-Elcac, ang ahensyang nangunguna sa panrered-tag sa mga pambansa-demokratikong organisasyon at mga myembro nito, mga progresibong indibidwal at institusyon, mga kritiko ng estado at kahit ng mga ordinaryong tao.

Ayon kay dating Bayan Muna Rep. Carlos Zarate, animo'y "ulan sa gitna ng tagtuyot" ang deklarasyon ng Korte Suprema. Inalala niya ang maraming indibidwal na nagsampa ng petisyon para sa writ of amparo na pinaslang ng armadong ahente ng estado. Kabilang dito si Zara Alvares,

aktibistang pangkalusugan sa isla ng Negros, na naghapag ng petisyon para sa writ of amparo. Unang ibinasura ng korte ang kanyang petisyon. Pinaslang siya habang inaapela ito sa korte.

Handa ring magsampa ang Kabataan Partylist (KPL) ng mga kaso laban sa mga Red-tagger ng kabataan. Sistematiko at laganap ang panrered-tag sa mga kasapi at lider ng KPL sa mga inilunsad na mga porum ng militar at NTF-Elcac sa mga unibersidad at hayskul. Inalala ng kinatawan nitong si Raoul Manuel ang mga kaso ng mga nired-tag na pinaslang ng mga sundalo, tulad nina Chad Booc at Jurain Ngujo. Hiwalay pa ang isasampang kaso laban sa mga Red-tagger ng dinukot ng militar tulad nina Jhed Tamano at Jonila Castro, Dyan Gumanao at Armand Dayoha, Eco Dangla at Jak Tiong, gayundin sa mga aktibistang sina Bazoo de Jesus at Dexter Capuyan na hanggang ngayon ay di pa inililitaw.

Sino ang pinakamalalaking Red-tagger sa bansa?

Pangunahing Red-tagger ang mga batalyon at iba pang yunit militar ng Armed Forces of the Philippines at Philippine National Police, gayundin ang mga upisyal ng NTF-Elcac at Anti-Terrorism Council. Malaon nang gawi ng mga ito ang Red-tagging pero umarangkada ang taktika sa panahon ng dating rehimeng Duterte hanggang sa kasalukuyang rehimeng Marcos.

Ilan sa pinakamasasahol na Red-tagger ang matataas na upisyal at mga kaalyado ni Duterte, kabilang sina Hermogenes Esperon Jr, Colonel Harold Cabunoc, Mocha Uson, Lorraine Badoy,

Jeffrey Celiz, Apollo Quiboloy, Salvador Panelo, at marami pang iba.

Wala ring pakundagan ang paninira ni Duterte mismo at kanyang mga anak na sina Sara at Paolo. Noong eleksyong 2022, ginamit din itong taktika ng noo'y kandidato pagkapresidente na si Panfilo Lacson at isa sa mga kinatawan ng Cavite na si Jesus Remulla.

Di mabilang ang mga aktibidad, porum at pagkakalat ng mga paninira at Red-tagging ng iba't ibang mga yunit militar sa kanayunan. Kahit noong panahon ng pandemya, abala ang mga yunit na ito, laluna sa Mindanao, sa panrered-tag, panggigipit at pambubuwag ng lehitimong mga organisasyong magsasaka. Ang mga yunit militar din na ito ang naglunsad ng iba't ibang mga "youth summit" sa mga unibersidad at mga komunidad ng magsasaka na lagi't laging nakaangkla sa paninira sa mga progresibong institusyon at mga hayag organisasyon ng masa sa kanayunan.

Kakoro ng mga yunit na ito ang mga traydor sa bayan tulad nina Noel Legaspi, Joy Saguin, Kate Raca, Arian Ramos at ilan pang aktibong nakikipagtulungan sa NTF-Elcac at mga katulad ni Bato de la Rosa sa Senado.

Marami ring mga Red-tagger mula antas-baryo hanggang munisipalidad. Kasama dito ang mga katulad ni Rico Maca, Indigenous People Mandatory Representative ng Surigao del Sur, mga lokal na upisyal na gubyerno at mga kapitan at myembro ng mga konseho sa barangay na

lantarang nakikipagtulungan sa militar para gipitin ang kanilang mga kababaryo at itanggi ang krimen ng AFP sa kani-kanilang mga saklaw.

Sa larangan ng social media, maraming mga akawnt na walang ibang layunin kundi mangred-tag, manira at magkalat ng disimpormasyon laban sa mga progresibong organisasyon at indibidwal. May bayaran at di bayarang mga indibidwal ring nagtatago sa mga pekeng pangalan o di tunay na pangalan (trolls) na aktibo at mulat na nagkakalat ng gayong disimpormasyon.

**[English Translation]**

## Makabayan bloc prepares cases against Red-taggers

Mayo 12, 2024

The Makabayan bloc announced on May 9 that it is preparing to file charges against those behind the Red-tagging that violated the rights of many leaders and activists in recent years. They acknowledged the Supreme Court decision which declared Red-tagging, villification and guilt by association threats to the life, liberty and security of its target, and as such a writ of amparo can be granted to its victims. The definition is part of the decision that granted a writ of amparo to former Bayan Muna representative Siegfried Deduro. It overturned the prior decision of the Iloilo City lower court that dismissed his petition.

The list of activists and individuals red-tagged by state armed forces who have suffered surveillance, harassment, intimidation, abduction and

attempted assassination is long. Many were also abducted and never surfaced, and were outright murdered.

Makabayan's first call is to dismantle the NTF-Elcac, the agency that leads red-tagging against national-democratic organizations and its members, progressive individuals and institutions, critics of the state and even ordinary people.

Former Bayan Muna Rep. Carlos Zarate says the Supreme Court's declaration is like "rain in the middle of a drought." He recalled the many individuals who filed petitions for the writ of amparo and were murdered by armed state agents. Among them is Zara Alvares, health activist from Negros island, who filed a petition for a writ of amparo. The court initially dismissed her petition. She was murdered while her appeal was being heard.

The Kabataan Partylist (KPL) is also preparing charges against Red-taggers targetting the youth. Red-tagging against KPL members and leaders were systematic and widespread in the university and high school forums launched by the military and NTF-Elcac. Its representative Raoul Manuel recalled the cases of red-tagging victims who were killed by soldiers, such as Chad Booc and Jurain Ngujo. A separate case against Red-taggers will be filed in behalf those abducted by the military, such as Jhed Tamano and Jonila Castro, Dyan Gumanao and Armand Dayoha, Eco Dangla and Jak Tiong, as well as activists Bazoo de Jesus and Dexter Capuyan who until now have not yet been surfaced.

Who are the top Red-taggers in the country?

Battalions and other military units of the Armed Forces of the Philippines and the Philippine National Police, as well as officers of the NTF-Elcac and the Anti-Terrorism Council, are primary Red-taggers. They have long been practicing Red-tagging but accelerated during the former Duterte regime until the current Marcos regime.

Some of the worst Red-taggers are senior officials and allies of Duterte, including Hermogenes Esperon Jr, Colonel Harold Cabunoc, Mocha Uson, Lorraine Badoy, Jeffrey Celiz, Apollo Quiboloy, Salvador Panelo, and many others.

The defamation by Duterte himself and his children Sara and Paolo are also brazen. During the 2022 election, then presidential candidate Panfilo Lacson and one of the representatives of Cavite, Jesus Remulla, also used this tactic.

Various military units conduct countless activities, forums and defamation dissemination and Red-tagging in the countryside. Even during the pandemic, these units, especially in Mindanao, were busy red-tagging, harassing and disbanding legitimate farmers' organizations. These same military units launched various "youth summits" in universities and peasant communities that were always anchored in the defamation of progressive institutions and open rural mass organizations.

These units work in tandem with traitors to the people such as Noel Legaspi, Joy Saguin, Kate Raca, Arian Ramos and several others who are

actively collaborating with the NTF-Elcac and the likes of Bato de la Rosa in the Senate.

There are also many Red-taggers in the barrio level up to the municipality. These include the likes of Rico Maca, Indigenous People Mandatory Representative of Surigao del Sur, local government officials and captains and members of barangay councils who openly collaborate with the military to oppress their constituents and deny AFP crimes in their respective areas.

In the social media realm, there are many accounts whose sole purpose is to red-tag, defame and spread disinformation against progressive organizations and individuals. There are paid and unpaid individuals who hide under fake names (trolls) who actively and consciously spread such disinformation.

## Pakikiisa para sa inarestong mga aktibista sa Kenya, ipinanawagan

Mayo 12, 2024

Nanawagan ang International League of People Struggles (ILPS)-Kenya ng suporta sa mga mamamayan sa buong mundo para sa inarestong mga tagapagtanggol sa karapatang-tao rito noong Mayo 8. Dalawampu't pitong myembro ng Mathare Social Justice Centre ang inaresto matapos salakayin ng pulis ang upisina nito.

Ang iligal na pang-aaresto ay kadugtong ng marahas na pambubuwag sa mga protesta ng mga maralita laban sa iligal na demolisyon sa kanilang

mga komunidad sa tabing ng pagsalba sa kanila sa malalang pagbaha.

"Ang mga pangyayari noong Mayo 8 sa Mathare ay malalang paglabag sa karapatang-tao at tampok na paalala sa sistematikong pang-aapi na dinaranas ng mga maralitang komunidad," ayon sa ILPS. "Imbes na tugunan ang kanilang mga hinaing, inatake, tinirgas at marahas na binuwag ang kanilang mapayapang protesta.

Ang Mathare Social Justice Centre ay isang organisasyong nakabase sa Mathare, isa sa pinakamalaking komunidad ng maralita sa Nairobi, kabisera ng Kenya. Ipinaglalaban ng institusyon ang mga karapatang-tao, partikular ng mga biktima ng ekstra-hudisyal na pamamaslang at sapilitang pagkawala sa Mathare. Nitong Abril, pinangunahan nito ang pagkundena sa estadong Kenyan sa isinagawa nitong malawakang demolisyon ng kabahayaan sa Mathare at iba pang maralitang komunidad sa harap ng matitinding pagbaha sa bansa.

Anito, sinira ng gubyerno ang kabuhayan ng milyun-milyong maralita, giniba ang kanilang mga bahay nang walang karampatang plano para sa relokasyon o inihandang lupa para sa mga apektadong pamilya. Libu-libong Kenyan ang ngayon ay nakatigil sa masisikip na evacuation center, paaralan at simbahan na wala o halos walang mga batayang pasilidad.

Binatikos ng institusyon ang kriminal na kapabayaan ng gubyernong Kenyan, at ang mga kasapakat nito na sunud-sunuran sa IMF at World

Bank. Anito, kolektibong nilabag ng mga nasa poder ang batayang karapatan ng mga Kenyan sa disenteng pabahay, pagkain, serbisyong pangkalusugan at sistema ng maiinom na tubig.

### [English Translation]

## Group seek solidarity for arrested activists in Kenya

Mayo 12, 2024

The International League of People Struggles (ILPS)-Kenya has called for global support for the arrested human rights defenders here last May 8. Twenty-seven members of the Mathare Social Justice Center were arrested after police raided its office.

The illegal arrests came after violent dispersals of protests by the urban poor against the illegal demolition of their communities in the guise of saving them from severe flooding.

“The events of May 8 in Mathare are a serious violation of human rights and a stark reminder of the systematic oppression suffered by poor communities,” according to ILPS. “Instead of addressing their grievances, their peaceful protest was attacked, tear-gassed and violently dispersed.”

The Mathare Social Justice Center is an organization based in Mathare, one of the largest urban poor communities in Nairobi, the capital of Kenya. The institution fights for human rights, particularly of victims of extra-judicial killings and

enforced disappearances in Mathare. This April, it led the condemnation of the Kenyan state for its widespread demolition of houses in Mathare and other urban poor communities in the face of severe flooding in the country.

They say the government destroyed the livelihoods of millions of poor people, demolishing their houses without proper plans for relocation or land for the affected families. Thousands of Kenyans are now stuck in overcrowded evacuation centers, schools and churches with little or no basic facilities.

The institution condemned the criminal negligence of the Kenyan government, and its accomplices in subservience to the IMF and the World Bank. It says those in power have collectively violated the basic rights of Kenyans to decent housing, food, health services and potable water systems.

## Pinakamalaking war games ng US na isasagawa sa Asia-Pacific, ipinahihinto

Mayo 13, 2024

Tinutulan ng iba't ibang organisasyon sa mga bansa sa Pacific ang RimPac war exercises na nakatakdang ilunsad ng US sa iba't ibang bahagi ng Asia at US mula Hunyo 29 hanggang Agosto 4. Kabilang sa mga tumututol dito ang mga organisasyong Pilipino na nakabase sa Hawaii, kung saan magaganap ang bulto ng war games.

Tinaguriang “pinakamalaking naval war games” sa buong mundo ang RimPac (Rim of the Pacific). Inilulunsad ito ng US kada dalawang taon mula sa hedkwarters ng US Indo-Pacific Command sa Hawaii. Para sa taong ito, dudumugin ang mga isla nito ng 42 barkong pandigma at karga nitong mga eroplanong pandigma, apat na submarino at puu-puong libong tropa mula sa 26 bansa—Australia, Brunei, Canada, Chile, Colombia, Denmark, Ecuador, France, Germany, India, Indonesia, Israel, Japan, Malaysia, Mexico, Netherlands, New Zealand, Peru, Republic of Korea, Philippines, Singapore, Sri Lanka, Thailand, Tonga, UK, at US).

Ang RimPac 2024 ay ika-29 mula nang una itong ilunsad noong 1971. Nagsimulang imbitahan dito ng US ang Pilipinas noong 2022.

Noong Abril 10, inilunsad ng CODEPINK, International Women’s Alliance, Bagong Alyansang Makabayan, at Resist US-Led War ang kampanyang Cancel Rimpac 2024. Nakatakdang maglunsad ang mga grupo ng mga pagkilos sa pagbubukas ng war games sa Hunyo.

“Ginagamit ng US ang RIMPAC para palakasin ang kapasidad ng 26 alyadong militar nito na maglunsad ng mga gerang agresyon sa iba’t ibang bahagi mundo sa gitna ng lumalaking posibilidad ng gera sa pagitan ng mga mayor na kapangyarihang militar,” pahayag ng Cancel Rimpac Campaign.

“Itinatakwil namin ang dambuhalang paggastos ng pondo para sa panunulsol ng gera habang

naghihirap ang sangkatauhan sa kasalatan ng pagkain, tubig at iba pang pangangailangan para mabuhay," ayon pa sa kampanya.

Gayundin, tumatabo ng bilyun-bilyong dolyar na kita ang mga kumpanya sa armas at langis sa Rimpac at iba pang war games kung saan itinatampok ang kanilang mga gawang armas at inilalako para bilhin ng mga alyado ng US.

Dagdag dito, paglabag sa soberanyang teritoryo ng Hawaii ang presensya ng militar ng US sa mga isla nito, laluna't ginagamit nito ang isla bilang "lunsaran ng mga gera sa hinarahap."

Malaki rin ang pinsalang dala ng RimPac sa ekolohiya at krisis sa klima sa Hawaii at buong Pacific Region, ayon sa mga tumututol dito. Ito ay dahil bahagi ng war games ang pagpapalubog ng mga barko gamit ang mga misayl na nagsasapanganib sa mga hayop sa dagat tulad ng mga humpback whale, dolphin at monk seal na nakatira sa mga isla ng Hawaii. Apektado kahit ang mga hayop sa mga baybayin kung saan isinasagawa ang mga "pagsalakay sa kalupaan." Nag-iiwan din ng mga toxic na basura ang mga sasakyang militar na gagamitin dito.

Bahagi ng Cancel RimPac Campaign ang mga organisasyong masa mula sa mga bansa at isla sa Pacific tulad ng Guåhan, Jeju Island, South Korea, Okinawa Island, Japan, Pilipinas, Northern Mariana Islands, Aotearoa (New Zealand), Australia, Hawaii at mainland US.

**[English Translation]**

## Various organizations call to halt largest US war games to be held in Asia-Pacific

Mayo 13, 2024

Various organizations in the Pacific countries have opposed the RimPac war exercises that the US is scheduled to launch in various parts of Asia and the US from June 29 to August 4. Among those opposing it are Filipino organizations based in Hawaii, where the bulk of the war games will take place.

RimPac (Rim of the Pacific) has been called the world’s “largest naval war games.” The US launches it every two years from the headquarters of the US Indo-Pacific Command in Hawaii. For this year, its islands will be inundated with 42 warships and the warplanes they carry, four submarines and tens of thousands of troops from 26 countries—Australia, Brunei, Canada, Chile, Colombia, Denmark, Ecuador, France , Germany, India, Indonesia, Israel, Japan, Malaysia, Mexico, Netherlands, New Zealand, Peru, Republic of Korea, Philippines, Singapore, Sri Lanka, Thailand, Tonga, UK, and US.

RimPac 2024 will be the 29th since it was first launched in 1971. The US started inviting the Philippines to the war game in 2022.

On April 10, CODEPINK, International Women’s Alliance, Bagong Alyansang Makabayan, and Resist US-Led War launched the Cancel Rimpac

2024 campaign. The groups are set to launch actions at the opening of the war games in June.

“The US is using RIMPAC to strengthen the capacity of its 26 military allies to launch wars of aggression in various parts of the world amid the growing possibility of war between major military powers,” the Cancel Rimpac Campaign stated.

“We reject the monstrous funds spending for warmongering while humanity suffers from the scarcity of food, water and other necessities of life,” according to the campaign.

Also, arms and oil companies profit billions of dollars from Rimpac and other war games where their weapons are showcased and peddled for purchase by US allies.

In addition, the presence of the US military in its islands is a violation of Hawaii’s sovereign territory, especially as it uses the island as a “launch pad for future wars.”

RimPac will also cause significant damage to the ecology and climate crisis in Hawaii and the entire Pacific Region, according to those opposing it. This is because the war games will include the sinking of ships using missiles that endanger marine animals such as humpback whales, dolphins and monk seals that live in the Hawaiian islands. Even the animals on the coasts where the “ground invasions” are carried out are affected. Military vehicles used here also leave behind toxic waste.

The Cancel RimPac Campaign consist of mass organizations from countries and islands in the Pacific such as Guåhan, Jeju Island, South Korea, Okinawa Island, Japan, Philippines, Northern Mariana Islands, Aotearoa (New Zealand), Australia, Hawaii and mainland US.

## Hustisya, sigaw ng mga biktima sa ika-9 anibersaryo ng sunog sa Kentex

Mayo 13, 2024

Nagsama-sama ang mga kaanak ng mga nasawi sa sunog at nakaligtas na mga manggagawa sa harap ng Kentex Manufacturing Corporation ngayong araw, Mayo 13 para muling manawagan ng hustisya. Hindi bababa sa 72 manggagawa ang namatay sa sunog noong Mayo 13, 2015 dahil hindi sila agad nakalabas sa mala-hawla na pagawaan nang sumiklab ang sunog sa loob nito. Nagmula ang sunog sa hindi maayos na pag-iimbak ng mga kemikal. Ang Kentex ay isang pagawaan ng tsinelas sa Valenzuela City.

Naglunsad ng maikling programa at nag-alay ng dasal ang mga nakaligtas at kaanak ng mga nasawi. Nakiisa at nakiramay sa kanila ang Kilusang Mayo Uno (KMU) at Labor Ministry-Diocese of Novaliches. Ibinahagi ni Ammied Rada, dating trabahante sa Kentex na pinabayaan sila ng may-ari ng pagawaan sa kabila ng mga pangako nitong tutulungan sila. Dalawa sa mga kapatid niya ang nasawi at isa ang nakaligtas sa trahedya.

Malaon nang naninindigan ang mga grupo sa paggawa na hindi simpleng aksidente ang

nangyari, taliwas sa pinalabas ng may-ari ng kumpanya. Anang mga manggagawa, ang sunog ay bunga ng paglabag ng Kentex sa batayang mga batas sa paggawa at Occupational Health and Safety Standards.

Sa halos isang dekada, walang napanagot at ipinawalang-sala pa ng mga korte ang mga may-ari ng kumpanya at mga upisyal ng gubyerno na nasangkot sa kapabayaan. Ibinasura ng Sandiganbayan noong Hunyo 2017 ang kaso ng graft at reckless imprudence laban kina Rexlon Gatchalian, noo'y mayor ng Valenzuela City, at dalawang iba pa.

Noong Setyembre 2020, ibinasura ng korte ang kasong reckless imprudence resulting in multiple homicides and injuries laban sa mga upisyal ng Bureau of Fire Protection (BFP) at pangkalahatang manedyer ng kumpanya na si Terrence King Ong. Nakatakas sila sa pananagutan sa kabila ng malinaw na mga paglabag sa karapatan ng mga manggagawa para sa ligtas na lugar sa paggawa.

Binatikos ng Kilos na Manggagawa ang kawalan ng hustisya para sa mga manggagawa ng Kentex maging ang pagiging notoryus nito sa mababang pasahod at malawakang kontraktwalisasyon sa pagawaan.

Napag-alaman naman ng mga manggagawa kamakailan na balak ibenta ang Kentex sa ibang kumpanya. Paniniwala ng mga manggagawa na taktika lamang ito para takasan ang pananagutan sa naganap na trahedya.

[English Translation]

## Victims clamor for justice on the 9th anniversary of the Kentex fire

Mayo 13, 2024

Relatives of the fire victims and survivors gathered in front of Kentex Manufacturing Corporation today, May 13 to once again call for justice. At least 72 workers died in a fire on May 13, 2015 when they failed to escape the cage-like factory immediately after fire broke out inside. The fire originated from improper storage of chemicals. Kentex is a footwear factory located in Valenzuela City.

The survivors and relatives of those who died launched a short program and offered prayers. The Kilusang Mayo Uno (KMU) and Labor Ministry-Diocese of Novaliches joined and sympathized with them. Ammied Rada, a former worker at Kentex, shared that the factory owner abandoned them despite his promises to help. Two of his brothers were killed and one survived the tragedy.

Labor groups have long maintained that the event was no simple accident, contrary to the company owner's claims. Workers say the fire was due to Kentex's violation of basic labor laws and Occupational Health and Safety Standards.

For almost a decade, no one has been held accountable and the courts even acquitted company owners and government officials accountable for the negligence. The

Sandiganbayan in June 2017 dismissed the case of graft and reckless imprudence against Rexlon Gatchalian, then mayor of Valenzuela City, and two others.

In September 2020, the court dismissed the case of reckless imprudence resulting in multiple homicides and injuries against Bureau of Fire Protection (BFP) officials and the company's general manager, Terrence King Ong. They escaped accountability despite clear violations of workers' rights for workplace safety.

The Kilos ng Manggagawa denounced the injustice Kentex workers suffered, even its notorious low wages and widespread contractualization in the factory.

Workers recently learned of the plan to sell Kentex to another company. They believe that this is just a tactic to escape responsibility for the tragedy that occurred.

## Mga dating upisyal ng rehimeng Duterte sa DoH at DBM, hinatulang maysala sa mga anomalya noong pandemya

Mayo 13, 2024

Pinatatanggal sa serbisyo publiko, pinaaatras ang mga benepisyo sa pagreretiro, at panghabampanahong pinagbawalang magtrabaho sa gubyerno sina Francisco Duque III, dating kalihim ng Department of Health (DOH), at Christopher Lao, dating Department of Budget

and Management (DBM) Undersecretary, ng rehimeng Duterte. Ang hatol na ito ay matapos idineklara silang maysala sa mga kasong grave misconduct at conduct prejudicial to the best interest of the service kaugnay ng mga anomalya sa paggastos ng pondo ng gubyerno noong pandemya.

Dagdag dito, inirekomenda rin ng Ombudsman ang pagsasampa ng kasong katiwalian laban sa kanila. Ibinatay ito sa maanomalyang paglilipat ng ₱41 bilyon mula sa DOH tungo sa Procurement Service ng DBM na kinasangkutan ng kumpanyang Pharmally noong panahon ng pandemya.

Suportado ng mga manggagawang pangkalusugan sa ilalim ng Alliance of Health Workers (AHW) at Health Alliance for Democracy (HEAD) ang naging hakbang ng Ombudsman. Ayon sa AHW, nararapat lang na panagutin ang mga sangkot na indibidwal at upisyal ng gubyerno sa mga anomalyang ito.

“Isang malaking ginhawa para sa aming mga manggawang pangkalusugan at mga pasyenteng naging biktima ng kriminal na kapabayaan ng DoH at administrasyong Duterte noong pandemyang Covid-19 ang atas ng Ombudsman na magsampa ng kasong katiwalian laban kay Duque at Lao,” pahayag ni Robert Mendoza, pambansang tagapangulo ng AHW.

Magsisilbi din umanong babala ang naturang kaso para sa mga nasa poder at iba pang upisyal ng gubyerno na mapapanagot sila sa kanilang mga

maling aksyon, laluna sa paggastos sa pondo ng bayan.

Mula nang nagsimula ang pandemyang Covid-19 sa bansa, kumaharap ng labis-labis na mga pagsubok at kahirapan ang mga manggagawang pangkalusugan. Kabilang dito ang kakulangan ng mga personal protective equipment (PPE), napakahahabang oras ng trabaho, at hindi sapat na sweldo. Hindi bababa sa 100 manggagawang pangkalusugan ang namatay dulot ng pandemya.

“Nagagalit kami, at hindi namin malilimutan na noong unang bugso ng pandemya sa bansa, marami sa aming hanay ang nahawa ng bayrus at ang iba pa nga ay namatay dahil sa kawalan ng maayos na kalidad na PPE, kawalan ng gamot at suplay medikal dahil sa kapabayaan at kainutilan ng DoH at administrasyong Duterte,” pahayag naman ni Cristy Donguines, isang nars at tagapangulo ng Jose R. Reyes Memorial Medical Center Employees Union-AHW. “Tapos malalaman namin na mayroong anomalya sa pondo,” dagdag niya.

Giit ng AHW, dapat papanagutin din ang DoH sa hindi tamang pamamahagi sa mga droga, gamot at suplay na inimbak lamang at pinabayaang masira ng ahensya sa mga warehouse nito. Dismayado ang grupo dahil pupwedeng nagamit at nakinabang dito ang mga pasyenteng nangangailangan ng libreng mga gamot at serbisyong pangkalusugan.

Liban kay Duque at Lao, nanawagan din ang HEAD na dapat isakdal at parusahan ang lahat ng

mga sangkot sa anomalyang ito kabilang na ang negosyanteng Chinese at tagapayo sa ekonomya ni Duterte na si Michael Yang at mismong si Rodrigo Duterte. “Ang mga upisyal ng gubyerno ay dapat na nagsisilbi, hindi ginagamit ang kanilang posisyon para sa sariling mga benepisyo,” ayon pa sa HEAD.

**[English Translation]**

## Ombudsman convicts former Duterte regime officials in the DoH and DBM anomalies during the pandemic

Mayo 13, 2024

Francisco Duque III, former secretary of the Department of Health (DOH), and Christopher Lao, former Department of Budget and Management (DBM) Undersecretary, both under the Duterte regime, were dismissed from public service, their retirementbenefits forfeited and perpetually disqualified from re-entering government service. This decision came after they were found guilty of the charges of grave misconduct and conduct prejudicial to the best interest of the service in relation to the anomalies in the spending of government funds during the pandemic.

In addition, the Ombudsman also recommended the filing of corruption charges against them. This is based on the anomalous transfer of ₱41 billion from the DOH to the Procurement Service of the DBM involving the company Pharmally during the pandemic.

Health workers under the Alliance of Health Workers (AHW) and Health Alliance for Democracy (HEAD) supported the Ombudsman’s move. AHW says individuals and government officials involved in these anomalies should be held accountable.

“The order of the Ombudsman to file corruption charges against Duque and Lao is a great relief for our health workers and patients who were victims of the criminal negligence of the DoH and the Duterte administration during the Covid-19 pandemic,” Robert Mendoza, AHW national chairman, said.

He said that the case will also serve as a warning for those in power and other government officials that they will be held accountable for their wrong actions, especially in spending public funds.

Since the beginning of the Covid-19 pandemic in the country, health workers have faced extreme trials and difficulties. These include personal protective equipment (PPE) shortage, extremely long work hours, and insufficient wages. At least 100 health workers died as a result of the pandemic.

“We are furious, and we will not forget that when the pandemic first hit the country, many of our ranks were infected with the virus and others even died due to lack of proper quality PPE, lack of medicine and medical supplies because of the negligence and incompetence of the DoH and the Duterte administration,” said Cristy Donguines, a nurse and president of the Jose R. Reyes Memorial

Medical Center Employees Union-AHW. “Then we discover an anomaly in the funding,” she added.

AHW demands holding the DoH accountable for the improper distribution of drugs, medicine and supplies that the agency only hoarded and allowed to expire in its warehouses. The group is exasperated because these could have benefited patients who were then in dire need of free medicine and health services.

In addition to Duque and Lao, HEAD also called for the prosecution and punishment of all those involved in this anomaly, including the Chinese businessman and economic adviser to Duterte, Michael Yang, and Rodrigo Duterte himself. “Government officials should be serving, not using their position for personal benefits,” according to HEAD.

## Organisador ng mga tsuper at opereytor sa Davao City, sinisindak ng militar

Mayo 13, 2024

Kinundena ng Transmision-Piston, grupo ng mga tsuper at opereytor sa Southern Mindanao, ang pananakot at panggigipit ng mga pwersa ng estado laban sa isa sa mga organisador nito noong nakaraang linggo. Sa ulat ng grupo, isang nagngangalang Danilo Amit at tatlo pang indibidwal na nagpakilalang mga ahente ng 10th ID ang nagpunta sa bahay ng organisador nitong si Ricardo Baron, 71, sa Agdao, Davao City noong

Mayo 9. Dalawang oras siyang “kinausap” ng mga ahente ng estado.

Ayon sa grupo, pinilit ni Amit si Baron na “sumuko” at sinabing nakalista ang pangalan niya sa isang “masterlist” ng militar. Kasama niya ang iba pang mga kilalang lider-manggagawa sa rehiyon sa masterlist na ito. Ipinailalim din siya sa interogasyon kaugnay ng kanyang mga kasalukuyang aktibidad at inalam ang bahay at tinutuluyan ng mga kapwa kasapi ng Transmision-Piston at mga lider ng Kilusang Mayo Uno-Southern Mindanao. Kinuhanan pa siya ng litrato ng mga ahente.

Ayon sa Transmision-Piston, nag-organisa at nagkoordina si Baron ng mga kampanya laban sa kontra-mahirap na Davao Bus Project na magreresulta sa pag-phaseout ng mga public utility jeepney (PUV) sa syudad.

Naniniwala ang grupo na ang panggigipit at pagpapatahimik na ito ng 10th ID ay kadugtong ng kontra-insurhensyang kampanya ng National Task Force-Elcac na tumutugis sa mga lider-masa, mga kritiko at nagsasalita laban sa gubyerno.

Nangangamba ang grupo para sa kaligtasan ni Baron at iba pang mga kasapi nito, laluna sa naging kaso ng pagdukot ng 48th IB sa organisador ng manggagawa na si William Lariosa noong Abril 10 sa Barangay Butong, Quezon, Bukidnon. Bago dukutin, matagal na pinag-initan ng militar si Lariosa at kanyang pamilya.

**[English Translation]**

## Military intimidates organizer of drivers and operators in Davao City

Mayo 13, 2024

Transmision-Piston, a group of drivers and operators in Southern Mindanao, condemned state forces for intimidating and harassing one of its organizers last week. The group reported that a certain Danilo Amit and three other individuals who identified themselves as agents of the 10th ID went to the house of its organizer Ricardo Baron, 71, in Agdao, Davao City on May 9. They “talked” to him for two hours.

The group said Amit forced Baron to “surrender” and said his name was listed in a military “masterlist.” Other prominent labor leaders in the region were also on this masterlist. He was also interrogated regarding his current activities and the addresses of his fellow members of Transmision-Piston and leaders of Kilusang Mayo Uno-Southern Mindanao. The agents even took pictures of him.

Transmision-Piston said Baron organized and coordinated campaigns against the anti-poor Davao Bus Project that will result in the phaseout of public utility jeepneys (PUVs) in the city.

The group believes that this repression and silencing by the 10th ID is in conjunction with the counter-insurgency campaign of the National Task Force-Elcac which is targeting mass leaders, critics and anti-government individuals.

The group fears for the safety of Baron and its other members, especially after the 48th IB's abduction of labor organizer William Lariosa on April 10 in Barangay Butong, Quezon, Bukidnon. Before the abduction, the military have been intimidating Lariosa and his family.

## Mga lider-kabataan sa Cavite at Negros Occidental, ginigipit ng AFP

Mayo 14, 2024

Kinundena ng mga grupo ng kabataan at tagapagtanggol ng karapatang-tao sa Cavite at Negros Occidental ang pangggipit at pagmamanman ng mga pwersa ng estado sa dalawang lider-kabataan sa naturang mga prubinsya. Ang dalawa ay walang-batayang pinararatangang may kaugnayan sa armadong rebolusyonaryong kilusan.

Sa ulat ng Karapatan-Cavite, pinuntahan ng mga ahente ng National Task Force (NTF)-Elcac ang bahay ni Paolo Tarra, estudyante sa De la Salle University-Dasmariñas (DLSU-D) at tagapagtanggol ng karapatang-tao sa prubinsya, noong Mayo 3 sa Trece Martires City. "Kinausap" ng mga ahente ng NTF-Elcac ang mga magulang ni Tarra at ipinakita sa kanila ang mga larawan ni Tarra habang lumalahok sa mga pagkilos.

Namilit din ang mga ahenteng militar na kausapin nang personal si Tarra sa pagdadahilang nangangamba silang "mamundok" ang lider-estudyante. Nagbabala pa ang mga ito na muli

nilang babalikan ang pamilya para muli silang kausapin at papipirmahin ng ilang dokumento.

Una nang hinaras at tinakot ang pamilyang Tarra noong Pebrero nang pumunta ang mga ahenteng militar na nagpakilala bilang mga “reservist.” Ayon pa sa ulat, pilit inaalam ng mga ito sa mga magulang ni Tarra ang kanyang personal na impormasyon at mga dokumentong pribado tulad ng birth certificate, mga litrato, diploma at iba pa.

Si Tarra ay kasalukuyang koordineytor ng Coalition of Concerned Lasallians (CCL) sa DLSU-D. Isa siya sa mga nangunguna sa mga kampanyang para sa demokratikong karapatan at kagalingan ng mga estudyante sa unibersidad. “Sa murang edad ng 20 taon, mulat at aktibo siyang umaambag sa pagtataguyod ng karapatang-tao ng mamamayan ng Cavite at iba pang bahagi ng rehiyon ng Timog Katagalugan,” ayon sa Karapatan-Cavite.

Sa Negros Occidental, hinaras at tinakot din ng mga pwersa ng estado ang pamilya ni Florence Guzon, pangkalahatang kalihim ng Kabataan Partylist sa Negros Island, noong Abril 25 sa kanilang tinutuluyan sa Talisay City. Ayon sa mga ulat, iligal na nanghingi ng personal na impormasyon ang mga ahente ng estado mula sa kanyang ina. Inalam din nila ang kanyang kinaroonan at aktibidad.

“Dagdag pa, si Guzon ay nired-tag ng mga pwersa ng estado at pinalalabas na may kaugnayan sa Bagong Hukbong Bayan (BHB), isang akusasyon na parehong hindi totoo at walang-batayan,”

pahayag ng Kabataan Partylist-Negros. Pumasok pa ang mga sundalo sa kwarto ni Guzon at hinalughog ang kanyang personal na mga gamit.

“Ang mga aksyong ito ng mga pwersa ng estado ay malinaw na paglabag sa mga karapatan pang-konstitusyon ni Guzon. Nagdulot na rin ito ng labis na pagkabahala, hindi lamang sa kanya, kundi maging sa kanyang pamilya,” ayon pa sa grupo.

Liban sa pamumuno sa Kabataan Partylist sa isla, si Guzon ay isa ring kilalang lider-estudyante at mamamahayag pangkampus sa Carlos Hilado Memorial State University.

Ang panggigipit, pananakot at Red-tagging sa dalawang lider-kabataan ay lantarang paglabag sa isang desisyon ng Korte Suprema noong Hulyo 4, 2023. Ayon sa desisyon na isinapubliko lamang noong Mayo 8, ang Red-tagging o ang malisyosong pag-ugnay sa mga sibilyan sa armadong kilusan, ay banta sa buhay, kalayaan at seguridad ng target na mga biktima. Ang desisyon ay kaakibat sa pinaburang petisyon para sa writ of amparo ni Siegfred Deduro, dating kinatawan ng Bayan Muna Party-list.

**[English Translation]**

## AFP harasses youth leaders in Cavite and Negros Occidental

Mayo 14, 2024

Youth groups and human rights defenders in Cavite and Negros Occidental condemned state forces for harassing and surveilling two youth

leaders in said provinces. The two are baselessly accused of being linked to the armed revolutionary movement.

The Karapatan-Cavite report said National Task Force (NTF)-Elcac agents went to the house of Paolo Tarra, student at De la Salle University-Dasmariñas (DLSU-D) and human rights defender in the province, last May 3 in Trece Martires City. NTF-Elcac agents “talked” to Tarra’s parents and showed them pictures of Tarra participating in mass actions.

The military agents also forcefully insisted on talking to Tarra personally on the pretext that they fear the student leader would “join the revolution.” They even threatened returning to the family to talk to them again and force them to sign some documents.

The Tarra family was first harassed and intimidated in February when military agents posing as “reservists” came. The report said they forcefully interrogated Tarra’s parents of his personal information and private documents such as birth certificate, photographs, diploma and others.

Tarra is currently the coordinator of the Coalition of Concerned Lasallians (CCL) at DLSU-D. He is one of the leaders in the campaigns for the democratic rights and well-being of university students. “At the young age of 20, he consciously and actively contributes to promoting the human rights of the people of Cavite and other parts of

the Southern Tagalog region," Karapatan-Cavite said.

In Negros Occidental, state forces also harassed and intimidated the family of Florence Guzon, Kabataan Partylist general secretary in Negros Island, on April 25 at their residence in Talisay City. Reports said state agents illegally sought personal information from his mother. They also interrogated about his whereabouts and activities.

"Furthermore, state forces red-tagged Guzon and claimed as having ties with the New People's Army (NPA), an accusation that is both false and baseless," Kabataan Partylist-Negros said. The soldiers even entered Guzon's room and searched his personal belongings.

"These actions by state forces clearly violate Guzon's constitutional rights. It also caused a lot of anxiety, not only to him, but also to his family," according to the group.

Aside from leading the island's Kabataan Partylist, Guzon is also a prominent student leader and campus journalist at Carlos Hilado Memorial State University.

The harassment, intimidation and Red-tagging of the two youth leaders is a clear violation of a Supreme Court decision on July 4, 2023. According to the decision only made public on May 8, the Red-tagging or the malicious association of a civilian in the armed movement, is a threat to the life, liberty and security of the target victims. The decision is related to the

dismissed petition for writ of amparo by Siegfred Deduro, former representative of the Bayan Muna Party-list.

## Mga magsasaka at residenteng inagawan ng 73-ektaryang lupa sa Pampanga, nagpiket sa DAR at Kongreso

Mayo 14, 2024

Nagpiket ang mga magsasaka at residenteng kasapi ng Anunas United Farmers and Homeowners Association (AUFHA) mula sa Sityo Balubad, Barangay Anunas, Angeles City, Pampanga sa Department of Agrarian Reform (DAR) at House of Representatives sa Quezon City noong Mayo 13 at 14. Ipinanawagan nila ang pagbawi sa 73-ektaryang lupa sa Sityo Balubad na kinamkam ng Clark Hills Properties Corporation.

Ang piket ng AUFHA sa pambansang upisina ng DAR ay kasunod ng kanilang isinagawang dayalogo kasama ang mga upisyal ng ahensya noong Mayo 13. Inireklamo nila ang pang-aagaw ng lupa ng pribadong korporasyong Clark Hills sa kabila ng hawak ng mga residente na certificate of land ownership award (CLOA) at resibo ng buong kabayaran nito sa Landbank of the Philippines. Nagpiket sila ngayong araw sa House of Representatives kasabay ng paghahain ng grupong Makabayan ng resolusyon para paimbestigahan ang marahas na demolisyon sa kanilang komunidad.

Naapektuhan ng demolisyon at pangangamkam ng lupa ang mahigit 500 kabahayan o tinatayang 2,000 residente. Liban dito, pinangangambahan ding maapektuhan ng pangangamkam at demolisyon ang katabing mga barangay ng Cuayan at Sapangbato.

Noong Marso, tuluyang napalayas sa kanilang mga lupa ang mga residente matapos ang serye ng marahas na mga demolisyon. Sa mga operasyong ito, pitong residente ang nasugatan noong Marso 12 sa walang-patumanggang pamamaril ng mga pulis kasabay ng pagbuwag sa barikada ng mga residente ng 500 pinagsanib na mga pulis at maton ng Clark Hills. Maging ang mga mamamahayag sa lugar ay dinahas ng mga pwersang panseguridad.

Dati nang ipinahayag ng Alyansa ng mga Magbubukid sa Gitnang Luson (AMGL), panrehiyong balangay ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas, na ang pangangamkam ng lupa sa Sityo Balubad ay bahagi ng mga agresibong proyektong "pangkaunlaran" sa buong prubinsya ng Pampanga at maging sa Central Luzon na para lamang sa ganansya ng iilan. Anila, bahagi ito ng grandyosong planong Greater Capital Region na inilalako ng mga negosyante at mayayaman.

**[English Translation]**

## Farmers and residents victims of 73-hectare land grabbing in Pampanga picket DAR and Congress

Mayo 14, 2024

Farmers and resident members of the Anunas United Farmers and Homeowners Association (AUFHA) from Sityo Balubad, Barangay Anunas, Angeles City, Pampanga picketed in front of the Department of Agrarian Reform (DAR) and the House of Representatives in Quezon City on May 13 and 14. They urged that the 73-hectare land in Sitio Balubad that was seized by the Clark Hills Properties Corporation be returned to them.

AUFHA’s picket at the DAR national office followed their dialogue with the agency’s officials on May 13. They objected to the land grabbing by the private corporation Clark Hills despite the residents having certificates of land ownership award (CLOA) and receipts from the Land Bank of the Philippines showing that they have paid in full. They picketed today at the House of Representatives at the same time the Makabayan group was filing a resolution to investigate the violent demolition in their community.

More than 500 households or approximately 2,000 residents were affected by the demolition and land grabbing. Apart from this, land grabbing and demolition also loom in the adjacent barangays of Cuayan and Sapangbato.

In March, residents were evicted from their lands after a series of violent demolitions. These operations injured seven residents on March 12 in an unprovoked indiscriminate police firing while the residents’ barricade was being dismantled by 500 combined policemen and thugs of Clark Hills. Security forces assaulted even journalists who were in the area.

The Alyansa ng mga Magbubukid sa Gitnang Luson (AMGL), the regional branch of the Kilusang Magbubukid ng Pilipinas, previously stated that the land grabbing in Sitio Balubad is part of aggressive “development” projects in the entire province of Pampanga and even in Central Luzon which benefit only a few. They said this is part of the grandiose Greater Capital Region plan being peddled by business and the rich.

## Pagtatayo ni Marcos ng “espesyal na komite” para sa karapatang-tao, binatikos

Mayo 14, 2024

Binatikos ng mga organisasyon sa karapatang-tao ang pagtatayo ni Ferdinand Marcos Jr ng Special Committee on Human Rights Coordination sa bisa ng Administrative Order No. 22 noong Mayo 8. Alinsunod sa kautusan, magsisilbing “taga-koordina” sa mga usapin sa karapatang-tao ang ang komite na bubuuin ng mga upisyal mula sa Department of Justice, Department of Foreign Affairs, Department of the Interior and Local Government at Presidential Human Rights Committee.

“Gaano pa man karami ang itatayong mga komite o task force…walang tunay na pagbabago sa kalagayan ng karapatang-tao kung hinahayaang magpatuloy ang pang-aabuso nang walang pananagutan,” ayon sa National Union of People’s Lawyers.

Tinawag ng Karapatan ang hakbang ni Marcos bilang "desperadong pagtatangka para bihisan ang malalalang kalagayan ng karapatang-tao sa bansa." Kinutya nito ang "komite" na walang gagawin kundi "koordinasyon." Wala itong magagawa, tulad nang walang nagawa ang Inter-Agency Committee na itinayo sa bisa ng AO No. 35 para resolbahin ang mga ekstrahudisyal na pamamaslang, pagkawala, tortyur at iba pang malalalang paglabag sa karapatang-tao, anito.

Isa pang "task force" ang ginawa ni Marcos para imbestigahan ng mga paglabag sa karapatan ng mga manggagawa sa bisa ng Executive Order No. 23. Wala pa itong nagagawa mula nang itayo ito noong nakaraang taon.

"Ang mga pormasyong ito ay palamuti lamang para patahimikin ang tumitinding galit sa loob at labas ng bansa laban sa dumaraming mga paglabag sa mga karapatang sibil at pulitikal sa Pilipinas, at pagtakpan ang reyalidad ng pananagutan ng estado para sa mga ekstra-hudisyal na pamamaslang at iba pang malalalang paglabag sa karapatang-tao at internasyonal na makataong batas," ayon sa grupo.

**[English Translation]**

## Rights organizations condemn Marcos for establishing a "special committee" for human rights

Mayo 14, 2024

Human rights organizations condemn Ferdinand Marcos Jr. for establishing the Special Committee

on Human Rights Coordination by virtue of Administrative Order No. 22 on May 8. Pursuant to the order, the committee will serve as "coordinator" in human rights matters and will be composed of officials from the Department of Justice, Department of Foreign Affairs, Department of the Interior and Local Government and Presidential Human Rights Committee.

"Regardless of how many committees or task forces are created…there will be no genuine improvement in the human rights situation if abuses are allowed to persist with impunity," according to the National Union of People's Lawyers.

Karapatan called Marcos' move a "a desperate attempt to window-dress the grave human rights situation in the country." It ridiculed the "committee" as tasked with nothing but "coordination." It is useless, just as useless as the Inter-Agency Committee set up pursuant to AO No. 35 supposedly to resolve extrajudicial killings, disappearances, torture and other serious human rights violations, it said.

Marcos created another "task force" to investigate violations of workers' rights by virtue of Executive Order No. 23. It hasn't done anything since it was established last year.

"These bodies are mere embellishments meant to appease the growing indignation here and abroad against the escalating violations of civil and political rights in the Philippines and gloss over the reality of state responsibility for the

extrajudicial killings and other gross human rights and international humanitarian law violations," Karapatan said.

## Pamamahagi ng tulong sa mga magsasakang apektado ng tagtuyot, isinagawa sa Bulacan

Mayo 14, 2024

Sa harap ng inutil na pagtugon ng rehimeng Marcos sa pananalasa ng tagtuyot ngayong panahon ng El Niño, nagtulung-tulong ang mga demokratikong organisasyon at sektor para umagapay sa mga magsasakang apektado ng tagtuyot sa Bulacan. Namahagi ng tulong na pagkain at iba pang pangunahing pangangailangan ang Sagip Kanayunan, Youth Action on El Niño Network, Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) at iba pang mga samahan.

Hindi bababa sa 210 pamilyang magsasaka at manggagawang-bukid mula sa Calumpit, Plaridel at Malolos ang nakatanggap ng tulong. Sinalubong ang mga organisasyon ng maiksing programa sa mga komunidad sa pangunguna ng mga lokal na lider-magsasaka at dumalo maging ang ilang mga upisyal ng barangay.

Sa konserbatibong taya ng Department of Agriculture (DA), umabot na sa ₱6.35 bilyon ang pinsalang dulot ng tagtuyot kung saan pinakamataas ang sa sektor ng palay na ₱3.3 bilyon. Apektado ng salanta ang may 112,000 ektaryang lupang pang-agrikultura kung saan tuluyang napinsala ang aabot sa 30% nito.

Sa buong Central Luzon, nasa 20,300 pamilya lamang ang sinasabi ng Department of Social Welfare and Development (DWSD) na sinalanta ng tag-init at tagtuyot. Ayon sa ahensya, 1,071 pamilya lamang ang nangangailangan ng tulong sa Bulacan. Napakaliit na nga ng kanilang bilang, tanging Capas, Tarlac pa lamang ang binigyan ng gubyerno ng tulong ayon sa huling ulat ng ahensya noong Mayo 11.

Sa pamamahagi ng tulong ng mga progresibong organisasyon, ibinahagi ng mga magsasaka ng Bulacan ang paghihirap na kanilang kinahaharap dulot ng mainit na panahon. Anila, ang kawalan ng akses sa maayos at sapat na pasilidad sa irigasyon ang nagpatindi sa epektong dinaranas nila ngayong El Niño. Sa isang barangay pa umano sa Calumpit, bukod sa tagtuyot ay naperwisyo sila ng pagpasok ng tubig-alat sa kanilang taniman na sumira sa kanilang ani.

Inilarawan ni Ka Danilo Ramos, tagapangulo ng KMP, ang kanilang aktibidad sa mga komunidad bilang “pagdadamayan ng mga magsasaka.” Ang mga nalikom na suporta at tulong ay mula mismo sa kolektibong pagsusumikap ng mga samahang magbubukid at alyado nila para makaagapay sa higit na nangangailangan ngayon.

Samantala, mayroon ding nalikom na tulong ang mga grupo para sa mga magsasaka at apektadong sektor sa Occidental Mindoro. Katuwang nila sa ilulunsad na aktibidad ang Southern Tagalog Serve The People Volunteer Corps.

Dagdag pangamba naman ngayon sa mga magsasaka at masang anakpawis ang posibilidad ng penomenong La Niña, na inaasahan ding maghahatid ng mas malaking perwisyo.

### [English Translation]

## Democratic organizations distribute aid to farmers affected by drought in Bulacan

Mayo 14, 2024

Amid the Marcos regime's incompetent response to the drought's ravages brought by El Niño, democratic organizations and sectors banded together to help Bulacan farmers affected by the drought. Sagip Kanayunan, Youth Action on El Niño Network, Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) and other organizations distributed food aid and other basic needs.

At least 210 farming families and farm workers from Calumpit, Plaridel and Malolos received assistance. The organizations were greeted with a short program in the communities led by local farmers-leaders and even some barangay officials attended.

In a conservative estimate by the Department of Agriculture (DA), the damage caused by the drought has reached ₱6.35 billion, the rice sector being the highest at ₱3.3 billion. The disaster affected 112,000 hectares of agricultural land, with 30% completely damaged.

Throughout Central Luzon, the Department of Social Welfare and Development (DWSD) says only 20,300 families have been ravaged by the summer and drought. The agency said only 1,071 families need assistance. On top of the deliberate underestimation, the government only gave aid to Capas, Tarlac according to the agency's last report on May 11.

When progressive organizations distributed aid, Bulacan farmers shared the hardship they are facing due to the hot weather. They said the lack of access to proper and adequate irrigation facilities intensified the impact they are suffering this El Niño. In another barangay in Calumpit, apart from the drought, their fields were affected by the intrusion of sea water destroying their crops.

Ka Danilo Ramos, KMP chairman, described their actions in the communities as "solidarity with the farmers." The collected support and aid comes directly from the collective efforts of the farming organizations themselves and their allies to support those who are most in need today.

Meanwhile, groups have also gathered aid for farmers and affected sectors in Occidental Mindoro. The activity was launched in partnership with the Southern Tagalog Serve The People Volunteer Corps.

The possibility of the La Niña phenomenon, also expected to bring even greater damage, is an added fear among farmers and the toiling masses.

## Paparaming bansa ang sumasali sa kasong henosidyo laban sa Israel

Mayo 14, 2024

Inianunsyo ng Egypt noong Mayo 12 na pormal itong sasali sa kasong henosidyo na isinampa ng South Africa laban sa Zionistang Israel sa International Court of Justice (ICJ). Inihabla ng South Africa ang Israel noong Enero dulot ng mga paglabag sa mga pananagutan nito sa ilalim Genocide Convention sa malawakang pambobomba at panggegera nito sa Gaza. Noon ding Enero, kinilala ng ICJ na "mayroong risgo ng henosidyo sa engklabo" at inutusan ang Israel na gumawa ng "serye ng mga probisyunal na hakbang, kabilang ang pagpigil sa mga akto ng henosidyo."

Ang pagsali ng Egypt sa nakasampa nang kaso ay itinulak ng "lalong sumasahol at papalawak na mga atake ng Israeli laban sa mga sibilyang Palestino sa Gaza Strip, at pagpapatuloy ng sistematikong gawi laban sa mamamayang Palestino, kabilang ang tahasang pagtarget sa mga sibilyan at pagwasak sa imprastraktura sa (Gaza) Strip, at pagtulak sa mga Palestino na lisanin (ito)," ayon sa upisyal sa ugnayang panlabas ng Egypt. Tahasan nitong hinamon ang kawalang pakundangan ng Israel at pinanagot ito sa mga paglabag sa internasyunal na makataong batas at karapatang-tao laban sa mga Palestino. Ang hakbang na ito ng Egypt ay malugod na tinanggap ng Hamas na syang namamahala sa Gaza.

Tinawag ng mga eksperto na “unprecedented” o hindi pa nangyayari sa kasaysayan ang pormal na pagsali ng Egypt sa asunto dahil sa relasyong diplomatiko sa pagitan ng dalawang bansa. Ang Egypt ang unang bansang Arabo na nakipagkasundo sa Israel noong 1979.

Ang pagsali ng Egypt ay lalong nagpabigat sa kasong henosidyo laban sa Israel. Bago ito, pormal ding naghapag ng pagsali sa kaso ang Colombia, Libya, Bolivia, Nicaragua at Turkey. Gumagawa na ng mga hakbang ang Ireland at Belgium sa kani-kanilang mga bansa para pormal ding sumali sa pagpapanagot sa Israel. Nagpahayag naman ng suporta sa kaso ang Jordan at Arab League.

Sa isang hiwalay na aplikasyon, kinasuhan ng Nicaragua sa ICJ ang Germany sa pagsuporta nito sa henosidyo ng Israel. Ang Germany at US ang tanging mga bansang sumusuporta sa Israel sa korte.

**[English Translation]**

## More countries join genocide case against Israel

Mayo 14, 2024

Egypt announced on May 12 that it will formally join the genocide case filed by South Africa against Zionist Israel at the International Court of Justice (ICJ). South Africa filed the case against Israel in January over violations of its obligations under the Genocide Convention over its massive bombing and war in Gaza. On the same month, the ICJ recognized that “there was a plausible risk of

genocide in the enclave” and ordered Israel to take “a series of provisional measures, including preventing any genocidal acts from happening.”

“The worsening severity and scope of Israeli attacks against Palestinian civilians in the Gaza Strip, and the continued perpetration of systematic practices against the Palestinian people, including direct targeting of civilians and the destruction of infrastructure in the Strip, and pushing Palestinians to flee” prompted Egypt to participate in the lawsuit, according to the Egyptian foreign relations official. It openly challenged Israel’s insolence and held it accountable for violations of international humanitarian law and human rights against the Palestinians. Egypt’s move was welcomed by Hamas, the governing entity in Gaza.

Experts called Egypt’s formal participation in the affair “unprecedented” due to diplomatic relations between the two countries. Egypt was the first Arab country to make peace with Israel in 1979.

Egypt’s participation increased the gravity of the genocide charge against Israel. Before this, Colombia, Libya, Bolivia, Nicaragua and Turkey also formally requested to join the case. Ireland and Belgium are already taking steps in their respective countries to formally join in holding Israel accountable. Jordan and the Arab League expressed support for the case.

In a separate application, Nicaragua sued Germany in the ICJ for its support of the Israeli

genocide. Germany and the US are the only countries supporting Israel in the court.

## Imbestigasyon kaugnay ng El Niño sa Ilocos Norte, ginipit ng mga pulis

Mayo 15, 2024

Arbitraryong kinumpiska ng lokal na pulis ang mga questionnaire ng Alyansa ng mga Magsasaka sa Ilocos Norte (AMIN) na nag-aalam sa kalagayan ng komunidad ngayong panahon ng El Niño sa Barangay Puzol, Pinili noong Mayo 10. Ayon sa AMIN, nagpunta ang mga upisyal ng pulis na sina PSSG Russel A. Si Cabie at Francis Tabladillo sa bahay ng isang residente ng barangay kung saan kinumpiska ang mga dokumento.

Kinundena ng AMIN ang panunupil ng mga pulis sa aktibidad at mga residente sa naturang barangay. Giit nila, nais lamang nilang alamin ang saklaw ng epekto ng tagtuyot at tag-init ngayong panahon ng El Niño.

“Malinaw na isa itong porma ng harassment, kung saan ang sariling mga inisyatibo ng mga mamamayan ay pinigilan ng pulisya,” ayon sa grupo. Lantarang pakikialam at pagkubabaw din umano ito sa awtoridad ng lokal na mga upisyal ng barangay na kaugnayan ng mga magsasaka.

“Kaya tinatanong namin ang Pinili Municipal Police, bakit ba pinigilan ninyo ang mga inisyatibo ng mga magsasaka ng Pinili?!” galit nilang tanong. Panawagan nilang itigil na ng pulis at armadong pwersa ng estado ang anumang porma

ng panunupil sa kanilang mga demokratikong aktibidad laluna ang pagtutulungan ngayong panahon ng El Niño.

Sa konserbatibong tala ng gubyerno, hindi bababa sa 11,815 pamilya sa 178 barangay ng 20 bayan at syudad ang apektado ng tag-init at tagtuyot sa Ilocos Norte. Nakapailalim ang dalawang bayan ng prubinsya sa "state of calamity."

Sa buong bansa, umabot na sa ₱6.35 bilyon ang pinsalang dulot ng tagtuyot kung saan pinakamataas ang sa sektor ng palay na ₱3.3 bilyon. Apektado ng salanta ang may 112,000 ektaryang lupang pang-agrikultura kung saan tuluyang napinsala ang aabot sa 30% nito.

**[English Translation]**

## Police harass investigation related to El Niño in Ilocos Norte

Mayo 15, 2024

The local police arbitrarily confiscated questionnaires distributed by the Alliance of Farmers in Ilocos Norte (AMIN) which inquired about the condition of the community during this El Niño season in Barangay Puzol, Pinili on May 10. AMIN said police officers PSSG Russel A. Cabie and Francis Tabladillo entered a resident's house to confiscate the documents.

AMIN condemned the police for blocking the activity and residents in the said barangay. The group said the questionnaires only aimed to

investigate the impact of drought and hot weather this season of El Niño.

“This is clearly a form of harassment, where police suppress citizens’ initiatives,” the group said. It said this is blatant interference and usurpation of the authority of the local barangay officials to coordinate with the farmers.

“So we ask the Pinili Municipal Police, why did you stop the initiatives of the Pinili farmers?!” they asked. They demanded that the state’s police and armed forces stop all forms of repression in their democratic activities, especially their collective cooperation during the El Niño season.

Conservative government estimates said at least 11,815 families in 178 barangays of 20 towns and cities are affected by the dry season and drought in Ilocos Norte. The two provincial towns are under a “state of calamity.”

Nationwide, the damage caused by the drought has reached ₱6.35 billion, with the rice sector being hit the most with ₱3.3 billion in damages. The calamity affected 112,000 hectares of agricultural land, with 30% completely damaged.

## Buntis na katutubong Dumagat-Remontado, pinagbabaril at inaresto ng militar sa Aurora

Mayo 16, 2024

Pinaulanan ng bala ng mga sundalo ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ang kubo na tinutuluyan ng 4-buwang buntis na si Manilyn dela

Cruz at kanyang mga kaanak sa Sityo Pinamaypayan, Barangay Umiray, Dingalan, Aurora noong Abril 21.

Nasugatan sa pamamaril si dela Cruz habang tumatakbo para makaiwas matamaan. Pinalalabas ng militar na isang engkwentro sa Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang insidente. Si dela Cruz ay isang Dumagat-Remontado na tubong Tanay, Rizal.

Matapos ang ng palabas na engkwentro, inaresto si de la Cruz ng mga sundalo at sinampahan ng patung-patong na kaso kabilang ang panununog, tangkang pagpatay, direct assault with multiple murder, at bigong pagpatay. Inaakusahan siyang kasapi ng BHB.

Kinundena ng National Democratic Front (NDF)-Southern Tagalog ang walang pakundangang pamamaril ng mga sundalo at arbitraryong pag-aresto kay dela Cruz. Ayon kay Ka Patnubay de Guia, tagapagsalita ng NDF-ST, hindi makatarungan ang patuloy na pagbibimbin ng mga sundalo kay de la Cruz.

Ang pagtarget ng militar sa isang sibilyan, higit lalo sa isang buntis na katulad ni dela Cruz, ay malubhang paglabag sa internarsyunal na makataong batas, mga batas ng digma at iba pang internasyunal na deklarasyon na nagbibigay ng espesyal na mga proteksyon sa mga sibilyan at hindi kombatant saan man may armadong sigalot.

Partikular na tinukoy ng Declaration on the Protection of Women and Children in Emergency

and Armed Conflict ng United Nations General Assembly noong Disyembre 14, 1974 na isang krimen sa digma ang “lahat ng porma ng panunupil at malupit at hindi makataong pagtrato sa kababaihan at mga bata, kabilang ang pagkukulong, tortyur, pamamaril, maramihang pag-aresto, kolektibong pamamarusa, paninira sa tirahan at pwersahang pagbabakwit, na isinagawa ng mga pwersang nakikidigma sa takbo ng operasyong militar nito (Bilang 5).”

Para pagtakpan ang kanilang krimen, ipinamamarali ngayon ng 91st IB at AFP Northern Luzon Command (NOLCOM) ang kanilang “pagreskyu at pagbibigay ng atensyong medikal” kay dela Cruz. Dinala siya sa Fort Magsaysay Army Station Hospital at kalaunan inilipat sa isang ospital sa Cabanatuan City dahil sa kanyang maselang kundisyon. Nananatili siya sa kustodiya ng militar.

Ayon kay Ka Patnubay, ginagamit ng NOLCOM ang “pangangalaga” sa biktima para pabanguhin ang masangsang na duguang rekord nito ng sadyang pagpaslang sa mga nadadakip na mga lider-rebolusyonaryo at Pulang mandirigma, mga kaso ng pagdukot at sapilitang pagkawala.

**[English Translation]**

## Military fires against and arrests pregnant Dumagat-Remontado in Aurora

Mayo 16, 2024

Soldiers of the Armed Forces of the Philippines (AFP) opened fire on the hut where 4-month pregnant Manilyn dela Cruz and her relatives reside in Sityo Pinamapayan, Barangay Umiray, Dingalan, Aurora on April 21.

The shooting injured dela Cruz as she ran to avoid being hit. The military falsely claims the incident was an encounter with the New People’s Army (NPA). Dela Cruz is a Dumagat-Remontado native from Tanay, Rizal.

After the staged encounter, soldiers arrested de la Cruz on multiple charges including arson, attempted murder, direct assault with multiple murder, and attempted murder. She is accused of being a member of the NPA.

The National Democratic Front (NDF)-Southern Tagalog condemned the soldiers for the indiscriminate shooting and arbitrary arrest of dela Cruz. Ka Patnubay de Guia, spokesperson of the NDF-ST, said it is unjust for the soldiers to continue detaining de la Cruz.

The military’s targeting of a civilian, most especially a pregnant woman like dela Cruz, is a serious violation of international humanitarian law, the laws of war and other international declarations that provide special protections to civilians and non-combatant wherever there is armed conflict.

The United Nations General Assembly’s Declaration on the Protection of Women and Children in Emergency and Armed Conflict on

December 14, 1974 specifically defined as a war crime “all forms of repression and cruel and inhuman treatment of women and children, including imprisonment, torture, shooting, mass arrests, collective punishment, destruction of dwellings and forcible eviction, committed by belligerents in the course of military operations (Number 5).”

To cover up its crime, the 91st IB and AFP Northern Luzon Command (NOLCOM) are now hypocritically touting their “rescue and provision of medical attention” to dela Cruz. She was taken to the Fort Magsaysay Army Station Hospital and eventually transferred to a hospital in Cabanatuan City due to her critical condition. She remains in military custody.

Ka Patnubay said NOLCOM is using the “care” of the victim to glamorize its otherwise bloody record of extrajudicial killing of captured revolutionary leaders and Red fighters, cases of abduction and enforced disappearance.

## Kabataang Pilipino, nagprotesta sa embahada ng Zionistang Israel laban sa henosidyo nito sa Palestine

Mayo 16, 2024

Nagmartsa patungong embahada ng Israel sa Bonifacio Global City (BGC) sa Taguig City ang kabataang Pilipino sa ilalim ng Filipino Youth for Palestine, Anakbayan at League of Filipino Students para muling kundenahin ang henosidyo ng US at Israel sa Gaza noong Mayo 15. Bago pa

sila makalapit sa embahada, hinarang at tinangka silang buwagin ng mga pulis at mga gwardya ng BGC. Di bababa sa 15 kabataan ang nasugatan sa pandarahas ng pulis. Matapos ang 45-minutong panggigiit, itinuloy nila ang kanilang programa sa harap ng embahada.

Ang pagkilos ay pakikiisa sa intenasyunal na panawagan para gunitain ang ika-76 anibersaryo ng Al Nakba (Ang Sakuna) kung saan unang marahas na pinalayas ng Zionistang kilusan ang mga Palestino sa kanilang lupain para itatag ang estado ng “Israel.” Sa buong mundo, pinaiigting ng mamamayan ang mga pagkilos laban sa Zionistang Israel sa harap ng walang awat na pambobomba at pang-aatake nito sa Gaza. Kabilang dito ang lumalaganap na mga kampuhan at protesta sa mga kampus sa US.

“Kinukundena namin ang Philippine National Police at ang Taguig local government unit sa marahas na dispersal, panggigipit at pisikal na pang-aatake sa kabataang mapayapang nagpuprotesta bilang pakikiisa sa mamamayang Palestino at laban sa nagpapatuloy na henosidyo ng US at Israel sa Palestine,” pahayag ni Kate Almenzo, tagapagsalita ng Anakbayan.

Malinaw na pumapanig ang rehimeng Marcos sa henosidyo ng US at Israel sa pagpapakilos nito sa militar at pambansang rekurso para patahimikin ang kabataan, anito. Ipapanawagan nila sa mayor ng Taguig na si Lani Cayetano at ng Commission on Human Rights na imbestigahan ang isang upisyal ng pulis na nagngangalang Donato Jr

(PMAJ 0-27649) na nag-utos na dahasin ang pagkilos.

Nagkaroon ng hiwalay na protesta sa Quezon City ang ibang grupong progresibo at pambansa-demokratiko sa parehong araw.

“Ang nakikita natin ngayon ay mas malala sa Nakba noong 1948,” pahayag ni Liza Maza, pangkalahatang kalihim ng International League of Peoples’ Struggle (ILPS). “Nakikiisa kami sa mga Palestinian sa kanilang moral, istorikal at makatarungang pakikibaka laban sa Zionistang okupasyon sa kanilang mga lupa, at para sa isang malaya at demokratikong Palestine.

Ayon sa ILPS, nagdadala ng pinsala ang alyansang Zionista-US hindi lamang sa mga Palestino kundi pati sa ibang mamamayan. “Ang mga bala at bombang pumapatay sa mga Palestino ay ginagamit rin laban sa mamamayan sa India at Pilipinas,” anito.

Noong 2024, ang Pilipinas ang pangalawang pinakamalaking tagabili ng mga armas ng Israel, habang ang India ang pinakamalaki. Sa gayon, hindi lamang mga papet ng US sina Marcos at Modi (prime minister ng India) kundi mga tagasuporta rin ng henosidyo sa kanilang patuloy na pagtangkilik sa armas ng estadong Zionista, ayon sa ILPS.

Mula Oktubre 7, 2023 lamang, mahigit 35,000 Palestino na ang pinatay ng Israel sa Gaza, at mahigit 1.9 milyon na ang nawalan ng tirahan at napalayas sa kanilang mga komunidad.

**[English Translation]**

## Filipino youths protest at the Zionist Israel embassy against its genocide in Palestine

Mayo 16, 2024

Filipino youth under the Filipino Youth for Palestine, Anakbayan and League of Filipino Students marched to the Israeli embassy in Bonifacio Global City (BGC) in Taguig City to once again condemn the US and Israel for their genocide in Gaza on May 15. As they neared the embassy, police and BGC guards blocked and violently attempted to disperse the rally. At least 15 youths were injured in police violence. After 45 minutes of insistence, they continued their program in front of the embassy.

The action is in solidarity with the international call to commemorate the 76th anniversary of Al Nakba when the Zionist movement first violently expelled the Palestinians from their land to establish the state of “Israel.” People worldwide are intensifying actions against Zionist Israel amid its indiscriminate bombing and attacks on Gaza. This includes the proliferation of encampments and protests inside US campuses.

“We condemn the Philippine National Police and the Taguig local government unit for violently dispersing, harassing and physically attacking young peaceful protesters in solidarity with the Palestinian people and against the ongoing genocide of the US and Israel in Palestine,” Kate Almenzo, Anakbayan spokesperson, said.

The Marcos regime is clearly standing with the genocide by the US and Israel in its mobilization of military and national resources to silence the youth, she said. They called on Taguig mayor Lani Cayetano and the Commission on Human Rights to investigate a police officer named Donato Jr (PMAJ 0-27649) who ordered the violent dispersal.

Other progressive and national-democratic groups held a separate protest in Quezon City on the same day.

“What we are witnessing today is worse than the 1948 Nakba,” said Liza Maza, general secretary of the International League of Peoples’ Struggle (ILPS). “We stand with the Palestinians in their moral, historical, and just struggle to end the Zionist occupation, return to their lands, and live in a free and democratic Palestine.”

According to ILPS, the US-Zionist alliance has perpetuated misery not just for Palestinians but also for other peoples. “The very bullets and bombs claiming the lives of Palestinians are also used against the people of India and the Philippines,” it said.

In 2024, the Philippines is the second largest buyer of Israeli weapons, while India was the largest. Thus, Marcos and Modi (prime minister of India) are not only puppets of the US but also supporters of genocide in their continued support of the Zionist state’s arms, the ILPS said.

Since October 7, 2023 alone, Israel has killed more than 35,000 Palestinians in Gaza, and more

than 1.9 million have been displaced and driven out of their communities.

## Kumpensasyon para sa mga napalikas sa Marawi City, binabarat ng rehimeng Marcos

Mayo 16, 2024

Nagsagawa ng kilos protesta noong Mayo 13 sa Rizal Park sa Marawi City ang mga residente na hanggang ngayon ay di pa nakababalik sa kanilang mga komunidad matapos bombahin ng Armed Forces of the Philippines ang kanilang mga tirahan noong 2017.

Binatikos nila ang pambabarat ng Marawi Compensation Board (MCB) sa nararapat nilang matanggap na kumpensasyon o bayad danyos para muling itayo ang nawasak nilang mga bahay at ari-arian. Sa halip na ibigay sa kanila ang sapat na pondo para muling itayo ang kanilang mga bahay, naglabas ng bagong "pamamaraan" ng pagkwenta ng pinsala ang MCB kung saan ibinawas sa kumpensasyon ang "depreciation cost" ng kanilang mga ari-arian. Ito ay para sadyang pababain ang "market value" ng mga ito.

Taliwas ito sa unang itinakdang proseso ng Implementing Rules at Regulations (IRR) ng Marawi Siege Victims Compensation Act, ayon sa mga nagprotesta. Itinakda sa batas na ito ang kumpensasyon batay sa "fair market value" na resulta ng mga konsultasyon sa mga claimant, o sa "replacement cost" o "repair cost" ng mga lubos na nawasak o may bahaging nasira sa mga

bahay o gusaling pang-kultura at komersyal. Sa IRR na ito, itinakda ang kumpensasyon na mula ₱6,000 hanggang ₱13,500 per square meter, depende sa klase ng bahay o istruktura. Walang awtoridad ang MCB na baguhin ang mga istandard ng pagkwenta na nakasaad na sa batas, ayon sa mga residente.

Ang "depreciation cost" ay halaga nang ari-arian na dulot ng tagal, mga sira o mga depekto nito. Sa kalkulasyon ng MCB, mas luma ang bahay, mas malaki ang depreciation cost, at sa gayon mas maliit ang kailangan nitong ibigay na kumpensasyon. Dahil dito, ni wala pang kalahati sa aktwal na kailangan ng mga biktima ang kanilang matatanggap.

Ginamit ng MCB bilang batayan ng pagtatakda ng "depreciation cost" ang isang ordinansa (Ordinance No. 02, Series of 2021) ng Sanguniang Panlalawigan ng Lanao Del Sur. Ang ordinansang ito ay ipinasa para itakda ang ipapataw na buwis sa mga istruktura, at hindi para sa kumpensasyon, ayon sa mga nagprotesta.

Gamit ang "depreciation table" ng ordinansa, awtomatikong babawasan nang mahigit 60% ang itinakdang kumpensasyon ng isang claimant kung kongkreto ang kanyang bahay at 10 taon na itong nakatayo bago bombahin ng AFP. Mas malala pa ang kalagayan ng ibang claimant na binawasan nang hanggang 85% ang kumpensasyon. Isang halimbawa nito ang pamilyang may bahay na nagkakahalagang ₱500,000 pero makatatanggap lamang ng ₱80,000 dahil gawa sa magaang

materyal ang kanyang bahay at 10 taon nang nakatirik ito bago ang mawasak ng bomba.

Hindi makatarungan ang pagpapatupad ng Marawi Siege Victims Compensation Act ang pamamaraan ng MCB, ayon sa mga residente. Siningil nila ang magkakasunod na rehimen sa anila’y pitong taon nang paghahangad ng hustisya.

Sa rekord ng MCB, 100,000 residente ng Marawi ang kailangang bayaran ng danyos. Kulang na kulang ang inilaang ₱1 bilyon ng rehimeng Marcos para rito noong 2023. Katunayan, sa unang apat na araw pa lamang mula nang simulan ng MCB ang proseso ng pagbibigay ng kumpensasyon, naubos na ang ₱800 milyon sa pondo, para lamang sa 2,013 nagsumite ng claim.

**[English Translation]**

## The Marcos regime slash compensation for Marawi City displaced residents

Mayo 16, 2024

Residents who still have not been able to return to their communities after the Armed Forces of the Philippines bombed their homes in 2017 held a protest on May 13 at Rizal Park in Marawi City.

They condemned the Marawi Compensation Board (MCB) for severely cutting down the compensation or damages they deserve to rebuild their destroyed houses and properties. Instead of giving them sufficient funds to rebuild their

dwellings, the MCB came up with a new “method” of calculating damages deducting the “depreciation cost” of their properties from the compensation. This is to deliberately push down their “market value”.

This is contrary to the procedure earlier prescribed in the Implementing Rules and Regulations (IRR) of the Marawi Siege Victims Compensation Act, the protesters said. This law stipulates compensation based on the “fair market value” resulting from consultations with claimants, or the “replacement cost” or “repair cost” of completely destroyed or partially damaged residential, cultural and commercial buildings. This IRR set the compensation at ₱6,000 to ₱13,500 per square meter, depending on the type of house or structure. The MCB does not have the authority to change the calculation standards already stated in the law, the residents said.

“Depreciation cost” is property value [decrease] caused by age, damages or defects. In the MCB calculation, the older the house, the greater the depreciation cost, thus requiring less compensation. Because of this, victims receive less than half of what they actually need.

MCB used an ordinance (Ordinance No. 02, Series of 2021) of the Provincial Council of Lanao Del Sur as the basis for setting the “depreciation cost.” However, this ordinance was passed to set the tax imposed on the structures, and not for compensation, the protesters said.

Using the “depreciation table” of the ordinance, the set compensation of a claimant will automatically be cut by more than 60% if his house is made of concrete and has been standing for 10 years before it was bombed by the AFP. Other claimants fared worse with their compensation reduced by up to 85%. An example of this is the family that had a house worth ₱500,000 but will only receive ₱80,000 because their house is made of light materials and it already 10 years old before the bomb destroyed it.

Residents said the Marawi Siege Victims Compensation Act’s implementation using the MCB’s procedure is unjust. They demand from successive regimes their seven-year long pursuit of justice.

MCB’s records say 100,000 residents of Marawi have to be compensated for damages. The ₱1 billion allotted by the Marcos regime in 2023 is far from enough. In fact, in just four days after the MCB started the compensation process, ₱800 million was already depleted, which covered only 2,013 claimants.

## Teroristang aerial bombing ng PAF sa Cagayan, perwisyo sa mamamayan

Mayo 16, 2024

Muli na namang nagsagawa ng walang pakundangang pambobomba ng Tactical Operations Group 2 ng Philippine Air Force (PAF) sa mga barangay ng Peñablanca, Cagayan noong Mayo 10 ng alas-2 ng madaling araw. Bumagsak

ang umabot sa 10 bomba mula sa mga jet fighter nito sa Sityo Ebi, Lapi at kalapit na mga barangay ng Manga, Buyun, Nabbababalayan, at Minanga. Narinig ang nakagigimbal na mga pagsabog, istraping at paglipad ng jetfighter hanggang sa mga bayan ng Baggao, Enrile, Amulung at sa Tuguegarao City.

Sa impormasyong nakalap ng National Democratic Front (NDF)-Cagayan, nagising ang mga residente dahil sa napakaingay na tunog mula sa sobrang baba na paglipad ng mga eroplano, at nakita ang pagliyab ng apoy kasabay ng pagbagsak ng mga bomba na akala nila'y malakas na kulog. Kwento pa ng mga residente, nayanig ang lupa sa lakas ng mga pagsabog.

Matinding takot at troma ang idinulot sa mga taumbaryo, laluna sa mga bata at matatanda, ng teroristang pambobomba. Reklamo pa nila, hindi man lang nag-abiso ang militar sa gagawing pambobomba sa himpapawid sa tabing ng "kontra-insurhensiyang operasyon." Hindi bababa sa 690 pamilya ang napilitang lumikas dahil sa teroristang pag-atake ng militar sa mga komunidad.

Ayon pa kay Ka Celia Corpuz, tagapagsalita ng NDF-Cagayan, dobleng perwisyo ang dulot ng pambobomba sa mamamayan ng Cagayan dahil isinagawa ito sa kasagsagan ng pananalasa ng El Niño na iniinda ng mga magsasaka.

Samantala, sinagot ni Ka Bienvenido Magalat, tagapagsalita ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Cagayan, ang pagbibintang ni 5th ID

Spokesperson Maj. Rigor Pamittan na ang hukbong bayan ang salarin sa malalakas na pagsabog. Pagsisinungaling ni Maj. Pamittan, “mga improvised explosive device (IED) ng NPA ang pagsabog na narinig ng mga residente.”

Paraan umano ito ng 5th ID para pagtakpan ang teroristang pambobomba na umani ng galit at pagkamuhi mula sa taumbayan. “Ikinakahiya ng 5th ID ang katotohanang kakambal ng kanilang superyoridad sa mga kagamitang militar na ginagamit upang maghasik ng takot at teror ay ang kawalan ng pampulitikang lakas at suporta nito ng mamamayan,” paliwanag pa ni Ka Bienvenido.

Kinundena ng NDF at BHB sa Cagayan ang walang pakundangang pambobomba ng PAF at 5th ID sa prubinsya. Anila, dagdag ito sa patung-patong na kaso ng paglabag sa internasyunal na makataong batas. Labag ang pambobomba mula sa himpapawid sa mga panuntunan sa digma dahil hindi nito pinag-iiba ang mga sibilyan sa mga kombatant.

“Hinihimok ng buong rebolusyonaryong pwersa sa Cagayan ang mga tagapagtanggol sa karapatang-tao, taong-simbahan, makakalikasan, midya at iba pang mga indibidwal at organisasyon na maglunsad ng imbestigasyon at fact-finding mission sa mga lugar na apektado,” panawagan naman ni Ka Celia.

**[English Translation]**

## PAF terrorist aerial bombing in Cagayan, a scourge to the people

Mayo 16, 2024

Tactical Operations Group 2 of the Philippine Air Force (PAF) once again carried out a brazen bombing campaign in the barangays of Peñablanca, Cagayan on May 10 at 2 a.m. Its jet fighters dropped up to 10 bombs on Sitio Ebi, Lapi and nearby barangays of Manga, Buyun, Nabbababalayan, and Minanga. Loud explosions, straffing and jet fighter flights were heard as far as the towns of Baggao, Enrile, Amulung and Tuguegarao City.

The information gathered by the National Democratic Front (NDF)-Cagayan said residents were awakened by the loud noise from the very low flying planes, and saw flames when the bombs fell which they thought were streaks of thunder. Residents said the ground shook with the force of the explosions.

The terrorist bombing brought great fear and trauma to the people, especially the children and the elderly. They also complained that the military did not even notify them of the bombing spree disguised as “counter-insurgency operations.” The military’s terrorist attacks on the communities forced at least 690 families to flee.

Ka Celia Corpuz, spokesperson of NDF-Cagayan, also said the bombing doubly harmed the Cagayan

people, mostly farmers who already suffer due to the El Niño's devastation.

Meanwhile, Ka Bienvenido Magalat, New People's Army (NPA)-Cagayan spokesperson, responded to the accusation of 5th ID Spokesperson Maj. Rigor Pamittan that the people's army perpetrated the powerful explosions. Maj. Pamittan blatantly lied that "the explosion heard by the residents were improvised explosive devices (IED) of the NPA."

This is the 5th ID's way to cover up the terrorist bombing that drew the people's anger and hatred. "The 5th ID is ashamed of the fact that its superiority in military equipment used to sow fear and terror goes hand in hand with its lack of political strength and support of the people," Ka Bienvenido further explained.

The NDF and NPA in Cagayan condemned the brazen bombing by the PAF and 5th ID in the province. They said, this is in addition to the military's already many cases of violations of international humanitarian law. Aerial bombing violates the rules of war because it does not distinguish civilians from combatants.

"The entire revolutionary forces in Cagayan urge human rights defenders, church people, environmentalists, the media and other individuals and organizations to launch an investigation and fact-finding mission in the affected areas," Ka Celia said.

## Unang araw ng LTFRB ‘crackdown’ laban sa mga tsuper at opereytor, tinapatan ng rali

Mayo 16, 2024

Nagprotesta ang ilandaang tsuper at opereytor ng dyip ngayong araw sa harap ng pambansang upisina ng Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB) sa Quezon City para kundenahin ang “crackdown” o panghuhuli nito sa mga hindi pumailalim sa sapilitang konsolidasyon ng mga prangkisa. Sinimulan ng ahensya ngayong araw ang panghuhuli kaugnay ng pagpapatupad nito ng Public Utility Vehicle Modernization Program (PUVMP).

Giit ng Pagkakaisa ng mga Samahan ng Tsuper at Operator Nationwide (Piston) at Samahang Manibela Mananakay at Nagka-Isang Terminal ng Transportasyon (Manibela), dapat payagan ng LTFRB ang mga drayber at opereytor na makapamasada kahit hindi sila nagkonsolida dahil batayang karapatan nila ito. Panawagan nilang ibalik ang 5-taong indibidwal na prangkisa at ibasura ang kontra-mahirap na PUVMP.

Pinagtibay din ng mga tsuper at opereytor sa naturang programa ang kanilang kaisahan na magtutuloy-tuloy ang pamamasada ng mga hindi nagkonsolida ng prangkisa. Ayon sa kanila, hawak pa nila ang kanilang mga prangkisa, at hindi LTFRB ang may awtoridad na bawiin ito.

Nagbanta ang LTFRB na ituturing nitong iligal at kolorum ang pagpasada ng mga dyip na hindi

nagkonsolida. Papatawan ang sinumang mahuhuli ng isang taong suspensyon, pagmumultahin ng ₱50,000 at mahaharap sa 30-araw na pagkakakulong.

Noong Abril 30 pa ang dedlayn na ipinataw ng LTFRB sa sapilitang konsolidasyon ng prangkisa na itinuturing ng mga maliliit na tsuper at opereytor na pagmasaker sa kanilang kabuhayan. Nagpakitang-tao pa ito sa pagbibigay ng 15-araw (Mayo 1 hanggang Mayo 15) na karagdagang palugit bago manghuli ng mga hindi nagkonsolida. Sa katunayan, pagpasok ng Mayo ay nanghuli na ang mga ahensya ng gubyerno ng mga hindi pumaloob sa konsolidasyon.

Samantala, binuo naman ngayong araw ng Tanggol Pasada Network ang kampanyang Tanggol Pasada Patroller o mga grupong magbabantay sa mga pag-aresto at pagdakip sa mga hindi nagkonsolidang tsuper at opereytor na babyahe pa rin. Layunin ng kampanya na isiwalat ang mapanupil at anti-mahirap na pagnakaw sa kabuhayan ng sektor.

Nagprotesta rin ang Piston at Manibela sa Korte Suprema noong Mayo 14 para itulak ang korte na maglabas na ng tugon sa kanilang petisyon para ipahinto ang sapilitang konsolidasyon ng prangkisa at implementasyon ng PUVMP.

**[English Translation]**

## Drivers and operators rally on LTFRB’s first day of “crackdown”

Mayo 16, 2024

Hundreds of drivers and jeepney operators protested today before the Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB) national office in Quezon City to condemn its "crackdown" or apprehension of those who refused the forced consolidation of franchises. The agency today began imposing sanctions related to its implementation of the Public Utility Vehicle Modernization Program (PUVMP).

Pagkakaisa ng mga Samahan ng Tsuper at Operator Nationwide (Piston) and the Samahang Manibela Mananakay at Nagka-Isang Terminal ng Transportasyon (Manibela) demand that the LTFRB allow drivers and operators to unionize even if they are not consolidated because this is their basic right. They call for the return of the 5-year individual franchise and the scrapping of the anti-poor PUVMP.

The drivers and operators also affirmed in the program their unity that those who did not consolidate the franchise will continue to operate. They said they still have their franchises, and LTFRB does not have the authority to revoke them.

The LTFRB threatened to consider the operation of non-consolidated jeepneys illegal and unregistered. Anyone apprehended will face a one-year suspension, a ₱50,000 fine and face a 30-day jail term.

Drivers and operators considered the LTFRB's April 30 deadline for forced consolidation a massacre of their livelihoods. The agency

hyocritically granted a 15-day additional grace period (May 1 to May 15) before pulling over jeepneys without a consolidated franchise. In fact, government agencies have already been apprehending unconsolidated jeepneys since the beginning of May.

Meanwhile, the Tanggol Pasada Network today formed the Tanggol Pasada Patroller campaign that will monitor the apprehension and arrest of unconsolidated drivers and operators who continue to ply their routes. The campaign aims to expose the theft of the transport jobs which is repressive and anti-poor.

Piston and Manibela also protested in the Supreme Court on May 14 to push the court to issue a response to their petition to stop the forced consolidation of franchises and the implementation of the PUVMP.

## Kabuhayan ng maliliit na minero sa Benguet, inaagaw ng malaking kumpanya sa mina

Mayo 17, 2024

Nagbarikada ang mga minero ng Dontog-Manganese Pocket Miners Association (DOMAPMA) laban sa malaking kumpanya sa mina na Benguet Corporation, Inc. (BCI) sa Sitio Dalicno, Barangay Ampucao, Itogon, Benguet noong Mayo 13. Ang barikada ay bahagi ng kanilang pakikibaka para ipagtanggol ang kanilang karapatan sa lupa at kabuhayan laban sa sapilitang pang-aagaw ng BCI sa mga pocket mine

ng DOMAPMA at hindi makatuwirang pagtataas ng upa sa mga kagamitang pangmina.

Sa utos ng BCI, kasabay na nagpataw ng pagbabawal ang Provincial Mining Regulatory Board (PMRB), na pinamumunuan ng Mining and Geosciences Bureau-Cordillera Administrative Region (MGB-CAR), laban sa maliitang operasyong mina (small-scale mining) ng DOMAPMA dahil sa usapin ng "regulasyon" at "isyung pangkalikasan" na dulot umano ng maliitang pagmimina. Naniniwala ang mga minero na pagdadahilan lamang ito para makapanghimasok ang BCI sa lugar.

Nasa 500 hanggang 1,000 manggagawa ang mawawalan ng kabuhayan sa iligal na pagpapatigil ng kanilang kabuhayan. Apektado rin ang paghahanapbuhay ng mga katutubo sa komunidad at mga kalapit na barangay, at maging sa ibang prubinsya sa Cordillera at Cagayan Valley na dito nagtatrabaho.

Bago pa man ipatigil ang operasyon ng small-scale mining, sinubukan na ng BCI na ilusot ang kanilang Application for Production Sharing Agreement 105 (APSA 105) na sumasaklaw sa erya ng operasyon ng DOMAPMA kasama ang ilang bahagi ng mga barangay ng Ampucao at Virac. Kasabwat ng kumpanya ang National Commission on Indigenous Peoples (NCIP) para iratsada at dayain ang mga dokumento at tuluyang makapag-operasyon. Humingi ang kumpanya ng Special Mining Permit para ikutan ang proseso ng pagkuha ng Free, Prior, and Informed Consent mula sa mga katutubo sa lugar.

“Mayroong rason para paniwalaan na ang pagpapahinto sa mga operasyon ng DOMAPMA sa pagmimina ay kaugnay ng interes ng BCI na angkinin ito,” pahayag ng Itogon Interbarangay Alliance (IIB-A). Anang grupo, gagamitin itong paraan para malayang makapasok ang BCI sa naturang komunidad sa kapinsalaan ng kabuhayan ng mga minero at residente.

Anang grupo, hindi lamang kabuhayan nila ang yuyurakan ng pagpasok ng BCI kundi tatapakan din nito ang kultura at tradisyon ng mga mamamayan ng Cordillera sa maliitang pagmimina at pagbubuo ng mga minahang bayan na ginagawa na ng mga katutubo bago pa man ang panahon ng kolonisasyon.

Noong Abril, nagsagawa na ng rin ng barikada laban sa mapang-abuso at mapandambong na BCI ang ibang residente ng Barangay Ampucao. Giit nilang gawing mas mura ang halaga ng mga kagamitang pangmina na ipinauupa sa kanila.

**[English Translation]**

## Big mining company steals livelihood of small miners in Benguet

Mayo 17, 2024

Miners of the Dontog-Manganese Pocket Miners Association (DOMAPMA) barricaded against the big mining company Benguet Corporation, Inc. (BCI) in Sitio Dalicno, Barangay Ampucao, Itogon, Benguet on May 13. The barricade is part of their struggle to defend their rights to land and livelihood against BCI’s forced seizure of

DOMAPMA's pocket mines and unreasonable rental increases for mining equipment.

At the behest of the BCI, the Provincial Mining Regulatory Board (PMRB), led by the Mining and Geosciences Bureau-Cordillera Administrative Region (MGB-CAR) also imposed a ban against DOMAPMA's small-scale mining operations on the basis of "regulation" and "environmental issues" allegedly caused by small-scale mining. The miners believe that this is just an excuse for the BCI to encroach in the area.

About 500 to 1,000 workers will lose their livelihood due to the illegal stoppage of their livelihood. This also affects the livelihood of the indigenous people in the community and neighboring barangays, and even in other provinces in the Cordillera and Cagayan Valley who work here.

Even before banning small-scale mining operations, BCI has already tried to impose its Application for Production Sharing Agreement 105 (APSA 105) which covers the area of operation of DOMAPMA,including some parts of the barangays of Ampucao and Virac. To open its operations, the company colluded with the National Commission on Indigenous Peoples (NCIP) to railroad and falsify documents. The company requested a Special Mining Permit to circumvent the process of obtaining Free, Prior, and Informed Consent from the area's indigenous people.

"There is reason to believe that the suspension of DOMAPMA's mining operations is related to BCI's

interest to divest it," said the Itogon Interbarangay Alliance (IIB-A). The group said it will use this as a way for BCI to freely enter the community at the expense of the livelihood of miners and residents.

The group said the entry of the BCI will not only destroy their livelihood but will also trample on the Cordillera people's culture and tradition in small-scale mining and development of mining towns that the indigenous peoople have been doing since before the era of colonization.

In April, other residents of Barangay Ampucao built their own barricade against the abusive and plunderous BCI. They demanded lower rental costs for mining equipment.

## Unyon sa PLDT, nanawagan sa maneydsment na buksan na ang negosasyon para sa CBA

Mayo 17, 2024

Nagprotesta ang mga manggagawa ng PLDT sa harap ng Department of Labor and Employment (DOLE) sa Intramuros, Manila noong Mayo 13 para igiit sa maneydsment ng kumpanya na buksan na ang negosasyon para sa bagong collective bargaining agreement (CBA) para sa 2024-2027. Ayon sa Manggagawa sa Komunikasyon ng Pilipinas (MKP)-PLDT, noon pang Pebrero 19 sila nagsumite ng pabatid para sa negosasyon at kanilang mga kahingian.

Tatlong buwan makalipas, nananatiling walang tugon at plano ang kumpanya na harapin ang unyon para sa negosasyon. Paliwanag ng unyon, sadyang pinatatagal at inaantala ng kumpanya ang negosasyon para lumampas sa nakatakdang panahon na nakasaad sa batas paggawa ng Pilipinas.

Anang unyon, kung lalampas sa palugit na anim na buwan mula nang magsumite ng pabatid, maaaring hindi na matanggap ng mga manggagawa ang hanggang walong buwan na retroactive pay (kabilang ang maidadagdag sa sweldo ng mga manggagawa na makakamtan sa CBA). Iginigiit umano ng maneydsment ng PLDT na sa Agosto o Setyembre pa simulan ang negosasyon dahil ito umano ang “tradisyon” at nakagawiang proseso sa nakaraan.

Ipinanawagan din ng mga manggagawa ang pagbibigay ng kumpanya ng karampatang mga kagamitan at kabayaran sa panahong nagsasagawa ng operasyon ang mga manggagwa. Kabilang sa mga hindi binabayaran ng PLDT ang emission testing, pagpapa-carwash at iba pang gastusin sa pagpapanatili ng mga sasakyang gamit ng mga manggagawa.

Iginiit din nila ang regularisasyon sa higit 7,000 kontraktwal na manggagawa ng PLDT sa installation, repair, at maintenance ng mga linya. Sa kabila ng desisyon ng Korte Suprema noong Marso na dapat iregularisa ang mga manggagawa ng PLDT, patuloy pa rin itong binabalewala ng kumpanya.

Samantala, kinundena nila ang DOLE dahil sa pagpabor nito sa kapitalista kaysa sa mga manggagawa. Iginiit nila na itulak ng kagawaran ang PLDT na kagyat na tugunan ang obligasyon nitong makipagnegosasyon.

Kaugnay nito, naglunsad ng piket ang mga manggagawa mula sa mga sangay ng PLDT sa Laguna at Quezon, at syudad ng Baguio, Bacolod, Cebu, at Davao. Ang sinusulong nilang CBA ay sumasaklaw sa 4,041 regular na empleyado sa buong bansa. Liban dito, nagbabalak ang unyon na maglunsad ng welga at sunud-sunod na mga kilos-protesta sa buong bansa kung hindi tutugon ang kumpanya.

Ang PLDT ay ang pinakamatanda at pinakamalaking kumpanya sa telekomunikasyon sa bansa. Noong 2023, ang kabuuang kita ng kumpanya ay lumobo tungong ₱26.1 bilyon mula sa ₱10.49 bilyon na kita noong 2022. Ang kumpanya ay pag-aari ng bilyonaryong Indonesian na si Anthoni Salim sa pamamagitan ng Pilipinong burgesya kumprador na si Manny Pangilinan.

**[English Translation]**

## PLDT union calls on management to open CBA negotiations

Mayo 17, 2024

PLDT workers protested before the Department of Labor and Employment (DOLE) in Intramuros, Manila on May 13 to demand that the company's management open negotiations for the new collective bargaining agreement (CBA) for 2024-

2027. The Manggagawa sa Komunikasyon ng Pilipinas (MKP)-PLDT said they submitted a notice for negotiations and their demands as early as February 19.

Three months later, the company has yet to respond or plan to negotiate with the union. The union said the company deliberately prolongs and delays negotiations to stretch the gap (between CBAs) allowed by Philippine labor laws.

The union said that if the submission of the notice exceeds the deadline of six months, the workers may no longer receive up to eight months of retroactive pay (including additions to the wages of the workers that will be obtained in the CBA). It said the PLDT management insists that the negotiations start in August or September because this is allegedly the “tradition” and routine in the past.

The workers also called for the company to provide its workers adequate equipment and compensation when on duty. Among expenses that the company pass on to its workers include bills for emission testing, car washes and other maintenance expenses for vehicles used in company operations.

They also demanded the regularization of PLDT’s more than 7,000 contractual workers in the installation, repair, and maintenance of lines. The company continues to ignore the Supreme Court ruling in March that PLDT workers should be regularized.

Meanwhile, they condemned DOLE for favoring capitalists over workers. They demanded the department to push PLDT to immediately meet its obligation to negotiate.

In this regard, workers from PLDT branches in Laguna and Quezon, and the cities of Baguio, Bacolod, Cebu, and Davao launched a picket. The CBA they are promoting covers 4,041 regular employees nationwide. The union plans to go on strike and launch a series of protests across the country if the company does not respond.

PLDT is the oldest and largest telecommunications company in the country. In 2023, the company's total revenue swelled to ₱26.1 billion from ₱10.49 billion revenue in 2022. The company is owned by Indonesian billionaire Anthoni Salim through Filipino bourgeois-comprador Manny Pangilinan.

## 26 na kasapi ng NGO, lider-manggagawa sa Cebu, ipinaaresto sa kasong "terrorism financing"

Mayo 18, 2024

Sa isang atas noong Mayo 13, ipinaaresto ng isang korte sa Cebu City ang 26 na kasalukuyan at dating tauhan ng Community Empowerment Resource Network (Cernet) Inc at isang lider-manggagawa sa kasong "terrorism financing." Kinundena ng Cernet Inc, Karapatan-Central Visayas at iba pang mga grupo ang kasong ito na tinawang nilang pawang kasinungalingan at walang batayang akusasyon. Kabilang sa mga

kinasuhan ang isang hindi kilala ng organisasyon at tatlo na pumanaw na.

Ang kaso ay isinampa ng Department of Justice batay sa reklamong inihain ng Armed Forces of the Philippines Visayas Command (AFP Viscom) noong Mayo 2023. Ginamit na salalayan ng kaso ang isang “saksi” ng AFP na si Bernabe Nieves, na dating istap ng Cernet Inc. na dati nang sinisante dahil sa grave misconduct at mga paglabag sa code of ethics ng organisasyon.

Pinalalabas sa salaysay ni Nieves na nagbigay ang Cernet Inc ng ₱135,000 sa Bagong Hukbong Bayan (BHB)-South East Negros sa Dumaguete City noong Setyembre 2012.

“Tinutuligsa namin ng kampanyang terorismo na inilulunsad ng mga aparato ng gubyerno sa pagsasama ng walang katuturang mga gawa-gawang kaso laban sa mga kasapi ng Cernet,” pahayag ng Karapatan-Central Visayas. Ang hakbang na ito nagsisilbi sa militaristang layunin na burahin ang lahat ng klaseng pagsisikap ng pagtataguyod ng demokrasya sa bansa, kabilang na ang operasyon ng mga organisasyong nagsisikap na iahon sa kahirapan ang batayang mga sektor.

Kabilang sa mga biktima ang apat na doktor, dalawang abugado, mga pari at manggagawang pangkaunlaran. Idinawit din sa kaso si Jaime Paglinawan, presidente ng AMA Sugbo-KMU, na isa sa mga kaugnayang organisasyon ng Cernet.

“Kakatwa, lubhang walang batayan, at labis na mapanganib ang kasong ito para sa mga akusado at para sa Cernet…na umaagapay sa iba’t ibang mga organisasyon simula pa 2001,” dagdag ng Karapatan-Central Visayas.

Liban dito, sinabi rin ng abugado ng mga akusado na hindi sila binigyan ng resolusyon ng DoJ kaugnay ng paunang imbestigasyon na isinagawa nito noong Setyembre 2023. Nagulat na lamang ang mga biktima na mayroon nang kasong nakasampa sa korte, aniya.

Habang tuluy-tuloy ang paglaban ng mga biktima sa mapanupil na kaso, sila ay nagpyansa para sa pansamantalang kalayaan. Sa kabila ng rekomendasyon ng DoJ na huwag pahintulutan magpyansa ang mga akusado, itinakda ng korte sa ₱200,000 ang pyansa kada indibidwal. Nagpyansa ang 23 sa 27 akusado.

Ayon naman sa pambansang upisina ng Karapatan, ang kasong “terrorism financing” sa Cernet ay kasunod ng napakarami nang mga katulad na kaso ng panggigipit laban sa mga demokratikong organisasyon at mga kasapi ng mga ito. Noong Abril lamang, sunud-sunod na mga kaso ng “terorismo” at “terrorism financing” ang isinampa laban sa Leyte Center for Development (LCDe) at Paghida-et sa Kauswagan Development Group Inc. (PDG) sa isla ng Negros.

### [English Translation]

## Court orders arrest of 26 NGO members, labor leaders in Cebu on charges of “terrorism financing”

Mayo 18, 2024

In a May 13 order, a Cebu City court ordered the arrest of 26 current and former staff of the Community Empowerment Resource Network (Cernet) Inc and a labor leader on charges of “terrorism financing.” Cernet Inc, Karapatan-Central Visayas and other groups condemned this case which they dismissed as lies and baseless accusations. Those charged include one person unknown to the organization and three who have since passed away.

The Department of Justice filed the case based on the Armed Forces of the Philippines Visayas Command (AFP Viscom) complaint filed in May 2023. The case was based on a statement by AFP “witness” Bernabe Nieves, a former Cernet Inc. staffer, who had previously been sanctioned for grave misconduct and violations of the organization’s code of ethics.

Nieves’ statement claims that Cernet Inc gave ₱135,000 to the New People’s Army (NPA)-South East Negros in Dumaguete City in September 2012.

“We assail the campaign of terror carried out by government apparatuses through the nonsensical filing of trumped up charges against those affiliated with the Cernet,” Karapatan-Central

Visayas said. This move is solely driven by their militarist goal of annihilating any vestiges of democracy in this country, including the operation of organizations that work to uplift the poverty of the basic sectors.

Among the victims were four doctors, two lawyers, priests and development workers. Jaime Paglinawan, president of AMA Sugbo-KMU, which is one of Cernet’s related organizations, was also implicated in the case.

“The charges are nothing but ludicrous, utterly baseless, and extremely dangerous for those accused and for CERNET … that has been assisting different people’s organizations since 2001,” added Karapatan-Central Visayas.

Apart from this, the defendants’ lawyer also said that the DoJ did not give them a resolution in relation to the preliminary investigation it conducted in September 2023. The victims were surprised that there was already a case filed in court, he said.

As the victims continue to fight the repressive case, they posted bail for their temporary freedom. Despite the DoJ’s recommendation not to allow the accused to post bail, the court set the bail at ₱200,000 per individual. Of the 27 accused, 23 are out on bail.

The national office of Karapatan said the case of “terrorism financing” in Cernet follows many similar cases of harassment against democratic organizations and their members. In April alone, a

series of charges of “terrorism” and “terrorism financing” were filed against the Leyte Center for Development (LCDe) and Paghida-et sa Kauswagan Development Group Inc. (PDG) on the island of Negros.

## Hatol na maysala sa kasong rebelyon laban sa tagapagtaguyod ng karapatang-bata, kinundena

Mayo 18, 2024

Kinundena ng Salinlahi Alliance for Children’s Concerns at Free Sally Ujano Movement ang hatol na maysala ng Taguig Regional Trial Court kay Maria Salome Crisostomo-Ujano, 67, sa kasong rebelyon. Idinawit si Ujano sa isang engkwentro ng Bagong Hukbong Bayan laban sa mga sundalo ng gubyerno sa Quezon na naganap noong Nobyembre 2005. Sa desisyon ng korte noong Mayo 16, hinatulan si Ujano ng 10 hanggang 17 taon at apat na buwan ng pagkakakulong.

Unang inaresto si Ujano noong Nobyembre 21, 2021 sa kanyang tinutuluyan sa Barangay Mabolo, Malolos City, Bulacan. Isang taon siyang ikinulong sa Taguig City Jail-Female Dormitory sa Camp Bagong Diwa, Bicutan, Taguig bago pansamantalang nakalaya sa pyansa noong Disyembre 29, 2022. Muli siyang inaresto at ikinulong ng mga pulis sa mismong araw ng hatol.

“Ang hatol na ito, na nakabatay sa gawa-gawang kaso ng rebelyon, ay malinaw na inhustisya at direktang atake sa masigasig na tagapagtanggol ng karapatang-bata sa Pilipinas,” ayon sa

Salinlahi. Giit pa ng grupo, maghahatid ng labis na takot ang hindi makatarungang hatol na ito sa mga katulad niyang nagtataguyod ng karapatang-bata sa bansa.

Si Ujano ay kasalukuyang pambansang koordineytor ng Philippines Against Child Trafficking mula pa noong 2008. Nagsilbi din siyang executive director ng Women's Crisis Center mula 2000 hanggang 2007. Naging masugid siyang tagapagsulong ng mga patakaran, panukala at mga batas na nangangalaga sa karapatan ng mga bata at kababaihan kabilang ang Anti-Violence Against Women and their Children Act of 2004.

"Sa maraming dekada, walang-pagod na itinaguyod ni Ms. Ujano ang adhikain ng bulnerableng mga bata sa Pilipinas. Ang pamumuno niya sa mga pambansang kampanya at adbokasiya ay naging mahalaga sa pagtataas ng kamulatan ng publiko tungkol sa isyu ng child trafficking," ayon pa sa Salinlahi.

**[English Translation]**

## Children's groups condemn guilty verdict in rebellion case against child rights advocate

Mayo 18, 2024

The Salinlahi Alliance for Children's Concerns and the Free Sally Ujano Movement condemned the Taguig Regional Trial Court for its guilty verdict of rebellion charges against Maria Salome Crisostomo-Ujano, 67. Ujano was implicated in an

encounter of the New People’s Army against government soldiers in Quezon that took place in November 2005. In a court decision on May 16, Ujano was sentenced to 10 to 17 years and four months in prison.

Ujano was first arrested on November 21, 2021 at her residence in Barangay Mabolo, Malolos City, Bulacan. She was detained for one year at the Taguig City Jail-Female Dormitory in Camp Bagong Diwa, Bicutan, Taguig before being temporarily released on bail on December 29, 2022. The police arrested and detained her again on the very day of the verdict.

“This verdict, based on a fabricated case of rebellion, is a clear injustice and direct attack on the a dedicated defender of children’s rights in the Philippines,” Salinlahi said. The group insists that the unjust verdict will terrorize those like Ujano who promote children’s rights in the country.

Ujano is the national coordinator of the Philippines Against Child Trafficking since 2008 up to the present. She previously served as the executive director of the Women’s Crisis Center from 2000 to 2007. She has been an active advocate for policies, measures and laws that protect the rights of children and women including the Anti-Violence Against Women and their Children Act of 2004.

“For decades, Ms. Ujano has tirelessly championed the cause of vulnerable children in the Philippines. Her leadership in national campaigns and advocacy has been instrumental in

raising public awareness about the issue of child trafficking," Salinlahi also said.

## "Alternatibong programang pangkabuhayan," itinakwil ng mga tsuper at opereytor ng dyip

Mayo 19, 2024

Itinakwil ng mga tsuper at opereytor ng dyip ang alok ng Department of Transportation (DOTr) na "alternatibong programang pangkabuhayan" matapos sila pagkaitan ng kabuhayan ng huwad na programa ng modernisasyon sa transportasyon.

Muling ipinagpilitan ng kagawaran ang alok nito noong Mayo 16, kasabay ng bantang "crackdown" ng LTFRB sa mga dyip na hindi pumaloob sa sapilitang konsolidasyon ng mga prangkisa. Bahagi ng "alternatibong pagsasanay" ang libreng pagsasanay sa TESDA na tinawag nitong "EnTSUPERneur" at "Tsuper Iskolar."

Ayon sa mga tsuper, di nila kakailanganin ang alternatibong kabuhayan kung hindi ipinagkait ng gubyerno ang kanilang mga prangkisa. Anila, ang kanilang kasanayan ay nasa pagmamaneho at pumasa sila sa pagsusulit para maging propesyunal na drayber. Tanong nila, paano nila bubuhayin ang kanilang mga pamilya at pag-aaralin ang kanilang mga anak kung sasabak pa sila sa "pagsasanay" sa TESDA sa mga trabahong malayong-malayo sa kanilang kasanayan?

Samantala, iginiit ng PISTON na hindi dapat hulihin ang mga dyip na hindi nagpakonsolida dahil hindi “kolorum” ang mga ito.

“Ang ating mga jeepney ay hindi po kolorum sapagkat ito ay may lehitimong mga prangkisa. Ang (nangyari) lang dito, expired ang kanilang prangkisa sa kadahilanan na ayaw i-renew ng LTFRB,” pahayag ni Mody Floranda, pambansang presidente ng Piston sa isang interbyu sa radyo. Paliwanag niya, ang kolorum ay yaong mga sasakyang hindi mga pampasahero pero namamasada. Ang mga drayber ng mga dyip, sa kabilang banda, ay may hawak na prangkisa at sa gayon ay lehitimong karapatang mamasada.

“(Ang mga prankisa) ay hindi basta-basta tinatanggal sa ating mga operator,” ayon kay Floranda. Dapat dumaan sa proseso ang LTFRB kung saan ipatatawag muna nito ang mga drayber na hindi “tumatalima” sa PUVMP, at hindi basta-basta na lamang silang hulihin at kunin ang kanilang mga sasakyan, aniya.

Sa huling ulat ng Piston, wala pang drayber na pinatatawag ang LTFRB “para magpaliwanag.” Sa halip, nagsimula nang manghuli ang mga pulis sa di konsolidadong dyip, kahit pa wala kasulatan at mga alintuntunin ang LTFRB para gawin ito.

**[English Translation]**

## Drivers and jeepney operators reject “alternative livelihood program”

Mayo 19, 2024

Jeep drivers and operators rejected the Department of Transportation’s (DOTr) offer of an “alternative livelihood program” after the bogus transportation modernization program deprived them of their livelihood.

The department reiterated its offer on May 16, coinciding with the LTFRB’s threat of “crackdown” on jeepneys that rejected forced franchise consolidation. Part of the “alternative training” is the free TESDA training which it called “EnTSUPERneur” and “Tsuper Iskolar.”

The drivers said they would not be needing an alternative livelihood had the government not denied their franchises. They said their skill is in driving and they passed tests to become professional drivers. They ask how they will support their families and send their children to school if they are stuck in TESDA “training” for jobs that are far from their skills.

Meanwhile, PISTON demanded that jeepneys that did not consolidate not be apprehended as they are not “kolorum” (unregistered).

“Our jeepneys are not illegal because they have legitimate franchises. Their franchises only expired because the LTFRB refused to renew them,” said Mody Floranda, Piston national president, in a radio interview. He explained, kolorum are those vehicles that are not registered as passenger transport vehicles but still engage in transport. Drivers of jeepneys, on the other hand, hold a franchise and thus have legitimate right to ply their routes.

“(Franchises) cannot be seized arbitrarily from our operators,” Floranda said. The LTFRB should go through a process where it will first summon the drivers who do not “obey” the PUVMP, and not just apprehend them and impound their vehicles, he said.

As of Piston’s last report, no driver has yet been called by the LTFRB “to explain.” Instead, police have started apprehending unconsolidated jeepneys, despite the LTFRB having no documents and guidelines to do so.

## Charter change, ipinagpipilitan pa rin sa Senado

Mayo 19, 2024

Isang prayer rally laban sa charter change sa pangunguna ng simbahang Katolika ang nakatakdang ilunsad, kasama ang iba’t ibang sibiko, progresibo at makabayang organisasyon, sa huling araw ng regular na sesyon ng Senado sa Mayo 22. Lalahukan ng rali ng dyosises ng Maynila at iba pang kalapit na simbahan, gayundin ng ilang paaralang Katolika. Sabayang magpapakalembang ng mga kampana ang mga simbahan sa alas-4 ng umaga at magkakaroon ng pagtitipon sa harap ng Senado mula alas-3 hanggang alas-5 ng hapon.

Nakatakdang isalang sa Senado ang Resolution of Both Houses (RBH) No. 6 na magpapahintulot sa 100% dayuhang pag-aari sa mga pampublikong yutilidad, institusyon sa edukasyon at pagpapatalastas (advertising). Sa kabila ng

malinaw at mariing pagtutol dito ng sambayanan, ipinipilit pa rin ng mga alipures ng rehimeng Marcos ang mga amyendang tinaguriang "economic cha-cha." Nairatsada na ang katulad na panukala sa Mababang Kapulungan, sa pangunguna ng House Speaker na si Martin Romualdez.

Sa Senado, pinangungunahan ni Sen. Juan Miguel Zubiri ang pamimilit sa charter change. Aniya, 95% sa mga senador ay pabor sa pagtanggal ng mga restriksyon sa mga probisyon sa ekonomya sa konstitusyon. Ipinagmalaki pa niyang meron nang 15-16 senador na pabor sa "economic cha-cha." Kakailanganin na lamang umano ng dagdag na dalawang boto para lumusot ito sa Mataas na Kapulungan.

Ang pagmamatigas ay taliwas sa resulta sa unang konsultasyon na isinagawa ng mga senador sa Baguio City noong Mayo 17. Dito, ipinaabot ng mga lokal na upisyal, kasama ang mga upisyal ng mga unibersidad, ang kanilang pagtutol sa ibayong pagbubukas sa ekonomya sa mga dayuhan, laluna na ang mga paaralan.

Sa konsultasyon, tinawag ng executive director ng Pangasinan State University na si Gudelia Samson ang pagbubukas ng mga unibersidad sa dayuhan bilang "pagtataksil." Aniya, isinusuko nito ang sistema ng edukasyon sa mga dayuhang walang alam sa kasaysayan, gayundin sa krisis bumabayo ngayon sa sektor. Nangagamba ang mga akademiko na magbubunga ang amyenda sa pagtatanggal ng mga guro. Tutol din dito ang gubernador ng Kalinga.

Kasunod na kokonsultahin ng mga senador ang mga upisyal, negosyante at mga organisasyon sa Cebu at Cagayan de Oro sa susunod na mga linggo.

Ang resulta ng mga konsultasyon na ito ay ihaharap sa Senado sa muling pagbubukas ng sesyon matapos ang State of the Nation Address ng pangulo sa Hulyo.

**[English Translation]**

## Charter change still being pushed in the Senate

Mayo 19, 2024

Various civic, progressive and patriotic organizations led by the Catholic church are set to launch a prayer rally against charter change on the last day of the regular Senate session on May 22. The diocese of Manila and other nearby churches, as well as some Catholic schools, will attend the rally. Churches will simultaneously ring their bells at 4 a.m. and there will be a gathering in front of the Senate from 3 p.m. to 5 p.m.

The Senate is set to deliberate Resolution of Both Houses (RBH) No. 6 which would allow 100% foreign ownership of public utilities, educational institutions and advertising. Despite the people’s clear and vehement opposition, the Marcos regime’s henchmen are still pushing for the amendments dubbed as “economic cha-cha.” A similar proposal has been railroaded in the Lower House, led by House Speaker Martin Romualdez.

In the Senate, Sen. Juan Miguel Zubiri leads the push for charter change. He said, 95% of the senators are in favor of removing restrictions on economic provisions in the constitution. He even boasted that there are 15-16 senators who are in favor of the “economic cha-cha.” Only two more votes will be needed for it to pass the Upper House.

This arrogant insistence runs counter to the result of the first consultation conducted by senators in Baguio City on May 17. Here, local officials, along with university officials, expressed their opposition to the further opening of the economy, especially schools, to foreigners.

During the consultation, Pangasinan State University executive director Gudelia Samson called the opening of foreign universities as “treason.” She said it surrenders the education system to foreigners who are unaware of the history, as well as the crisis that is now happening in the sector. Academics fear that the amendment will result in the dismissal of teachers. The governor of Kalinga is also expressed his opposition.

The senators are set to consult with officials, businessmen and organizations in Cebu and Cagayan de Oro in the coming weeks.

The result of these consultations will be presented to the Senate when the session reopens after the President’s State of the Nation Address in July.

## Mga mangingisdang Pilipino, hindi magpapatinag sa banta ng pang-aaresto ng China

Mayo 19, 2024

Hindi magpapatinag ang mga mangingisdang Pilipino sa banta ng China na aarestuhin sila at ikukulong nang 60 na araw kung maglalayag at mangingisda sila sa West Philippine Sea.

Ayon kay Joey Marabe, koordinator ng Pamalakaya sa Zambales, walang batayan ang bantang ito dahil walang pulitikal, istorikal at ligal na karapatan ang China sa West Philippine Sea. Kasama si Marabe sa mga naglayag noong Mayo 14 tungong Scarborough Shoal para maghatid ng suplay sa mga mangingisdang naroon.

“Hindi kinikilala ng mga Pilipinong mangingisda ang kautusan ng China na arestuhin ang mga itinuturing nitong dayuhan sa kinakamkam nilang karagatan,” pahayag ni Marabe. Nais panagutin ni Marabe ang China sa pagpasok sa teritoryong pandagat ng Pilipinas, iligal na pangingisda, reklamasyon at pagtatayo ng mga istrukturang militar, aniya.

Nananawagan siya sa marami pang patriyotikong organisasyon na ipagpatuloy ang pagtindig sa mga Pilipinong mangingisda na nasa harapan nang pagtataguyod ng pambansang soberanya at kasarinlan.

Itinakwil din ni Atty. Neri Colmenares, pinuno ng Bayan Muna, ang utos ng China ng pang-aaresto.

Aniya, maaari lamang itong gawin ng China sa teritoryo nito, at hindi sa WPS, laluna sa mga erya na saklaw ng exclusive economic zone ng Pilipinas. Binalaan niya ang China na huwag itong gawin, dahil lalo lamang nitong patitindihin ang tensyon na maaaring humantong sa "hayag na banggaan" (open conflict) sa lugar.

Muling nanawagan si Atty. Colmenares sa gubyerno ng Pilipinas at iba pang gubyerno sa ASEAN na maghapag ng pinag-isang resolusyon sa United Nations para hingin ang interbensyon nito at itulak ang demilitarisasyon sa South China Sea.

"Lahat ng mga pasilidad militar sa SCS, kasama ang mga itinayo ng Pilipinas, China at Vietnam, ay dapat lansagin para bigyan-daan ang pagkakaroon ng mapayapang resolusyon sa sigalot," aniya. Hinimok niya ang mga bansang biktima rin ng bullying ng China, tulad ng Vietnam at Malaysia, na makiisa sa Pilipinas at maghapag ng kani-kanilang kaso sa International Arbitral Tribunal para kontrahin ang tumitinding agresyon ng China sa rehiyon.

**[English Translation]**

## Filipino fisherfolk are not cowed by China's threat of arrest

Mayo 19, 2024

Filipino fisherfolk are not cowed by China's threat to arrest them and detain them for 60 days if they sail and fish in the West Philippine Sea.

Joey Marabe, Pamalakaya coordinator in Zambales, said this threat is baseless because China has no political, historical and legal rights in the West Philippine Sea. Marabe was among those who sailed to Scarborough Shoal to deliver supplies to the fisherfolk there last May 14.

“Filipino fisherfolks reject China’s order to arrest what it considers to be foreigners in the seas it illegitimately seizes,” Marabe said. He said it should be China that should be held accountable for encroaching Philippine maritime territory, illegal fishing, reclamation and construction of military structures, he said.

He called on many other patriotic organizations to continue standing up for Filipino fisherfolk who are at the forefront of promoting national sovereignty and independence.

Atty. Neri Colmenares, Bayan Muna leader, also rejects the Chinese arrest order. He said that China can only do this in its territory, and not in the WPS, especially in the areas covered by the Philippine exclusive economic zone. He warned China not to do this, as it would only intensify tensions that could lead to “open conflict” in the area.

Atty. Colmenares reiterated his call to the Philippine government and other ASEAN governments to present a unified resolution at the United Nations requesting its intervention and push for demilitarization in the South China Sea.

"All military facilities in the SCS, including those built by the Philippines, China and Vietnam, must be dismantled to allow for a peaceful resolution to the conflict," he said. He urged countries that are also victims of China's bullying, such as Vietnam and Malaysia, to unite with the Philippines and present their respective cases at the International Arbitral Tribunal to counter China's intensifying aggression in the region.

## Paggawad ng DENR ng "stewardship" ng Verde Island Passage sa tatlong pinakamalaking prodyuser ng maruming enerhiya, kinasuklaman

Mayo 19, 2024

Kabi-kabilang batikos ang inabot ng desisyon ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) na ibigay ang "stewardship" o pangangalaga sa Verde Island Passage (VIP) sa tatlong prodyuser ng maruming enerhiya sa bansa. Katuwang ang Department of Energy, ibinigay ito ng kagawaran mga kumpanyang Aboitiz Equity Ventures (AEV) ng pamilyang Aboitiz, Metro Pacific Investments Corp (MPIC) na pinatatakbo ni Manny Pangilinan, at San Miguel Corp (SMC) ni Ramon Ang, mga kumpanyang kilalang mapandambong at mapanira sa kalikasan.

Ipinagmalaki pa ng DENR na ang naabot na kasunduan ay "kauna-unahang public-private partnership" sa "pangangalaga sa kalikasan at konserbasyon ng ekosistemang marino."

“Tiyak kaming wala idudulot na benepisyo sa ekosistemang marino ang tambalang ito, na isang malinaw na kaso ng “corporate greenwashing,” ayon kay Fernanco Hicap, pambansang pinuno ng Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (Pamalakaya). “Kasuklam-suklam ang DENR at DOE sa direktang pagsangkot nito sa naturang mga korporasyon sa tabing ng pagprotekta sa VIP. Pagkakakitaan lamang ng mga ito ang ating masaganang rekurso.”

Binatikos din ang kasunduan ng Protect VIP, isang network ng mga organisasyong sibiko at ng mga komunidad ng Batangas. Wala man lamang konsultasyon na isinagawa ang DENR at DOE sa apektadong mga komunidad bago iginawad ang stewardship, ayon kay Gerry Arances, kumbenor ng grupo. Matagal nang tinututulan ng Protect VIP ang operasyon ng mga plantang pang-enerhiya na gumagamit ng fossil fuel (diesel at LNG) ng tatlong kumpanya sa Batangas. Nagdudulot ng masasamang epekto ang mga plantang ito sa ekosistema sa VIP at kabuhayan ng mga mangingisda na nakaasa dito.

“Sa pagtatayo ng dagdag pang mga fossil gas power plant sa VIP, lalo nitong isinasapanganib ang marine corridor at ang katapat na mga komunidad sa polusyon, pagbabago sa biodiversity at kabuhayan, at pinalala nito ang mga epekto ng climate change, ayon kay Arances.

Sa ulat ng grupo, lima sa anim na plantang diesel, apat sa pitong plantang para sa liquified natural gas (LNG) at siyam sa 39 gas-powered power plant ay nasa Batangas. Isa sa pinakamalaki rito

ang $3.3-bilyong plantang pang-LNG na sosyohan ng SMC, AEV at MPI na nakatapat mismo sa VIP.

Ayon kay Arances, kung talagang seryoso ang tatlong kumpanyang ito sa pagtatanggol sa VIP, dapat muna nilang ibasura ang kanilang mga plano sa pagtatayo at pagpapalawak ng dambuhalang mga plantang nakasasama sa kapaligiran.

Samantala, iginiit ng Oceana Philippines na dapat ideklara ang VIP bilang protektadong lugar at istriktong ipatupad dito ang mga batas na nangangalaga sa kapaligiran.

**[English Translation]**

## Various groups disgusted by DENR awarding of Verde Island Passage “stewardship” to top three dirty energy producers

Mayo 19, 2024

Condemnation met the decision of the Department of Environment and Natural Resources (DENR) to award the “stewardship” or care of the Verde Island Passage (VIP) to three dirty energy producers in the country. In cooperation with the Department of Energy, the department awarded it to the companies Aboitiz Equity Ventures (AEV) of the Aboitiz family, Metro Pacific Investments Corp (MPIC) operated by Manny Pangilinan, and San Miguel Corp (SMC) of Ramon Ang, companies notorious for environmental plunder and destruction.

The DENR further boasted that the agreement reached is the "first public-private partnership" in "environmental protection and marine ecosystem conservation."

"We are sure that this partnership, which is a clear case of 'corporate greenwashing', will bring zero benefit to the marine ecosystem," according to Fernanco Hicap, national leader of the Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (Pamalakaya). "The DENR and DOE are despicable in its direct involvement with such corporations under the guise of protecting VIP. They will only profit from our abundant resources."

Protect VIP, a network of civic organizations and Batangas communities, also condemned the agreement. The DENR and DOE did not even consult with the affected communities before awarding the stewardship, according to Gerry Arances, the group's convenor. Protect VIP has long opposed the three companies in Batangas for operating energy plants that use fossil fuel (diesel and LNG). These plants cause adverse effects on the VIP ecosystem and the livelihood of the fisherfolk who depend on it.

"The construction of more fossil gas power plants in the VIP further endangers the marine corridor and the neighboring communities with pollution, changes in biodiversity and livelihoods, and worsens the effects of climate change," Arances said.

The group’s report says five out of six diesel plants, four out of seven liquefied natural gas (LNG) plants and nine out of 39 gas-powered power plants are in Batangas. One of the largest of these is the $3.3-billion LNG plant jointly owned by SMC, AEV and MPI located directly across from VIP.

Arances said if these three companies are really serious about defending VIP, they should first scrap their plans to build and expand gigantic plants that harm the environment.

Meanwhile, Oceana Philippines insisted that the VIP should be declared a protected area and that environmental protection laws the should be strictly enforced there.

## Simbahang Katolika, tutol sa panunulsol ng “proxy war” sa West Philippine Sea

Mayo 19, 2024

Sa isang panayam ng midya noong Mayo 19, inilahad ni Bishop Pablo Virgilio David, presidente ng Catholic Bishops’ Conference of the Philippines (CBCP) ang paninindigan ng simbahang Katolika laban sa tumitinding girian sa pagitan ng US at China sa West Philippine Sea. Kasabay nito, ipinahayag niya ang pakikiisa ng simbahan sa masang mangingisda na labis na apektado sa naturang girian.

Ayon sa obispo, dapat itulak ang isang mapayapang solusyon sa tunggalian, at hindi ang

mga “pinagsanib na pagpapakitang-gilas na militar.” Pinakatampok sa mga ito ang katatapos lamang na Balikatan war game ng US na lalong nagpataas ng tensyon sa South China Sea.

Sang-ayon ang obispo sa ginawang paglalayag ng mga mangingisdang Pilipino, kasama ang mga grupong sibiko, para maghatid ng suplay sa mga mangingisdang nasa Scarborough Shoal noong Mayo 14. Ito anya ang mas mahusay na paraan para ipakita ang pagkakaisa at pagtatanggol ng soberanya ng bansa laban sa China.

Nagbababala siya laban sa mga gustong isangkot ang mamamayang Pilipino sa isang “marahas na proxy war” kung saan ang tanging makikinabang ay ang mga mayor na industriya sa armas.

**[English Translation]**

## Catholic Church oppose proxy war provocations in the West Philippine Sea

Mayo 19, 2024

In a media interview on May 19, Bishop Pablo Virgilio David, the Catholic Bishops’ Conference of the Philippines (CBCP) president, expressed the Catholic Church’s stance against the intensifying conflict between the US and China in the West Philippine Sea. Concurrently, he expressed the church’s solidarity with the fisherfolk who are adversely affected by said warmongering.

The bishop said a peaceful solution to the conflict should be pushed, and not “joint military

activities.” The most prominent of these is the recently concluded US Balikatan war game which has further increased tensions in the South China Sea.

The bishop agreed with the mission made by Filipino fisherfolk, together with civic groups, to deliver supplies to the fisherfolk in Scarborough Shoal on May 14. He said this is the better way to show unity and defense of the country’s sovereignty against China.

He warned against those who want to involve the Filipino people in a “violent proxy war” which will only benefit major arms industries.

## 12 magsasakang Adivasi, minasaker ng paramilitar sa Chhattisgarh, India

Mayo 20, 2024

Kinundena ng Forum Against Corporatization and Militarization (FACAM), alyansa ng mga demokratikong organisasyon sa India, ang pagmasaker ng mga pwersang paramilitar ng estado ng India sa 12 magsasakang Adivasi (katutubo) noong Mayo 11 sa Bijabur, Chhattisgarh, India. Pinalalabas ng estado na ang mga biktima ay pawang mga mandirigma at kasapi ng Communist Party of India (Maoist) na napaslang sa isang engkwentro para takasan ang pananagutan nito sa karumal-dumal na krimen.

Ayon sa FACAM, nakatanggap sila ng impormasyon na ang mga biktima ay mga residente ng komunidad ng Pedia, Gangaloor sa

Bijapur. Salaysay pa ng mga residente sa lugar, kumukuha lamang umano ang mga biktima ng mga dahon, isang tradisyon ng mga magsasakang Adivasi sa ganitong mga panahon. Nasaksikan pa ng mga residente kung paanong dinampot, kinaladkad at saka sadyang pinaslang ng mga paramilitar ang kanilang mga kapwa.

Hindi pa nakuntento, ikinulong ng mga pwersa ng estado ang mga aktibista, mga balo ng biktima, kanilang mga anak at pamilya na kukuha sana sa mga bangkay ng minasaker. Hindi bababa sa 30 magsasakang Adivasi ang ikinulong. Ipinrisinta pa silang “sumurender” na mga Maoista para kubrahin ang patong sa ulo. Dalawampu’t lima pa lamang sa kanila ang pinalaya. “Hindi rin ibinigay ng Bijapur District Collector ang bangkay ng mga napaslang,” ayon pa sa FACAM.

Giit ng grupo, hindi nahihiwalay na insidente ang nangyaring masaker sa Bijapur. Bahagi umano ito ng higit na pinatinding gera laban sa mamamayang Indian sa ilalim ng Operation Kagaar na ipinatutupad sa Abujmaad, isang mabundok at magubat na lugar sa timog ng estado ng Chhattisgarh. Bahagi ang operasyong ito ng pangkalahatang operasyong kontra-insurhensya laban sa CPI (Maoist) na Operation SAMADHAN-Prahar.

Ayon pa sa FACAM, karaniwang ginagamit na dahilan ng estado ng India ang pekeng engkwentro para bigyang katwiran ang patung-patong nang mga paglabag sa karapatang-tao at sa interansyunal na makataong batas.

“Ang ‘gera laban sa Naxalism’ ng estado ng India sa kaibuturan ay isang gerang henosidyo laban sa mamamayan, partikular sa mga magsasakang Adivasi na nakikibaka laban sa pandarambong ng mga korporasyon sa likas na yaman ng India, pangangamkam sa kanilang lupa para sa interes ng mga imperyalista at malalaking koporasyong Indian, at maigting na militarisasyon,” pahayag ng grupo.

**[English Translation]**

## Paramilitary massacres 12 Adivasi farmers in Chhattisgarh, India

Mayo 20, 2024

The Forum Against Corporatization and Militarization (FACAM), an alliance of democratic organizations in India, condemned the Indian state paramilitary forces for the massacre of 12 Adivasi (indigenous) farmers on May 11 in Bijabur, Chhattisgarh, India. To escape its responsibility for the heinous crime, the state claimed that the victims were fighters and members of the Communist Party of India (Maoist) who were killed in an encounter .

FACAM said it received information that the victims were residents of Pedia community, in Gangaloor, Bijapur. Local residents even stated that the victims were only gathering leaves, a tradition of Adivasi farmers during the season. The residents even witnessed how the paramilitaries apprehended, dragged and then extrajudicially killed their neighbors.

Not satisfied with the crime, state forces detained activists, widows of the victims, their children and families who were supposed to collect the remains of the massacred. At least 30 Adivasi farmers were detained. They were even paraded as Maoist "surrenderers" to claim bounties. Only twenty-five of them have been released. "The Bijapur District Collector also did not hand over the remains of those killed," FACAM said.

The group insisted that the massacre in Bijapur is not an isolated incident. It said this is part of a more intensified war against the Indian people under Operation Kagaar which is being implemented in Abujmaad, a mountainous and forested area in the south of Chhattisgarh state. This operation is part of the comprehensive Operation SAMADHAN-Prahar counter-insurgency operation against the CPI (Maoist).

FACAM said fake encounters are commonly used as covers by the Indian state to justify heaping violations of human rights and international humanitarian law.

"The Indian state's "war against Naxalism" is practically a genocidal war against the people, particularly the Adivasi peasants who are resisting corporate plunder of India's natural resources, the grabbing of their lands for imperialist and big Indian corporate interests and rampant militarization," the group said.

## Mga manggagawa ng PLDT, bumoto pabor sa pagwewelga

Mayo 20, 2024

Pabor sa paglulunsad ng welga ang mga manggagawa ng Philippine Long Distance Telephone Company (PLDT) sa harap ng pagtanggi ng maneydsment ng kumpanya na harapin ang Manggagawa sa Komunikasyon ng Pilipinas (MKP) para sa negosasyon sa bagong collective bargaining agreement (CBA) para sa 2024-2027. Umabot sa 3,371 kasapi o 99.4% ng kabuuang bilang ng mga bumoto (3,390) at 83.4% ng kabuuang kasapian ng unyon (4,041) ang pumabor sa welga.

Inilunsad ng mga manggagawa ang strike vote o pagbotong magwelga noong Mayo 14 hanggang 15 sa lahat ng sangay at upisina ng PLDT sa bansa. Isinumite ng MKP ang resulta ng botohan sa Regional Conciliation and Mediation Board-National Capital Region. Ayon sa upisyal ng unyon, magkakaroon ng pitong araw na "cooling off period" bago nila iputok ang welga.

Noon pang Pebrero 19 nagsumite ang MKP sa maneydsment ng pabatid para sa negosasyon at kanilang mga kahingian. Ngunit makalipas ang tatlong buwan, nananatiling walang tugon at plano ang kumpanya na harapin ang unyon para sa negosasyon. Paliwanag ng unyon, sadyang pinatatagal at inaantala ng kumpanya ang negosasyon para lumampas sa nakatakdang panahon na nakasaad sa batas paggawa ng Pilipinas.

Anang unyon, kung lalampas sa palugit na anim na buwan mula nang magsumite ng pabatid, maaaring hindi na matanggap ng mga manggagawa ang hanggang walong buwan na retroactive pay (kabilang ang maidadagdag sa sweldo ng mga manggagawa na makakamtan sa CBA). Iginigiit umano ng maneydsment ng PLDT na sa Agosto o Setyembre pa simulan ang negosasyon dahil ito umano ang “tradisyon” at nakagawiang proseso sa nakaraan.

Ipinanawagan din ng mga manggagawa ang pagbibigay ng kumpanya ng karampatang mga kagamitan at kabayaran sa panahong gumagampan ng kanilang trabaho ang mga manggagwa. Kabilang sa mga hindi binabayaran ng PLDT ang emission testing, pagpapalinis ng sasakyan (carwash) at iba pang gastusin sa pagpapanatili ng mga sasakyang gamit ng mga manggagawa.

Giit din nila ang regularisasyon sa higit 7,000 kontraktwal na manggagawa ng PLDT sa installation, repair, at maintenance ng mga linya. Sa kabila ng desisyon ng Korte Suprema noong Marso na dapat iregularisa ang mga manggagawa ng PLDT, patuloy pa rin itong binabalewala ng kumpanya.

Ang PLDT ay ang pinakamatanda at pinakamalaking kumpanya sa telekomunikasyon sa bansa. Noong 2023, ang kabuuang kita ng kumpanya ay lumobo tungong ₱26.1 bilyon mula sa ₱10.49 bilyon na kita noong 2022. Ang kumpanya ay pag-aari ng bilyonaryong Indonesian

na si Anthoni Salim sa pamamagitan ng Pilipinong burgesya kumprador na si Manny Pangilinan.

**[English Translation]**

## PLDT workers, vote in favor of strike

Mayo 20, 2024

The workers of the Philippine Long Distance Telephone Company (PLDT) are in favor of launching a strike amid the company management's refusal to confront the Manggagawa sa Komunikasyon ng Pilipinas (MKP) for negotiations on the new collective bargaining agreement (CBA) for 2024 -2027. As many as 3,371 members or 99.4% of the total number of those who voted (3,390) and 83.4% of the total membership of the union (4,041) favored the strike.

The workers conducted the strike vote on May 14 to 15 in all PLDT branches and offices nationwide. MKP submitted the poll results to the Regional Conciliation and Mediation Board-National Capital Region. The union official said there will be a seven-day "cooling off period" before launching the strike.

As early as February 19, MKP submitted to the management a notice for negotiations and their demands. But three months later, the company has yet to respond or plan to negotiate with the union. The union said the company deliberately prolongs and delays negotiations to stretch the gap (between CBAs) allowed by Philippine labor laws.

The union said that if the submission of the notice exceeds the deadline of six months, the workers may no longer receive up to eight months of retroactive pay (including additions to the wages of the workers that will be obtained in the CBA). It said the PLDT management insists that the negotiations start in August or September because this is allegedly the “tradition” and routine in the past.

The workers also called for the company to provide its workers adequate equipment and compensation when on duty. Among expenses that the company pass on to its workers include bills for emission testing, car washes and other maintenance expenses for vehicles used in company operations.

They also demanded the regularization of PLDT’s more than 7,000 contractual workers in the installation, repair, and maintenance of lines. The company continues to ignore the Supreme Court ruling in March that PLDT workers should be regularized.

PLDT is the oldest and largest telecommunications company in the country. In 2023, the company’s total revenue swelled to ₱26.1 billion from ₱10.49 billion revenue in 2022. The company is owned by Indonesian billionaire Anthoni Salim through Filipino bourgeois-comprador Manny Pangilinan.

## Paglala ng kahirapan sa ilalim ng rehimeng Marcos, hindi guni-guni lamang

Mayo 21, 2024

Binweltahan kamakailan ng grupong Kadamay si Larry Gadon, tagapayo ni Ferdinand Marcos sa mga usapin ng kahirapan, sa pahayag niyang "guni-guni" lamang ang kahirapan sa Pilipinas. Pagdadahilan ni Gadon, marami siyang nakikitang kumakain sa mga kainang fastfood at nagliliwaliw sa mga mall, kaya di totoong marami ang naghihirap sa Pilipinas.

"Hindi imaginary yung pagdami ng mga kababayan nating nakararanas ng involuntary hunger," ayon kay Mimi Doringo, pangkalahatang kalihim ng grupo, sa isang panayam. "Sa bawat footbridge, hindi lamang isa kundi mahigit lima ang namamalimos."

"Gusto kong ipaalala kay Larry Gadon na ang tuluy-tuloy na pagtaas ng presyo ng mga bilihin at serbisyo ay totoo, at di produkto lamang ng imahinasyon," ayon kay Rep. Brosas. Ang pahayag ni Gadon na hindi siya naniniwala dito ay patunay ng kanyang "incompetence" o kawalang kakayahan at dapat na sibakin na siya sa pwesto, ani Brosas.

Dagdag ng kongresista, ang totoong imahinasyon ay yung sinasabi ng gubyerno na magkakaroon ng "Bagong Pilipinas" dahil ang reyalidad ay lumalala ang kahirapan, dagdag pa niya.

Ayon naman kay Sonny Afica, executive director ng IBON Foundation, ang pahayag ni Gadon ay pagtatangka ng administrasyon ni Marcos na pabanguhin ang paghahari nito laluna't papalapit na ang midterm elections.

### [English Translation]

## Kadamay: Worsening poverty under the Marcos regime not illusory

Mayo 21, 2024

The group Kadamay recently rebuked Larry Gadon, adviser to Ferdinand Marcos on poverty issues, for his statement that poverty in the Philippines is "just an illussion." Gadon's reasoning is that he sees many people eating at fast food restaurants and visiting malls, so there aren't really many people suffering in the Philippines.

"The increase in the number of our countrymen experiencing involuntary hunger is not imaginary," Mimi Doringo, general secretary of the group, said in an interview. "On every footbridge, not only one but more than five are begging."

"Let me remind Larry Gadon that the continuous increase in the price of goods and services is real, and not just a product of imagination," according to Rep. Brosas. Gadon's statement of disbelief is proof of his "incompetence" warranting his ouster from his position, said Brosas.

The real imagination is the government saying a "New Philippines" will emerge because the reality is that poverty is getting worse, she added.

According to Sonny Afica, IBON Foundation executive director, Gadon's statement is an attempt by the Marcos administration to deodorize its rule especially as the midterm elections are approaching.

## "Freeze order" laban sa organisasyong pangkaunlaran sa Leyte, hinamon sa korte

Mayo 22, 2024

Naghain ng petisyon ang Leyte Center for Development Enterprise, Inc. (LCDE) sa Court of Appeals sa Cebu City noong Mayo 17 para kwestyunin ang pagpapataw ng "freeze order" ng Anti-Money Laundering Council (AMLC) sa kanilang mga akawnt sa bangko. Giit nilang malaman ang sinasabing mga dahilan ng AMLC at Anti-Terrorism Council (ATC) sa arbitraryong "freeze order" at ipatanggal ito. Ang petisyon ay inihain sa tulong ng mga abugado mula sa National Union of People' Lawyers (NUPL)-Eastern Visayas.

Inilabas ng AMLC ang resolusyon laban sa LCDE noong Abril na nagdadawit dito sa "terrorism financing" na kalaunan ay ginamit na batayan para ipa-freeze (hindi pwedeng galawin) ang mga akawnt ng grupo sa bangko. Ipina-freeze din nito ang mga akawnt ng pinuno nitong si Jazmin Jerusalem, maging ang hindi bababa sa apat na

iba pang mga boluntir. Idinawit din sa atas kahit ang mga negosyong nakaugnayan ng LCDE sa mga operasyon nito ng pagkakawang-gawa. Upisyal na ipinataw ng mga bangko ang pag-freeze sa mga akawnt noong Mayo 2.

“Ipinakikita ng kasong ito na may batayan ang aming mga pangamba… na sinumang malisyosong iuugnay sa kilusang komunista at kahit sinong tao na bansagan nitong terorista ay lalabagin ang karapatang sibil,” pahayag ni Atty. Alberto Hidalgo, pangulo ng NUPL-Eastern Visayas.

Ayon pa sa abugado, tila nagsisilbi na bilang “hukom, tagahatol at tagapagpatupad” ang AMLC sa pagpapataw ng arbitraryong mga sangsyon. “Paano pa matitiyak ang epektibong proteksyong hudisyal kung ang napakalaking kapangyarihan ay nakakonsentra sa isang lupon o dalawa at wala tayong ideya kung ano ang nangyayaring proseso sa likod nito?,” dagdag ni Hidalgo.

Liban sa pagkwestyon sa ipinataw na “freeze order,” hinamon din ng LCDE sa korte ang pagiging konstitusyunal ng Terrorism Financing Prevention and Suppression Act of 2012, ang batas na ginamit laban dito. Pinahihintulutan nito ang AMLC na mag-alam sa mga bangko, magpataw ng pag-freeze, at iba pa nang walang kahit anong pagdinig o abiso man lang, o maayos na proseso alinsunod sa batas.

Ayon sa LCDE, malaki ang pinsalang resulta ng pag-freeze ng akawnt nila sa bangko at halos katumbas nito ang suspensyon sa mga serbisyong ibinibigay ng institusyon sa higit isang milyong

mahihirap na pamilya sa Eastern Visayas na hindi nakatatanggap ng mga serbisyo mula sa gubyerno.

Ang pag-freeze mga akawnt ay naging laganap na taktika ng militar sa nagdaang mga taon para paralisahin ang paglilingkod ng mga institusyong pangkaunlaran, mga progresibo at aktibistang grupo. Karaniwang kaugnay ang "terrorism financing" ng pagkakaso ng "terorismo" sa bisa ng Anti-Terrorism Act of 2020.

**[English Translation]**

## Leyte development organization challenges "freeze order" in court

Mayo 22, 2024

The Leyte Center for Development Enterprise (LCDE), Inc. filed a petition in the Court of Appeals in Cebu City on May 17 to question the imposition of a "freeze order" by the Anti-Money Laundering Council (AMLC) on their bank accounts. They demand determining the alleged reasons of the AMLC and Anti-Terrorism Council (ATC) for the arbitrary "freeze order" and have it lifted. The petition was filed with the help of lawyers from the National Union of People' Lawyers (NUPL)-Eastern Visayas.

The AMLC issued a resolution against LCDE in April implicating the institution in "terrorism financing," which was later used as a basis to freeze the group's bank accounts. It also froze the accounts of its leader Jazmin Jerusalem, as well as at least four other volunteers. The decree also

implicated even businesses LCDE had transactions with for its charitable operations. The banks officially froze the accounts on May 2.

“This case demonstrates that our fears are well founded… that anyone maliciously linked to the communist movement and or to any person it brands to be a terrorist stands to have their civil liberties curtailed,” NUPL-Eastern Visayas president Atty. Alberto Hidalgo said.

The lawyer said the AMLC seems to be the “judge, jury, and executioner” in issuing financial sanctions. “How can the principle of effective judicial protection be observed when vast powers are concentrated in one executive body or two and we have no idea what happens behind their closed doors?” Hidalgo added.

In addition to questioning the imposed “freeze order,” the LCDE also challenged in court the constitutionality of the Terrorism Financing Prevention and Suppression Act of 2012, which was used against it. This law allows the AMLC to investigate banks, impose freezes, and others, without any hearing or notice, or due process of law.

LCDE said the damage resulting from the freezing of their bank account is catastrophic and is almost equivalent to the suspension of services provided by the institution to more than one million poor families in Eastern Visayas who do not receive services from the government.

Freezing accounts has become a widespread military tactic in recent years to paralyze the services of development institutions, progressive and activist groups. “Terrorism financing” is usually associated with the prosecution of “terrorism” under the Anti-Terrorism Act of 2020.

## 3 sundalo ng 91st IB, napatay sa engkwentro sa BHB-Aurora

Mayo 22, 2024

Ligtas na naka-atras ang yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Aurora kasunod ng engkwentro nito sa tropa ng 91st IB noong umaga ng Mayo 20 sa Barangay Toytoyan, Dipaculao, Aurora. Hindi bababa sa tatlong sundalo ng pasistang mersenaryong 91st IB ang napatay.

Mariing pinasinungalingan ng BHB-Aurora na may nasawi sa hanay ng mga Pulang mandirigma. Sinagot ng BHB-Central Luzon (Josepino Corpuz Command) ang ipinakakalat ng 7th ID na labis ang pinsala sa mga Pulang mandirigma ng sagupaan.

Giit ng Pulang hukbo, ang kabiguan ng 91st IB sa naganap na engkwentro ay “patunay na hindi magagapi ang BHB sa Gitnang Luzon.” Sa kabila ng paulit-ulit nang pahayag na kakaunti na at nabuwag na ang mga yunit gerilya ng BHB sa rehiyon, ipinahayag naman ng 7th ID nito na nasa “20 mandirigma” ng BHB ang nakasagupa ng 91st IB sa Barangay Toytoyan.

Samantala, tiniyak ng BHB-Aurora ang publiko na tanging nasa direksyon ng mga armadong tropa

ng 91st lamang ang pinakawalan nilang mga bala sa naturang sagupaan. “Sama-samang lumaban at nag-aalalayan ang mga kasama hanggang makalayo sa pinangyarihan ng enkwentro,” ayon sa BHB-Central Luzon.

Kinundena naman ng hukbong bayan ang nagpapatuloy na karahasang militar na inihahasik ng AFP sa mga sibilyang komunidad. Anila, dapat igalang ng rehimeng Marcos ang internasyunal na makataong batas at karapatang-tao.

**[English Translation]**

## 3 91st IB troopers killed in NPA-Aurora encounter

Mayo 22, 2024

A unit of the New People’s Army (NPA)-Aurora safely withdrew following its encounter with the troops of the 91st IB on the morning of May 20 in Barangay Toytoyan, Dipaculao, Aurora. Meanwhile, where at least three soldiers of the fascist battalion were killed.

The NPA-Aurora vehemently denied that there were casualties among the Red fighters. The NPA-Central Luzon (Josepino Corpuz Command) responded to the information spread by the 7th ID that there was excessive damage to the Red fighters in the encounter.

The Red Army insisted that the failure of the 91st IB in the encounter was “proof that the NPA is invincible in Central Luzon.” Despite the repeated statements that the NPA guerrilla units in the

region have been decimated and disbanded, the 7th ID declared that around “20 fighters” of the NPA attacked the 91st IB in Barangay Toytoyan.

Meanwhile, the NPA-Aurora assured the public that they only fired their bullets in the direction of the armed troops of the 91st in the said clash. “The comrades fought together and supported each other until they werer able to maneuver away from the scene of the encounter,” the NPA-Central Luzon said.

The People’s Army condemned the ongoing military violence inflicted by the AFP on civilian communities. They said the Marcos regime must respect international humanitarian law and human rights.

## Magsasaka sa Negros Occidental, dinakip at pinatay ng 62nd IB

Mayo 22, 2024

Nilusob at pinaulanan ng bala ng hindi bababa sa 24 tropa ng 62nd IB ang bahay ng pamilyang dela Peña sa Sityo Inangaw, Barangay Quintin Remo, Moises Padilla, Negros Occidental noong Mayo 21 ng umaga. Kasunod nito, iligal na inaresto ng mga sundalo si Richard dela Peña, inilayo sa kanyang bahay at sadyang pinatay.

Tulad ng karaniwan nilang gawi, pinalalabas ng 62nd IB na napatay ang biktima sa armadong engkwentro sa Bagong Hukbong Bayan (BHB). Pinasinungalingan ito ng BHB-Central Negros (Leonardo Panaligan Command) sa pagsasabing

wala silang nakasagupang tropa ng gubyerno sa araw at lugar na iyon.

Ayon kay Ka JB Regalado, tagapagsalita ng BHB-Central Negros, “para pagtakpan ang desperasyon ng berdugong militar ay tinaniman pa ng ‘recycled’ na ebidensyang M16, bandolyer at mga dokumento ang biktima.”

Idiniin pa ng tagapagsalita na hindi armado at hindi nila kasapi ang biktima. “Kumpleto ang aming mga armas…na ginagamit sa pagsusulong ng rebolusyonaryong gawain sa Central Negros,” ayon pa sa kanya.

Sa isla ng Negros noong unang kwarto ng taon, hindi bababa sa 11 pekeng engkwentro na ang ipinakana ng mga sundalo ng 3rd ID. Patung-patong na mga paglabag sa karapatang-tao ang naitala sa mga insidenteng ito.

**[English Translation]**

## 62nd IB captures and kills farmer in Negros Occidental

Mayo 22, 2024

At least 24 troops of the 62nd IB stormed and fired at the house of the dela Peña family in Sityo Inangaw, Barangay Quintin Remo, Moises Padilla, Negros Occidental on early May 21. After that, the soldiers illegally arrested Richard dela Peña, took him away from his house and extrajudicially killed him.

In line with their usual practice, the 62nd IB falsely claimed that the victim was killed in an

armed encounter with the New People's Army (NPA). The NPA-Central Negros (Leonardo Panaligan Command) denied this by saying that they did not encounter any government troops on that day and place.

Ka JB Regalado, spokesperson of the NPA-Central Negros said "to cover up their desperation, the military butchers planted 'recycled' evidences of M16, bandolier and documents with the victim."

The spokesperson further emphasized that the victim was not armed and was not a member. "Our weapons are all accounted for…which we use to advance revolutionary work in Central Negros," he said.

3rd ID troops have staged at least 11 fake encounters in Negros for the first quarter of the year. Multiple human rights violations have been recorded in these incidents.

## May 400 pamilya sa Aurora, lumikas dahil sa pambobomba at operasyong kombat ng 91st IB

Mayo 22, 2024

Halos 400 pamilya mula sa mga barangay ng Dipaculao, Aurora ang lumikas kasunod ng pambobomba, istraping at pinatinding operaysong kombat ng 91st IB sa Dipaculao at katabing bayan na Maria Aurora mula Mayo 20. Pinakawalan ng 91st IB ang mga berdugong yunit nito matapos ang isang engkwentro sa Bagong Hukbong Bayan

(BHB)-Aurora noong umaga ng Mayo 20 sa Barangay Toytoyan, Dipaculao.

Ayon sa ulat ng mga residente, dalawang helikopter ang ginamit ng 91st IB sa pag-iikot-ikot sa mga barangay ng Diamanen, Toytoyan, Puangi, Dimabuno, Salay, at Sapang Kawayan sa Dipaculao. Kasunod nitong inikutan ang mga barangay ng Bannawag, Bayanihan, Cadayacan, sa bayan ng Maria Aurora kung saan naghulog sila ng mga bomba sa mga bukid.

Dagdag dito, walang-patumangga rin ang pamamaril ng 91st IB sa mga operasyon ng “pagtugis” nito sa nakasagupang yunit ng BHB. Naiulat ang pagkamatay ng isang kabataan dahil dito.

Labis na takot at troma ang idinulot sa mga residente ng nakagigimbal na pagsabog at pagyanig ng lupa na idinulot ng pambobomba at pammaaril. Ito ang nagtulak sa kanila na lumikas sa kani-kanilang mga komunidad. Walang-kapantay na pangamba naman ang kinahaharap ngayon ng ilang mga sibilyang piniling manatili sa kanilang komunidad para asikasuhin ang kanilang tahanan.

Nadiskaril din ng terorismong ito ng 91st IB ang klase ng mga eskwelahan, pagsasaka sa mga bukid at pag-asikaso sa kabuhayan ng mga residente. Hindi sila makalabas dahil sa takot na idamay ng militar o paratangan ng mga ito ng kung anu-ano. Ipinasara na rin ng mga sundalo at lokal na pamahalaan ang lahat ng mga daan na

papuntang Quirino hanggang sa haywey papuntang Pantabangan, Nueva Ecija.

Noong Abril, nakaranas na rin ng labis na pasakit ang naturang kulumpon ng mga komunidad kasunod ng inilunsad ng focused military operation (FMO) ng Armed Forces of the Philippines. Sa panahong iyon, pinagbawalan na rin silang makapagsaka sa kanilang mga bukid, gulayan, at niyugan.

Samantala, kabi-kabilang pananakot naman ang inilalabas ng pulis at militar sa social media para huwag magpost ng nangyayari sa mga komunidad. Pinalalabas nilang bahagi ito ng kanilang paglaban sa "fake news."

Kinundena ng Karapatan-Central Luzon ang karahasang militar na nagaganap sa Aurora. Anang grupo, dapat igalang ng mga sundalo ng AFP ang internasyunal na makataong batas at kilalanin ang karapatan ng mga sibilyan.

Nanawagan din sila sa mga demokratiko at mapagkawang-gawang mga organisasyon na makiisa sa kanilang isasagawang "mercy and solidarity mission" sa mga komunidad sa Dipaculao at Maria Aurora sa Aurora na higit na apektado ng militarisasyon.

**[English Translation]**

## 91st IB bombing and combat operations displace around 400 families in Aurora

Mayo 22, 2024

Nearly 400 families from the barangays of Dipaculao, Aurora were displaced following the bombing, strafing and intensified combat operations of the 91st IB in Dipaculao and the neighboring town of Maria Aurora since May 20. The 91st IB unleashed its butcher units after its encounter with the New People's Army (NPA)-Aurora on the morning of May 20 in Barangay Toytoyan, Dipaculao.

Residents reported two helicopters were used by the 91st IB in going around the barangays of Diamanen, Toytoyan, Puangi, Dimabuno, Salay, and Sapang Kawayan in Dipaculao. Subsequently, they surrounded the barangays of Bannawag, Bayanihan, Cadayacan, in the town of Maria Aurora where they dropped bombs on the fields.

In addition, the 91st IB conducted "pursuit" operations against an NPA unit which it encountered using indiscriminate firing. Reports said a young person was killed due to these operations.

The shocking explosions and earthquakes caused by the bombing and shelling brought residents great fear and trauma. These forced them to flee their respective communities. Some civilians who choose to stay in their community to tend their homes faced severe fear.

The 91st IB's terrorism also derailed classes in schools, work in famrs and residents' livelihoods. They were unable go out for fear of being caught by the military or be accused of anything. The soldiers and local government have also blocked

all roads going to Quirino up to the highway to Pantabangan, Nueva Ecija.

In April, this same communities suffered aftera focused military operation (FMO) was launched by the Armed Forces of the Philippines. During that time, they were also prohibited from farming in their rice paddies, vegetables farms, and coconut fields.

Meanwhile, the police and military have been issuing widespread threats on social media, warning residents not to post what is happening in the communities. They claim it is part of their fight against "fake news."

Karapatan-Central Luzon condemned the military for the violence taking place in Aurora. The group demanded that AFP soldiers respect international humanitarian law and recognize the rights of civilians.

They also called on democratic and humanitarian organizations to join their mercy and solidarity mission for the communities in Dipaculao and Maria Aurora in Aurora that are most affected by militarization.

## 2 bata sa India, namatay sa pagsabog ng mortar na iniwan ng paramilitar

Mayo 23, 2024

Dalawang bata ang namatay at marami ang nasugatan sa pagsabog ng isang mortar na iniwan ng mga paramilitar ng estado ng India sa Odspara, Bijapur, Chhattisgarh noong Mayo 12.

Ang mortar ay kabilang sa maraming bala ng kanyon na hindi pumutok nang manganyon ang mga pwersang militar ng India sa kagubatan ng naturang lugar.

Nangungolekta ng mga dahon ng tendu ang may 20 bata at matatanda mula sa komunidad ng Gurga malapit sa ilog ng Indravati sa Odspara nang mangyari ang insidente. Habang nangunguha ng dahon, naghahagis ng bato ang mga bata nang matamaan ang isang mortar na nagresulta sa biglang pagsabog nito. Ang mga namatay ay kinilalang sina Laxman at Boti Oyam.

"Ang pagkamatay ng mga batang ito ay nagtatampok sa madilim na reyalidad ng pagiging warzone ng Bastar sa ngalan ng pagkontra [ng India] sa Maoismo," pahayag ng Forum Against Corporatization and Militarization (FACAM), alyansa ng mga demokratikong organisasyon sa India. Anang grupo, inasahan na ng mga residente ang posibilidad ng trahedya at ilang ulit na nilang iginiit sa mga pulis na kunin ang mga bombang hindi sumabog.

Binatikos naman ng FACAM ang pagbubunton ng sisi ng estado ng India sa Communist Party of India (Maoist). Pinalalabas ng reaksyunaryong estado ng India na namatay ang mga bata sa pagsabog ng "improvised explosive device" ng CPI (Maoist). Anang FACAM, malinaw na inihayag ng mga residente na mga paramilitar ng estado ang may kagagawan sa trahedya.

Ayon sa taumbaryo, ang mga tira-tirang bahagi ng mortar ay hawig ng pinasabog na mortar sa

parehong komunidad noong Abril 13. Namatay sa panganganyon na ito si Raje Oyam, babaeng magsasakang Adivasi. Liban pa, pinaslang sa pamamaril ng mga pwersa ng estado sa araw na iyon si Ramesh Oyam habang naliligo sa ilog ng Indravati.

“Malaking banta sa buhay at kultura ng mga Adivasi ang mga bala ng kanyon na nakakalat sa kagubatan,” pahayag ng FACAM. Nasasapanganib ang buhay ng mga Adivasi sa panahong naghahanap sila ng hanapbuhay sa kagubatan, anang grupo.

Giit ng FACAM, dapat nang ihinto ng mga pwersang paramilitar at ng estado ng India ang paggamit ng mga kanyon at ng aerial bombing. “Dapat magkaroon ng kagyat na imbestigasyon sa pagkamatay ng mga bata na dulot ng kapabayaan ng estado ng India,” pagtatapos nila.

**[English Translation]**

## Unexploded mortar left by paramilitary kills 2 children in India

Mayo 23, 2024

Two children were killed and several others injured when a mortar left by Indian state paramilitaries exploded in Odspara, Bijapur, Chhattisgarh on May 12. The mortar was among several cannon rounds that misfired when Indian military forces shelled the said area’s forests.

About 20 children and adults from the Gurga community were collecting tendu leaves near the

Indravati river in Odspara when the incident occurred. While picking leaves, the children were throwing stones when they hit a mortar which resulted in its sudden detonation. The victimes were identified as Laxman and Boti Oyam.

“The deaths of these children highlight the dark reality of Bastar becoming a warzone in the name of [India’s] fight against Maoism,” said the Forum Against Corporatization and Militarization (FACAM), an alliance of democratic organizations in India. The group said the residents had anticipated the possibility of tragedy and they had repeatedly demanded the police to recover mortar rounds that has misfired.

FACAM condemned the Indian state for diverting the blame to the Communist Party of India (Maoist). The Indian reactionary state claims that the children died from the “improvised explosive device” of the CPI (Maoist). FACAM said the residents clearly stated that state paramilitaries were responsible for the tragedy.

The community people said the remnants of the mortar resembled those which detonated in the same community on April 13. Raje Oyam, an Adivasi farmer woman, died in this shelling. Ramesh Oyam was also shot dead by state forces that day while bathing in the Indravati river.

“Cannon bullets scattered in the forest pose a great threat to the lives and culture of the Adivasi,” FACAM said. They are in put in danger when they seek livelihood in the forest, the group said.

FACAM demands that the paramilitary forces and the Indian state stop using cannons and aerial bombing. “An immediate investigation must be done into the deaths of the children caused by the negligence of the Indian state,” they concluded.

## Kabataang Pilipino, nagprotesta sa Senado para tutulan ang mandatory ROTC

Mayo 23, 2024

Nagprotesta ang mga kabataang Pilipino sa harap ng Senado sa Pasay City noong Mayo 22 para ipahayag ang kanilang pagtutol sa pagraratsada sa panukalang Mandatory Reserve Officers’ Training Corps (ROTC) sa mataas na kapulungan. Noong Abril, inihayag ng ilang senador ang plano nilang pagratsada sa naturang mapanupil na panukala bago magtapos ang sesyon ng Senado.

Ang pagbabalik sa mandatory o obligadong ROTC ay kabilang sa mga programang sinuportahan ng rehimeng Marcos mula nang maluklok sa poder noong 2022. Ipinahayag niya sa unang State of the Nation Address ang pagsuporta dito at kagustuhang ibalik ang sapilitang pagsasanay militar sa senior high school.

Tinututulan ito ng iba’t ibang mga grupo ng kabataan. Ayon sa No to Mandatory ROTC Network, ang sumusunod ang na pangunahing mga dahilan: 1) Dagdag gastos at paglulustay ng pondo ng publiko; 2) Dagdag pahirap sa mga estudyante, guro at magulang; 3) Kultura ng karahasan at korapsyon; 4) Nagtataguyod ng

pekeng nasyunalismo; 5) Banta sa kalayaang pang-akademiko 6) Paglabag sa lokal at internasyunal na mga batas at kumbensyon kaugnay ng karapatang-bata.

Sa harap ng muling banta na ilusot ang panukala, nagiging matingkad umano ang posibilidad na gamitin ang mandatory ROTC sa harap ng umiigting na posibilidad ng pagputok ng isang gera sa pagitan ng imperyalistang US at China.

"Sa pagpapasa ng mandatory ROTC, sapilitang isusubo ang kinabukasan ng kabataan sa gera at gagawing bala laban sa dayuhan—isang gera na hindi gusto ng kabataan ngunit itinutulak ng rehimeng Marcos sa kanyang pagpapakatuta sa US," pahayag ng Anakbayan.

Noong Disyembre 2022 pa ipinasa ng House of Representatives ang katapat na panukala nito na National Citizens Service Training (NCST) program.

Napabasura ng mga kabataan ang mandatory ROTC noong Enero 2002 kasunod ng mga protestang sumiklab matapos ang pagkamatay ni Mark Welson Chua, 19 anyos na estudyante ng University of Sto. Tomas, noong Marso 2001 sa kamay ng kapwa upisyal sa ROTC ng pamantasan.

Isiniwalat noon ni Chua ang mga anomalya, korapsyon at pang-aabuso sa loob ng UST ROTC dahilan para pag-initan at gantihan siya ng mga upisyal nito na sinipa at inalis sa pusisyon.

[English Translation]
## Filipino youth protest in Senate to oppose Mandatory ROTC

Mayo 23, 2024

Filipino youth protested before the Senate in Pasay City on May 22 to express their opposition to the passage of the Mandatory Reserve Officers' Training Corps (ROTC) bill in the upper house. In April, several senators pushing the repressive program announced their plan to railroad the proposal before the end of the Senate session.

The return to mandatory or obligatory ROTC is also among the programs supported by the Marcos regime since coming to power in 2022. Marcos announced on his first State of the Nation Address his support for the bill and his desire to bring back compulsory military training in senior high school.

Various youth groups oppose the bill mainly for the following reasons: 1) additional costs and waste of public funds; 2) additional burden for students, teachers and parents; 3) culture of violence and corruption; 4) promotion of fake nationalism; 5) threat to academic freedom 6) Violation of local and international laws and conventions related to children's rights.

Amid renewed threat to railroad the proposal, the possibility of using the mandatory ROTC is becoming evident in the face of the intensifying possibility of a war between the imperialist US and its rival China.

“With the passing of mandatory ROTC, the youth will be forced into war and used as ammunition against a foreign aggressor in the future —a war that the youth do not want but is being dragged into by the Marcos regime due to its servility to the US,” Anakbayan said.

In December 2022, the House of Representatives passed its counterpart proposal, the National Citizens Service Training (NCST) program.

The youth had compulsory ROTC repealed in January 2002 following protests that erupted in March 2001 after the death of Mark Welson Chua, a 19-year-old student of the University of Sto. Tomas at the hands of a fellow ROTC officer of the university.

Chua then revealed the anomalies, corruption and abuses within the UST ROTC resulting to being targetted for hatred and retaliation by officers who were discharged and removed from position.

## Kilusang pagwawasto, itinataguyod ng Liga ng Agham para sa Bayan

Mayo 24, 2024

Magiting na itinataguyod ngayon ng rebolusyonaryong mga siyentista at mga nasa sektor ng agham at teknolohiya, sa pangunguna ng Liga ng Agham para sa Bayan (LAB), ang ipinanawagang kilusang pagwawasto ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) noong Disyembre 2023. Inianunsyo ito ng LAB sa editoryal ng publikasyon nitong Agham Bayan

noong Abril. Anila, ang pagpapakahusay nito sa sariling sektor ay makaaambag sa pangkabuuang pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan sa bansa.

Bilang bahagi ng pagtalima sa kilusang pagwawasto, mapangahas nitong pinalalawak ang LAB. Anila, tuluy-tuloy ang pagdami at paggana ng mga grupo at balangay nito sa mga eskwelahan at upisina sa nagdaang taon. Pinaghusay nila ang konsolidasyon ng mga kasapian ng LAB.

Nagpatupad ang organisasyon ng tuluy-tuloy na mga pag-aaral sa rebolusyonaryong mga sulatin tulad ng Lipunan at Rebolusyong Pilipino, Mga Partikular na Katangian ng Ating Digmang Bayan, at mga Espesyal na Kursong Masa. Kasabay ng mga ito, walang-patlang ang "tuwirang paglahok ng mga kasapi [ng LAB] sa iba't ibang rebolusyunaryong gawain."

Ang pagpapalakas ng LAB bilang isang organisasyon, at ng 17 iba pang rebolusyonaryong organisasyon, ay ang batayan ng lakas ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) bilang nagkakaisang prente ng rebolusyonaryong kilusan.

Sa pahayag ng PKP sa ika-51 anibersaryo ng NDFP noong Abril 21, idiniin ng Partido na "mayroong napakalaking kakagyatan na palakasin at palawakin ang NDFP at mga alyadong organisasyon nito…dahil sa lumalalim na krisis ng malakolonyal at malapyudal na lipunan."

Samantala, patuloy na lumalaki ang napamumunuan ng LAB na mga siyentista,

inhinyero, at teknolohista. Naging susi umano ito para isulong ang mga kampanyang masa na nagtataguyod sa karapatan at kagalingan ng mamamayan. Itinaguyod nito ang kampanya laban sa anti-mamamayan at anti-kalikasan na proyektong reklamasyon at komersyal na pagmimina.

Lumahok din ang LAB sa iba't ibang laban tulad sa pagpapataas ng sahod ng manggagawa, laban sa jeepney phaseout, paghingi ng hustisya sa mga biktima ng paglabag sa karapatang-tao, pagtanggal sa confidential funds, paglalantad ng dayaan sa eleksyong 2022, paglaban sa SIM card registration, at marami pang iba.

Liban pa, patuloy na pinalalakas ng LAB ang pakikipag-ugnayan sa internasyunal na mga organisasyon para itaguyod ang karapatan ng mamamayan at hustisyang pangklima. "Itinaguyod ng LAB ang pakikiisa sa mamamayan ng daigdig sa balangkas ng pagpapalakas ng anti-imperyalistang laban at pagkuha ng suporta para sa pambansang demokratikong rebolusyon sa Pilipinas," ayon sa editoryal ng Agham Bayan.

Sa nagdaang taon, naparami rin nila ang suportang ipinadadala sa Bagong Hukbong Bayan (BHB) at sa rebolusyonaryong kilusan. Sa parehong isyu ng Agham Bayan, ipinahayag ng isang yunit ng BHB ang pasasalamat sa LAB sa kanilang suporta na ibinigay noong huling bahagi ng 2023.

"Sa papahirap at papatinding atake ng kaaway sa ating hanay at sa gitna ng hirap at sakripisyong

kinakaharap ng Hukbo ay nakakatuwang malaman na mayroon kaming maasahang mga kasama mula sa inyong sektor na handang mag-ambag ng suporta at tulong materyal sa pagsusulong natin ng armadong pakikibaka," ayon sa liham ng yunit. Nagpadala rin sila ng mga larawan ng ipinintang likhang-sining bilang pagpapasalamat sa LAB.

Muling pagpapalakas

Bago pa man ang deklarasyon ng LAB sa pagtataguyod sa kilusang pagwawasto, pinagtibay na nito ang pangangailangang palakasin ang kanilang organisasyon sa inilunsad na Ikalawang Kongreso noong Disyembre 12, 2020. Sa temang "Palawakin at patatagin ang Liga ng Agham para sa Bayan, mag-ambag sa pagpapaunlad ng rebolusyonaryong kilusang masa at armadong paglaban sa kanayunan," pinagtibay nila ang mga prinsipyo at paninindigan ng organisasyon. Muli din nitong inilathala ang pahayagang Agham Bayan simula Disyembre 2021 at nagtutuluy-tuloy sa kasalukuyan.

Itinatag ang LAB noong Disyembre 25, 1975 ng mga myembro ng Progresibong Samahan sa Inhinyerya at Agham at Samahan ng Makabayang Syentipiko. Naging bahagi ito sa paglaban sa diktadurang US-Marcos.

Humina ito sa dulong bahagi ng dekada 1980, matapos maapektuhan ng rebisyunismo at sektaryanismo na nangibabaw noon sa buong rebolusyonaryong kilusan. Kabilang sa mayor na kamalian nito ang sektoralismo at ligalismo.

Nabitawan din ang pagpapalawak at konsolidasyon.

Kasabay ng buong rebolusyonaryong kilusan, muling pinagtibay ng LAB ang batayang mga prinsipyo ng demokratikong rebolusyong bayan noong maagang bahagi ng dekada 1990. Noong 1996, inilunsad nito ang Unang Kongreso para ibangon at muling palawakin ang organisasyon.

**[English Translation]**

## Liga ng Agham para sa Bayan upholds rectification movement

Mayo 24, 2024

Revolutionary scientists and those in the science and technology sector, led by the Liga ng Agham para sa Bayan (LAB), are now valiantly upholding the call last December 2023 by the Central Committee of the Communist Party of the Philippines (CPP) for a rectification movement. LAB announced this in the editorial of its publication Agham Bayan last April. It said launching the movement in their sector will contribute to the overall advancement of the revolutionary movement in the country.

As part of compliance to the rectification movement, it is boldly expanding LAB. It said its groups and chapters in schools and offices have been increasing and functioning continuously in the past year. It enhanced the consolidation of LAB memberships.

The organization implemented continuous studies in revolutionary writings such as Philippine Society and Revolution, Specific Characteristics of Our People’s War, and Special Mass Courses. Along with these, the “direct participation of members [of LAB] in various revolutionary activities” is unwavering.

The strengthening of LAB as an organization, and of 17 other revolutionary organizations, is the basis of the strength of the National Democratic Front of the Philippines (NDFP) as a united front of the revolutionary movement.

In the CPP’s statement on the NDFP’s 51st anniversary on April 21, the Party stressed that “there is great urgency to strengthen and expand the NDFP and its allied organizations...amid the deepening crisis of semi-colonial and semi-feudal society.”

Meanwhile, the LAB’s team of scientists, engineers, and technologists continues to grow. They said it was the key to promoting mass campaigns that promote the rights and well-being of the people. It promoted the campaign against anti-people and anti-environmental reclamation projects and commercial mining.

LAB also participated in various fights such as raising workers’ wages, against the jeepney phaseout, demanding justice for victims of human rights violations, removing confidential funds, exposing fraud in the 2022 election, fighting against SIM card registration, and much more.

In addition, LAB continues to strengthen engagement with international organizations to promote civil rights and climate justice. “LAB promoted solidarity with people worldwide in the framework of strengthening the anti-imperialist struggle and obtaining support for the national democratic revolution in the Philippines,” according to the Agham Bayan editorial.

In the past year, they have also increased the support sent to the New People’s Army (NPA) and the revolutionary movement. In the same issue of Agham Bayan, a unit of the NPA expressed gratitude to LAB for their support late in 2023.

“With the enemy’s attacks on our ranks intensifying and in the midst of the hardships and sacrifices the Army is facing, it is gratifying to know that we have reliable comrades from your sector who are ready to contribute support and material assistance to our advancement of the armed struggle,” according to the unit’s letter. They also sent photos of the painted artwork to thank the organization.

Re-strengthening

Even before LAB’s declaration of support of the rectification movement, it has already confirmed the need to strengthen their organization in the Second Congress launched on December 12, 2020. With the theme “Expand and strengthen the Liga ng Agham para sa Bayan, contribute in the development of the revolutionary mass movement and armed resistance in the countryside,” they affirmed the organization’s principles and stance.

It also re-published the newspaper Agham Bayan beginning December 2021 and continuing to the present.

LAB was founded on December 25, 1975 by members of the Progresibong Samahan sa Inhinyerya at Agham at Samahan ng Makabayang Syentipiko. It was part of the fight against the US-Marcos dictatorship.

It weakened in the late 1980s, after being affected by the revisionism and sectarianism that then dominated the entire revolutionary movement. Its major flaws include sectoralism and legalism. Expansion and consolidation also weakened.

Along with the entire revolutionary movement, the LAB reaffirmed the basic principles of the people’s democratic revolution in the early 1990s. In 1996, it launched the First Congress to rebuild and expand the organization.

## Kampo ng 62nd IB sa Negros Oriental, hinaras ng BHB-Central Negros

Mayo 25, 2024

Binulabog at hinaras ng isang yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Central Negros (Leonardo Panaligan Command) ang nagpapahingang mga sundalo ng 62nd IB sa patrol base ng mga pasista sa Barangay Malangsa, Vallehermoso, Negros Oriental noong Mayo 24, alas-9 ng gabi.

Ayon sa ulat ng yunit, hindi nakaganti ng putok at nagsitakbuhan ang mga sundalo ng 62nd IB sa

dalawang minutong pagpapaputok ng mga Pulang mandirigma.

“Tugon ito ng BHB sa hinaing at reklamo ng mamamayan ng Central Negros sa malawakang militarisasyon sa erya,” pahayag ni Ka JB Regalado, tagapagsalita ng BHB-Central Negros.

Paliwanag pa ni Ka JB, bahagi rin ito ng pagbibigay ng rebolusyonaryong hustisya sa napakarami nang pinaslang, iligal na inaresto, at patung-patong pang paglabag sa karapatang-tao ng 62nd IB. Kabilang sa mga krimen ng berdugong yunit ang pagpaslang sa magsasakang si Richard dela Peña noong Mayo 21 sa Barangay Quintin Remo, Moises Padilla.

Anang BHB, tuluy-tuloy na lumalakas ang pagsuporta at paglahok ng masa sa kanilang hukbo sa harap ng higit pang tumitinding pasistang pag-atake ng rehimeng Marcos.

**[English Translation]**

## NPA-Central Negros fires at 62nd IB camp in Negros Oriental

Mayo 25, 2024

A unit of the New People’s Army (NPA)-Central Negros (Leonardo Panaligan Command) surprised and harassed the resting soldiers of the 62nd IB at the fascist’s patrol base in Barangay Malangsa, Vallehermoso, Negros Oriental on May 24, at 9 p.m.

The unit's report said the 62nd IB soldiers were not able to fire back and instead scampered after two minutes of gunfight with the Red fighters.

"This is the NPA's response to the grievances and complaints of Central Negros people on the widespread militarization in the area," said Ka JB Regalado, spokesperson of the NPA-Central Negros.

Ka JB further explained, this is also part of providing revolutionary justice to the many who have been murdered, illegally arrested, and whose human rights have been repeatedly violated by the 62nd IB. Among the crimes committed by the butcher unit was the killing of farmer Richard dela Peña on May 21 in Barangay Quintin Remo, Moises Padilla.

The NPA said the support and participation of the masses for their army is steadily growing amid the Marcos regime's increasingly escalating fascist attacks.

## Assistant professor na nanindigan kasama ang mga estudyante ng UST, nais sipain ng unibersidad

Mayo 26, 2024

Ginigipit ng administrasyon ng University of Santo Tomas (UST) si Assistant Professor Vladimir Villegas PhD ng College of Science matapos niyang suportahan ang laban ng mga kabataan at organisasyon sa unibersidad para sa demokratikong karapatan at laban sa panunupil

ng administrasyon. Noong Mayo 17, binigyan si Villegas ng “unsatisfactory rating” ng administrasyon na nagsasapanganib sa kanyang pusisyon dito.

Ayon sa ulat, kabilang sa mga rason ng panggigipit sa kanya ang pagsali sa pagkilos ng mga “hindi kinikilalang mga organisasyon na mayroong maka-Kaliwa at radikal na adyenda na hindi katugma ng ‘mission-vision’ ng unibersidad.”

Pinatutungkulan ng administrasyon ang pagkilos ng mga organisasyon at estudyante noong Pebrero 21, sa pangunguna ng Rise for Education-España, laban sa arbitraryong pagpapasara sa organisasyong pangmidya na TomasinoWeb. Nilayon ng kanilang pagkilos na igiit ang independensya ng organisasyon at maging ng mga konseho at iba pang institusyon ng mga mag-aaral sa loob ng UST.

Bilang pagkundena sa administrasyon, nagpiket ang mga estudyante ng UST noong Mayo 24. “Kaisa ang mga estudyante ng UST sa laban ni Sir Vlad para sa kanyang pusisyon at para sa demokratikong karapatan ng lahat ng mga Tomasino,” pahayag ni Allen Ballesteros, tagapagsalita ng Anakbayan-UST.

Giit ni Ballesteros, labis na nakadidismaya ang paggamit ng “mission-vision” upang patahimikin ang mga kritiko at progresibo. “Kung ang pamantayan ng UST sa pagiging mahusay na guro ay ang hindi pagsalita sa harap ng lumalalang inhustisya, pinapatunayan nito na walang makabuluhang pagbabago sa pamantasan mula

nang itatag ito ng mga Kastilang mananakop upang magsilbing instrumento ng kanilang paghahari," ayon pa sa kanya.

Si Ballesteros ay biktima rin ng panggigipit ng UST matapos ipatawag ng administrasyon sa bisa ng "show cause order" dahil sa paglahok sa mga protesta at pangunguna sa mga aktibidad pang-estudyante sa kampus.

Nagsumite na ng sulat-apela si Assistance Professor Villegas sa dekano ng UST College of Science kaugnay ng ginawang panggigipit sa kanya. Giit niya, nakabalangkas ang kanyang paglahok sa protesta sa kalayaan sa pamamahayag, at karapatang mapayapang mag-asembliya na nakatatak sa Konstitusyong 1987.

**[English Translation]**

## UST prepares to fire assistant professor who stood with UST students

Mayo 26, 2024

The University of Santo Tomas (UST) administration is harassing Assistant Professor Vladimir Villegas PhD of the College of Science after he supported the fight of the youth and organizations in the university for democratic rights and against the repression of the administration. On May 17, the administration gave Villegas an "unsatisfactory rating," jeopardizing his standing in the university.

According to the report, among the reasons for the pressure on him is his participation in the actions of “unrecognized organizations that have a left-wing and radical agenda that is incompatible with the university’s mission-vision.”

The administration refers to the protests of organizations and students on February 21, led by Rise for Education-España, against the arbitrary closure of the media organization TomasinoWeb. The protest asserted the independence of the organization and even of the councils and other student institutions within the UST.

To condemn the administration, UST students picketed on May 24. “UST students are united with Sir Vlad’s fight for his position and for the democratic rights of all Tomasinos,” said Allen Ballesteros, Anakbayan-UST spokesperson.

Ballesteros insists that the use of the university’s “mission-vision” to silence critics and progressives is very disappointing. “If UST’s standard for being a good teacher is not speaking out in the face of worsening injustice, then it is true that there has been no significant change in the university since it was established by the Spanish conquerors to serve as an instrument of their rule,” he added.

Ballesteros is also a victim of UST intimidation after being summoned by the administration under a “show cause order” for participating in protests and leading student activities on campus.

Assistance Professor Villegas has already submitted a letter of appeal to the UST College of

Science dean regarding the harassment done to him. He insisted, his participation in the protest was framed in the freedom of the press, and the right to peaceful assembly sealed in the 1987 Constitution.

## Epekto ng 'sigwada' sa Zambales, iginiit ng mga mangingisda na paghandaan ng gubyerno

Mayo 26, 2024

Nangangamba ang mga mangingisda sa Zambales sa posibleng taggutom na danasin nila at kanilang mga pamilya sa darating na mga buwan sa panahon ng sigwada o napakalalakas na mga alon at malakas na hangin mula katapusan ng Mayo hanggang Agosto. Giit nila, patitindihin ito ng kriminal na kapabayaan ng estado at kawalang suporta sa sektor. Ang panahon ng sigwada ay dulot ng pagpasok ng Northeast monsoon o Amihan sa bansa.

"Buwis-buhay ang pumalaot sa panahon ng sigwada. Masuwerte nang makapalaot ng isang beses sa isang linggo dahil sa panganib na hatid ng malalakas na hampas ng alon, hangin, at pag-ulan," pahayag ni Joey Marabe, koordineytor ng Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya (Pamalakaya) sa Zambales.

Aniya, labis ang dinanas nilang gutom at kahirapan noong nakaraang taon dahil pinabayaan sila ng gubyerno na walang kabuhayan at walang natanggap na suporta. "Bagama't wala namang may kagustuhan ng kalamidad na ito, nagiging

kriminal na kapabayaan kung walang gagawin ang pamahalaan sa panahon ng nasabing sakuna," giit niya.

Dismayado sila dahil mayroong taunang isang bilyong pondo para sa Quick Response Fund ang Department of Agriculture, ngunit walang napakikinabangan ang mga mangingisda dito.

"Nagsisimula na kaming magsagawa ng mga konsultasyon sa mga komunidad ng mangingisda na layuning maigiit ang suportang pang-ekonomya at pangkabuhayan na karapat-dapat lamang nilang matanggap," pahayag ni Ronnel Arambulo, pambansang ikalawang tagapangulo ng Pamalakaya.

Aniya, hindi lamang sa Zambales kundi maging sa iba't ibang bahagi ng bansa inaasahang sasalanta ang sigwada. Dapat umanong igiit sa rehimen na maging maagap at kongkreto ang paghahanda sa paparating na kalamidad.

Ang sektor ng mga mangingisda ay kabilang sa pinakamahihirap sa bansa batay sa konserbatibong datos ng Philippine Statistics Authority noong 2021.

### [English Translation]

## Zambales fisherfolk demand that the government prepare for "sigwada"

Mayo 26, 2024

Fisherfolk in Zambales fear the possible famine they and their families will experience in the coming months during the sigwada or very strong

waves and winds from the end of May to August. They say that this will worsened by the state's criminal negligence and lack of support for their sector. Sigwada season is caused by the entry of Northeast monsoon or "amihan" in the country.

"Fishing during the sigwada season is life-threatening. Being able to fish for a few times a week is considered fortunate because of the danger brought by strong waves, wind and rain," Joey Marabe, Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya (Pamalakaya) coordinator in Zambales, said.

He said they suffered gravely from hunger and poverty last year because of government failure to provide livelihood and support. "As no one wants this disaster, it is criminallly negligent for the government does nothing during the said season," he said.

They are disappointed as fisherfolks have not benefited from the Department of Agriculture annual ₱1 billion Quick Response Fund.

"We are starting to hold consultations with the fishing communities with the aim of demanding the economic and livelihood support they deserve," said Ronnel Arambulo, Pamalakaya national second chairman.

He said that the sigwada season is expected to ravage not only Zambales but also other parts of the country. He said fisherfolks should demand the regime for prompt and concrete preparation for the impending disaster.

The sector is among the poorest in the country based on conservative data from the Philippine Statistics Authority in 2021.

## Estudyanteng Pilipino sa US, sinuspinde sa pagsuporta sa protesta kontra-henosidyo

Mayo 26, 2024

Hindi makatarungang sinuspinde ng University of Pennsylvania (UPenn) sa United States ang estudyanteng Pilipino na si Eliana Atienza noong Mayo 9 matapos lumahok at manguna sa kampuhan kontra sa kampanyang henosidyo ng Zionistang Israel, na suportado ng US, laban sa mamamayang Palestino. Sinuspinde ng UPenn si Atienza, kasama ang lima pang estudyante, at tinanggalan ng karapatan sa kanyang dormitoryo at iba pang serbisyong pang-estudyante.

Isa lang ang kampuhan sa UPenn sa napakaraming katulad na protesta sa buong US. Simula pangalawang linggo ng Abril, libu-libong estudyante ang patuloy na naglulunsad ng mga protesta at nagtayo ng mga kampuhan laban sa henosidyo ng US at Israel sa Gaza. Dinahas at ginipit din ang mga ito ng armadong pwersa ng US.

Itinayo nila ang mga kampuhan sa malalaking kampus para ipanawagan ang pag-atras ng kani-kanilang mga unibersidad sa lahat ng pamumuhunan at ugnayan sa Zionistang rehimen sa Israel at mga kumpanya sa armas na nagsusuplay ng mga sandata dito. Maraming

unibersidad ang malapit na nakikipagtulungan sa military–industrial complex ng US, at sa gayon ay may pananagutan sa henosidyo ng Israel sa Gaza.

Kinundena ng League of Filipino Students (LFS) ang suspensyon kay Atienza sa UPenn. “Ang katapangan niya bilang dayong estudyante sa isang imperyalistang bansa na brutal na nang-atake sa mga nagprotesta sa nagdaang mga linggo…ay dapat magsilbing halimbawa sa mga Pilipinong estudyante sa Pilipinas at sa buong mundo na makiisa sa Palestine at manindigan laban sa industriyang militar ng US,” pahayag ng grupo.

Nagpahayag rin ng suporta kay Eliana ang kanyang ama na si Alejandro Ilagan Atienza o mas kilalang si Kuya Kim. Aniya, talagang ipinahahahayag ng kanyang anak ang mga bagay na pinaniniwalaan nito at sa kasong ito, siya ay kontra-henosidyo at kontra-gera.

Sa pagputok pa lamang ng madugong gera ng Zionistang Israel sa mamamayang Palestino noong Oktubre 2023, nagpahayag na si Eliana at iba pang mga estudyante ng UPenn ng kanilang pagkundena sa henosidyo. Kasalukuyang nasa ikalawang taon ng kolehiyo si Eliana at kumukuha ng kursong BA Environmental Studies.

Simula Oktubre 7, 2023, nang ilunsad ng Zionistang Israel ang malawakang pag-atake sa Gaza City, hindi bababa sa 35,091 mga Palestino na ang pinaslang habang higit 78,000 na ang nasugatan at daan-daang libo naman ang napalayas. Karamihan sa namatay sa walang tigil

na pambobomba at pag-atake ay kababaihan at mga bata.

Nagpapatuloy pa rin sa ngayon ang air and naval strikes ng pwersang Israeli sa Gaza City. Sa desisyon ng International Court of Justice kahapon, inilarawan nitong isang sakuna ang sitwasyon sa Gaza, partikular na sa distrito ng Rafah, at ipinag-utos sa Israel na itigil ang mga opensiba doon.

**[English Translation]**

## Filipino student in US suspended for supporting anti-genocide protest

Mayo 26, 2024

The University of Pennsylvania (UPenn) in the United States unjustly suspended Filipino student Eliana Atienza on May 9 after participating and leading the camp against the genocidal campaign of Zionist Israel, supported by the US, against the Palestinian people. UPenn suspended Atienza, along with five other students, and stripped her of dormitory and other student services.

The UPenn campus was just one of many similar protests across the US. Since the second week of April, thousands of students have continued to launch protests and set up camps against the US and Israeli genocide in Gaza. They were also assaulted and harassed by the US armed forces.

They set up camps on major campuses to call for the withdrawal of their universities from all investments and ties to the Zionist regime in

Israel and the arms companies that supply it with weapons. Many universities work closely with the US military–industrial complex, and are thus complicit in Israel’s genocide in Gaza.

The League of Filipino Students (LFS) condemned the suspension of Atienza at UPenn. “Her bravery as a foreign student in an imperialist country that has brutally attacked protesters in recent weeks… should serve as an example to Filipino students in the Philippines and around the world to stand in solidarity with Palestine and stand against the US military industry,” the group said.

Her father, Alejandro Ilagan Atienza, better known as Kuya Kim, also expressed his support for Eliana. He said, his daughter really expresses the things she believes in and in this case, she is anti-genocide and anti-war.

Just after the outbreak of the bloody war of Zionist Israel against the Palestinian people in October 2023, Eliana and other UPenn students expressed their condemnation of the genocide. Eliana is currently in her second year of college and is taking a BA Environmental Studies course.

Since October 7, 2023, when Zionist Israel launched a massive attack on Gaza City, at least 35,091 Palestinians have been killed while more than 78,000 have been injured and hundreds of thousands have been displaced. Most of those who died in the incessant bombing and attacks were women and children.

Israeli forces air and naval strikes in Gaza City are still ongoing. In the International Court of Justice decision yesterday, it described the situation in Gaza as catastrophic, particularly in the Rafah district, and ordered Israel to stop its offensives there.

## Ikalawang serye ng Cope Thunder-24, nakatakdang ilunsad sa Hunyo

Mayo 26, 2024

Muling isasagawa ng mga pwersa ng Philippine Air Force (PAF) at US Air Force ang walang katuturang Cope Thunder war games sa Hunyo 17 hanggang Hunyo 28. Inianunsyo ang iskedyul ng ikalawang serye ng Cope Thunder-24 ni Philippine Air Force (PAF) Spokesperson Col. Ma. Consuelo Castillo noong Mayo 22.

Tinatayang 900 tauhan ng PAF at 25 tropa ng US Pacific Air Forces ang makikibahagi sa naturang war games. Ilulunsad ito pangunahin sa Basa Air Base sa Floridablanca, Pampanga at Villamor Air Base sa Pasay City.

Sa isang pahayag, binansagan ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang Cope Thunder war games bilang “terorismong panghimpapawid.” Ayon kay Marco Valbuena, punong upisyal sa impormasyon ng Partido, “dapat kundenahin ng mamamayang Pilipino ang war games na ito dahil itinataguyod nito ang nagpapatuloy na kampanya ng aerial bombing na sumisindak sa daan-daanlibong mamamayan sa nagdaang mga taon.”

Inilunsad noong Abril 8-19 ang unang serye ng Cope Thunder-24 sa teritoryo ng Pilipinas. Ang mga war games na ito ay kadugtong ng pinakamalaking serye ng Balikatan Exercises 39-24 na inilunsad sa bansa noong Abril 22-Mayo 10 na nilahukan ng 11,000 tropang Amerikano at 5,000 tropang Pilipino. Pumasok rin sa bansa ang mga upisyal militar ng 14 pang dayuhang bansa para lumahok at magsilbing tagapagmasid.

Sinabi pa ni Valbuena na ang mga war games na ito ay inilulunsad nang may lantarang pagyurak sa soberanya ng Pilipinas. "Ang presensya ng mga tropa ng US, jet fighters, mga barko at iba pang mga armas ay higit na kumakaladkad sa bansa sa inter-imperyalistang tunggalian ng US at China," ayon pa kay Valbuena.

Liban dito, perwisyo ang ihahatid ng war games sa masang anakpawis. Noong unang serye nito, nagreklamo ang mga residente ng Cagayan sa sobrang baba ng lipad ng mga jet fighter. Dulot nito, nagkagulo sa mga eskwelahan laluna sa mga daycare at kindergarten at kumaripas ng takbo ang mga bata pauwi sa kanilang mga tahanan. Nabulahaw din ang mga sanggol, naperwisyo ang kabuhayan, at maging ang mga alagang hayop ay natakot at nagambala.

Reklamo ng mga residente, hindi sila inabisuhan nang maaga kung kaya't may mga natisod sa pagtakbo sa sobrang takot at sa mismong tapat ng mga eskwelahan at barangay hall isinagawa ang mga pagpapakitang-gilas. Kwento ng isang nanay, pinigilan siya ng kanyang 7-anyos na anak na lumabas ng bahay sa takot na mabagsakan ng

bomba. Nireklamo din nila ang napakalakas na ugong at masakit sa tengang tunog ng mga jet fighter. “Parang sasabog ang dibdib ko nang tumapat sa amin,” kwento ng isa.

Ayon sa PAF, ang ikalawang serye ng Cope Thunder ay bahagi ng paghahanda ng rehimeng Marcos para sa kauna-unahang partisipasyon sa “Pitch Black” war games ng Australia, sa sulsol ng US, kung saan nakatakdang aktwal na lumahok ang mga sasakyang panghimpapawid ng PAF.

Ang “Pitch Black” war games ay nakatakdang isagawa sa Hulyo 12 hanggang Agosto 2. Gagamitin ng PAF sa war games na ito ang anim na FA-50 fighter jet at magpapalahok ng 125 tropa nito.

Dagdag pang puna ni Valbuena, bilyun-bilyong pondo ng bayan ang gagastusin sa walang katuturang mga pagsasanay na ito. “Mabuti pang gastusin ang pondo para sa pampublikong serbisyo, pagtugon sa mga sinalanta ng tagtuyot sa panahon ng El Niño, suportahan ang mga apektado ng bagyong Aghon, at maghanda sa paparating na La Niña,” ayon sa kanya.

**[English Translation]**

## US to launch second iteration of Cope Thunder-24 in June

Mayo 26, 2024

The Philippine Air Force (PAF) and the US Air Force will once again conduct the nonsensical Cope Thunder war games from June 17 to June 28.

Philippine Air Force (PAF) Spokesperson Col. Ma. Consuelo Castillo announced the start of Cope Thunder's second iteration this year on May 22.

An estimated 900 PAF personnel and 25 troops of the US Pacific Air Forces will participate in said war games. It will be launched mainly at Basa Air Base in Floridablanca, Pampanga and Villamor Air Base in Pasay City.

In a statement, the Communist Party of the Philippines (CPP) labeled the Cope Thunder war games as "aerial terrorism." According to Marco Valbuena, chief information officer of the Party, "the Filipino people must condemn these war games as these further promote the continuing campaign of aerial bombing across the country which has terrorized hundreds of thousands of people across the past years."

The first iteration of Cope Thunder-24 was launched on April 8-19 in Philippine territory. These war games are in conjunction with the largest series of Balikatan Exercises 39-24 that was launched in the country on April 22-May 10 in which 11,000 American troops and 5,000 Filipino troops participated. Military officers of 14 other foreign countries also entered the country to participate and serve as observers.

Valbuena further said that these war games are being launched with an open violation of Philippine sovereignty. "The presence of US troops, jet fighters, naval vessels and other weapons further drag the country into the US imperialist conflict with China," Valbuena said.

Apart from this, war games will bring anxiety to the hard-working masses. During its first series, the residents of Cagayan complained that the jet fighters flew too low. This caused chaos in schools, especially in daycare centers and kindergarten schools sending children scampering back to their homes. Infants were also upset, livelihoods were disrupted, and even domestic animals were frightened and distressed.

Residents complained that they were not informed in advance, causing people to run and stumble in extreme fear since the exhibitions were staged right over schools and barangay halls. A mother said her 7-year-old son prevented her from leaving the house fearing she would be hit by a bomb. They also complained about the extremely loud rumble and deafening noise of jet fighters. “My chest felt like it was going to explode when it passed over us,” said one.

According to the PAF, the second series of Cope Thunder is part of the Marcos regime’s preparations for Australia’s first participation in the “Pitch Black” war games, at the instigation of the US, in which PAF aircraft are scheduled to actually participate.

The “Pitch Black” war games are scheduled to be held from July 12 to August 2. The PAF will use six FA-50 fighter jets and 125 troopers will participate in the war games.

Billions of public funds will be spent on these meaningless exercises, Valbuena said. “Funds should instead be spent for public services,

responding to those affected by the drought during El Niño, supporting those affected by typhoon Aghon, and preparing for the impending La Niña," he said.

## Magsasaka sa Masbate, pinaslang ng 96th IB

Mayo 26, 2024

Kinundena ng Karapatan-Masbate ang pagpaslang ng 96th IB sa 31-anyos na magsasakang si Erlindo Natural noong Mayo 7 sa Barangay Holjogon, bayan ng Mobo, Masbate. Ayon sa grupo, si Natural ang ika-29 biktima ng pampulitikang pamamaslang sa prubinsya sa ilalim ng rehimeng Marcos.

Pinalalabas ng mga sundalo na napaslang si Natural sa isang armadong engkwentro ng yunit ng 903rd Ide at Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Masbate sa Barangay Holjogon. Kasinungalingan ang ibinabalita ng mga upisyal militar na nagkaroon ng labanang tumagal nang 10 minuto, kung saan diumano napaslang si Natural. Pinalabas pang nasamsam nila ang limang riple, mga magasin at mga dokumento.

Walang-kahihiyan pang "nakiramay" si Brig. Gen. Jose Ricky A. Laniog, kumander ng brigada, matapos paslangin si Natural ng kanyang mga sundalo.

"Sa harap ng nagpapatuloy na pinsala ng El Niño sa kabuhayan, walang preno si Marcos Jr at Gov. Antonio Kho sa inilulunsad nilang gera

kontra magsasaka sa prubinsya," ayon sa Karapatan-Masbate. Sa datos ng grupo, halos kada buwan ay may magsasakang pinapatay sa Masbate. "Dugo ng mga magsasaka ang umaagos sa tuyot na lupa ng Masbate," anito.

Dagdag pa ng grupo, malaki rin ang pananagutan ng Commission on Human Rights (CHR)-Bicol at ang pambansang tanggapan nito sa "kainutilan at pagbubulag-bulagan" ng mga ito sa harap ng lumalalang sitwasyon ng karapatang-tao sa Masbate at sa buong bansa. "Pananagutan ng CHR ang paglala ng mga abusong militar dulot ng kanilang pananahimik at kawalang aksyon," giit pa ng Karapatan-Masbate.

Hinikayat din ng grupo ang mga nagtataguyod sa karapatang-tao na magboluntir sa mga progresibong organisasyon para makatulong sa pagkakamit ng hustisya para sa mga biktima ng abusong militar. "Tinatawagan din lahat ng Bicolanong nagtataguyod ng demokrasya na magsama-sama para sa isang kilusan para ipagtanggol ang karapatang-tao at upang maitigil ang militarisasyon sa prubinsya," pagtatapos nito.

**[English Translation]**

## 96th IB kills Farmer in Masbate

Mayo 26, 2024

Karapatan-Masbate condemned the 96th IB for killing 31-year-old farmer Erlindo Natural on May 7 in Barangay Holjogon, Mobo town, Masbate. The group said Natural is the 29th victim of political killing in the province under the Marcos regime.

Soldiers falsely claim Natural was killed in an armed encounter between the 903rd IBe and the New People's Army (NPA)-Masbate in Barangay Holjogon. Military officials falsely report that there was a battle that lasted for 10 minutes, in which Natural was allegedly killed. They even allegedly seized five rifles, magazines and documents.

Brigade commander Brig. Gen. Jose Ricky A. Laniog even shamelessly "condoled" after Natural was killed by his soldiers.

"Amid El Niño's continued damage to the economy, the anti-farmer wars of Marcos Jr. and Gov. Antonio Kho in the province are relentless," Karapatan-Masbate said. The group's data show one farmer killed almost every month in Masbate. "The blood of the farmers is flowing in the dry land of Masbate," he said.

The group added that the Commission on Human Rights (CHR)-Bicol and its national office are also very accountable for their "incompetence and neglect" amid the deteriorating human rights situation in Masbate and throughout the country. "The CHR is accountable for the worsening of military abuses caused by their silence and inaction," Karapatan-Masbate insisted.

The group also encouraged human rights advocates to volunteer in progressive organizations to help achieve justice for victims of military abuses. "All Bicolanons who support democracy are also called to unite for a movement

to defend human rights and to stop militarization in the province," it concluded.

## Pasistang kampanyang kontra-manggagawa ng rehimeng Marcos, kinundena

Mayo 26, 2024

Kinundena ng Kilusang Mayo Uno (KMU) at mga panrehiyong pormasyon nito sa Southern Tagalog (PAMANTIK-KMU), KMU-Southern Mindanao at AMA SUGBO-KMU, ang nagpapatuloy at bagong mga pakana ng rehimeng Marcos para gipitin ang kilusang manggagawa sa bansa.

Sa isang press conference kahapon, Mayo 25, ibinunyag ng mga manggagawa ang opensibang kontra-manggagawa ng rehimen sa iba't ibang bahagi ng bansa. Isa sa pinakabago ang pagkakaso sa mga manggagawa ng "terrorist financing," na isinasagawa kasabay sa panggigipit sa mga development worker.

Humarap sa press conference si Jaime Paglinawan, pinuno ng AMA SUGBO-KMU na kinasuhan ng "terrorism financing" sa isang korte sa Cebu, kasama ang 26 pang dati at kasalukuyang mga development worker ng institusyong CERNET.

"Ang impact ng mga atake na ito, hindi lang sa mga unyonista at progresibong grupo," pahayag ni Jerome Adonis, pangkalahatang kalihim ng KMU. "Kapag nadiskaril o natigil ang operations ng mga pro-worker na grupo, nasasagasaan rin at di

naaaddress ang ibang karapatan ng mga manggagawa."

Kinutya ng mga manggagawa ang mga pakitang-taong pagbubuo ng rehimeng Marcos ng isang inter-agency task force para tugunan ang mga paglabag sa karapatan ng mga manggagawa sa pag-uunyon at pagbubuo ng iba pang tipo ng asosasyon.

Mula nang itayo ang task force, lalupang lumala ang mga atake sa mga manggagawa. Isa sa malalalang kaso ay ang pagdukot at pagdesaparesido ng mga sundalo kay William Lariosa, beteranong organisador ng KMU-SMR, noong Abril.

"Mayroon din pong global na propaganda campaign itong Biden regime sa Estados Unidos na champion sila ng labor rights, pro-labor na Pangulo ng US ang kanilang pakana," ayon kay Adonis. "Pero ang US, sa kasaysayan, sa kaniyang pananakop at mga polisiyang idinidikta niya sa mga bansa, ang numero unong violator ng workers' rights."

Nakapadron ang NTF-Elcac, na salot sa manggagawa, sa mga kontra-insurhensyang programa ng US, aniya.

**[English Translation]**

## KMU condemns the Marcos regime's fascist anti-worker campaign

Mayo 26, 2024

Kilusang Mayo Uno (KMU) and its regional formations in Southern Tagalog (PAMANTIK-KMU), KMU-Southern Mindanao and AMA SUGBO-KMU, condemned the continuing and new schemes of the Marcos regime to suppress the labor movement in the country.

In a press conference yesterday, May 25, workers exposed the regime’s anti-worker offensive in various parts of the country. One of the latest schemes is charging workers for “terrorist financing,” carried out in conjunction with the harassment of development workers.

Jaime Paglinawan, chairperson of AMA SUGBO-KMU, appeared at the press conferenc. He was charged with “terrorism financing” in a court in Cebu, along with 26 other former and current development workers from the institution CERNET.

“The impact of these attacks is not only on unionists and progressive groups,” said Jerome Adonis, KMU general secretary. “When the operations of pro-worker groups are derailed or stopped, the other rights of workers are also violated and not addressed.”

Workers belittled the Marcos regime’s hypocritical formation of an inter-agency task force to address violations of workers’ rights to unionize and form other types of associations.

Since the creation of the task force, attacks on workers have worsened. One of the worst cases was the soldiers’ abduction and disappearance of

William Lariosa, veteran KMU-SMR organizer, last April.

“The Biden regime also has a global propaganda campaign in the United States that they are champions of labor rights, their plan is to have a pro-labor President of the US,” according to Adonis. “But the US, historically, with its colonization and the policies it dictates to countries, is the number one violator of workers’ rights.”

The NTF-Elcac, which plagues the workforce, is patterned after US counterinsurgency programs, he said.

## Pagpapalaya sa Romblon 4, muling ipinanawagan

Mayo 27, 2024

Muling ipinanawagan ng mga kaanak, kaibigan at mga demokratikong organisasyon ang pagpapalaya sa dalawang aktibistang pangkalikasan at dalawang mangingisdang dinakip sa Romblon noong 2021. Pinangunahan ng Free Romblon 4 Network ang isang press conference sa Commission on Human Rights sa Quezon City kahapon, Mayo 27, para ipanawagan ang kagyat na pagpapalaya kina Marlon Torres, Tess Dioquino, Benny Hilamon, at Nolan Ramos.

Kasama sa press conference ang Kilusang Mayo Uno, Center of Trade Union for Human Rights, Defend Workers Southern Tagalog, Tambisan sa Sining, at Southern Tagalog Cultural Alliance.

Iligal na inaresto ang apat noong Hunyo 3, 2021. Patungo sila sa isla ng Sibuyan upang manaliksik sa kalagayan ng mga manggagawa sa open pit mining sa isla, at upang mag-alam tungkol sa mga epekto ng mapandambong na minahan sa kalikasan at sa kabuhayan ng mga mangingisda. Una silang sinampahan ng mga gawa-gawang kasong illegal fishing at paglabag sa mga protokol sa kwarantina ng pandemyang Covid-19. Kinalaunan, dinagdagan ang kanilang kaso ng illegal possession of firearms and explosives.

Si Dioquino ay isang manggagawang pangkultura ng Tambisan sa Sining at matagal na nanilbihan bilang International Officer sa Pambansang Tanggapan ng Kilusang Mayo Uno. Gumanap siya bilang Nanay Mameng sa dulang itinanghal ng SIKAD noong taong 2015. Si Torres ay dating Public Information Officer ng Pagkakaisa ng Manggagawa sa Timog Katagalugan (PAMANTIK KMU) at isa sa nagtatag ng Sinagbayan. Si Hilamon ay organisador ng manggagawa sa isla ng Sibuyan, habang si Ramos ay isang aktibo sa pagsulong ng mga karapatan ng mga mangingisda.

Ang kaso ng Romblon 4 ay bahagi ng serye ng nagpapatuloy na atake sa mga unyonista at labor advocates na ginagawa sa bisa ng Executive Order 70, ayon sa mga grupo ng karapatang-tao.

"Pumunta sa Romblon sila Torres upang siyasatin ang nangyayari sa mga manggagawa sa minahan pero ikinulong sila dahil sa gawa-gawang kaso. Katulad na lamang ito ng nararanasan nila Steve Mendoza at Arnedo Lagunias na mga bilanggong

pulitikal na nagmula sa hanay ng mga manggagawa," ayon kay Ludimer Madla ng Defend Workers Southern Tagalog.

Inilunsad ng mga kaibigan at tagasuporta ng Romblon 4 ang isang "benefit gig" pagkatapos ng press conference sa layuning makalikom ng ₱1.6 milyong pampyansa o ₱400,000 kada isa.

**[English Translation]**

## Relatives, friends and organizations reiterate call for release of Romblon 4

Mayo 27, 2024

Relatives, friends and democratic organizations once again called for the release of two environmental activists and two fisherfolks arrested in Romblon in 2021. The Free Romblon 4 Network led a press conference at the Commission on Human Rights in Quezon City yesterday, May 27, to call for the immediate release of Marlon Torres, Tess Dioquino, Benny Hilamon, and Nolan Ramos.

The press conference included Kilusang Mayo Uno, Center of Trade Union for Human Rights, Defend Workers Southern Tagalog, Tambisan sa Sining, and Southern Tagalog Cultural Alliance.

The four were illegally arrested on June 3, 2021. They were on their way to the island of Sibuyan to research the condition of open pit mining workers on the island, and to learn about the effects of predatory mining on the environment and the livelihood of the fisherfolk. They were first

charged with fabricated cases of illegal fishing and violation of the quarantine protocols of the Covid-19 pandemic. Later, they were charged with illegal possession of firearms and explosives.

Dioquino is a Tambisan sa Sining cultural worker and has long served as International Officer in the Kilusang Mayo Uno national office. She acted as Nanay Mameng in the play staged by SIKAD in 2015. Torres is a former Public Information Officer of Pagkakaisa ng Manggagawa sa Timog Katagalugan (PAMANTIK KMU) and one of the founders of Sinagbayan. Hilamon is a labor organizer in the island of Sibuyan, while Ramos is an activist promoting the rights of fisherfolk.

The Romblon 4 case is part of a series of ongoing attacks on unionists and labor advocates carried out under Executive Order 70, according to human rights groups.

"Torres went to Romblon to investigate the situation of mine workers but they were locked up because of a fabricated case. This is just like the experience of political prisoners Steve Mendoza and Arnedo Lagunias who came from workers ranks," Ludimer Madla of Defend Workers Southern Tagalog said.

Friends and supporters of Romblon 4 launched a "benefit gig" after the press conference aiming to raise ₱1.6 million in bail or ₱400,000 each.

## Kampo ng 4th IB sa Oriental Mindoro, pinaputukan ng BHB

Mayo 28, 2024

Pinaputukan at binulabog ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukong Bayan (BHB) - Mindoro (Lucio de Guzman Command) ang mga sundalo ng 4th IB na nasa kampo militar nito sa Sityo Sigao, Barangay Lisap, Bongabong, Oriental Mindoro noong Mayo 20, alas-9 ng umaga. Nakakampo ang mga sundalo sa naturang sityo at nagpapataw ng batas militar na paghahari mula pa 2022.

"Tugon ito sa matagal nang panawagan ng mamamayan laluna ng mga katutubong Buhid na parusahan ang mga pasistang sundalo sa paghahasik nito ng teror at bigyang hustisya ang mga biktima nito ng paglabag sa karapatang pantao," pahayag ni Ka Madaay Gasic, tagapagsalita ng hukbong bayan sa isla.

Dalawang taon nang iniinda ng mga residente ng Sityo Sigao at karatig na mga lugar sa Bongabong ang walang patid na pang-aabuso at mga krimen ng 4th IB. Kabilang sa naiulat na mga kaso ang sapilitan at pekeng pagpapasuko, pang-aabuso at panggagahasa sa mga kababaihan, pagkakampo sa gitna ng mga pamayanan at paulit ulit na pandarahas sa mga katutubong Buhid. Matingkad na insidenteng kinaharap ng mga mamamayan dito ang pambobomba ng FA50, panganganyon at pang-iistraping noong Pebrero 2022.

Isa ang Barangay Lisap sa mga lugar na idineklarang prayoridad ng National Task Force (NTF-Elcac) sa isla ng Mindoro simula pa 2019. Isinagawa ang Retooled Community Support Program (RCSP) sa Sityo Rimas, katabi ng Sityo Sigao mula Agosto 2020 at buong taon ng 2021.

"Panawagan at hamon ang opensibang ito sa lahat ng yunit sa ilalim ng BHB-Mindoro na ilunsad ang mga taktikal na opensiba laban sa 203rd Brigade at PNP-MIMAROPA, ang haligi ng pasismo ng reaksyunaryong estado sa Mindoro," pahayag ni Ka Madaay.

Ayon pa sa kanya, higit na makatarungan ang pagsusulong ng armadong pakikibaka sa harap ng tumitinding maduming kontra-insurhensyang digma ng rehimeng US-Marcos II at armadong pwersa nito.

**[English Translation]**

## NPA fires at 4th IB camp in Oriental Mindoro

Mayo 28, 2024

New People's Army (NPA)-Mindoro (Lucio de Guzman Command) Red fighters fired at and harrassed 4th IB soldiers stationed in its military camp in Sityo Sigao, Barangay Lisap, Bongabong, Oriental Mindoro on May 20, at 9 a.m. Soldiers have been encamped in the site and have been implementing martial law since 2022.

"This is a response to the long-standing call of the people, especially the Buhid residents, to punish

fascist soldiers for sowing terror and give justice to those whose human rights they violated," said Ka Madaay Gasic, spokesperson of the island's people's army.

The 4th IB has been subjecting residents of Sityo Sigao and neighboring areas in Bongabong to relentless abuse for two years. Reported cases include forced and fake surrender, abuse and rape of women, encampment in the middle of communities and repeated violence against Buhid residents. The people here still remember the FA50 bombing, shelling and strafing last February 2022.

Barangay Lisap is one of the areas declared a priority by the National Task Force (NTF-Elcac) in the Mindoro island since 2019. The Retooled Community Support Program (RCSP) was implemented in Sityo Rimas, adjacent to Sityo Sigao from August 2020 and throughout the year of 2021.

"This offensive is a call and challenge to all units under NPA-Mindoro to launch tactical offensives against the 203rd Brigade and PNP-MIMAROPA, the pillar of the reactionary state's fascism in Mindoro," Ka Madaay said.

He says it is more than justified to advance the armed struggle amid the intensifying dirty counter-insurgency war of the US-Marcos II regime and its armed forces.

## Protesta kontra-VFA, inilunsad sa Cebu City

Mayo 28, 2024

Nagprotesta ang mga demokratikong organisasyon sa Cebu City noong Mayo 27 para muling ipanawagan ang pagbabasura sa Visiting Forces Agreement (VFA) sa pagitan ng Pilipinas at imperyalistang US. Kasabay ito ng ika-25 taong anibersaryo mula nang ratipikahan ng Senado sa ilalim ng rehimeng Estrada ang naturang kasunduan noong Mayo 27, 1999. Pinangunahan ang pagkilos ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan)-Central Visayas.

Ipinasa ang VFA ilang taon matapos mawalan ng bisa at hindi pinalawig ng Senado ang Military Bases Agreement noong 1991. Sa pamamagitan ng VFA, nagkaroon ng karapatan ang US na pumasok sa anumang bahagi ng kalupaan, karagatan at kahanginan ng Pilipinas. Itinransporma nito ang bansa tungo sa isang malaking base militar.

Instrumento ang VFA sa pagyurak ng US sa soberanya ng Pilipinas dahil sa pinahihintulutan nito na gamitin ang Pilipinas bilang base ng isang dayuhang pwersa. Sa ilalim ng VFA, napanatili ng US ang permanenteng presensya ng daan-daang mga tropa nito sa iba't ibang panig ng bansa at mga palibot nitong karagatan, na nanghihimasok sa mga panloob na usapin ng bansa.

"Sa 25 taong pag-iral nito, naglunsad ng tuluy-tuloy na paglaban ang Bayan at iba pang mga

progresibong grupo," pahayag ni Renato Reyes Jr, pambansang pangulo ng Bayan. Kasama din dito ang panawagan nilang ibasura ang hindi pantay na mga kasunduang militar kabilang ang Mutual Defense Treaty at Enhanced Defense Cooperation Agreement.

**[English Translation]**

## Democratic organizations protest against VFA in Cebu City

Mayo 28, 2024

Democratic organizations protested in Cebu City on May 27 to once again call for the scrapping of the Visiting Forces Agreement (VFA) between the Philippines and US imperialists. This coincides with the 25th anniversary since the Senate under the Estrada regime ratified such agreement on May 27, 1999. Bagong Alyansang Makabayan (Bayan)-Central Visayas led the action.

The VFA was passed several years after the Military Bases Agreement expired and was abrogated by the Senate in 1991. It granted the US the right to enter any part of the land, sea and airspace of the Philippines, transforming the country into a large military base.

The VFA is an instrument in the US's contempt for Philippine sovereignty because it allows the Philippines to be used as a base for a foreign force. Under the VFA, the US maintains a permanent presence of hundreds of troops in various parts of the country and its surrounding

waters, interfering in the country’s internal affairs.

“In its 25 years of existence, Bayan and other progressive groups have launched continuous resistance,” Renato Reyes Jr, Bayan national chairman said. It also includes their call to scrap the lopsided military agreements including the Mutual Defense Treaty and the Enhanced Defense Cooperation Agreement.

## Sabwatan ng 80th IB at DepEd-Rizal sa kampanyang Red-tagging sa mga hayskyul, tinuligsa

Mayo 28, 2024

Kabi-kabilang pagtuligsa ang hinarap ng 80th IB at ng Department of Education (DepEd)-Rizal mula sa mga grupo ng kabataan at mga guro sa kamakailang serye ng kampanyang Red-tagging nito sa ilang mga hayskul sa prubinsya ng Rizal. Pinakahuli dito ang pagpasok ng 80th IB sa Cainta Senior High School at Taytay Senior High School noong Mayo 22 at sa Antonio Esguerra Sinior High School noong Mayo 23.

Ayon sa ulat ng Anakbayan-Rizal, lantarang binansagan ng mga seminar ng militar na mga “terorista” ang mga progresibing organisasyon tulad ng Anakbayan, Kabataan Partylist, at iba pang demokratikong organisasyon ng mga kabataan. Habang inilulunsad ang mga “seminar,” nakapalibot ang armadong mga sundalo sa eskwelahan at mga estudyante.

Sa mga ito, obligadong pinalalahok ang mga estudyante at maging mga magulang nila. Nagulat na lamang umano ang mga estudyante na pawang Red-tagging ang nilaman ng aktibidad dahil sinabi na ito ay “leadership training.” Sa mismong aktibidad, namahagi ng pamplet ang militar kaugnay sa “CTG” rekrutment kung saan malisyosyong iniuugnay ang mga diskusyon, rali at sama-samang aktibidad ng mga kabataan bilang “terorismo.”

Ang programang ito ng militar at DepEd-Rizal ay ipinatutupad sa ilalim ng Community Information Awareness and Approach Program (CIAAP) na isinasgawa sa bisa ng Provincial Resolution No. 3, Series of 2023. Nagbibigay pahintulot ito sa militar na basta-bastang pumasok sa mga eskwelahan sa pagwawasiwas sa kampayang “kontra-terorismo.” Pangunahing target nila ang mga nasa senior highschool.

“Walang ibang hangarin [ang mga ito] kundi linlangin ang mga estudyante at ilayo sa landas ng pagiging kritikal at pagsusulong ng tunay na pagbabago. Ang kanilang panghihimasok na ginagawa ay nagdudulot lamang ng takot, at kapahamakan sa mga estudyante, guro, at magulang,” ayon sa Anakbayan-Rizal.

Dahil sa pagkakasiwalat ng Red-tagging at panghihimasok ng 80th IB sa mga eskwelahan sa Rizal, sunud-sunod na naglabas ng “pahayag ng suporta” ang National Task Force-Elcac, ng bayaran nitong “alyansa ng organisasyong masa” na Sambayanan, at mga yunit ng militar. Pilit

nitong ipinagtanggol ang ginawang Red-tagging ng 80th IB.

Batas kontra Red-tagging

Tinuligsa rin ni Kabataan Partylist Rep. Raoul Manuel at ACT Teachers Partylist Rep. France Castro ang ginawa ng 80th IB sa mga eskwelahan sa Rizal. Sa harap nito, iginiit nilang napapanahon na itulak at isabatas ng Kongreso ang pagpaparusa sa mga nang-rered-tag.

“Hinihimok namin ang Kongreso na pabilisin ang mga panukala na nagbabawal sa red-tagging at parusahan ang mga nagsasagawa ng kasuklam-suklam na aktibidad na ito,” ayon kay Rep. Castro.

Ayon naman kay Rep. Manuel, ang ginawa ng militar ay patunay na mismong ang gubyerno ni Marcos ang nangunguna sa kampanyang Red-tagging. “Sayang ang pondo ng bayan na napupunta sa red-tagging at terror-tagging seminars and pamphlets na ito,” ayon pa sa kanya.

Pareho nilang idiniin na dapat ilaan na lamang ng gubyerno ang pondo ng bayan para sa pagbibigay ng kalidad na edukasyon at pagprotekta sa mga kabataan.

“Alinsunod sa desisyon ng Korte Suprema, aaralin natin ang aksyong ligal na pwedeng gawin para maimbestigahan at mapanagot ang mga nasa likod nito,” dagdag pa ni Rep. Manuel.

**[English Translation]**

## Students and teachers denounce the 80th IB and DepEd-Rizal's collusion in the Red-tagging campaign in high schools

Mayo 28, 2024

The 80th IB and the Department of Education (DepEd)-Rizal faced widespread condemnation from youth groups and teachers over its recent series of Red-tagging campaigns in several high schools in the province of Rizal. The most recent of these was the admittance of the 80th IB at Cainta Senior High School and Taytay Senior High School on May 22 and at Antonio Esguerra Sinior High School on May 23.

Anakbayan-Rizal reports that military seminars blatantly labeled progressive organizations such as Anakbayan, Kabataan Partylist, and other democratic youth organizations as "terrorists." While the "seminars" were being launched, armed soldiers surrounded the school and students.

Students and even their parents were required to participate in these seminars. The students said that they were surprised that the activity involved purely Red-tagging despite claiming it was "leadership training." During the activity itself, the military distributed pamphlets related to "CTG" recruitment which maliciously linked discussions, rallies and collective activities of young people to "terrorism."

This joint military and DepEd program is being implemented under the Community Information Awareness and Approach Program (CIAAP) by virtue of Provincial Resolution No. 3, Series of 2023. It authorizes the military to freely enter schools in the pursuit of “anti-terrorism” campaigns. They mainly target students in senior high schools.

“[Their] sole agenda is to miseducate students and disable them from being critical and promoting real change. Their intervention only causes fear, and harm to students, teachers, and parents,” Anakbayan-Rizal said.

The exposure of the 80th IB’s Red-tagging and interference in Rizal schools prompted the National Task Force-Elcac, its mercenary “alliance of mass organization” Sambayanan, and military units to successively issue “statements of support” to vigorously defend the 80th IB’s Red-tagging.

Law against Red-tagging

Kabataan Partylist Rep. Raoul Manuel and ACT Teachers Partylist Rep. France Castro also denounced the 80th IB’s actions in Rizal schools. Amid all these, they demanded that Congress push for, and legislate, sanctions against red-taggers.

“We urge Congress to expedite proposals that illegalize red-tagging and punish those who engage in this despicable activity,” said Rep. Castro.

Rep. Manuel said the military’s actions is proof that the Marcos government leads the Red-

tagging campaign. “Public funds are being squandered for these Red-tagging and terror-tagging seminars and pamphlets,” he said.

They both stressed that the government should only allocate public funds to providing quality education and protecting the youth.

“In line with the Supreme Court decision, we will study the possible legal actions to investigate and hold accountable those behind it,” Rep. Manuel added.

## Sama-samang pagpalaot, tugon ng mga mangingisda sa ‘fishing ban’ ng China sa West PH Sea

Mayo 28, 2024

Sama-samang papalaot ang mga mangingisdang kasapi ng Panatag Fisherfolk Association, lokal na organisasyon ng Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (Pamalakaya), sa darating na Mayo 30-31 bilang tugon sa taunang “fishing ban” o pagbabawal na mangisda na ipinataw ng China. Ipinataw nito ang pagbabawal, mula Mayo hanggang Setyembre 16, sa mga erya ng South China Sea “hilaga ng 12 degrees North latitude” kung saan bahagi ang Panatag Shoal (Scarborough), na 124-nautical miles mula sa Zambales.

“Hindi kami tatalima sa walang batayang fishing ban ng China sa aming karagatan. Walang karapatan ang sinumang dayuhan na magbawal ng pangingisda sa sarili nating teritoryo,” ayon

kay Joey Marabe, koordineytor ng Pamalakaya sa Zambales.

Aniya, “insulto at hindi katanggap-tanggap na ang China pa ang magpapatupad ng fishing ban para diumano sa konserbasyon ng karagatan, samantalang sila ang nagsasagawa ng mapanirang aktibidad tulad ng reklamasyon at iligal na pamamaraan ng pangingisda.”

Hindi bababa sa 20 maliliit na bangka ang lalahok sa kolektibong pangingisda para hamunin ang 4-buwang fishing ban ng China. Giit ng grupo, bahagi ito ng pagtataguyod ng soberanong karapatan ng Pilipinas sa West Philippine Sea. Mangingisda sila sa 20-30 nautical miles mula sa baybayin ng Masinloc, Zambales.

Ipinahayag ni Ronnel Arambulo, pambansang ikalawang tagapangulo ng Pamalakaya, na “walang ibang mahusay na paraang igiit ang karapatang mangisda sa ating exclusive economic zone kundi ang pagsasagawa ng kolektibong aktibidad pang-ekonomya.”

Ang fishing ban ng China ay inilinaw ng International Arbitral Ruling noong 2016 na labag sa internasyunal na mga batas. Anila, labag ito sa Article 56 ng 1982 United Nations Convention on the Law of the Sea (UNCLOS).

Malaon nang iginigiit ng Pamalakaya ang soberanong karapatan ng Pilipinas sa West Philippine Sea. Tinututulan nila kapwa ang panghihimasok ng China sa teritoryong pandagat ng bansa at higit na pagyurak ng US sa soberanya

ng Pilipinas. Sila rin ang tumuligsa sa ipinataw na fishing ban ng rehimeng Marcos sa baybayin ng Palawan, Zambales at Ilocos para bigyang daan ang Balikatan 39-24 at pagpapasabog nito ng bomba sa karagatan bilang bahagi ng war games.

Samantala, muling naghain ng diplomatikong protesta ang Department of Foreign Affairs ng Pilipinas laban sa fishing ban ng China. Ito na ang ika-25 diplomatikong protesta ng ahensya laban sa China ngayong taon at ika-158 sa ilalim ng rehimeng Marcos.

**[English Translation]**

## Fisherfolk go on a collective expedition in response to China's 'fishing ban' in the West PH Sea

Mayo 28, 2024

Fisherfolk members of the Panatag Fisherfolk Association, a local organization of the Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (Pamalakaya), will collectively fish on May 30-31 in response to the annual "fishing ban" imposed by China. The ban from May to September 16 covered the areas of the South China Sea "12 degrees latitude north" which includes Panatag Shoal (Scarborough), which is 124-nautical miles from Zambales.

"We will defy China's baseless fishing ban in our waters. No foreigner has the right to ban fishing in our own territory," Joey Marabe, Zambales Fisheries coordinator, said.

He said, “It is insulting and unacceptable for China to be the implementor of a fishing ban to supposedly conserve the ocean, while it carries out destructive activities such as reclamation and illegal fishing methods.”

At least 20 small boats will participate in collective fishing to defy China’s 4-month fishing ban. The group insists, this is part of promoting the sovereign rights of the Philippines in the West Philippine Sea. They will fish 20-30 nautical miles off the coast of Masinloc, Zambales.

Ronnel Arambulo, Pamalakaya national second chairman, stated that “collective economic activity is the only good way to assert our right to fish in our exclusive economic zone.”

China’s fishing ban was clarified by the International Arbitral Ruling in 2016 to be against international laws. They said, this is against Article 56 of the 1982 United Nations Convention on the Law of the Sea (UNCLOS).

Pamalakaya has long asserted the sovereign rights of the Philippines in the West Philippine Sea. It opposes both China’s intervention in the country’s maritime territory and the US’s further trampling on Philippine sovereignty. It also condemned the the Marcos regime for imposing a fishing ban on the coast of Palawan, Zambales and Ilocos to make way for the Balikatan 39-24 and bombing in the ocean as part of war games.

Meanwhile, the Philippine Department of Foreign Affairs once again filed a diplomatic protest

against China’s fishing ban. This is the agency’s 25th diplomatic protest against China this year and 158th under the Marcos regime.

## Base ng 62nd IB sa Guihulngan City, pinatamaan ng BHB

Mayo 29, 2024

Inatake at pinaputukan ng isang yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Central Negros (Leonardo Panaligan Command) ang base ng tropa ng 62nd IB sa Barangay Hinakpan, Guihulngan City, Negros Oriental noong Mayo 27 ng alas-6:30 ng gabi. Limang minuto nilang pinaputuan ang naturang base.

Ang armadong aksyon ay kasunod ng naging pag-atake rin ng BHB-Central Negros sa yunit ng 62nd IB na nakabase sa Barangay Malangsa, Vallehermoso, Negros Oriental noong Mayo 24.

Ayon kay Ka JB Regalado, tagapagsalita ng BHB-Central Negros, nakapaglulunsad ang hukbong bayan ng mga armadong aksyon dahil sa malalim at malapad na suporta ng masang magsasaka at mga residente sa lugar. Nakatuwang ng yunit ang masa sa pagbibigay ng napapanahong mga ulat at impormasyon kaugnay ng padron ng pagkilos ng 62nd IB.

Ang presensya ng hukbo sa Central Negros at ang kalulunsad lamang na mga armadong aksyon ay nagpapasinungaling sa paulit-ulit na pagyayabang ng 303rd Ibde at ng 3rd ID na nabuwag na ang hukbong bayan sa isla ng Negros.

### [English Translation]

## NPA hits 62nd IB base in Guihulngan City

Mayo 29, 2024

A unit of the New People's Army (NPA)-Central Negros (Leonardo Panaligan Command) attacked and opened fire on the 62nd IB troopers' base in Barangay Hinakpan, Guihulngan City, Negros Oriental at 6:30 p.m. last May 27. They fired at the base for five minutes.

The armed action followed the NPA-Central Negros attack on the 62nd IB unit based in Barangay Malangsa, Vallehermoso, Negros Oriental on May 24.

Ka JB Regalado, NPA-Central Negros spokesperson, said the people's army is able to launch armed actions because of the deep and broad support of the masses of farmers and residents in the area. The masses assisted the unit in providing timely reports and information regarding the 62nd IB's pattern of action.

The presence of the people's army in Central Negros and its armed actions belie the repeated boasting of the 303rd IBde and the 3rd ID that the people's army has been disbanded on Negros island.

## Magsasaka ng kamote at saging, pinaslang ng 79th IB sa Negros Occidental

Mayo 29, 2024

Sadyang pinaslang ng mga sundalo ng 79th IB ang magsasakang si Jeje Redobles sa Sityo Manaysay, Barangay Cambayobo, Calatrava, Negros Occidental noong Mayo 22. Taliwas sa sinasabi ng militar na napatay sa engkwentro, si Robles ay karaniwang magsasaka ng kamote at saging. Ayon sa Bagong Hukbong Bayan (BHB) -Northern Negros (Roselyn Jean Pelle Command), kasinungalingan ang pahayag ng 79th IB na may engkwentro sa naturang bayan at araw.

Karaniwan nang modus ng mga yunit ng Armed Forces of the Philippines (AFP) saanmang bahagi ng bansa na gumawa ng pekeng engkwentro para pagtakpan ang krimen ng pagpaslang ng mga sibilyan o mga nadakip na rebolusyonaryo. Lantarang paglabag ito ng rehimeng Marcos sa internasyunal na makataong batas at mga alituntunin sa digma.

Sa palabas nito sa Calatrava, iniulat ng 79th IB na nagtagal ang labanan ng 10 minuto. Pinalabas pa ng mga sundalo na mayroon silang nasamsam na M16, granada, mga bala at magasin, at iba pang kagamitang pandigma.

Ang biktimang si Redobles, isang magkokopra at magsasaka ng kamote at saging, ay matagal nang pinag-iinitan ng 79th IB. Ilang beses na siyang "ipinatawag" ng mga sundalo para kumbinsihin na

maging aset paniktik sa kanilang lugar laban sa BHB at rebolusyonaryong kilusan. Sa pagnanais ng buhay na tahimik at walang pangamba, tinanggihan niya ito nang ilang ulit.

“Kinukundena namin ang pagpaslang kay Redobles at malisyosong pagdadawit sa kanya sa hukbong bayan,” pahayag ni Ka Cecil Estrella, tagapagsalita ng BHB-Northern Negros. Nagpaabot din siya ng pakikiramay sa naulilang asawa, anak at pamilya ng biktima.

Si Redobles ang ikalawang biktima ng sadyang pagpaslang ng AFP sa Northern Negros ngayong 2024. Una rito si Jose Caramihan na pinalabas ding napaslang sa engkwentro sa Sityo Mansulao, Barangay Pinapugasan, Escalante City noong Pebrero 21.

“Sa gitna ng grabeng krisis sa ekonomya… terorismo ng estado ang tugon ng naghaharing-uri sa masang anakpawis. Ginugutom na, pinapatay pa,” ayon kay Ka Cecil.

**[English Translation]**

## 79th IB kills sweet potato and banana farmer in Negros Occidental

Mayo 29, 2024

Soldiers of the 79th IB extrajudicially killed farmer Jeje Redobles in Sityo Manaysay, Barangay Camabayobo, Calatrava, Negros Occidental on May 22. Contrary to the military’s claims that he was killed in an encounter, Robles was a sweet potato and banana farmer. The New People’s

Army (NPA)-Northern Negros (Roselyn Jean Pelle Command) said the 79th IB statement that there was an encounter in said town and day is an utter lie.

The usual modus operandi of the Armed Forces of the Philippines (AFP) units anywhere in the country is to claim or stage a fake encounter to cover up the crime of killing civilians or captured revolutionaries. The Marcos regime is brazenly violating international humanitarian law and the rules of war.

In its broadcast to Calatrava, the 79th IB reported that the battle lasted 10 minutes. The soldiers also claimed having seized M16, grenades, ammunition and magazines, and other war equipment.

The victim, Redobles, a copra, sweet potato and banana farmer, has been the target of the 79th IB's harrassment for a long time. The soldiers "summoned" him several times to convince him to be an intelligence asset in their area against the NPA and the revolutionary movement. Desiring a quiet, he rejected the military's order several times.

"We condemn the killing of Redobles and how he was maliciously linked to the people's army," Ka Cecil Estrella, NPA-Northern Negros spokesperson, said. She also extended her condolences to the victim's bereaved wife, son and family.

Redobles is the second victim of the AFP's extrajudicial killing in Northern Negros this 2024.

Prior to him, Jose Caramihan who was also killed in a fake encounter in Sityo Mansulao, Barangay Pinapugasan, Escalante City on February 21.

"Amid the severe economic crisis…state terrorism is the response of the ruling class to the toiling masses. Already starving, they are now being killed," Ka Cecil said.

## Mga Filipino-Chinese, di natuwa sa "sarsuelang pagdinig" ni Hontiveros sa senado

Mayo 29, 2024

Kinastigo ni Teresita Ang-See, isa sa mas kilalang lider ng Filipino-Chinese community, ang direksyon ng pagdinig na isinasagawa ni Sen. Risa Hontiveros kaugnay sa natuklasang mga kaduda-dudang mga aktibidad ng POGO (Philippine Offshore Gaming Operators) sa Bamban, Tarlac. Imbes na sumentro ang pagtatanong ni Hontiveros at ni Sen. Loren Legarda dito, nagdiin ang mga pagdinig sa katauhan at nasyunalidad ng meyor ng Bamban na si Alice Guo.

Tinawag ni Ang-See na "sarsuela" o palabas ang padinig sa senado para "sadyang magtulak ng isang kontra-China at kontra-Chinese na naratibo sa walang kamuwang-muwang na publiko." Tinawag din niya itong "witchhunt" laban kay Guo at lagpas na sa kung ano ang "disente."

"Nagsimula (ang pagdinig) sa imbestigasyon ng POGO, na lubos naming ikinagalak…pero ngayon, naging sarsuela na ito. Nakakagalit na makita ang

ating mga senador—sa gitna ng napakaraming problema—na mawalan ng pagkadisente at mang-uungkat ng dumi…tungkol sa mga karelasyon, kasambahay at katulad na mga bagay," aniya. Kakatwang sa komite pa para sa Women, Children, Family Relations and Gender Equality na pinamumuan ni Hontiveros iwinasiwas ang ganitong sensitibong mga detalye at akusasyon.

Sa huling sesyon na isinagawa ng komite, walang tigil ang pagdidiin ni Hontiveros kay Guo para palabasin siyang Chinese, at higit dito, isang "espiya ng China." Sa isang punto sa pagdinig, binulyawan ni Legarda si Guo ng "Umuwi ka sa bansa mo!"

Muling nagbababala si Ang-See laban sa Sinophobia o rasismo laban sa bansa, mamamayan at kulturang Chinese, laluna't isinasagawa ang pagdinig matapos ang walang basehang akusasyon ng pagdagsa ng mga estudyanteng Chinese (na ipinalalabas ding mga espiya ng China) sa mga unibersidad sa Hilagang Luzon.

Umalma na maging ang ibang senador sa kondukta ng pagdinig ni Hontiveros. Kinwestyon ng kabloke niya mismo sa minorya na si Sen. Aquilino Pimentel III ang direksyon ng imbestigasyon. Aniya, dapat ibalik ang atensyon sa POGO at magkaisa sa pagsipa nito sa bansa. Ang anumang kwestyon sa nasyunalidad ni Guo ay dapat isampa sa kaukulang organo, aniya.

Gayundin, kapansin-pansin na ang pagdiin ni Hontiveros sa POGO ay nakasentro lamang sa Bamban at animo'y nagbubulag-bulagan siya sa

ibang POGO, tulad sa mga operasyon nito sa Cavite na nasa ilalim ng proteksyon ng dinastiyang Remulla.

Ayon sa League of Filipino Students, ang totoo ay hindi kaiba si Guo sa napakaraming pulitiko na nagbukas sa kanyang bayan sa POGO.

“Ikinagalak ni Mayor Guo ang mga operasyon ng POGO, dahil katulad ng ibang pulitiko, may pakinabang siya sa pagpasok ng dayuhang pamumuhunan,” ayon sa grupo. “Hindi ito kaiba sa pagtutulak ni Marcos Jr para sa...100% na pag-aari ng mga dayuhan sa mga susing industriya sa pamamagitan ng economic charter change.”

Kinutya din ng grupo ang pagdidiin ng estado sa presensya ng mga “espiya ng China” habang ibunuyangyang nito ang buong Pilipinas sa presensya ng mga sundalong Amerikano. Tinawag nitong “selective nationalism” o nasyunalismong may pinipili ang palabas sa Senado.

“Takot na takot tayo sa sarbeylans ng China, pero walang pumapansin sa US Embassy, isang ‘listening post’ ng US National Security Agency na kilalang may kakayahang humarang at magtipon ng mga pribadong impormasyon mula sa mga tawag sa telepono at mensaheng text,” anito.

**[English Translation]**

## Hontiveros’ “zarzuela hearing” in the senate irritates Filipino-Chinese

Mayo 29, 2024

Teresita Ang-See, one of the more prominent leaders of the Filipino-Chinese community, rebuked Sen. Risa Hontiveros' direction of the hearing conducted in relation to the discovery of questionable activities of POGO (Philippine Offshore Gaming Operators) in Bamban, Tarlac. Instead of Hontiveros and Sen. Loren Legarda focusing the questioning on POGO operations, the hearings centered on the personality and nationality of Bamban mayor Alice Guo.

Ang-See called the senate hearing a "zarzuela" or a spectacle to "deliberately push an anti-China and anti-Chinese narrative to an unsuspecting public." She also called it a "witchhunt" against Guo and crosses lines of "decency."

"(The hearing) started with an investigation on POGO, which we really, really welcome… But now, it has become a zarzuela. It's very irritating to see our senators – with so many national problems – going below decency and digging out dirt, digging out about boyfriends, maids and all these things," she said. It is ironic that such sensitive details and accusations were hurled in the committee hearing for Women, Children, Family Relations and Gender Equality chaired by Hontiveros.

In the last session held by the committee, Hontiveros relentlessly harrassed Guo to force her to admit to being a Chinese citizen, and worse, a "Chinese spy." At one point in the hearing, Legarda even yelled at Guo to "Go back to your country!"

Ang-See again warned against Sinophobia or racism against the Chinese nation, people and culture, especially as the hearing was conducted after the baseless accusation of an influx of Chinese students (who were also falsely claimed as Chinese spies) at universities in Northern Luzon.

Even other senators reacted to Hontiveros' conduct of the hearing. Her colleague in the minority bloc Sen. Aquilino Pimentel III himself questioned the investigation's direction. He said attention should be returned to POGO and unity should be forged for banning it in the country. Any question on Guo's nationality should be filed with the relevant agency, he said.

Also notable is Hontiveros' investigation on POGO in Bamban only, as she is seemingly blind to other POGOs, such as its operations in Cavite which is under the protection of the Remulla dynasty.

The League of Filipino Students said that Guo is actually not different from the many politicians who have opened their towns to POGO.

"Mayor Guo welcomed the operations of POGOs because, just like other politicians, she stands to profit from the influx of foreign investments," the group said. "This is no different from Marcos Jr. pushing for…100% foreign ownership of key industries through economic Charter Change."

The group also mocked the state's emphasis on the presence of "Chinese spies" even as it opened the entire Philippines to the presence of American

soldiers. It called the Senate show “selective nationalism”.

“We are afraid of Chinese surveillance, yet pay no mind to the US Embassy, a ‘listening post’ of the US National Security Agency (NSA) equipped to intercept and collect private information from phone calls and text messages,” it said.

## Operasyong pagtugis ng AFP sa BHB-Aurora, binigo

Mayo 29, 2024

Hindi bababa sa apat na tropa ng 84th IB ang napaslang sa engkwentro nito sa yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Aurora (Domingo Erlano Command) noong gabi ng Mayo 28 sa Baranggay Bazal, Maria Aurora, Aurora. Ito ang ikatlong engkwentro ng BHB sa mga berdugong sundalo sa loob ng isang linggo.

Matapos ang ilang minutong labanan, tuluy-tuloy pang nagpaputok ang mga sundalo sa kung saan-saang direksyon kahit nakaalis na ang yunit ng hukbong bayan sa lugar na pinangyarihan. Iniulat ng BHB-Aurora na ligtas ang mga Pulang mandirigma at mahusay na nakapagmainobra matapos ang aktibong pagdepensa.

Labis-labis na pwersang militar ang ibinubuhos ngayon ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa mga bayan ng Maria Aurora at katabing Dipaculao para tugisin ang sinasabi nilang mangilan-ilan na lamang na mga mandirigma ng BHB. Gumagamit ang AFP ng helikopter, mga

drone at iba pang gamit-militar para sa mga operasyong kombat nito.

"Sa halip na ituon ang pondo ng bayan sa pagbibigay ng de kalidad na serbisyong publiko, naglulustay ang AFP ng milyon-milyong pondo sa tuluy-tuloy na mga operasyong kombat," pahayag ng BHB-Aurora.

Labis na dislokasyon at terorismo ang inihahatid ng mga operasyong ito ng AFP sa sibilyang populasyon. Patuloy silang pinagbabawalan na makapaghanapbuhay sa baryo at kabundukan.

Sa tala ng Department of Social Welfare and Development noong Mayo 25, umabot sa 3,633 pamilya ang naapektuhan ng naganap na engkwentro noong Mayo 20 at 21, at sa walang-tigil na operasyong kombat ng AFP sa lugar.

**[English Translation]**

## NPA-Aurora thwarts AFP pursuit operations

Mayo 29, 2024

At least four 84th IB troopers were killed in a clash with the New People's Army (NPA)-Aurora unit (Domingo Erlano Command) on the night of May 28 in Baranggay Bazal, Maria Aurora, Aurora. The clash was the third in a week between the butcher soldiers and the NPA.

Even after the gunfight was over and the people's army has withdrawn, the soldiers continued to fire indiscriminately in random directions. NPA-Aurora

reported that the Red fighters maneuvered to safety after the active defense.

The Armed Forces of the Philippines (AFP) is now massively deploying military forces into the towns of Maria Aurora and adjacent Dipaculao to pursue the "remnants" of the NPA. The AFP uses helicopters, drones and other military equipment for its combat operations.

"Instead of using public funds to provide quality public services, the AFP is squandering millions on continuous combat operations," NPA-Aurora said.

These AFP operations displace and terrorize the civilian population, disrupting their livelihoods in the village and forests.

According to the Department of Social Welfare and Development report on May 25, up to 3,633 families were affected by the encounter that occurred on May 20 and 21, and by the non-stop combat operation of the AFP in the area.

## Pagbubukas ng negosasyon para sa CBA, naigiit ng mga manggagawa ng PLDT

Mayo 29, 2024

Sa harap ng bantang welga, sama-samang pagkilos at paninindigan ng mga manggagawa ng Philippine Long Distance Telephone Company (PLDT), natulak ang maneydsment ng kumpanya na makipagkasundong buksan na ang pakikipagnegosasyon para sa Collective

Bargaining Agreement (CBA) para sa 2024-2027. Higit tatlong buwang sadyang inantala ng kumpanya ang pagtugon sa isinumiteng pabatid para sa negosasyon at mga kahingian ng Manggagawa sa Komunikasyon ng Pilipinas (MKP), unyon ng mga rank-and-file na mangggawa.

Napagkasunduan ng kumpanya at ng unyon na upisyal na sisimulan ang negosasyon para sa CBA sa Agosto 8. Napawalang-bisa ng kasunduang ito ang inihain na Notice of Strike (NoS) ng MKP noong Abril. Bumoto pabor sa pagwewelga noong Mayo 14-15 ang 3,371 kasapi o 99.4% ng kabuuang bilang ng mga bumoto (3,390) at 83.4% ng kabuuang kasapian ng unyon (4,041).

Natulak na sumagot ang maneydsment ng PLDT sa giit ng unyon dahil ilang araw na lamang ay ikakasa na sana ng mga manggagawa ang pambansang welga. Nagsagawa rin sila ng kilos-protesta noong Mayo 27 kung saan lumahok ang mga manggagawa mula sa 92% ng lahat ng mga upisina ng PLDT sa bansa.

Kabilang sa inisyal na mga kahingian ng mga manggagawa ang nararapat na mga gamit at pagsagot ng kumpanya sa singil ng mga serbisyong ginagamit nila sa mga oras ng trabaho. Kabilang sa mga ito ang bayad para sa emission testing, pagpapalinis ng sasakyan (carwash) at iba pang gastusin sa pagpapanatili ng mga sasakyang gamit ng mga manggagawa.

Giit din nila ang regularisasyon sa higit 7,000 kontraktwal na manggagawa ng PLDT sa

installation, repair, at maintenance ng mga linya. Sa kabila ng desisyon ng Korte Suprema noong Marso na dapat iregularisa ang mga manggagawa ng PLDT, patuloy pa rin itong binabalewala ng kumpanya.

Anang MKP, kailangang higit na pasiglahin ng mga manggagawa ang paglahok sa mga gawain at pagkilos dahil “nagsisimula pa lamang ang laban.” Hindi din umano dapat sila kakitaan ng panghihina at pagkakawatak-watak dahil mahaba pa ang laban para tuluyang makamtan nila ang kanilang mga karapatan.

Ang PLDT ay ang pinakamatanda at pinakamalaking kumpanya sa telekomunikasyon sa bansa. Noong 2023, ang kabuuang kita ng kumpanya ay lumobo tungong ₱26.1 bilyon mula sa ₱10.49 bilyon na kita noong 2022. Ang kumpanya ay pag-aari ng bilyonaryong Indonesian na si Anthoni Salim sa pamamagitan ng Pilipinong burgesya kumprador na si Manny Pangilinan.

**[English Translation]**

## PLDT workers win demand to open CBA negotiations

Mayo 29, 2024

Amid a strike threat, collective action and commitment of the Philippine Long Distance Telephone Company (PLDT) workers, the company management was compelled to agree to open Collective Bargaining Agreement (CBA) negotiations for 2024-2027. For more than three months, the company deliberately delayed

responding to the submitted notice for negotiations and the demands of Manggagawa sa Komunikasyon ng Pilipinas (MKP), a union of rank-and-file workers.

The company and the union have agreed to officially begin negotiations for a CBA on August 8. This agreement nullifies the Notice of Strike (NoS) filed by MKP in April. Members numbering 3,371 or 99.4% of the total voters (3,390) and 83.4% of the total membership of the union (4,041) voted in favor of the strike on May 14-15.

The PLDT management was forced to respond to the union's insistence because the workers would have launched a national strike in just a few days. They also held a protest action on May 27 in which workers from 92% of all PLDT offices in the country participated.

The workers' initial demands include proper equipment and the compensation for services when on duty. These include payment for emission testing, car washes and other maintenance costs for workers' vehicles.

They also demanded the regularization of PLDT's more than 7,000 contractual workers in the installation, repair, and maintenance of lines. The company continues to ignore the Supreme Court ruling in March that PLDT workers should be regularized.

MKP said workers need to participate more in activities and actions because "the fight is just beginning." It also said they should not suffer from

weariness and disunity because the struggle for their rights will be tough.

PLDT is the oldest and largest telecommunications company in the country. In 2023, the company's total revenue skyrocketed to ₱26.1 billion from ₱10.49 billion revenue in 2022. The company is owned by Indonesian billionaire Anthoni Salim through Filipino bourgeoisie comprador Manny Pangilinan.

## Unang taon ng pagkamartir ng Pulang mandirigmang mula sa PUP, ginunita

Mayo 29, 2024

Naglunsad ng iglap-protesta ang mga kasapi ng Kabataang Makabayan (KM)-Kira Mindoro sa kampus ng Polytechnic University of the Philippines (PUP) sa Sta. Mesa, Manila ngayong araw, Mayo 29, para gunitain ang unang anibersaryo ng pagkamartir ng Pulang mandirigmang si Arc John Varon (Ka Hunter). Nabuwal si Ka Hunter, kasama si Bunso Mangubat ("Ka Mamay/Ka Liza), sa isang labanan sa pagitan ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Mindoro (Lucio de Guzman Command) at 68th IB noong Mayo 30, 2023 sa Sityo Pasugui, Barangay Malisbong, Sablayan, Occidental Mindoro.

Si Ka Hunter ay dating estudyante ng PUP na kumukuhang kursong BS Chemistry. Pagpasok niya sa pamantasan, namulat siya sa tunay na kalagayan ng kabataang Pilipino at ng buong lipunan. Naranasan niya ang tumitinding represyon sa loob ng kanyang paaralan, dagdag

pa ang sumasahol na kalagayan ng pampublikong sistemang edukasyon sa mga State Universities and Colleges (SUCs). Dito siya naorganisa sa isang pambansa-demokratikong organisyon ng mga kabataan.

Hindi nagtagal, sumapi si Ka Hunter sa Kabataang Makabayan at nakipamuhay sa BHB sa isla ng Mindoro noong 2019 kasabay ng anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP). Sa maikling panahon na ito, nabuo ni Ka Hunter ang planong magpultaym sa BHB. Tatlong buwan matapos ang unang pagbisita, Marso 2020 ay muling bumalik si Ka Hunter sa isang sonang gerilya sa Mindoro para makipamuhay at kalauna'y magpultaym sa BHB noong Oktubre 2020.

"Bukod sa husay sa gawaing pampulitika, matapang na mandirigma si Ka Hunter. Kabilang siya sa ilang matatagumpay na taktikal na opensiba na inilunsad ng BHB sa loob ng anim na taong pakikihamok ng rebolusyonaryong kilusan sa pasistang rehimeng US-Duterte at sa unang taon ng ilehitimo, pasista, papet at pahirap na rehimeng US-Marcos II," papaparangal ng Komite ng Partido sa isla ng Mindoro noong nakaraang taon.

Ayon pa sa Komite, sa tatlong taon ng pagiging huwarang upisyal ng BHB at kadre ng Partido, hinirang siya bilang regular na kagawad ng Komite ng Partido sa isla ng Mindoro. "Ang paglitaw, pagpanday at pagkakaroon ng Partido ng batang kadre sa katauhan ni Ka Hunter ang testamento ng walang patlang na pagsalin ng mga bagong dugo't henerasyon mula sa mga kabataan,

ng kasariwaan at kasiglahan ng Partido Komunista ng Pilipinas, ng Bagong Hukbong Bayan at ng rebolusyong Pilipino," ayon pa sa parangal.

Sa rali ng KM, ipinanawagan nila sa mga kapwa kabataan at iskolar ng bayan na tularan ang magiting na halimbawa ni Ka Hunter. Hamon nila na sama-samang ipagpatuloy ang pangarap ni Ka Hunter at sumapi sa BHB bilang mga mandirigma at kumander nito. Namahagi din sila ng polyeto na naglalaman ng pagpapakilala sa buhay at kapasyahan ni Ka Hunter na sumapi sa hukbong bayan.

**[English Translation]**

## KM commemorates first year of the martyrdom of Red fighter from PUP

Mayo 29, 2024

Members of Kabataang Makabayan (KM)-Kira Mindoro launched a protest at the Polytechnic University of the Philippines (PUP) campus in Sta. Mesa, Manila today, May 29, to commemorate the first anniversary of the martyrdom of Red warrior Arc John Varon (Ka Hunter). Along with Bunso Mangubat ("Ka Mamay/Ka Liza), Ka Hunter was killed in a battle between the New People's Army (NPA) -Mindoro (Lucio de Guzman Command) and 68th IB on May 30, 2023 in Sityo Pasugui, Barangay Malisbong, Sablayan, Occidental Mindoro.

Ka Hunter is a former PUP student taking BS Chemistry. When he entered the university, he became aware of the true condition of the Filipino

youth and the entire society. He experienced mounting repression within his school, in addition to the worsening state of the public education system in the state universities and colleges (SUCs). Here he was organized into a national-democratic youth organization.

Soon, Ka Hunter joined the Kabataang Makabayan and integrated with the NPA in the Mindoro island in 2019 in time with the anniversary of the Communist Party of the Philippines (CPP). In this short time, Ka Hunter firmed up his plan to join the NPA. Three months after his first visit, in March 2020, Ka Hunter returned to a guerrilla zone in Mindoro to immerse himself and later joined the NPA in October 2020.

"Apart from his political skills, Ka Hunter is a valiant fighter. He participated in the few successful tactical offensives launched by the NPA during the revolutionary movement's six-year challenge to the US-Duterte fascist regime and the first year of the illegitimate, fascist, puppet and oppressive US-Marcos II regime," the last year's tribute of the Party Committee on Mindoro island said.

The Committee said in three years of being an exemplary NPA official and Party cadre, he was appointed as a Party Committee regular member in Mindoro island. "The emergence, forging and recruitment of a young cadre in the person of Ka Hunter in the Party is testament of the unfailing infusion of new blood and new generation of youth, of the freshness and vitality of the Communist Party of the Philippines, of the New

People’s Army and the Filipino revolution,” the tribute said.

The KM rally called on fellow youths and the country’s scholars to emulate Ka Hunter’s heroic example. It challenged the youth to unite to continue Ka Hunter’s dream and join the NPA as its fighters and commanders. They also distributed a pamphlet introducing Ka Hunter’s life and decision to join the people’s army.

## Kampuhan kontra komersyalisasyon sa UP-Diliman, inilunsad

Mayo 30, 2024

Naglunsad ng kampuhan ang mga estudyante ng University of the Philippines (UP) -Diliman ngayong Mayo 30 bilang pagtutol sa lumalalang komersyalisayson ng pamantasan at nakatakdang pagbubukas ng bagong mall sa kampus nito sa Quezon City. Kasama nila sa kampuhan ang mga manininda na lubhang maaapektuhan ng pagpasok ng malalaking pribadong negosyo sa kampus.

Tatagal ang kampuhan ng mga estudyante at iba pang sektor ng UP-Diliman hanggang bukas ng umaga. Sasalubungin nila ng protesa ang isasagawang pagpupulong ng Board of Regents para muling ipabatid sa kapulungan ang kanilang pagtutol sa iskemang komersyalisasyon ng administrasyon.

Ayon sa UP Not for Sale Network, grupong nanguna sa aktibidad, magsasagawa sila ng serye

ng mga talakayan at programa ngayong gabi. Magkakaroon din ng mga kultural na pagtatangla ang mga grupo at estudyante bilang makiisa.

Giit nila, dapat panatilihing abot-kaya ang mga serbisyo sa loob ng UP-Diliman. Mariin nilang tinututulan ang komersyalisadong katangian ng Diliman Mall na patatakbuhin ng CBMS Retail Business Development Consultancy. Nakatakda itong pwestuhan ng PowerMac, UCC, Robinsons at iba pang mga pribadong malalaking negosyo.

“Sa darating na Agosto ang ‘soft-opening ng Dilimall, kasabay ng panahong walang estudyante sa kampus,” ayon sa UP Not for Sale Network. Anila, tila isa itong estilo para isagasa ang pagbubukas ng komersyalisadong espasyo nang walang pagtutol.

Sa halip na malalaking negosyo, dapat umanong suportahan na lamang ng admnistrasyon ang mga manininda at maliliit na negosyante sa dating Shopping Center sa kampus na nasunog noong 2018. Giit ng mga manininda na sila ang bigyang prayoridad sa Diliman Mall at gawing mura ang upa dito.

Noong Abril 24, matatandaang nagbarikada ang network sa kampus kasunod ng biglaang clearing operations na isinagawa ng Quezon City Department of Sanitation and Cleanup Works at Department of Public Order and Safety sa ilang bahagi ng UP Diliman.

Kinumpiska at tinapon ng mga lokal na ahensya ang mga kagamitan ng mga manininda sa Area 2,

tulad ng mga stall, lamesa, upuan, mga halaman at karatula, dahil diumano lagpas ang mga ito sa itinakdang lugar na sakop ng kanilang mga tindahan. Ayon sa mga manininda, hindi sila inabisuhan sa isinagawang clearing operations. Kasabay nito, nagkaroon rin ng clearing operations sa Dagohoy St.

Anang network, tiyak silang bahagi ang clearing operations ng taktika ng administrasyon ng UP upang palambutin ang lupa sa pinangangangambang pagsara ng Area 2 at pagpapalayas sa mga shopping center stallholders sa lugar nila sa Old Tennis Court para sa pagbukas ng Dilimall ngayong taon.

Ang mall na itinayo sa UP ay bahagi ng buong balangkas ng UP Master Development Plan (MDP) na inaprubahan ng Board of Regents noong 2014. Ito ang masugid na nagtutulak sa pribatisasyon at komersyalisasyon ng buong unibersidad.

**[English Translation]**

## Students set up camp against commercialization in UP-Diliman

Mayo 30, 2024

The University of the Philippines (UP)-Diliman students set up an encampment this May 30 to protest against the university’s worsening commercialization and the scheduled opening of a new mall in its Quezon City campus. They were joined by campus vendors who will be greatly affected by the entry of large private businesses into the campus.

The camp of students and other sectors of UP-Diliman will last until tomorrow morning. They will again protest at the opening of the meeting of the Board of Regents to voice their opposition to the commercialization scheme.

The UP Not for Sale Network, the group spearheading the activity, said it will hold a series of discussions and programs tonight. Groups and students will also hold cultural performances in solidarity.

They demand keeping the services within UP-Diliman affordable. They strongly oppose the CBMS Retail Business Development Consultancy to run the commercialized nature of Diliman Mall. PowerMac, UCC, Robinsons and other private large businesses are set to occupy the said mall.

"The 'soft-opening' of Dilimall will happen in August, when there are no students on campus," the UP Not for Sale Network said. They said this seems to be the way to force the opening of the commercialized space without resistance.

Instead of big businesses, the administration should support vendors and small businesses in the former Shopping Center on campus that burned down in 2018. The vendors demand being given priority to Diliman Mall with cheap rent.

On April 24, it will be recalled that the network barricaded the campus following the surprise clearing operations conducted by the Quezon City Department of Sanitation and Cleanup Works and

the Department of Public Order and Safety in some parts of UP Diliman.

Local agencies confiscated and scattered the vendors' paraphernalia in Area 2, including stalls, tables, chairs, plants and signs, because they allegedly overstepped the designated area covered by their stores. Vendors said they were not notified of the clearing operations. At the same time, clearing operations were also conducted in Dagohoy St.

The network said the clearing operations are definitely part of the UP administration's strategy to soften the ground for the feared closure of Area 2 and evict the shopping center stallholders from their place in the Old Tennis Court for the opening of Dilimall this year.

The mall built in UP is part of the overall framework of the UP Master Development Plan (MDP) approved by the Board of Regents in 2014. The zealous privatization and commercialization of the entire university stem from this plan.

## Karagdagang alawans para sa kagamitan sa pagtuturo, naipanalo ng mga guro

Mayo 30, 2024

Matapos ang maraming taon, naipanalo ng mga pampublikong guro ang kanilang pakikibaka para dagdagan ang badyet na nakalaan sa mga kagamitan sa pagtuturo. Inianunsyo ng ACT Teachers Partylist ngayong araw na nagkabisa na

ang Kabalikat sa Pagtuturo Act. Simula 2025, makatatanggap na ang mga guro ng ₱10,000 na badyet mula sa dating ₱5,000.

Noong pang 2011 unang ipinanukala ng partido ng mga guro ang karagdagang badyet. Sa suporta ng mga guro, tuluy-tuloy at walang-maliw na iginiit ito ng ACT Teachers Partylist sa kada Kongreso na naluklok ito.

Ipinasa sa ikatlong pagdinig sa Senado ang panukala noong Mayo 2023 habang noong Disyembre 2023 sa House of Representatives. Napinal naman ang panukala sa bisa ng bicameral conference noong Marso 2024. Naisumite sa Malacañang ang panukala noong Mayo 3. Isasagawa ang seremonya ng pagpirma sa naturang batas sa Hunyo 3.

Noong Mayo 28, binalaan ng Alliance of Concerned Teachers (ACT) si Marcos laban sa pagbabasura sa panukala. Ayon kay Vladimer Quetua, pangulo ng ACT, labis itong ikagagalit ng mga guro. Noong huling bahagi ng 2022, una nang ibinasura ni Marcos ang panukalang nagtatanggal sa buwis sa alawans at honoraria ng mga gurong nagsilbi sa eleksyon.

Pinagpugayan naman ng ACT Teachers Partylist ang lahat ng mga gurong nakipaglaban para sa dagdag na alawans. “Hindi natin maaabot ito kundi dahil sa tulong ng mga nagsama-samang guro na kumilos para ipaglaban ang kanilang sahod at benepisyo. Sa inyo ang tagumpay na ito, teachers!” pahayag ng partido.

Kasunod ng kanilang tagumpay, hinimok ng ACT ang mga kapwa guro na tuluy-tuloy na makibaka para sa dagdag-sweldo. Giit nilang itaas tungong ₱50,000 ang entry-level na sweldo para sa mga guro, ₱33,000 para sa mga Salary Grade 1 na empleyado, at ₱39,672 o SG16 para sa mga Instructor 1 sa mga state universities and colleges.

**[English Translation]**

## Teachers win additional allowance for teaching supplies

Mayo 30, 2024

After many years, public teachers finally won the struggle to increase the budget allocated to teaching materials. The ACT Teachers Partylist announced today that the Kabalikat sa Pagtuturo Act has come into effect. Starting in 2025, teachers will receive a ₱10,000 budget from the previous ₱5,000.

The teachers' party first proposed the additional budget in 2011. With the support of teachers, the ACT Teachers Partylist has consistently and undauntedly asserted this in every Congress that it has been installed.

The proposal was passed in the third hearing in the Senate in May 2023 while in December 2023 in the House of Representatives. The bicameral conference in March 2024 finalized it. It was submitted to Malacañang on May 3. The said law's signing ceremony will be held on June 3.

On May 28, the Alliance of Concerned Teachers (ACT) warned Marcos against vetoing the bill. Vladimer Quetua, president of ACT, said that this will gravely infuriate the teachers. In late 2022, Marcos then scrapped the proposal to eliminate the tax on the allowance and honoraria of teachers who served in the election.

The ACT Teachers Partylist saluted all the teachers who fought for the increased allowance. "We would not have been able to achieve this without the help of the teachers who united to act to fight for their wages and benefits. This victory is yours, teachers!" the party stated.

Following their success, ACT urged fellow teachers to continue to fight for a salary increase. They demand on raising the entry-level salary to P50,000 for teachers, P33,000 for Salary Grade 1 employees, and ₱39,672 or SG16 for Instructors 1 in state universities and colleges.

## Mga rebolusyonaryong martir sa Chhattisgarh-Maharashtra sa India, pinarangalan

Mayo 30, 2024

Isinagawa ngayong araw ng rebolusyonaryong kilusan sa India, sa pangunguna ng Communist Party of India (Maoist), ang pagbibigay-pugay sa namartir na mga kadre at mandirigma nito sa pang-aatake ng armadong pwersa ng estado sa kagubatan ng Kakur-Tekametta sa hangganan ng estado ng Chhattisgarh at Maharashtra sa India noong Abril 30. Napaslang sa naturang pang-

aatake ang anim na kadre ng CPI (Maoist) at mga mandirigma ng People's Liberation Guerilla Army (PLGA).

Ang araw ng parangal ay pinangunahan ng West Sub-Zonal Bureau ng Dandakaranya Special Zone ng CPI (Maoist) sa sentral na bahagi ng India. Kinilala at pinagpugayan nila sina Kasamang Joganna (Cheemala Narasayya), kasapi ng panrehiyong komite, Kasamang Vinay (Kesaraboina Ravi), Kasamang Mallesh (Undam Ungal), Kasamang Sindhu Gadwe, Kasamang Chilaka, at Kasmaang Sarita Jetty.

Kinundena ng komite ang sadyang pagpatay sa 66-taong gulang na si Kasamang Joggana na nadakip ng armadong pwersa ng estado ng India. Anang komite, tumatakas si Kasamang Joggana sa kordon ng militar at pulis na nakapalibot sa kanilang kampo at walang dala-dalang armas nang nadakip siya. Sa halip na kilalanin ang kanyang mga karapatan bilang bahagi ng katunggaling pwersa, brutal siyang pinaslang ng mga sundalo. Labag ito sa internasyunal na makataong batas.

Samantala, apat na Adivasi (katutubo) ang namatay rin sa pamamaril ng mga sundalo at pulis sa naturang kagubatan. Nasa lugar ang mga Adivasi at magsasaka para sa isang tradisyunal na pagdiriwang. Napatay dito sina Mainu Korcha, Ramlu Noroti, Lalsu Kovasi, at Pandu Kovasi.

Ang malawakang operasyong militar at brutal na atakeng ito ay bahagi ng pasistang kampanyang Operation Kagaar na sinimulan ng India noong Enero. Ito ay pangunahing ipinatutupad sa sentral

na bahagi ng India at may layuning "tuluyang gapiin" ang mga Maoista.

Sa pagpapatupad nito, patung-patong na mga paglabag sa karapatang-tao na ang naitala sa nagdaang mga buwan. Tahasang binabaliwala ng operasyong ito ang internasyunal na makataong batas.

Noong Abril 16 sa kagubatan ng Aapatola-Kalpar, distrito ng Kanker sa Chhattisgarh, brutal na tinortyur bago sadyang pinaslang ng pwersang militar ng India ang 11 hindi armadong mga rebolusyonaryo at anim na iba pang nasugatan sa unang bugso ng pag-atake. Samantala, 12 mandirigma ng PLGA ang namartir sa unang pag-atake.

Hindi bababa sa 110 siblyan at mga rebolusyonaryo na ang napaslang sa marumi at brutal na Operation Kagaar.

**[English Translation]**

## CPI (Maoist) honors revolutionary martyrs in Chhattisgarh-Maharashtra, India

Mayo 30, 2024

Today the revolutionary movement in India, led by the Communist Party of India (Maoist), paid tribute to its cadres and fighters martyred in the state armed forces attack in the Kakur-Tekametta forest on the border of Chhattisgarh and Maharashtra states in India on April 30. Six CPI

(Maoist) cadres and People's Liberation Guerilla Army (PLGA) fighters were killed in the attack.

The West Sub-Zonal Bureau of the Dandakaranya Special Zone of the CPI (Maoist) in central India spearheaded the tribute day. They acknowledged and saluted Comrade Joganna (Cheemala Narasayya), member of the regional committee, Comrade Vinay (Kesaraboina Ravi), Comrade Mallesh (Undam Ungal), Comrade Sindhu Gadwe, Comrade Chilaka, and Comrade Sarita Jetty.

The committee condemned the extrajudicial killing of 66-year-old Comrade Joggana who was captured by the Indian state armed forces. The committee said Comrade Joggana was maneuvering away from the military and police cordon surrounding their camp and was not carrying a weapon when captured. Instead of recognizing his rights as part of the opposing forces, the soldiers brutally murdered him. This is against international humanitarian law.

Meanwhile, four Adivasi (indigenous) also died in the shooting by soldiers and police in said forest. Adivasis and farmers are present for a traditional festival. Mainu Korcha, Ramlu Noroti, Lalsu Kovasi, and Pandu Kovasi were killed here.

This massive military operation and brutal attack is part of the fascist campaign Operation Kagaar that India started in January. It is being implemented mainly in the central part of India and is aimed at "defeating" the Maoists.

In its implementation, successive human rights violations have been recorded in recent months. This operation blatantly disregards international humanitarian law.

On April 16 in the Aapatola-Kalpar forest, Kanker district of Chhattisgarh, 11 unarmed revolutionaries were brutally tortured before Indian military forces deliberately killed 11 unarmed revolutionaries and injured six others in the first wave of attacks. Meanwhile, 12 PLGA fighters were martyred in the first attack.

At least 110 civilians and revolutionaries have been killed in the dirty and brutal Operation Kagaar.

## Mga organisasyon masa sa Southern Tagalog, nagprotesta para sa Palestine

Mayo 31, 2024

Nagsama-sama ang iba’t-ibang organisasyong masa sa University of the Philippines (UP)-Los Baños kahapon, Mayo 30, para suportahan ang pakikibaka ng mamamayang Palestino laban sa kampanyang henosidyo ng Zionistang Israel na suportado ng imperyalistang US.

Pinangunahan ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan)-Timog Katagalugan ang kilos-protesta ng mga grupo sa loob UP Los Baños kahapon. Sinundan ang protesta ng gabi ng pakikiisa kung saan nagtanghal ang iba’t ibang sektor at grupo.

Giit nilang itigil na ng Israel ang pambobomba at pag-atake nito sa Gaza na pumatay sa hindi bababa sa 36,000 (na kinabibilangan ng 15,000 bata), nakasugat sa halos 82,000 at nagpalayas sa daan-daanlibong Palestino simula Oktubre 7, 2023.

Pinakahuli sa mga kriminal na pag-atake ng Israel ang pambobomba nito sa dapat ay "ligtas na lugar" ng al-Mawasi na malapit sa timog na syudad ng Rafah. Dalawang beses itong inatake ng pwersang militar ng Israel, noong Mayo 26 at Mayo 28. Hindi bababa sa 45 ang napatay sa mga pag-atakeng ito, kabilang ang 23 babae, bata at matanda.

Samantala, sunud-sunod rin ang pag-atake nito sa ilang komunidad sa hilagang Gaza kahapon, Mayo 30. Ayon sa mga ulat, siyam katao ang namatay sa pag-atake sa isang bahay sa Beit Hanoon.

Umigting din nitong mga nagdaang araw ang mga pag-atake ng Israel sa mga komunidad ng Palestino sa loob ng West Bank.

**[English Translation]**

## Mass organizations in Southern Tagalog protest for Palestine

Mayo 31, 2024

Various mass organizations gathered at the University of the Philippines (UP) -Los Baños yesterday, May 30, to support the struggle of the Palestinian people against the genocidal campaign of Zionist Israel supported by the imperialist US.

Bagong Alyansang Makabayan (Bayan)-Southern Tagalog led the groups' protest action inside UP Los Baños yesterday. This was followed by a night of solidarity where various sectors and groups gave cultural performances.

They demanded that Israel cease its bombing and attacks on Gaza that have killed at least 36,000 (including 15,000 children), injured nearly 82,000 and displaced hundreds of thousands of Palestinians since October 7, 2023.

The latest in Israel's criminal attacks is its bombing of the supposed "safe area" of al-Mawasi near the southern city of Rafah. It was attacked twice by Israeli military forces, on May 26 and May 28. At least 45 were killed in these attacks, including 23 women, children and the elderly.

Meanwhile, Israel also consecutively attacked several communities in northern Gaza yesterday, May 30. Reports said nine people died in an attack on a house in Beit Hanoon.

Israeli attacks on Palestinian communities inside the West Bank have also intensified in recent days.

## Protesta kontra mga kumpanya ng armas sa Canada, idinaos

Mayo 31, 2024

Nagprotesta ang mga progresibong grupo sa Canada noong Mayo 29 sa Ottawa para ipanawagan ang imbestigasyon sa pagbebenta ng armas ng estado ng Canada sa Zionistang rehimen

ng Israel. Panawagan din nilang ipasara ang CANSEC, ang taunang arms show o bentahan ng armas ng Canadian Association of Defence and Security Industries, na nagbukas sa EY Center sa Ottawa sa araw na iyon.

Kabilang sa mga lumahok sa protesta ang mga aktibista mula sa International League of People's Struggle-Canada, Bayan-Canada, Palestinian Youth Movement, Solidarité Haiti-Québec, Migrante-Canada, at Labour 4 Palestine. Bago magtapos ang protesta, iligal na inaresto ng mga pulis ng Ottawa ang walong aktibista.

Binatikos ng mga grupo ang pagbebenta ng Canada ng armas na nagkakahalaga ng $28 milyon sa Israel simula Oktubre 2023. Anila, hindi ito sinaklaw ng suspensyon ng pag-eeksport ng armas na idineklara ng gubyerno ni Justin Trudeau noong Marso. Gayundin, may mga armas na gawang-Canada na idinadaan sa US bago i-eksport sa Israel.

"Karapatan ng mga taxpayer na malaman kung paano napupunta ang kanilang ibinabayad na buwis sa pagsuporta sa arms industry ng Canada," ayon kay Adrian She ng ILPS-Canada.

Kinundena ng mga grupo ang war profiteering ng mga kumpanyang armas na Canadian sa mga gera sa mundo, laluna sa gerang henosidyo ng Israel sa mamamayang Palestine. Habang malaon na nilang tinututulan ang CANSEC, naging tampok ang pagdaraos ng arms show dahil sa pagsasagawa nito sa gitna ng matitinding pang-aatake ng Israel

sa refugee camp sa Rafah, ang huling santwaryo ng mga sibilyang Palestino sa Gaza.

"Hindi kami mananahimik habang ang mga kumpanyang tumatabo ng kita mula sa henosidyo ng aming mamamayan ay taun-taong pinalalahok sa CANSEC, at habang ang gubyerno (ng Canada) ay patuloy na nakikisosyo sa mga kumpanyang ito," ayon naman kay Sarah Abdul-Karim ng Palestinian Youth Movement.

### [English Translation]

## Progressive groups hold protest against arms companies in Canada

Mayo 31, 2024

Canadian progressive groups protested on May 29 in Ottawa to call for an investigation into the Canadian state's arms sales to Israel's Zionist regime. They also called for the closure of CANSEC, the Canadian Association of Defense and Security Industries' annual arms show, which opened at the EY Center in Ottawa that day.

Among those who participated in the protest were activists from the International League of People's Struggle-Canada, Bayan-Canada, Palestinian Youth Movement, Solidarité Haiti-Québec, Migrante-Canada, and Labor 4 Palestine. Before the protest ended, Ottawa police illegally arrested eight activists.

The groups denounced Canada's $28 million worth of arms sales to Israel starting in October 2023. They said this was not covered by the arms

export suspension declared by Justin Trudeau’s government in March. Some Canadian-made weapons also pass through the US before being exported to Israel.

People deserve to know how our tax money…is going towards supporting the arms industry in Canada,” said Adrian She of ILPS-Canada.

The groups condemned Canadian arms companies for war profiteering in world wars, particularly Israel’s genocidal war against the Palestinian people. They have long been opposing CANSEC but the holding of the arms show became prominent because it took place amid intense Israeli attacks on the refugee camp in Rafah, the last sanctuary for Palestinian civilians in Gaza.

“We refuse to stand silent while corporations profiting from our people’s genocide are hosted year after year at CANSEC and while our government continues to maintain contracts with these corporations,” the Palestinian Youth Movement’s Sarah Abdul-Karim said.